



PHILIPPINE
NORMAL
UNIVERSITY



Graduate Theses

CGSTER

April 2019

Cultural Translation of Selected Stories from the “Treasury of Stories”

Jennifer V. Baltazar
Philippine Normal University

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Baltazar, J.V. & Peña, E.L. (2019)
Cultural Translation of Selected Stories from the “Treasury of Stories”
(Master’s Thesis, Philippine Normal University)
Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/1343

**KULTURAL NA PAGSASALIN NG MGA PILING
KUWENTONG-BAYAN NG “TREASURY OF STORIES”**

Isang Tesis na Iniharap sa
Kolehiyo ng Gwadrangong Pag-aaral
at Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro
Pamantasang Normal ng Pilipinas,
Daang Taft, Maynila

Isang Katuparan ng Pangangailangan sa Pagtatamo
ng MASTER SA SINING NG EDUKASYON
na may Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino

JENNIFER V. BALTAZAR
Abril 2019

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay may pamagat na **“KULTURAL NA PAGSASALIN NG MGA PILING KUWENTONG-BAYAN NG TREASURY OF STORIES,”** ay inihanda at ipinasa ni **JENNIFER V. BALTAZAR** bilang bahagi ng mga kailangan sa pagtatamo ng titulo sa Master sa Sining ng Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino, ay iniharap upang rekomandang aprubahan at tanggapin.

Prop. ESTRELLA L. PEÑA

Tagapayo

Pinagtibay bilang isang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtamo ng titulo sa Master sa Sining ng Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

ADONIS P. DAVID, Ph. D.

Puno

FLORENCIA F. MARQUEZ, Ph. D.

Miyembro ng Panel

ERWIN OAMIL, Ph. D.

Miyembro ng Panel

NIÑA CHRISTINA L. ZAMORA, Ph. D.

Miyembro ng Panel

Tinanggap bilang isang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtamo ng titulo sa Master ng Sining sa Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

Petsa

RONALD ALLAN S. MABUNGA, Ph. D.

Itinakdang Opisyal, Dekano
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at
Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro

PASASALAMAT

Sa panahong nais ko nang itigil ang pagsusulat at sukuan ang halos dalawang taon na pakikibuno upang matapos ang pananaliksik, nais kong pasalamatan ang mga sumusunod na naglaan ng panahon upang ako ay matulungan, gabayan, bigyan ng lakas ng loob at inspirasyon upang makuha ang inaasam na digri.

Una, sa Panginoong Maykapal sa pagbibigay ng determinasyon upang maisagawa at maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Sa pagbibigay ng karunungan, lakas at buhay upang matapos ang pananaliksik. Sa pagdinig sa aking panalangin lalung-lalo na sa mga panahong ako ay pinanghihinaan ng loob na matapos ito sa takdang panahon.

Sa aking pamilya, Mama at Beh sa pagpapamalas ng matinding pag-unawa, pagmamahal, pagbibigay ng walang-sawang suporta at pagsisigurong palaging may nakahandang pagkain upang hindi ako malipasan ng gutom lalo na sa mga panahong tutok sa pagsusulat at hindi namamalayan ang paglipas ng oras.

Sa aking mga kaibigan, lalo na ang team SOLID (Dyuli, Lit, MaRo at Vidar) na handang sumalo sa lahat ng mga gawaing nakaatang sa akin sa paaralan para lamang makapagpokus ako sa ginagawang pananaliksik kahit madalas nawawalan na ako ng panahon upang makasama sila.

Sa aking tagapayo, Prop. Estrella L. Peña, sa mga ideya at konseptong naiambag niya upang mabigyang-hugis at porma ang pananaliksik. Sa

pagbibigay direksyon at suporta sa pagtahak ko sa masalimuot na daan ng tagumpay. Salamat sa masasayang kuwentuhan pagkatapos ng madugong pagbabahaginan.

Sa masisipag na propesor na nagkaroon din ng malaking papel sa aking pananaliksik, sina Dr. Niña Christina Lazaro- Zamora, Dr. Florencia F. Marquez, Dr. Erwin Oamil at Dr. Adonis P. David dahil sa kanilang pagtitiyaga sa pagbibigay ng kanilang panahon, ideya at pagpapasensiya.

Sa mga mag-aaral, guro at pinuno ng paaralan kung saan isinagawa ang pananaliksik, sa bukal sa loob na pagbabahagi ng inyong oras upang matagumpay na maisagawa ang pag-aaral.

Sa mga panig ng eksperto na sina Dr. Aurora Batnag at Dr. Benjamin Mendillo, na malugod na pinaunlakan ang aking imbitasyon na maging bahagi ng pananaliksik na ito bilang isa sa mga nagbahagi ng mga kaalaman o *expertise* upang pakinisin at iwasto ang isinagawang pag-aaral at pagsasalin ng walang hinihinging kapalit.

Higit sa lahat, salamat sa aking mga kaklase na ngayon ay maituturing ko nang malapit na kaibigan -- Bernadette, Kuya Dan at Ate Ruth na nagsilbing karamay sa lahat ng hrap at saya na dinanas sa pagsusulat at pag-aasikaso ng mga pangangailangan sa pananaliksik.

Muli, ang aking buong pusong pasasalamat sa inyong hindi matatawarang tulong at suporta. Walang-pagsidlang pasasalamat!

JVB

Para sa

Maykapal na nagkaloob niring buhay

aking **pamilya** na patuloy sa paggabay at paniniwala sa aking kakayahan

mga **gurong-tagapayo** at **mga kaibigan**

Sa maalab ninyong pagmamahal sa gawaing pampaaralan

ABSTRAK

Pangalan	Jennifer V. Baltazar
Pamagat	Kultural na Pagsasalin ng mga Piling Kuwentong- bayan ng “Treasury of Stories”
Pangunahing Konsepto	Pagsasalin, Kuwentong-bayan, Kultural na Pagsasalin
Titulo	Master ng Sining sa Edukasyon
Espesyalisasyon	Pagtuturo ng Filipino
Tagapayo	Prop. Estrella L. Peña

Ang pag-aaral na ito ay ginawa upang makapagsalin ng kalipunan ng mga kuwentong-bayan na mailalahad ang mga kultural na aspeto na nakapaloob sa akdang isinalin. Ginamit ang Komunikatibong Pagsasalin ni Nida (1969) bilang bahagi ng diwa-sa-diwang pagsasalin gayundin pinananaligan ng pag-aaral na ito ang Etnolinggwistikang teorya ni Malinowski (1935). Isinaalang-alang rin ang pananaw ni Lefevere (1992) na makatutulong upang maging malapit ang pagtutumbas ng salita sa tunguhang lengguwahe sapagkat pareho ito ng layunin sa kultural na pagsasalin na hindi mapaghihiwalay ang ugnayan ng wika at kultura. Ang mga isinaling akda ang magsisilbing gabay ng guro at karagdagang babasahin ng mga mag-aaral mula sa Imus National High School (INHS). Sa pagsasakatuparan nito, tinangkang tugunan ang mga sumusunod na layunin:

maisalin ang sampung (10) piling kuwentong-bayan mula sa “Treasury of Stories”; mailahad ang mga kultural na elemento na may pagsasaalang-alang sa dalawang (2) anyo ng kultura: Materyal na Kultura at Di-materyal na Kultura; at mataya ang salin sa pamamagitan ng balidasyon ng mga eksperto. Ginamit sa pananaliksik ang metodong deskriptibo-ebalwatibo. Ang kwalitatibong datos ay kinolekta sa tulong ng talatanungan. Natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga akdang isinalin ay kakikitaan ng mga kultural na elemento na nagpapahiwatig ng pagkakakilanlan ng bawat pangkat-etniko gayundin maaaring magdagdag pa ng isa o dalawang elemento tulad ng Kagamitan o Sandata at Katawagan o Dayalekto na maaaring maging gabay sa pag-aanalisa ng kultural na elemento sa bawat akda. Hindi maaaring isalin nang salita sa salita ang mga terminolohiya, idyoma o parirala na mula sa Ingles papuntang Filipino, lalo na ang mga katutubong salita sapagkat may kalayuan ang pagkakahawig nito sa anyo, bigkas at kahulugan. Kaya naman, angkop ang Kultural na Pagsasalin ni Katan (2004) sa pagsasalin ng mga piling akdang pampanitikan. Batay sa resulta ng pag-aaral, maaaring gamitin sa pagpapayaman ng kamalayan ng mga mag-aaral ang mga naisaling akda bilang paraan ng pagbubukas ng bagong mundo sa paglalahad ng katutubong kultura.

ABSTRACT

Name	Jennifer V. Baltazar
Title	Cultural Translation of Selected Stories from the “Treasury of Stories”
Key words	Translation, Folklores, Cultural Translation
Title	Master of Arts In Education (MAED) Major in Filipino
Adviser	Prof. Estrella L. Peña

This study aimed to translate a collection of folklores that can be used to describe the cultural elements contained in the translated texts. Communicative Approach of Nida (1969) was used as part of meaning-based translation. Malinowski Ethno-linguistics’ theory with the viewpoint of Lefevere’s (1992) was also used in the study as they shared the same concept that in cultural translation, language and culture are interrelated. The translated works may serve as guide to teacher or additional reading materials of students of Imus National High School (INHS). To realize this goal the following objectives have been identified: to translate ten (10) selected stories from the “Treasury of Stories”; to present cultural elements with regard to two (2) types of culture: Material Culture and Non-material Culture; to test the translated texts through the validation of the experts. The research method used was Descriptive-Evaluative. Qualitative data were collected using a questionnaire. Experts’ evaluation and

commentary on translation, and analysis of the cultural factors found in each text bolster the result of the questionnaire. The study found out that the translated stories were evident of cultural elements that indicate the identity of each ethnic group as well as may add one or two factors such as Equipment and Dialects that can be a guide to an analysis of the cultural factors in each work. Word for word or verbatim translation of terminologies, idioms or phrases from English to Filipino especially the native words or dialect is not possible because of the remoteness of its resemblance in appearance, phonetic and meaning. Therefore, the application of the Cultural translation theory of Katan (2004) in the translation of the selected literary stories is applicable. Based on the findings of the study, it is highly recommended to utilize the texts as a platform in learning the recognition and appreciation of the cultural elements in translation to be a basis for deeper understanding of the culture of each ethnic group.

Pamagat	i
Dahon ng Pagpapatibay	ii
Pasasalamat	iii
Paghahandog	v
Abstrak	vi
Abstract	vii
Pigura	xii
Apendiks	xiii

TALAAAN NG NILALAMAN

Kabanata	Pahina

Kabanata 1: Ang Suliranin at Kaugnay na Literatura

1.1 Ang Suliranin at Kaligiran Nito	1
1.2 Kaugnay na Literatura	9
1.3 Batayang Teoretikal	38
1.4 Layunin ng Pag-aaral	47
1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral	47
1.6 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral	49
1.7 Katuturan ng mga Katawagang Ginamit	51

Kabanata 2: Metodolohiya ng Pag-aaral

2.1 Disenyo ng Pag-aaral	52
2.2 Ganapan ng Pag-aaral	53
2.3 Mga Kalahok sa Pag-aaral	53
2.4 Instrumento ng Pag-aaral	56
2.4.1 Pag-aanalisa ng Datos	56
2.5 Mga Hakbang sa Pag-aaral	58
2.5.1 Bago Magsalin	58
2.5.2 Aktwal na Pagsasalin	59
2. 5. 2.1 Pagbasa nang Buo	59
2. 5. 2.2 Paggawa ng Unang Burador ng Salin	61
2. 5. 2.3 Pagsasangguni sa mga Eksperto	62
2. 5. 2.4 Pagrerebyu ng Unang Burador	62
2. 5. 2.5 Paggawa ng Ikalawang Burador ng Salin	63
2. 5. 2.6 Pagbuo ng Pinal na Salin	63
2.6 Potensyal na Isyung Etikal	63

Kabanata 3: Resulta at Pagtalakay

3.1 Pagsasalin ng sampung (10) piling kwentong-bayan	65
3.2 Paglalahad ng mga Kultural na Elemento na matatagpuan sa Salin	68
3.3 Pagtataya ng mga Esperto	113
3.3.1 Teksto 1: Bata Mama at Bata Bahi	115
3.3.2 Teksto 2: Ang Mabait at Mainggiting Magkapatid	116
3.3.3 Teksto 3: Ang Mapanganib na Duyan	118
3.3.4 Teksto 4: Si Walu at ang Hikaw ng kanyang asawa	119
3.3.5 Teksto 5: Ang Pakikipagsapalaran ng Unggoy at Pagong	120
3.3.6 Teksto 6: Bakit bumubulong ang mga lamok sa inyong tainga?	121
3.3.7 Teksto 7: Ang Bangkang Kanin	122
3.3.8 Teksto 8: Sino'ng mas malakas uminom ng tubig?	123
3.3.9 Teksto 9: Ang Bundat at ang Siga ng Kagubatan	124
3.3.10 Teksto 10: Si Kimod at ang Dalagang Nag-aanyong Sisne	125

Kabanata 4: Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon

4.1 Lagom	133
4.2 Kongklusyon	134
4.3 Rekomendasyon	135
Talasanggunian	137
Curriculum Vitae	356

MGA TALAHANAYAN

Talahanayan Bilang 1: Batayan ng Pagmamarka	57
Talahanayan Bilang 2: Balidasyon sa Teksto 1	115
Talahanayan Bilang 3: Balidasyon sa Teksto 2	116
Talahanayan Bilang 4: Balidasyon sa Teksto 3	118
Talahanayan Bilang 5: Balidasyon sa Teksto 4	119
Talahanayan Bilang 6: Balidasyon sa Teksto 5	120
Talahanayan Bilang 7: Balidasyon sa Teksto 6	121
Talahanayan Bilang 8: Balidasyon sa Teksto 7	122
Talahanayan Bilang 9: Balidasyon sa Teksto 8	123
Talahanayan Bilang 10: Balidasyon sa Teksto 9	124
Talahanayan Bilang 11: Balidasyon sa Teksto 10	125

FIGURA

Pigura 1: Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral	45

APENDIKS

Apendiks A: Ang Kabuoang Salin	143
Apendiks B: Talatanungan	215
Apendiks C: Ang Pagbuo ng mga Salin	221
Apendiks D: Mga Liham	344
Apendiks E: Kasunduang Pahintulot	350
Apendiks F: Larawan sa Pagpapasagot	353

KABANATA 1

ANG SULIRANIN AT KAUGNAY NA LITERATURA

1.1 Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag-aaral

Nagbabago ang panahon, nagbabago ang administrasyon, gayundin, nagbabago ang pinapatupad na kurikulum ngunit, hindi ang layunin na makapaglinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang sa literasi. Batay sa batayang konseptuwal na Balangkas sa Pagtuturo ng Filipino K-12, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig (DepEd Kurikulum, 2013). Kaugnay nito, isa sa mga paraan upang maisakatuparan ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng pagpapahalagang pampanitikan ay ang pagsasalin. Maituturing ang pagsasalin na multilinggwal at interdisiplinari sapagkat sumasaklaw ito sa mga wikain, linggwistika, mga pag-aaral sa komunikasyon, pilosopiya at isang balaybay ng iba't ibang uri ng kultura na pag-aaral (Munday, 2001).

Si Malinowski (1935, sa pag-aaral ni Katan, 2004) ang kauna-unahang nakaisip sa mga tuntunin ng kultural na pamamaraan sa pagsasalin, bagaman hindi siya linggwistiko o tagasalin. Bilang isang antropologo nalaman niya na ang

pagpapaliwanag ng "katutubong pananaw" ng hiwaga sa mga kuwento ng *Trobriand Islander* (na ngayon ay kilala sa tawag na Papua New Guinea) sa isang tagapakinig ng Ingles ay nangangailangan ng higit sa isang literal na pagsasalin, at samakatuwid siya ay "patuloy na nagsisikap na iugnay ang balarila sa konteksto ng sitwasyon at sa konteksto ng kultura." Tinatawag na teoryang Etnolinggwistiko o *Ethno-linguistic theory* ang paniniwalang ito na siyang tinangkang panaligan ng mananaliksik sa kultural na pagsasalin ng mga piling akda sa pag-aaral na ito.

Sa pag-aaral ni Gunter (2004), ang etnolinggwistikong teorya ay ang teorya sa linggwistikong pag-aaral na may kaugnayan sa kultural na pagsasalin. Ito ay ang teoryang nagpapakita ng kahalagahan ng lengguwahe (*linguistic*) at kung paano naaapektuhan ng sikolohikal, mental, sosyal at iba pang kultural na elemento ng isang pangkat etniko (*ethno*) ang mensahe ng wika. Sa madaling salita, ang kultural na pagsasalin, sa etnograpiyang pananaw, ay ang pagsasalin ng wika na naaayon sa konsepto at kultura ng isang pangkat etniko (Taylor at Francis, 2004).

Ayon kay Bhabha (2004), sa pag-aaral nina Taylor at Francis (2004), ang kultural na pagsasalin *per se* ay kalipunan ng mga alintuntunin o proseso na dapat sundin ng mga tagasalin upang mabigyan ng sapat na batayan ang pagsasalin ng mga salitang mula sa iba't ibang pangkat etniko. Samakatuwid, nakapaloob sa etnolinggwistikong teorya ang proseso ng kultural na pagsasalin na parehong nagpapahiwatig ng ugnayan ng wika at kultural sa pagsasalin.

Magsisilbing gabay ng mananaliksik ang ilan sa mga mahahalagang katangian ng etnolinggwistikong pananaw sa pagsasalin ng mga akda. Ito ay ang sumusunod: 1. mahigpit na nakasalig ang kahulugan ng anumang salita batay sa konsepto, upang higit na maunawaan ang konsepto, mas binibigyang halaga ang paraan ng pagpapahayag at kung paano ang paraan ng pagbubuo ng mga tunog ng isang wika kaysa sa linggwistikong aspeto nito, 2. isinasaalang-alang din ang pag-aaral ng kultura at kapaligiran ng mga katutubo sa pag-aaral ng wika na kanilang sinasalita lalo na't may magkakaiba ng kondisyon at kultura, 3. bahagi ng linggwistikang pag-aaral ang ethnolinggwistika na nagpapalutang sa gampanin ng wika upang mapanatili ang kultural na paniniwala at istrukturang panlipunan. Binibigyang-kahulugan ng teoryang ito ang gamit, maling gamit at hindi nagagamit na wika, ang iba't ibang porma, rejister at istilo. Isa itong disiplina na humihiwalay sa balarila upang makita ang kultural na pag-unawa, at 4. ang etnolinggwistiko ay pag-aaral ng wika bilang mapagkukunan ng kultura at bilang kultural na kasanayan, umaasa ito na mapapalawak ang umiiral na pamamaraan sa iba pang mga disiplina, linggwistika at partikular na sa antropolohiya.

Kinikilala ng mga dalubhasa at ng mga mag-aaral sa wika ang katotohanan sa ugnayan ng wika at kultura. Marami ang nagsasabing ang wika ay nakapaloob na siyang nagsisilbing puso sa katawan ng kultura. Para naman sa ibang dalubhasa, may sariling buhay ang wika na hiwalay sa kultura; gayunman, nagkakaroon ng ugnayan ang mga ito sapagkat walang wikang mabubuhay kung hindi nakapanig sa kultura ng lipunan at walang kulturang

mananatili o tatagal sa alaala kung hindi ito maipapahayag sa wika ng mga mamamayan. Kung pinatutunayan ng mga pag-aaral na hindi mapaghihiwalay ang wika at kultura, malinaw na ang pagsasalin ay hindi lamang isang pagsasaling-wika, kung hindi isa ring pagsasaling-kultura. Samakatuwid, ang paglusong na ginagawa ng mananaliksik o tagasalin sa simulaang lengguwahe (SL) ay mahahati sa dalawang lebel: una, sa pagtatapatan ng mga salita ng simulaang lengguwahe (SL) at ng tunguhang lengguwahe (TL), at; ikalawa, ang paglilipat at/o pagtutumbas ng karanasang nakapaloob sa simulaang lengguwahe (SL).

Ang unang tagasalin na naglahad ng detalyadong pagsasaalang-alang tungkol sa konteksto at nakabuo ng isang mas katanggap-tanggap na kultural na paraan sa pagsasalin ay ang iskolar at tagasalin ng Bibliya na si Eugene Nida (1964, sa artikulo ni Katan, 2004). Ayon kay Nida, (1964) "ang tugon ng mambabasa ay hindi maaaring magkapareho sa orihinal dahil sa magkakaibang makasaysayang kultura, paniniwala at kapaligiran". Kung gayon, ang paraan ng pagsasalin ni Nida (1964) ay sa pamamagitan ng *dynamic (o functional) equivalence*. Mas binibigyang-pansin ng perspektibong ito ang ugnayan o relasyon ng simulaang lengguwahe (SL) tungo sa tunguhang lengguwahe (TL). Nakatutulong ang pagsasaalang-alang nito sa layunin ng mananaliksik na makapagsalin ng akdang may malinaw na pagpaparating ng paniniwala o kultura sa akdang pinagsalanan. Kinakailangang matagpuan sa tunguhang lengguwahe (TL) ang parehong mensahe mula sa simulaang lengguwahe (SL) nang sa gayon

ang mambabasa ay may kakayahang maunawaan at maiugnay ang tekstong naisalin na sa kaniyang sariling kultura at paniniwala.

Isang mahalagang paniniwala pa ang ayon kay Lefevere, 1992 (sa pag-aaral ni Pioquid, 2008), bilang isang pagmumuling-sulat ng isang orihinal na teksto ang pagsasalin. Lahat ng pagmumuling-sulat, anoman ang kanilang layunin, nagpapakita ng isang ideolohiya at isang poetika kung kaya't naiimpluwensiyahan ang panitikan na gumanap sa tungkulin sa isang lipunan sa isang itinakdang paraan. Sa ganitong sitwasyon, napagtitibay ang kakayahang replektibo ng mga mag-aaral gayundin ay nahahasa ang mapanuring pag-iisip na isa sa mga target na layunin ng K-12 Kurikulum.

Dagdag pa ni Lefevere, 1992 (sa pag-aaral ni Pioquid, 2008), sapagkat isang manipulasyon na may positibong epekto ang pagmumuling-sulat, nakatutulong ang pagsasalin sa ebolusyon ng isang panitikan at ng isang lipunan. Ang pagmumuling-sulat ay nahaharap rin sa mga bagong konsepto, mga bagong genre, at mga bagong paraan. Hindi maihihiwalay ang inobasyong pampanitikan, pagbuo ng kapangyarihan ng isang kultura sa kultura ng iba, masupil at pigilin lalo pa't dumarami ang iba't ibang uri ng manipulasyon. Ngunit, gamit ang iba't ibang uri ng manipulasyon sa proseso ng pagsasalin, nahuhubog ang kakayahang komunikatibo ng mag-aaral at higit na nakatutulong tungo sa higit na malaking kamalayan sa mundong ginagalawan.

Sang-ayon sa paniniwala at pagsusuri ni Lefevere (1992) mula sa kanyang aklat na *Translation, Rewriting and the Manipulation of Literary Fame* (1992), (inilathala sa isang artikulo, *Cultural Approach to Translation Theory*, 2010), may mga kadahilanan na tumutukoy sa pagtanggap o pagtangi ng mga teksto, paglayo mula sa mga unibersal na kaugalian at pagsasaling-kultural. Ang unang kadahilanan na tumutukoy sa tagumpay, o sa kabilang banda, ng isang teksto ay ang mga propesyonal sa loob ng sistema. Ang mga ito ay maaaring mga tagasuri, kritiko, guro o kahit na iba pang mga tagasalin. Ang ikalawang kadahilanan na maaaring matukoy sa pagtanggap ng iba pang mga tao o institusyon, tulad ng tagalathala, mga pang-akademikong pahayagan at mga institusyong pang-edukasyon. Ang ikatlong kadahilanan ay ang mga nangingibabaw na pagkamakata, na maaaring binubuo ng mga *genre* at ang relasyon sa pagitan ng panitikan at ng sistemang panlipunan. Samakatuwid, ang ilang mga panitikan ay madaling tinanggap dahil ito ay tumatakbo sa loob ng isang sistema na kinikilala , gayundin, wastong sabihin na kay Lefevere ang isang pagsasalin ay maaari lamang kumpleto at katanggap-tanggap kung ang parehong komunikatibong halaga at ang oras-lugar-tradisyon na sangkap ng pinagmulan ng teksto ay pinalitan sa pinakamalapit na posibleng katumbas sa target na teksto, (Broeck, 1979: 39, *Cultural Approach to Translation Theory*, 2010).

Sa pag-aaral ni Atienza (2004), kanyang ipinaliwanag ang modelong “hour glass of culture” ni Patrice Pavis na isinaalang-alang sa pagsasalin ng dula:

“...tulad ng isang hourglass ang pagsasalin ng isang kultura mula sa pinagmumulang ‘bowl’ ng kultura tungo sa isa pang ‘bowl’. Mula sa isang ‘dayong kultura’, daraan ito sa isang makitid na ‘leeg’ tungo sapatutunguhang kultura. Kung ang mga butil ng kultura ay pino, makadaraan ito nang marahan sa makitid na daraanan. Babagsakang mga ito sa patutunguhang bowl sa paraang random sapagkatdaraan pa ang mga ito sa iba’t ibang filter na likha ng kulturangpinagmumulan at ng mga manonood nito” (Atienza, 19).

Batay sa naging pagpapakahulugan, naniniwala ang mananaliksik na isang masalimuot na proseso ang pagsasalin sapagkat hindi lamang ang kinis ng pagkakapahayag sa pamamagitan ng salita ang binibigyang-pansin, kung hindi ang iba’t ibang aspekto ng kultura na may malaking gampanin sa pagpapaloob sa karanasan at pananaw-pandaigdig ng tunguhang lengguwahe (TL). Mahalagang bigyang-pansin na kakabit ng isang wika ang kultura ng mga taong nagsasalita nito. Kaya naman sa alinmang pagsasalin, naroroon din ang paglilipat ng mga karanasang nakapaloob sa wika. At kung gayon, isang hamon sa mananaliksik ang pagsasaalang-alang sa kultura at mga elemento nito ng simulaang lengguwahe (SL) o orihinal na wika tungo sa tunguhang lengguwahe (TL) o ang wikang pagsasalinan.

Ito ang puwang na nais punan ng pananaliksik na ito ay ang magkaroon ng higit na malaking pagkaunawa, pagkilala, at kabatiran sa tradisyong kultural ng etnolinggwistikong pangkat sa bansa ang mga mambabasa o mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasalin sa Filipino ng mga piling kuwentong-bayan mula sa aklat na “Treasury of Stories” ni E. Arsenio Manuel.

Si Arsenio Manuel na isa sa mga haligi ng National Commission for Culture and Arts (NCCA) ay isang manunulat na nagsikap at naglaan ng maraming taon at panahon sa pag-aaral sa mga etnikong grupo sa Pilipinas, pinag-aralan niya ang kultura, paraan ng pamumuhay maging ang mga pasalitang-kuwentong bayan ng mga katutubo, lalo na ng mga Manuvu at iba pang etnikong grupo. Katuwang ng NCCA ang Komisyon ng Wikang Filipino dahil nasasaad sa Seksyon 14 ng Batas Republika Blg. 7104 ang “lumikha at magpanatili sa Komisyon ng isang Dibisyon ng Pagsasalingwika na gaganyak, sa pamamagitan ng mga insentibo, magsasagawa at masiglang magtataguyod ng pagsasalin sa Filipino at sa iba pang wika ng Pilipinas ng mahahalagang akdang historikal at tradisyong kultural ng mga grupong etnolinggwistiko, mga batas at iba pa.”

Ang aklat na “A Treasury of Stories” ay binubuo ng tatlumpu’t tatlong (33) pasalitang- tradisyon ng ating mga ninuno na naglalaman ng koleksyon ng akdang pampanitikan mula sa iba’t ibang rehiyon at mga pangkat etniko sa Pilipinas. Pinili ng mananaliksik ang mga akdang nakapaloob sa aklat ayon sa dalawang pamantayan na magiging saligan ng layon ng pag-aaral. Ito ay ang pagiging piyesang tradisyunal at sa kawalang-maliw na paglalarawan ng kulturang Pilipino.

Isinulat, binuo at nilikom ang mga akdang nakapaloob dito sa hangaring ito’y magiging daan upang magkaroon ng isang bagong kaisipan ang mga

kabataan na gisingin ang pagiging nasyonalismo, matuklasan at maihayag ang mga kuwentong-bayan tulad nito. Bagamat ito ay tumatalakay sa tradisyon, pamumuhay at kultura ng ating mga ninuno at pangkating etniko, ito ay nasusulat sa wikang Ingles kung kaya't isasalin muna ng mananaliksik sa Filipino ng piling akdang pampanitikan sa aklat na "A Treasury of Stories" at ito ay kanyang susuriin upang ang kulturang nakapaloob dito ay kanyang masala.

Sa mga piling akdang panrehiyunal na matatagpuan sa "A Treasury of Stories" ni Arsenio Manuel, sinikap ng manunulat na maireserba ang kulturang nakapaloob sa bawat kuwento upang maipabatid sa mga mambabasa nito kung gaano kamalikhain ang imahinasyon ng ating mga ninuno, isa sa mga dahilan upang lalong mahikayat ang mananaliksik na gawin ang pagsasalin sa mga piling akda nito.

1.2. Kaugnay na Literatura

Tatalakayin sa bahaging ito ang mga pag-aaral at literatura na may kaugnayan sa isasagawang pananaliksik. Kabilang sa mga ito ang pag-aaral ang mga disertasyon, tesis, at tanging proyekto na may kaugnayan sa pananaliksik sa pagsasaling-wika.

1.2.1 Konsepto ng Kultural na Salin

Ang bawat lahi ay may sariling kalinangan at kultura. Nagpapatunay ito na tayo ay may sariling kakanyahang iba sa kultura ng ibang bansa. Naglalaman ito ng mga karanasan, paniniwala, nadarama, layunin at mga bagay na nagawa na

at iba pang bagay na nais ng tao sa kanyang kapaligiran. Nagiging mabisa at nagagamit ng tao ang kultura sa kanyang pook lalo pa't mas madaling mabuhay nang sama-sama ang pagkakaroon ng magkatulad na kultura.

Batay sa UP Diksyunaryo, ang pagsasalin ay paglilipat ng isang salita sa ibang salita o sa sariling wika mula sa ibang wika. Katulad din ito na kahulugan ng pagsasalin ni Dizon (2008) na ang pagsasalin ay kinasasangkutan ng paglilipat ng isang tekstong nakasulat sa isang wika patungo sa iba at partikular na wika. Ito ay patunay na may dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin ito ay ang Simulaang lengguwahe (SL) o *source language* at Tunguhang lengguwahe (TL) o *target language*. Ang mga wikang ito ay may bitbit na kultura, dahil magkaiba, ibig sabihin nito ay dalawang (2) kultura rin ang dapat bigyang-pansin ng tagasalin.

Sa pag-aaral ni Salvacion (2003), malaki ang tungkulin ng pagsasalin sa paglipat at palitan ng kultura't kaalaman sa buong mundo. Ito ay dahil sa nababatid ang kultura ng iba sa pamamagitan ng pagsasalin ng akdang pampanitikan sa iba't ibang wika. Sa pamamagitan ng mga salin, naisisiwalat ang kultura at tradisyon ng isang lugar bunsod upang lubos na maunawaan at matanggap ito ng iba pang kultura. Ayon pa kay Almario (2003), kasangkapan ang pagsasalin upang ganap na makinabang ang isang bansa o pook sa mga impluwensyang mula sa isang sentro o sulong na kultura. Mula sa paniniwalang ito, sinikap ng mananaliksik na magamit sa kanyang pag-aaral ang pagsasalin ng

mga panrehiyunal na akda upang mailahad o maiparating sa mag-aaral ang kulturang nakapaloob o masasalamain sa iba't ibang pangkat etniko.

Ipinahayag din ni Almario (2003) sa kanyang “Tungo sa Nagkakaisang Salin at Tagasalin” na mahalaga ang ginagampanan ng pagsasalin ng mga akdang rehiyonal. Aniya:

“...dito, patuloy nating kailangan ang salin anumangangkat na kaisipan, elementosik, teknolohiya lalo na yaong teknolohiyang kailangan sa bagong pamumuhay. Bukod dito, kailangan natin ang karagdagang sikap -- upang maisalin at mailahad sa pambansang kamalayan ang mga himaymay at katutubong kalinangan mula sa mga wikang rehiyonal at pangkat etniko sa buong kapuluan.”

Mula sa naging depinisyon, naniniwala ang mananaliksik na naiaangkop ang pagsasalin ng akdang panrehiyon sa pagkakalinang ng mag-aaral bilang isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang sa literasi gayundin ang pagkakaroon nito ng pagpapahalagang pampanitikan sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig.

Kaugnay ng pagbibigay-halaga sa “salin”, sinasabing may dalawang lebel ang isang wika kapag ginagamit ito sa paglilipat sa ibang wika (Lumbera 1995, sa pag-aaral ni Miranda, 2005). Una ay ang pagtatapat ng salita sa salita sa simulaang lengguwahe (SL). At ang ikalawang lebel, na higit na malalim sa una,

kung saan hinahanap ang mga katumbas ng karanasang hatid ng orihinal na wika. Ayon kay Lumbera (1995) sa ganitong paglilipat:

“...lumulusong ang tagasalin ng akdang pampanitikan upang sa muling pag-ahon niya ay mabigyan ng kaukulang mga salita ang karanasang inihanap niya ng katumbas sa kailaliman.”

Malinaw na inilalarawan sa mga orihinal na pahayag ng may-akda sa proseso ng pagsasalin na hindi lamang ang wika ang tuwirang kasangkot sa proseso kung hindi lalo at higit ang kultura, kasaysayan, at lipunan. Dapat maging malay ang sinumang tagasalin sa oryentasyon ng may-akda upang matiyak na ganap na naisasalin nito ang kabuoang akda, kalakip ang damdamin at kaisipan nito.

1.2.2 Ang Panitikan bilang lunan ng Pagsasalin

Hinuhubog sa panitikan ang kagandahang kultural at tradisyon ng bawat lipunan. Malaki ang naiambag ng mga materyal na kultura sa pagsulong ng bansa, ngunit ang mga ito’y lumilipas at nawawala, magkagayon man, ang panitikang pasalita o pasulat ay buhay habambuhay kaya naman gamit ang pagsasalin ng panrehiyunal na akdang pampanitikan, naaaninag ang pagsulong ng kabihashan at sining ng isang lahi. Ito’y naaayon na rin sa kahulugan nito, na ang panitikan ay “salamín ng buhay”, (Pineda 1979, sa pag-aaral ni Arsad, 2002). Sa gawaing pagbasa at pag-aaral ng panitikan ay malalaman ng tao ang

karanasan, adhikain nito, mithiin, pangarap, tagumpay, kabiguan, tradisyon at kultura (Practor 1969, sa pag-aaral ni Arsad 2002).

Ayon pag-aaral ni Resurreccion (2001), ang pagsasalin ay makatutugon sa pangangailangan ng panitikan at ng lipunan. Sa panahong ito, mabilis ang pag-uugnayan ng mga tao dahil sa pag-unlad ng mga paraan ng paglalakbay, kung kaya't lubhang kailangan ang wastong pagkakaunawaan. Ito'y matatamo lamang sa pamamagitan ng pag-aaral ng panitikan ng iba't ibang bansa, sapagkat sa panitikan masasalamain ang kultura, mga pag-uugali, at ang mga bagay na pinapahalagahan.

Naniniwala naman sina (Alejandro at Pineda, 1950, sa pag-aaral ni Bognot, 2012), na sa panitikan ng isang bansa ay maliwanag na mababakas ang kanyang kaisipan, ang kanyang nilulunggati, kinahuhumalingan o kinasusuklanan kaya't nagdadala ito ng mga pagbabago sa kanyang kabuhayan. Katotohanan na walang pagbabago sa kabuhayan ng isang bansa na di lumilikha ng katumbas na pagbabago rin sa kulay at tunguhin ng kanyang kaisipan. Dahil dito, malaki ang maitutulong ng mga naisaling akdang pampanitikan sa mag-aaral upang kanilang maunawaan, makilala at mabatid ang etnolinggwistikong kultura ng bansa.

Pinapatunayan ng paniniwalang ito ang pagpapakahulugan ni Medina (2012) sa karunungan-bayan, na ito ay bahagi ng isang bansa maging pang-kasaysayan, panlipunan o pansining man. Hindi lamang ito lumilikha ng

nasyonalismo kung hindi nag-iingat din ang mga ito ng karanasan, tradisyon at mga mithiin ng bawat bansa. Dito nasusulat ang mga tunay na buhay at karanasan ng mga tao sa kanyang pang-araw-araw na pagsusumikap upang mabuhay at lumigaya sa kanyang kapaligiran at gayundin sa kanyang pagsusumikap na makita at makipag-ugnayan sa Maykapal.

Tumutugon ang pag-aaral na ito sa pagpapayaman ng ating pambansang panitikan. Ito ay ibinatay sa Bagong Konstitusyon ng 1987, artikulo XIV, Seksyon 15, na nagsasaad na “dapat tangkilikin ng estado ang mga sining at panitikan. Ipinahahayag din dito ang isang patakarang nauugnay sa pangangalaga at paglinang ng ating mga kultura bilang isang mabisang elemento para sa pambansang pagkakakilanlan.”

Bahagi ng pangangalaga at paglinang ng ating mga kultural ay ang pagkalap, pagtitipon at pagsasalin ng mga akdang panrehiyunal tulad ng kalipunan ng akda sa “A Treasury of Stories.” Tulad ng paniniwala ni Arsenio Manuel (2002), (sa pag-aaral ni Rosales, 2010), ang pangunahing awtoridad sa pag-aaral ng mga kaalamang bayan sa Pilipinas ay nasa unang pagtitipon pa lamang ng kaalamang bayan. Dahil dito, napangangalagaan at napapalaganap ang mga nakatagong rehiyunal na panitikan, ang pamaraang historikal at ang mga likha at angking artistiko ng bansa.

Idinagdag pa sa pag-aaral ni Carreon (2009), na upang lubos na maunawaan at maisulat ang pambansang wika ay dapat isalin ang mga katutubong panitikan sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagbasa ng panitikan ng

isang lahi, nauunawaan ng mga Filipino ang kanilang damdamin, nakikihati tayo sa kanilang kalungkutan at kabiguan at nakikiisa rin sa kanilang tagumpay, (Alcantara, Slate N.7, p.16).

Kung susuriin, ayon na rin sa pag-aaral ni Arsad (2002), marami-rami na ring pag-aaral at pagsasalin ang nagawa tungkol sa mga maikling kuwento at karunungan-bayan sa iba't ibang rehiyon. Marami na ring lumitaw na bago at iba't ibang teorya sa pagsasalin ang nailapat sa pampanitikang teksto ng mga maikling kuwento sa Pilipinas. Ang pagpapalabas ng mga aklat tulad ng “Mga Piling Kuwentong Sebuano” (1986) na binanggit ni Alburo, “Kurditan”, “Mga Kuwentong Iloko”(1998), “Sugilanon” (1981) ni Villareal at “Maikling Kuwentong Kapampangan at Pangasinan” (1996) na isinalin sa Filipino ay mga konkretong pagpapatibay na ang mga ito ay patuloy na umaakit sa interes ng maraming iskolar at praktisyuner dahilan upang maging isa ang mananaliksik sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng pagsasalin.

Sa pag-aaral ni Jocson (2007), nabanggit ang paniniwala ni Teodoro Agoncillo (1981) sa kanyang papel, ‘Pagsasaling-wika, Suliranin at Solusyon’ tinukoy at binigyang liwanag ang ugnayan ng pagsasaling-wika at literatura. Aniya:

“Sa mga bihasa at maging sa mga di-gaanong bihasang bansa, ang pagsasalin ng sariling wika ng mga akdang dinadakila na ng panahon ay isang magandang paraan ng pagpapayaman nito sapagkat nabubuksan sa mga katutubong mamamayan ang mayamang kaban ng panitikan ng bansa at sa ganitong paraan ay yumayaman

ang isipan, wika at panitikan ng bansa.”

Batay sa pahayag na ito, napakalaki ng saklaw ng pagsasalin sa pagtatamo ng pag-unlad ng isang wika. Pinaniniwalaang ang pagsasalin ay napakatagal nang panahon o sinauna pang gawain. Patunay lamang nito ang pagkakaroon ng iba’t ibang salin ng Bibliya sa bawat panig ng mundo gayundin ang salin sa mga likhang pampanitikan tulad ng kasaysayan, alamat, tula at marami pang iba. Isa sa mga mungkahi upang mapaunlad ayon sa mga dalubwika ang gawaing pagsasalin ay ang pagsasalin ng mga aklat o akdang makaagham na nakasulat sa Ingles.

1.2.3 Ang wika at panitikan bilang salamin ng kultura

Ang mga akdang panitikan ang siyang sumasalamin sa ating kultura. Marapat lamang na mabasa natin ang mga akdang ito sa sarili nating wika sapagkat walang ibang pinakamabisang wika sa pagpahayag ng ating kultura at pagkakakilanlan kung hindi ang sariling wika. Magkabuhol ang wika at kultura, napapayaman ng wika ang kultura at gayundin ang kultura sa wika. Ang wika ay nasa kontekstong kultural, bahagi mismo ng konteksto na sumasakop sa kabuoang kultura ng pook na pinangyayarihan ng akda at sa kaugnay na komunikasyong gaganap doon. Ang mga akdang pampanitikan na nakasulat sa Ingles subalit naglalahad at tumatalakay sa kulturang Pilipino lalo na ng mga katutubo ay dapat na isalin sa Filipino na siyang pangunahing layunin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito.

Ipinaliwanag ni Paz 1993, (sa pag-aaral ni Manzano, 2011), ang ugnayan ng wika at kultura sa kanyang talakay na may pamagat na “Ang Papel ng Ahensiyang Pangkultura sa Pagpapaunlad ng Wika: Ang Sentrong Pangkultura ng Pilipinas”, isinulat niya na walang kultura ang walang wika, at walang wika na hindi nagpapahayag at nagpapakilala sa kultura. Sabay na umiiral ang dalawang ito sa isang tiyak na panahon at partikular na lipunan. Dahil sa malapit na ugnayan ng wika at kultura, magiging madali ang pagpasok sa isang kultura kung may kaalaman sa wikang pinagkakabitang nito, gaya ng Filipino na itinuturing na wikang panlahat. Sa pamamagitan ng wikang ito, natutuhan ng mga mamamayang Filipino ang kanilang kasaysayan, kaugalian, kagawian, paniniwala, sining, panitikan at mga bagay-bagay na nagpapakilala ng kanilang natatanging kultura. Bagamat nabibilang sila sa iba’t ibang kultura at may kani-kanilang katutubong wika, nakikilala nila ang kanilang pambansang kalinangan dahil sa kaalaman nila sa Wikang Filipino (Pagkalinawan 2007). Ito ang isa sa naging batayan ng mananaliksik upang maisakatuparan na mapunan ang malaking puwang sa pagkaunawa ng mag-aaral sa tradisyong kultural ng etnolinggwistikong pangkat sa bansa.

Ganito rin ang pananaw ni Salazar 1996, (sa pag-aaral ni Bognot, 2012) na walang kulturang hindi dala ng isang wika, na bilang saligan at kaluluwa, ay siyang bumubuo, humuhubog at nagbibigay sa kultura. Ang kulturang Filipino, bilang natatanging pagkakabuo ng isip, damdamin, ugali, kaalaman at karanasan ng katauhan at bayang Filipino, ay dapat lamang taglayin ng isang wikang

napapaloob sa nagpapahayag dito. Naniniwala si Salazar (1996) na wika ang daluyan, tagapagpahayag, at impukan-hanguan ng kultura. Sapagkat ninais ng mananaliksik na gamitin ang wika at magsalin ng mga akdang panrehiyunal na nasusulat sa Ingles, nagagamit ang wika bilang daluyan ng kultura. Wika ang natatanging paraan upang matutunan ng isang tao ang kulturang kinabibilangan niya kahit na iyong hindi taal sa kanya. Habang nasasanay ang isang bata sa wika ng kanyang kakultura unti-unti siyang nahuhubog sa isip, gawi, damdamin at karanasan ng mga ito- mula sa kanta sa sanggol at bugtong hanggang sa mga kataas-taasang katha at likha ng diwa at kaluluwa sa sining, agham at literatura.

Sa pag-aaral ni Rosales (2010), ang pagsasalita sa isang wika ay pagpasok sa isang daigdig, isang kultura. Kung nagawa ng wikang Ingles na pasukin at ihayag ang kulturang Pilipino, nararapat lamang na unahing ihayag sa wikang Filipino ang kulturang Filipino. Ang wika ay kaakibat ng kultural ng isang bansa. Dapat na isalin ang mga akdang pampanitikan ng Pilipinas na nakasulat sa Ingles sa wikang pambansa nito, lalo na iyong mga akdang naglalahad ng kultura nito. Pero bago pa mahumaling sa pagsasalin ng akdang dayuhan, marapat lang na bigyang-pansin ang pagsasalin ng mga akdang pampanitikan na tumatalakay sa katutubong kulay at kultura ng bansa tulad ng mga akdang nakapaloob sa “A Treasury of Stories” ni Arsenio Manuel.

1.2.4 Mga Teorya at Simulain sa Pagsasalin

Sa pag-aaral ni Arsad (2002), ang pagsasalin ay maraming pinagdadaanang proseso at hindi lahat ay nababagay sa iisang pananaw o teorya lamang. Nagbigay siya ng limang paraan ng pagsasalin mula sa iba't ibang teorista at ito rin ang magiging lunsaran ng mananaliksik sa kanyang gagawing pagsasalin:

1. *Ang pagsasaling-wika ay paglilipat sa ikalawang wika ng pinakamalapit na natural na katumbas ng mensahe ng isang wika (Eugene Nida at Taber, 1969).* Sa paraan ng pagsasalin, sinikap ng mananaliksik na mailapit o maging natural ang pagtutumbas sa mensahe ng akda upang maging maayos rin ang pagpapadaloy ng kulturang masasalamain sa bawat pangkat etniko ng isinaling akda.
2. *Ang pagsasalin ay nagiging posible sa pamamagitan ng pagkakapareho ng pag-iisip at sa pagsasalita nito (Theodore Savory, 1968).* Kabilang sa isinaalang-alang ng mananaliksik sa isinagawang pagsasalin ang pagiging madulas ng daloy lalo na sa pagbigkas o pagbasa ng mga naisaling akda.
3. *Ang pagsasalin ay paglilipat ng isang nakasulat na mensahe o pahayag sa isang wika tungo sa ibang wika (Peter Newmark, 1988).* Ginamit naman ang bahaging ito ng mananaliksik sa

kanyang pagsasalin, kung saan ang mga rehiyunal na akda na nakapaloob sa pag-aaral na ito ay nasusulat sa wikang Ingles at ililipat sa wikang Filipino.

4. *Ang pagsasaling-wika ay paglilipat ng kahulugan mula sa pinaghanguang wika patungo sa tagatanggap na wika (Mildred Larson, 1984).* Sa pagsasagawa ng pagsasalin ng mananaliksik, ginamit naman ang pananaw ni Larson, sa paraang hindi lamang ang pinakamalapit na kahulugan ng mensahe ang isinaalang-alang ngunit binigyang-tuon rin ang katanggap-tanggap na paggamit ng gramatika sa pinagsalinang wika.
5. *Ang pagsasalin ay isang pakikipag-ugnayan na nauukol sa sosyal na konteksto (B.Hatim and I. Mason, 1990).* Isa rin sa mahalagang isinaalang-alang ng mananaliksik sa pagsasalin ay ang pagkakadikit sa kultura o paniniwala na idinidikta ng lipunan o ng kontekstong sosyal sa wikang pinagsalanan nito.

Ayon sa mungkahi ni Amos (1973), sa pananaliksik ni Arsad (2002), sa kanyang mga talakay sa mga unang teorya o simulain sa pagsasaling-wika, ang pagpatotoo na ang isang metodong ginamit noong kalagitnaan ng mga dantaon ay yaong tinatawag niyang “word by word” na kung isasalin sa Filipino ay salita-sa-salitang tumbasan, at yaong ‘sense from sense’ o diwa-sa-diawang paglilipat. Samakatuwid, noon pa man ay gumagamit na ang mga tagasalin ng mga akdang

pastoral na Latin palipat sa Ingles o sa iba pa mang wika sa pamaraang literal. Ginawang simple at huwad ang diwa-sa-diwang pagsasalin sa mga palamuting retorikal upang mapadali ang pagpapadaloy ng kultura at pagpapaunawa sa mga mambabasa o mag-aaral ng isinaling panitikang panrehiyunal.

Naniniwala ang mananaliksik na kailangang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa lengguwaheng gagawan ng pag-aaral at upang mabigyang bisa ang isang naging salin, hindi dapat nagiging literal ang paghahanap ng kapalit sa tunguhang lengguwahe (TL) ang kahit na ano pa mang orihinal na teksto. Tulad ng ilang halimbawa na nasa akdang *“Sweet and Sour Sister”* mula sa Manuvu kung saan naglalaman ito ng *oyayi o ‘lullaby’* sa Ingles at nangangailangan ng kontekstwal na pagsasalin sapagkat mababago ang kahulugan nito kung literal na pagsasalin ang gagamitin. Nabanggit ito ni Barnwell (1980: 141) sa pagbibigay niya ng ideya sa pagsasalin:

“In a given language, the concept unit usually, but by no means always, is represented by word; it may also be represented by a morpheme, or by an idiomatic expression, or by word order. Concepts are identified in a given language on the principle of contrast and comparison within the system of that language. Each concept is associated with a particular area of meaning which is distinct from that of other concepts in the language; its function is to refer to some specific area of meaning.”

Mula sa depinisyon, sinasabing ang dapat na pagtuunan sa pagsasalin ay hindi lamang salita lalong higit sa mga kaisipang napapaloob dito. Dito ay inilahad na ang bawat salitang ginamit ng may-akda ay may nabubuong kaisipang dapat tuunan ng pansin ng isang tagasalin. Ang kaisipang tinutukoy

dito ay sinasabing mensahe naman sa ibang mga teorya kaya naman gamit rin ang konseptong ito, mas binigyang-tuon ng mananaliksik ang pagpapadaloy ang mensahe na hindi humihiwalay sa kulturang nais iparating ng akdang panrehiyunal.

Pinapagtibay ng pag-aaral ni Larson (1984), ang diwa-sa-diwang paraan ng pagsasalin na isasagawa ng mananaliksik. Ayon rito, kailangang paboran sa pagsasalin ang kahulugan (meaning) sa halip na anyo (form). Sa bahaging ito, mahihinuha natin ang pangunahing layunin ng pagsasalin ay ang paglilipat ng kahulugan ng isang akda patungong kahulugan nito sa ibang wika. Kahulugan at hindi porma ang dapat na pagtuunan ng pansin.

Mahalagang mabigyang-pansin ang mensahe ng akdang isasalin, mahalaga na ang mga tagasalin ay mas mahusay sa pagsalin sa kanilang katutubong wika kaysa sa pangalawang wika. Ang kalakip na dahilan para sa mga palagay na ito ay ang mga tagasalin ay may isang mas malalim na lingguwistika at kultural na *background* ng kanilang inang wika kaysa sa pangalawang wika. Ang mga tagasalin na nagtutumbas sa kanyang sariling wika ay may isang mas likas at praktikal na kaalaman ng mga iba't ibang mga lingguwistika, elemento ng kanyang katutubong wika, tulad ng semantika, sintaksis, morpolohiya at leksikolohiya na kaysa sa tagasalin na isinasalin ang isang wikang banyaga (Larson, 1984). Sa katunayan, dahil may kamalayan ang mananaliksik sa umiiral na kultura at mga paniniwala o kapaligiran sa

pinagsalinang wika, mas naipapahayag ng tagasalin ang kahulugan o natural na katumbas ng wikang isasalin. Sa kabilang banda, nagiging hilaw o pilit ang pagkakasalin kung hindi sapat ang kaalaman ng tagasalin sa ikalawang wika.

Ang pagsasalin ng teksto ay dapat na ituring na isang kapana-panabik na paglalakbay at hindi isang “*second-rate*” na gawaing literaryo (Bassnet, 1997: kay Ong, 2001). Ang nasaling teksto ay maaaring kapareho ng orihinal sa halos lahat ng aspekto ngunit ito ay orihinal dahil sa transpormasyon na nangyari sa proseso ng pagsasalin. Transpormasyon mula sa isang wika tungo sa isang wika, isang kultura tungo sa isang kultura. Orihinal dahil may pagbabago, pagbabago ng target na mambabasa. Kinakailangan mailahad ang orihinal na konteksto sa paraan na magkakaugnay ang target na mambabasa. Sa huli, ang tagasalin ang sumisiguro sa pagkabuhay ng teksto (Bassnet, 1997, kay Ong, 2001). Sinisikap ng mananaliksik na maisakatuparan ang kultural na pagsasalin sa ganitong pagsasaalang-alang ng mga ideya sapagkat layunin ng pag-aaral na ito hindi lamang ang maisalin ang mga akda kung hindi ang mailahad ang mga kultural na elemento na nakapaloob sa bawat akda.

May mga komponents na kailangan alalahanin sa ganitong “*meaning-based translation*”. Una, bigyang-pansin ang dami ng mga salita na gamit sa orihinal at kung ilan ang kailangan para tumbasan ito sa target. Pangalawa, ang panlabas na istruktura ng leksikal na aytems. Halimbawa: bigas- processed rice, kanin- cooked rice, palay – rice. Pangatlo, salitang nagagamit para sa iba’t ibang

paksa. Halimbawa: boy runs – tumatakbo ang bata, clock runs – umaandar ang relo, nose runs – tumutulo ang sipon. (Larson,1984).

Sumusunod lamang na ang pagsasalin ay kinakailangang gawin base sa estilo o interpretasyon ng taong nabibilang sa kasalukuyang panahon upang makita at mabasa ito mula sa pananaw ng mga nasa kasalukuyan. Sa pagsasalin ng lumang teksto ay kinakailangang pumasok ang manipulasyon upang maipakita ito sa kasalukuyang pananaw. Ayon kay Frank Kermode, (kay Ong 2001):

“the past should be treated as a special case of the present. In translation, we do this when we make the original submit to our modern style, disappearing into it.”

Ayon sa pag-aaral ni Genztler (2012), ang pagsasalin ay maihahalintulad sa paggawa ng isang *mosaic* kung saan mag-uumpisa sa pagpili ng isang istruktura, isang salita, ang natitirang teksto ay susunod sa isang malinaw na nakatakdang istruktura, isang network ng mga yunit. Malalaman ang pagkatama o pagkamali ng napiling salita base sa pagkakasundo nito sa konsepto ng kabuoan. Sa pagsasalin ng mananaliksik, hindi maiiwasan ang batikos. Batikos sa estilo o di kaya’y sa hindi mo pagiging tapat sa orihinal. Ang pagiging tapat ng target sa orihinal ay makikita lamang ng mambabasa kung ito ay babasahin ng higit pa sa ordinaryong pagbasa dahil ang pagkakapareho ay hindi makikita sa mga salita kung hindi sa kabuoan.

Ang pag-aaral ni Pioquid (2008), na may pamagat na Pagsasalin sa Filipino ng mga Piling Kuwentong-bayang Rehiyunal na naisalin mula sa Wikang

Ingles ay may layuning maisalin sa Filipino ang mga piling kuwentong bayan mula sa etnikong pangkat ng Pilipinas. Ilan pa sa mga layunin nito ang matukoy ang mga kuwentong bayan na isasalin, mataya ang kabisaan ng salin at makabuo ng glosaryo ng mga salitang kultural na matatagpuang ginamit sa mga akdang naisalin.

Ang pananaliksik na ito ni Pioquid ay nakatulong sa mananaliksik upang makita at magkaroon ng tiyak na linaw ang paraan ng pagsasalin, sapagkat idinetalye sa kanyang pananaliksik kung paano ang dapat gawin ng isang tagasalin na nakabatay sa diwa-sa-diwang salin. Isa sa mahalagang bahagi ng pag-aaral nito na naging batayan ng mananaliksik sa kultural na pagsasalin ay ang pagkaangkla ng pananaliksik na ito sa pananaw ni Lefevere (1992).

Nakatulong naman sa mananaliksik ang pag-aaral ni Miranda (2005) na nagsalin ng *sampung piling tulang Ingles* at kinapapalooban ng ang pagsasalin ay nangangailangan ng masusing paghahanda sa pagbasa ng maraming kaalaman hinggil sa iba't ibang kaugnay na literatura. Dagdag pa niya, makatutulong sa tagasalin ng tula kung may kaalaman sa pagsulat ng tula sa dalawang wikang kasangkot. Nakatutulong rin ang mga ekspertong may kaalaman sa pagsasalin sa pagrerebisa bunga ng kanilang mga mungkahi sa tagasalin. Pinatunayan rin ni Miranda na ang pagpapasagot sa mga eksperto ng patnubay na tanong matapos basahin ang salin ay makatutulong upang malaman kung madaling naiintindihan ng target na mambabasa ang salin.

Napatunayan din ni Hidalgo (2003), ang kabisaan ng komunikatibong salin sa *pagsasalin ng nobelang Nigerian na nakasulat sa wikang Ingles*. Aniya, mahalagang isaalang-alang ang katangian ng nobelang Nigerian tulad ng pagkakaroon ng salitang kabuhol ng kultura, mga pahayag na idyomatiko na maaaring tapatan ng katumbas na salin o ng pinakamalapit na pagpapakahulugan sa wikang pinagsasalinan.

Ayon naman kay Medina (2012), sa kanyang pag-aaral sa *pagsasalin ng mga akdang Afro-Asyano*, pinuna niya ang praktikal na kahalagahan ng pagsasaling-wika sa pagtuturo. Aniya, kung ang literatura ay isang damdaming pahayag, isang katotohanan ng kultura, ang pagsasalin naman ay isa lamang likhang-sining ng paglilipat ng mensahe o kahulugan (semantika) ng teksto ng literature. Ang pagpapakahulugan ang susi sa pagsasalin sa ikatatagpo ng angkop at maayos na katapat.

1.2.5 Proseso ng Pagsasaling-wika

Paulit-ulit munang binasa ng mananaliksik ang mga katutubong salita na isinalin dahil sa sumusunod: (1) upang makuha ang buong diwa ng mga salita batay sa pagkakagamit nito sa pasalita at pasulat na diskurso (2) upang alamin ang istruktura ng kahulugan ng mga katutubong salita na nasa konteksto ng espesyalisadong wika (3) upang mabatid ang kahalagahan ng mga katutubong salita na isasalin. Matapos nito ay isinagawa na ang unang burador, inedit at

pinakinis ang salin, ipinabasa nang malakas ang salin, pagrerebisa, at pagpapa-edit nito sa mga eksperto at di-eksperto para sa balidasyon.

Sa kabuoang proseso ng pagsasalin ng mananaliksik, naging lunsaran ang mga hakbang na ayon kay Larson (1984), ang pagsasalin ay kinakailangang dumaan sa tatlong mahahalagang yugto; paghahanda ng pagsasalin, aktwal na pagsasalin at pagtataya sa salin. Kinakailangang kilalanin muna ng tagasalin ang dalawang wikang kasangkot at dapat magtaglay ang tagasalin ng mga katangiang: 1. may sapat na kaalaman sa retorika ng dalawang wikang kasangkot, 2. nakikilala ang balangkas ng balarila ng dalawang wika, at 3. may sapat na kakayahang pampanitikan sa paraan ng pagpapahayag.

Ang sumusunod na pamaraan o teknik na inilahad ni Newmark (1982) ang ginamit ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga katutubong salita lalo na iyong mga salitang walang katumbas sa wikang Filipino:

1. Transference (adaptasyon) - ito ang adaptasyon, transkripsyon o *loan works* (salitang hiram) na ang ibig sabihin ay ang paglilipat o panghihiram ng mga kultural na salita mula sa simulaang wika (SW) patungo sa tunguhang wika (TW) na walang pagbabago sa ispeling. Mahalaga ito lalo na sa mga salitang pekulyar o tanging sa kultura lamang ng tunguhang wika (TW) makikita o ginagamit.

Hal. apu	pahiking	Busaw
tubaw	sumpit	Gungutan

2. One-to-One translation (Isahang pagtutumbas) – o literal na pagsasalin na may isa-sa-isang pagtutumbasan ng salita sa salita, parirala sa parirala, sugnay sa sugnay, o pangungusap sa pangungusap. Ipinalalagay na kapag humahaba ang yunit mas hindi angkop ang pamamaraang ito.

Hal. Bata Mama and Bata Bahi – batang lalaki at batang babae

One morning, the captain - isang umaga, ang kapitan

3. Naturalisation (Naturalisasyon) – may pagkakahawig sa transference ngunit dito inaadap muna ang normal na morpolohiya sa target ng wika. Sa madaling salita, inaayon sa ortograpiya ng tunguhang wika (TW).

Hal. captain - kapitan

carabao - kalabaw

chili – sili

4. Transposition (Transposisyon) – tinatawag ding *shift* na ang ibig sabihin ay ang pagkakaroon ng pagbabago sa gramatika ng simulaang wika (SW) kapag isinasalin na sa target na wika.

Hal. hot chili - siling labuyo

'Let's go home'! - Umuwi na tayo.

'They sat down' - Umupo sila.

banana leaves - dahon ng saging

Hal. *tuntung* - takip ng luwad na palayok, maaari ring “tuntungan” o ‘*to step on*’

9. Couplets (Kuplets) – pagsasalin na pinagsama ang paggamit ng dalawa, tatlo o higit pa sa mga pamamaraang nabanggit.

Hal: *snails* - (susó), isang mahaba at matulis na uri ng tirabusong kabibi

Ayon kay Almario (2003), mas tanggap ang mga salin kapag ito ay mas natural na pakinggan at pawang hindi na tinitingnan ang istruktura ng pahayag o ng teksto. Sumasang-ayon ang paniniwalang ito ni Almario sa *dynamic equivalence* ni Nida na naghahanap ng mas natural na basehan ng pagsasalin. Nakapaloob rin dito ang paglilipat ng mensahe na sumusunod naman sa *meaning-based translation* ni Larson:

“Translation consists of transferring without distortion the meaning of the source language into the target language, meaning which must be kept constant, even when the form of the source language changes as it is turned into the form of the target language. The form here represents the grammatical surface structure of the language, while meaning refers to the semantic deep structure. A translation based on the semantic structure of the language takes also into consideration the communication situation: historical setting, cultural setting, intention of the author, as well as the different kinds of meaning contained in the explicit and implicit information of the text. Besides referential and structural meaning, situational meaning is presented as an important element that would help the translator interpret the author’s culture or the cultural information given in the text. (docencia.udea.edu.co)”

Mula sa depinisyon ng ito, pinapakita ang pagbibigay halaga sa kulturang pinagmumulan ng isang teksto. Kaya naman, sa pagsasaling isasagawa ng mananaliksik, kinakailangang malinaw na maihatid ang mensaheng pinapahiwatig ng teksto. Upang mahanap ang mga mensaheng ito, nararapat na nauunawaan nang buo ang isang teksto; kasabay na rito ang pagtingin sa kultura

na pinagmulan ng teksto, ang talambuhay ng manunulat pati na rin ang historikal na datos na makikita sa teksto. Kung susuriing mabuti, hindi nagkakalayo ng pananaw ang teorya ni Larson at ideya ni Eugene Nida na *Dynamic Equivalence*. Sinasang-ayunan nito ang pagbibigay importansiya sa paglilipat ng mensahe ng teksto mula simulaang lengguwahe (SL) sa tunguhang lengguwahe (TL). Pareho itong naniniwala na ang pagsasalin ay dapat magkaroon ng 'natural' na daloy ng mensahe.

"A translation of dynamic equivalence aims at complete naturalness of expression, and tries to relate the receptor to modes of behavior relevant within the context of his own culture; it does not insist that he understand the cultural patterns of the source-language context in order to comprehend the message. (Nida, 159)"

Sa gagawing pagsasalin ng mananaliksik, hindi lamang ang wastong pagtutumbas ng salita sa Filipino ang dapat isaalang-alang, hindi lamang ang pagpapadaloy ng kultura at mensahe kung hindi kailangang lumabas din ang pagiging natural na daloy ng pangyayari at gamit ng salita sa kuwentong naisalin na. Matapos ang paghahanda ng tekstong isasalin, saka pa lamang aktwal na maisasalin ang teksto. Samantala, sa yugto ng aktwal na pagsasalin ay nagbabanggaan ang mga magkakaibang pananaw gaya ng idyomatiko sa literal o denotasyon sa konotasyon, karaniwang pahayag sa kultural na pahayag, pansemantika sa pangkomunikatibo, malaya sa matapat, at iba pang nakapagdudulot ng pagdududa sa tagasalin (Almario, 2003). Gayun pa man, naniniwala ang mananaliksik na isang mabisang kasangkapan ang diksyunaryo upang mahawan ang balakid sa mga salitang mahirap maunawaan.

Makikita kay Delfin (2006), na mahalagang malaman ang mga katangian ng isang komunikatibong salin upang higit na mapagyaman ang paglilipat ng mensahe ng teksto sa simulaang wika:

1. ***Reader-Centered*** – hindi dapat mawalan ng konsiderasyon ang tagasalin sa kaniyang target na mambabasa. Kinakailangang nakaangkop sa lebel ng babasa ang salin ng teksto. Sa pagkakataong ito, sinikap ng mananaliksik na mabigyan ng mas malalim na pagsusuri ang mga akdang isinalin sa pamamagitan ng pagbatid ng tema, mga aral at kulturang maaaring maiugnay sa isang partikular na awdyens o mambabasa.

2. **Hindi dapat mawaglit sa isipan ng tagasalin na kilalanin ang intensyon o pakay ng manunulat sa kanyang mga ipinahayag sa teksto.** Gayundin, sinikap ng mananaliksik na bumalik sa pangunahing layunin ng pagsasalin ng akda at ito ay ang magkaroon ng higit na pagkaunawa, pagkilala at kabatiran sa tradisyong kultural ng etnolinggwistikong pangkat sa bansa ang mga mag-aaral tulad din ng layunin ng manunulat sa pagbuo ng “A Treasury of Stories”.

3. **Kinakailangang isagawa ang adaptasyon at gawing orihinal ang mensahe upang lalong maunawaan ng target na mambabasa.** Dito pumapasok ang mga teorya ni Nida, Newmark at Santiago bilang diwa-sa-

diwang pagsasalin na isinaalang-alang ng mananaliksik upang maging natural ang daloy ng kuwento.

4. Maging malaya at matapat ang mensahe kung nakatuon ito sa wikang pagsasalinan. Sa tulong ng kaalaman ng mananaliksik sa kultura at paniniwala ng patutunguhang wika, nagiging malaya, matapat o malapit ang paglilipat ng kahulugan ng teksto lalo na ang mga matatalinghagang pahayag o idyoma sa kultura ng pagsasalinang wika.

5. Mas mainam basahin, madulas ang mga pananalita, simple at kombensyunal kahit ito ay mahaba. Tulad ng konsepto ng amplipikasyon kung saan binibigyang katumbas na kahulugan ang salita sa pamamagitan ng depinisyong paglalarawan, gaya ng paggamit ng *noun phrase* o *adjectival phrase*. Hindi maiiwasan ang pagkakataong humaba ang naisaling teksto ngunit ang mahalaga, naging simple, mainam na nabasa at naging malinaw ang mensahe ng akda.

6. May karapatan ang tagasalin na ayusin at paunlarin ang istilo ng orihinal, irebisa ang mga bahaging malalabo at maling gramatika. Sapagkat may mga pagkakataong maiiba ang gramatika ng pinagmulang wika kapag isinasalin na sa target na wika, tungkulin ng mananaliksik o tagasalin na gumawa ng pagbabago para sa higit na pagkakaunawa ng mambabasa.

7. Maaaring iwasto ng tagasalin ang maling impormasyong ibinigay sa simulaang teksto. Dito naman nakikita ang pagiging dinamiko o pagkakaiba ng kultura ng isang bansa sa iba pang bansa. Bilang mananaliksik at tagapagpadaloy ng kultura sa akdang isinasalin, tungkulin nitong maging lokalizado o gumawa ng pagbabago sa kuwento na naaayon sa kultura ng pagsasalinang teksto.

8. Nilalayan ng pagsasalin ang matagumpay na bersyon at pahayag. Kung maaari, tungkulin ng mananaliksik na maisalin ang akda sa pinakamalapit at pinakanatural na daloy ng kuwento gayundin hindi mawawaglit ang kulturang nais iparating ng akdang isasalin.

9. Talata at pangungusap ang mga yunit ng pagsasalin. Sapagkat nagsisimula ang mananaliksik sa literal na pagtutumbas ng salita-sa-salita, may mga pagkakataong nababago ang tunay na kahulugan nito. Kaya naman, mainam pa rin ang pagtutumbas ng patalata o kada pangungusap sapagkat sa ganitong paraan, nagiging *meaning-based* o diwa-sa-diwa ang paraan ng pagsasalin.

10. Produkto ang pagsasalin ng pangkat ng mga tagasalin at hindi ang iisang tagasalin. Bukod sa paulit-ulit na pagrerebisa at paghahanda ng tekstong isasalin, tungkulin rin ng mananaliksik ang kumonsulta sa mga eksperto at ilang kasamahan na may kakayahang maisaayos ang isinagawang pagsasalin tulad ng mga kawani ng Komisyon ng Wikang

Filipino, mga propesor sa Filipino o dalubwika at mga gurong may digri o mataas na pinag-aralan sa pagtuturo ng Filipino.

11. Umaayon ang salin sa pangkalahatang tuntunin. Sinisigurado ng mananaliksik na nakasusunod ang isinasagawang pagsasalin sa tuntunin ng Ortograpiyang Filipino lalo na sa mga patakaran ng panghihiram ng mga salita:

- A. Tumbasan ang hiram na salita sa kasalukuyang leksikon ng Filipino.
- B. Gamitin ang natatanging mga salita mula sa mga katutubong wika sa Pilipinas at panatilihin ang orihinal na baybay.
- C. Baybayin ang mga salitang hiram sa Espanyol na ayon sa ABAKADA.
- D. Sa mga salitang Espanyol na may e at o, panatilihin ang mga ito.

12. Mensahe ang mahalaga ng pagsasalin. Gaya ng tuon ng pag-aaral na ito, mas binibigyang timbang ng mananaliksik ang pagtutumbas sa akdang isasalin sa mensahe at kulturang nakapaloob sa bawat kuwento bilang instrumento sa paglinang ng mga mag-aaral na may kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip at may pagpapahalaga sa panrehiyunal na panitikan.

1.2.6 Ang Manunulat ng Akda: E. Arsenio Manuel

Si E. Arsenio Manuel o kilala sa tawag na Manuel ay ipinanganak sa Santo Domingo, Nueva Ecija sa beteranong Filipino-Amerikano sa Digmaan. Nagtapos siya ng kursong LI.B sa Unibersidad de Manila noong 1935, nagpakadalubhasa sa antas gradwado sa Unibersidad ng Pilipinas (1954) at Ph.D naman sa University of Chicago (1969).

Ilan sa mga karangalang kanyang nakamit ay 1989 CCP Gawad para sa Sining, *1991 National Social Scientist Award* at Dangal Alab ng Haraya mula sa *National Commission for Culture and Arts (NCCA)* o Pambansang Komisyon ng Kultura at Sining taong 2000 para sa hindi matatawarang galing sa larangan ng kultural na pananaliksik.

Sa kanyang halos limampung taong pag-aaral sa antropolohiya ay punung-puno ito ng dokumentasyon at pananaliksik ukol sa komunidad ng mga Manuvu sa Mindanao. Siya rin ang nakadiskubre ng tatlong (3) *ethnoepics* mula sa tatlong pangkat etniko: ang Manuvu, ang Matigsalug at ang Ilianon. Pinag-aralan rin niya ang *folklore* o kuwentong-bayan ng mga Bagobo at gumawa ng sarbey sa *Philippine folk epics*. Malaki ang naiambag ng kanyang mga pag-aaral lalong-lalo na sa antropolohiya, kasaysayan, literatura at linggwistika.

Ang kanyang mga naunang pag-aaral kasama ang mga tao sa Central Mindanao pati na rin ang kanyang matinding pagsisikap na makapagbigay ng malinaw na patnubay at mga proseso ang naghirang sa kanya bilang "*Father of*

Modern Filipino Folklore Studies” o “Ama ng Makabagong Pag-aaral ng Kuwentong-bayan sa Filipino.” Sa kabila ng mahabang panahon na ginugol niya sa pag-aaral ay hindi pa rin ito naging sapat upang makapagtala siya ng sapat na impormasyon at dokumentasyon ukol sa mga Manuvu.

Matatagpuan sa kanyang libro na *Manuvu Social Organization* ang kabuoan ng kanyang pag-aaral ukol sa mga taga-Manuvu. Hindi naging madali ang kanyang isinagawang pag-aaral ukol sa Manuvu sapagkat sa mga unang araw ng kanyang pag-aaral ay hindi niya agad nakuha ang kooperasyon ng mga ito. Dahil rito, ang sistemang panlipunan at wika ng mga Manuvu ay nanatiling sikreto. Kinakailangan niyang makipamuhay sa mga taga-Manuvu nang sa gayon ay madali niyang maunawaan ang sistema ng kanilang ekonomiya, ritwal, legalidad at politika.

Sa kasawiang-palad, ang kanyang pag-aaral ang una at huling pag-aaral ukol sa mga kultura ng Manuvu. Dahilan sa mabilisang pagbabago ng henerasyon, pagtatayo ng mga malalaking gusali, pagpuputol ng mga puno at pag-aangkin ng mga lupa, napilitang lisanin ng mga Manuvu ang kanilang lugar at naghanap ng mas ligtas na lugar sa Mindanao.

Itinuturing na pinakamalaki at pinakaimportanteng kontribusyon sa antropolohiya ang kanyang pagkakadiskubre sa tatlong pangkat etniko: Ang Manuvu, ang Matigsalug at ang Ilianon. Ang mga impormasyong nakalap ay ginawang isang libro. Samantala, ang mga akdang *The Maiden of the Buhong Sky*, *Tuwaang Attends a Wedding*, at *Agyu: The Ilianon Epic of Mindanao* ay isa

sa mga kauna-unahang nailathala bilang isang libro sa pamamagitan ng pakikipamuhay sa mga Manuvu. Ang tatlong pangkat etniko na ito ay isang kayamanan sa literaturang Filipino.

Ang lahat ng kaugnay na pag-aaral at literaturang inilahad sa bahaging ito ay nakatulong sa mananaliksik upang maisalin batay sa mga nabanggit na teorya, proseso at metodo ang aklat na “Treasury of Stories” ni Arsenio Manuel.

1.3 Batayang Teoretikal

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa Etnolinggwistikong Pagsasalin ni Malinowski (1935) , sa pag-aaral ni Katan (2004), na ang tuon ng pagsasalin ay maipaliwanag ang kahulugan ng “katutubong pananaw” sa mga target na mambabasa at nangangailangan ng higit sa isang literal na pagsasalin. Naniniwala ang teoryang ito na upang maisagawa ang kultural na pagsasalin, sinikap ng tagasalin na maiugnay ang balarila sa konteksto ng sitwasyon at sa konteksto ng kulturang pagsasalinan.

Ang pagsasalin ng mga piling akdang pampanitikan ay nakabatay sa Teorya ng Pagsasalin ni Larson (1984) na kinakailangang dumaan sa tatlong mahahalagang yugto: paghahanda ng pagsasalin, aktwal na pagsasalin at pagtataya sa pagsasalin. Binibigyang-turing din ang konsepto ng pagsasalin ni Nida na *Dynamic Equivalence*, kung saan mas binibigyang-pansin ng perspektibong ito ang ugnayan o relasyon ng simulaang lengguwahe (SL) tungo sa tunguhang lengguwahe (TL). Nakatutulong ang pagsasaalang-alang nito sa

layunin ng mananaliksik na makapagsalin ng akdang may malinaw na pagpaparating ng paniniwala o kultura sa akdang pinagsalanan. Kinakailangang matagpuan sa tunguhang lengguwahe (TL) ang parehong mensahe mula sa simulaang lengguwahe (SL) nang sa gayon ang mambabasa ay may kakayahang maunawaan at maiugnay ang tekstong naisalin na sa kaniyang sariling kultura at paniniwala.

Bilang bahagi ng kultural na pagsasalin, inihanay ng mananaliksik ang mga kultural na elemento ayon kay Atienza (2004) sa dalawang kategorya: ang Materyal na Kultura ay mga elemento na maaaring nahahawakan at nakikita samantala ang Di-materyal na Kultura ay ang mga elemento na hindi nakikita o nahahawakan. Ang bumubuo ng mga materyal na kultura ay ang mga elemento na tulad ng Pagkain, Kasuotan, Heograpiya at Kalikasan. Samantala, binubuo naman ng Di-materyal na kultura ay ang mga elemento na tulad ng Kilos, Gawi at Ekspresyon, Kaugalian, Kostumbre at Tradisyon at Paniniwala. Ang mga kultural na elemento na ito ang magsisilbing kasagutan sa layunin ng pag-aaral na ito na mailahad ang mga kultural na elemento na nakapaloob sa akdang isasalin. Upang lubos na maunawaan ang pagkakaiba ng mga sumusunod na elemento, binigyang pagpapakahulugan ito sa *Teksbuk ng Pagsasalin* ni Batnag. Ito ay ang sumusunod:

1. **Pagkain** - Ang pagkain ay ang pinakamaselan at pinakamahalagang manipestasyon ng pambansang kultura. Kaugnay nito, maaaring

sumasailalim ang mga katawagan sa pagkain sa iba't ibang paraan ng pagsasalin. Higit pang nagiging masalimuot ang pagsasalin nito dulot ng posibleng banyagang elementong nakapaloob sa pagkain.

2. **Kilos, Gawi at Ekspresyon** - ang mga kilos, gawi at ekspresyon, bagama't kadalasang nakapaloob sa simulaang lengguwahe (SL) at nauunawaan ng mambabasa nito, ay hindi malinaw na nailalarawan sa tunguhang lengguwahe (TL) na siyang nagpapahirap sa ginagawang pagsasalin. Halimbawa, sa pagsasalubong sa daan ng dalawang magkaibigang Pilipino, isa sa kanila ang maaaring magsabi ng, "Saan ka galing?" na hindi matutumbasan sa Ingles ng "Hello!"
3. **Kaugalian** - May mga kaugaliang tulad ng sa Pilipinas na may mahigpit na ugnayang pampamilya. Bunga nito, makalilikha ng mga katawagan sa iba't ibang relasyon sa loob ng malaking pamilya tulad ng ate, kuya, hipag, bayaw, bilas at iba pang hindi ganapan na maisasalin sa ibang wika. Gayundin, dulot ng hilig sa pakikipagkwentuhan, nakabuo ng mga terminong tulad ng sietehan, maboteng usapan, chikahan, tsismisan, at huntahan. Sa ganitong pagkakataon, nararapat na muling tingnan ang karanasan ng mga taong gumagamit ng simulaang lengguwahe (SL).
4. **Kasuotan** - Sa kaso sa bansang India, may mga kasuotan at palamuti na mga babae lamang na buhay ang asawa ang makapagsusuot. Ipinapakita nito ang limitasyon ng lipunang India sa mga babaeng balo

at ang pagkaulilang nararamdaman ng balo na hindi mauunawaan ng kamalayang Kanluranin. Gayundin, ang iba't ibang kasuotan sa Pilipinas tulad ng *t'nalak* ng mga T'boli, *malong* ng mga Muslim, at saya ng mga Tagalog ay hindi maaaring matumbasan ng simpleng pagtawag dito bilang *clothes*. Ang mga halimbawang ito hinggil sa kalikasan ng pagsusuot ng mga damit at palamuti ay nararapat ding isaalang-alang sa pag-aaral ng tagasalin ng kultura ng pinagmulang wika.

5. **Kostumbre at Tradisyon** - Nararapat bigyang-tuon ng tagasalin ang mga nakapaloob na kostumbre at tradisyon sa tekstong isasalin. May mga pagkakataong ang ritwal na sinusunod ng isang kultura ay hindi angkop sa isa pa. Halimbawa, ang paghalik sa isa't isa matapos ang isang Kristiyanong kasal ay hindi katanggap-tanggap sa Hinduismo. Sa ibang lugar din sa Pilipinas tulad ng Pangasinan, bahagi ng paglalamay sa patay ang pagkakaroon ng *videoke* o kantahan samantalang wala namang nagaganap na lamay sa Estados Unidos na tinatakdaan pa ng *viewing hours* ang pagbabantay sa labi ng yumao.
6. **Paniniwala** - Ang mga paniniwala sa mga elementong relihiyoso, mito, alamat, at pamahiin ay mahigpit na nakaugnay sa kultura ng pinagmulang wika. Ang pagkakaroon ng napakaraming Diyos sa paniniwalang Hindu at maging sa iba't ibang etnolinggwistikong grupo

sa Pilipinas ay hindi maaaring matumbasan sa pambalanang tawag na Diyos. Nararapat kung gayon na mabigyan ng buong pansin ito ng tagasalin upang maiwasan ang pagkakaroon ng ibang pagtanaw ang mga mambabasa sa target na wika sa mga aspektong ito.

7. **Heograpiya at Kalikasan** - Dahil sa pagkakaiba ng lokasyon sa daigdig, nagkakaroon ng ibang karanasan sa paligid ang iba't ibang lupon ng tao. Nakaaapekto ito sa kanilang pagtanaw sa realidad ng kanilang kalikasan. Halimbawa, para sa mga Eskimo na bahagi ng kanilang buhay ang niyebe, nakalilikha sila ng iba't ibang mga katawagan sa yelo na hindi mabubuo sa mga bansang hindi nakararanas ng ganitong uri ng kapaligiran.

Mula sa pagtingin sa kultura at ang implikasyon nito sa pagsasalin, mahahango ang iba't ibang pananaw at lapit sa pagsusuri ng simulaang lengguwahe (SL) tungo sa paglilipat sa tunguhang lengguwahe (TL). Sa pagpapatanggap nito sa target na mambabasa, nakikita ang pagiging masalimuot ng larangan ng pagsasalin at ang tungkuling naiaatang sa mga tagasalin. Binubuksan sa tagasalin ang kapangyarihang ipakilala ang isang banyagang pananaw-pandaigdig o iangkop ito sa katotohanan ng kanyang kultura. Sa anumang paraan, pinatutunayan ng pagsasalin ang mahigpit na ugnayan ng wika at kultura at ang kapasidad ng tunguhang lengguwahe (TL) na umangkop at/ o ipakilala ang sariling kultura.

Maging ang mga pananaw nina Nida at Taber (1982) sa pagsasalin ay isang reproduksyon sa target na lengguwahe ng pinakamalapit na natural at katumbas ng simulaang lengguwahe (SL), ayon sa kahulugan at estilo na pagkakasulat. Ang bawat pangkat ng taong may sariling kultura ay lumilinan ng isang wikang angkop sa kanilang pangangailangan. Wikang sumasalamín sa mithiin at lunggati, pangarap, damdamin, kaisipan, saloobin at kaugalian ng mamamayan. Dapat salaminin ng wika ang kultura ng mga taong nagsasalita ng wikang ito. Patunay lamang ito na ang wika at kultura ay magkabuhol at hindi maaaring ihiwalay sa isa't isa.

Ginagampanan din ng pagsasalin ang paglilipat at palitan ng kultura't kaalaman sa buong mundo. Ipinahayag ni Almario (2003):

“kung ang pagkakaimbento ng papel ay napakahalaga sa lansakan at matagalang pag-iimbak ng matatayog na karunungan at dakilang panitikan, ang pagsasalin naman ang naging mabisang kasangkapan sa pagkakalat at pagtanggap ng mga naturang pamana ng sibilisasyon sa iba't ibang lugar sa buong mundo.”


Ibinatay naman kay Delfin (2006) ang dulong na ginamit sa pagsubok sa salin. Aniya, may apat na dulong sa pagsubok sa pagsasalin:

1. Pansariling Subok – bago pa man magsulat ng kaniyang salin ang isang tagasalin ay di namamalayang isinasagawa na ang dulong na ito. Ang paulit-ulit na pagbasa sa orihinal na wika ng tekstong isasalin hanggang sa paulit-ulit na pagpili ng mga salitang gagamitin sa pagsasalin ay isang proseso ng pansariling subok.

Ang unti-unting pagpapaulit-ulit ng mananaliksik sa mga pagpili ng salitang angkop na panumbas ay kabilang rin sa dulong na ito.

2. Pagkonsulta sa Esperto – Upang makatiyak sa isasaling teksto, ikinonsulta ng mananaliksik ang saling Filipino ng teksto sa mga eksperto sa mga sangkot na wika upang matiyak na hindi naiba ang kahulugan ng unang salin (salin sa Ingles). Binigyan ng mga rekomendasyon ang mananaliksik sa mga salita, sugnay at mga pangungusap na dapat bigyan ng malaking pansin sa pagsasalin upang hindi mabago ang kahulugan. Hindi lamang sa pagsusuri ng saling Ingles nagbigay ng puna ang mga eksperto kung hindi maging sa tunguhing wika (Filipino) matapos itong maisalin.
3. Balik-salin – ang prosesong ito ay hindi naisagawa sa pag-aaral sapagkat matapos ang isinagawang balidasyon ng isinaling mga teksto ng mga eksperto, sunod na inilahad ang analisis ng mga kultural na elemento na nakapaloob sa akda.
4. Subok-pag-unawa – kailangang subukin ang salin kung magiging epektibo ba ito kapag ginamit na sa mga target na mambabasa. Mahalagang malaman kung ang salin ay umangkop ba sa mga mambabasa at kung may kakayahan ba itong ganapan ang inaasahang layunin ng pagsasalin. Makikita rin dito kung nagkukulang ba ang salin sa pagpaparating ng mensahe.

Figura 1: Konseptwal na Balangkas



Ipinapakita sa Pigura 1, ang mga ginamit na prinsipyo at konsepto na naging gabay sa tahakin ng pag-aaral ng kultural na salin. Makikita sa pigura na umikot ang **Kultural na Salin ng Kuwentong-Bayan** sa pag-aanalisa ng “materyal” at “di-materyal” na kultura na siyang pinaka-“core” / ubod o inaasahang produkto ng isasagawang pag-aaral. Ang dalawang nabanggit na aspeto ay mula sa “Kultural na Elemento” ni Atienza (2004) na nakatulong sa mananaliksik sapagkat tinugon nito ang layunin ng pag-aaral na mailahad ang mga kultural na elemento na makikita sa mga piling akdang pampanitikan.

Malaki ang gampanin ng **Teoryang Etnolinggwistiko** ni Malinowski (1935) na nagsilbing gabay ng mananaliksik upang mapalutang ang ugnayan ng pagsasalin ng teksto at kulturang nakapaloob dito. Samantala, ang mga teorya nina Lefevere (1992) at Nida (1969) ang pinagkunan ng prinsipyo sa pagsasagawa ng diwa-sa-diwang pagsasalin ng mga akdang pampanitikan. Sapagkat matinding isinaalang-alang na maging maayos ang daloy ng isasagawang pagsasalin, maingat na sinunod sa pag-aaral ang gabay at mga prosesong inilahad ni Delfin (2006), sa ebalwasyon ng salin.

Sa huli, ang pinakalabas ng pigura ang nagpapakita ng isang siklo na itinuring ng mananaliksik na proseso ng pagsasalin at pagtataya. Tiniyak ng mananaliksik na maging malapit ang mensahe sa isinagawang salin ng pinanggalingang wika tungo sa pinagsalinang wika sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasalin at pagtataya ng salin bilang malaki ang bahagi nito sa pagbuo at pagtugon sa mga layunin ng pag-aaral.

1.4 Layunin ng Pag-aaral

Pangkalahatang Layunin:

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay maisalin sa Filipino ang piling akdang pampanitikan mula sa aklat na “Treasury of Stories” ni Arsenio Manuel sa pamamagitan ng kultural na pagsasalin.

Mga Tiyak na Layunin:

1. Maisalin ang sampung (10) piling kuwentong-bayan ng ‘Treasury of Stories’.
2. Mailahad ang mga kultural na elemento na may pagsasalang-alang sa dalawang (2) anyo ng kultura:
 - a. Materyal na Kultura
 - b. Di-materyal na Kultura
3. Mataya ang salin sa pamamagitan ng balidasyon ng mga eksperto.

1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay mahalaga sa pagpapahalagang pampanitikan sa pamamagitan ng mga babasahin tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Ayon kay Agoncillo (1981), ang pagsasalin ng sariling wika ng mga akdang dinadakila na ng panahon ay isang magandang paraan ng pagpapayaman nito sapagkat nabubuksan sa mga

katutubong mamamayan ang mayamang kaban ng panitikan ng ibang bansa at sa ganito ay yumayaman ang isipan, wika at panitikan ng isang bansa.

- Sa mga mag-aaral. Magkakaroon ng dagdag na mga babasahin na tumatalakay sa kultura at pagkakakilanlan ng lahing Pilipino, matuklasan nila ang ugat ng kanilang lahi at manariwang muli ang kulturang Pilipino.
- Sa mga guro. Makadaragdag ito sa mga babasahin sa mga akdang kultural na maaring magamit na kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa una hanggang ikaapat na antas sapagkat ang mga akdang pampanitikan na isasalin ay may iba't ibang tema na maaaring pagpilian ayon sa kung anong edad at antas ng mag-aaral ang babasa.
- Sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF). Makatutulong ito sa layunin ng KWF na masiglang maitaguyod ang pagsasalin sa Filipino ng mga akdang historikal at tradisyong kultural ng mga grupong etnolinggwistiko.
- Sa Pambansang Komisyon ng Kultura at Sining. Sapagkat ang mga akdang isasalin ay naglalaman at tumatalakay sa kulturang Pilipino, makapag-aambag ang pananaliksik na ito sa pagpepreserba ng kultura at yaman ng panitikan ng bansa tulad ng layunin nitong makapag-ambag ng mga akdang pampanitikan na naglalahad ng kultura at tradisyong Pilipinong naisalin sa wikang Filipino.

- Sa mga mananaliksik. Upang maging batayan sa mga susunod pang magsasagawa ng pananaliksik tungkol sa pagsasalin sapagkat kaluluwa ng bansa ang kultura at isinasalba ng pagsasalin ang kultura.

1.6. Saklaw at Limitasyon

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa pagpili ng sampung (10) akdang pampanitikan na tumatalakay sa kultura at tradisyon ng mga pangkat etniko sa Pilipinas, ang mga akdang isasalin ay mula sa aklat ni Arsenio Manuel na “A Treasury of Stories”.

Binubuo ang pag-aaral na ito ng siyam (9) na eksperto na siyang magiging kalahok sa balidasyon ng isinaling akda. Ang mga akdang pampanitikang ito ay napili batay sa ‘genre’ at lokasyon o pangkat etniko na pinagmulan ng teksto. Siniguro rin ng mananaliksik na ang mga akdang isasalin ay mga halimbawa ng teksto na magpupuno sa kinakitaang kakulangan sa mga listahan ng akdang pampanitikang rehiyonal ng *Imus National High School-Main*, antas sekundarya, grado pito (7) sang-ayon sa *K to 12 Curriculum*.

Gagamitin naman sa pagtataya ng pagsasalin ang talatanungang mula sa *Summer Institute of Linguistics*. May tatlong katangiang dapat taglayin ang isang mahusay na salin. Mabubuod ito sa akronim na *CAN*, na nangangahulugang: *Clear* (Kalinawan), *Accurate* (Kawastuhan) at *Natural* (Natural na daloy) gayundin gumawa ang mananaliksik ng modipikasyon sa instrumento sa

pamamagitan ng pagdaragdag ng *Pagsasaling Kultural* (pagsusuri sa kultural na elemento) na nakapaloob sa akda.

Sa epektibong pagsasakatuparan ng pag-aaral, gayundin upang masiguro ang katumpakan ng isinagawang pagsasalin, magiging kasangkapan ang eksperto na naging bahagi ng Komisyon ng Wikang Filipino partikular sa departamento ng pagsasalin upang magsagawa ng balidasyon sa mga akdang naisalin na. Sila ang sasagot sa inihandang talatanungan ng mananaliksik na tataya kung naihatid ang pag-unawa ng mga kalahok sa isinaling akda, pagsubok sa pagiging natural ng wikang ginamit sa salin at pagsubok sa gaan ng pagbasa. Makatutulong sa pagpapabuti ng salin ang mga impormasyong makukuha sa kanila.

Inilahad ng mananaliksik na ang makabuluhan at tanging layunin lamang ng pag-aaral ay makapagsalin at matukoy ang mga bahaging nagpapakita ng kultural na elemento sa mga akdang isasalin.

Tinatayang ang pananaliksik na ito ay maisasagawa at matatapos sa loob ng walong (8) buwan hanggang isang (1) taon dahil gugugol ng mahabang panahon ang mananaliksik sa pagsasalin ng sampung (10) piling akdang pampanitikan mula sa aklat na “A Treasury of Stories” ni Arsenio Manuel.

1.7 Katuturan ng mga Katawagang Ginamit

Ang sumusunod na mga katawagan ay bibigyang kahulugan upang lubos na maunawaan ang pag-aaral:

Di-materyal na Kultura. Ang uri ng kultura na hindi nahahawakan o nakikita tulad ng Kilos, Gawi at Ekspresyon, Kaugalian, Kostumbre at Tradisyon at Paniniwala

Filipino. Wikang pambansa at *lingua franca* ng Pilipinas, wikang gagamitin sa pagsasalin.

Materyal na Kultura. Ang uri ng kultura na nahahawakan at nakikita tulad ng Pagkain, Kasuotan, Heograpiya at Kalikasan.

Pagsasalin. Pagsasa-filipino ng akdang pampanitikan batay sa teorya ni Nida (1969) at Lefevere(1992).

Kultural na Pagsasalin. Pagsasaling may analisis ng mga kultural na elementong matatagpuan sa bawat akdang isasalin at nakabatay sa Teoryang Etnolinggwistiko o *Ethno-linguistic Theory* ni Malinowski (1935).

Kultural na elemento. Ang iba't ibang elemento na dapat isaalang-alang sa pagsasalin ayon kay Atienza (2004) tulad ng Materyal at Di-Materyal na Kultura.

KABANATA 2

METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isang palarawang pananaliksik na may pagtataya upang magkaroon ng balidasyon (**Descriptive- Evaluative Research**) sa mga akdang isasalin sa Filipino sa mga piling akdang pampanitikan mula sa aklat ni Arsenio Manuel na “A Treasury of Stories”.

Pinag-aaralan sa mga palarawang pananaliksik ang pangkasalukuyang ginagawa, pamantayan at kalagayan. Nagbibigay ito ng tugon sa mga tanong na sino, ano, kailan, saan at paano na may kinalaman sa paksa ng pag-aaral. Hindi ito makatutugon sa mga tanong na “bakit” sapagkat naglalarawan lamang ito ng tiyak at kasalukuyang kondisyon ng pangyayari at hindi ng nakalipas at hinaharap.

Ipinaliwanag ni Best (1963), sa pag-aaral ni Hufana (2014), ang palarawang pananaliksik ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay-kahulugan tungkol sa isang bagay o paksa. Ito ay may kinalaman sa mga ugnayang nagaganap, mga gawaing umiiral, mga paniniwala at prosesong nagaganap, mga epektong nararamdaman o mga kalarakang nilinang. Kaya naman, bahagi ng paglalarawan na pag-aaral ang paglalahad ng mga kultural na elemento na matatagpuan sa mga akda na isinalin sa pag-aaral na ito.

2.2 Ganapan ng Pag-aaral

Ang *Imus National High School- Main* (ang paaralan kung saan nagtuturo ang mananaliksik) ang napiling maging ganapan ng isinasagawang pag-aaral sapagkat naniniwala ang mananaliksik na higit na nangangailangan ang mga guro at mag-aaral ng paaralang ito ng mga tekstong babasahin o mga isinaling akda sa Filipino na mula sa iba't ibang rehiyon.

Bukod pa rito, ang mga guro sa nasabing paaralan ay maaaring maging katuwang ng mananaliksik sa balidasyon ng mga akdang isinalin. Kaya naman, pumili ang mananaliksik ng anim (6) na guro mula sa Kagawaran ng Filipino at Ingles na may sapat na kaalaman sa pagsasalin upang maging katuwang ng mga eksperto mula sa Komisyon ng Wikang Filipino sa balidasyon ng isinaling teksto.

2.3 Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga magiging kalahok sa pananaliksik na ito ay anim (6) na guro mula sa Kagawaran ng Filipino at Ingles. Sila ay binubuo ng tatlong (3) Master Teacher at tatlong (3) Teacher 3 na pawang mahuhusay sa paggamit ng dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin. Sila ang magsasagawa ng pagtataya sa isasagawang pagsasalin sa Filipino ng mananaliksik gamit ang talatanungan. Pinili ang mga kalahok na ito sapagkat silang lahat ay nagtuturo ng wika at may sapat na kaalaman at may karanasan na sa pagsasalin. Ang kanilang kaalaman

sa pagsasalin ay buhat sa kanilang mga asignatura sa kolehiyo, masteral, nagtuturo rin ng pagsasalin bilang bahagi ng asignatura sa Filipino I-IV. Gayundin, magiging bahagi rin ang ilang eksperto mula sa Komisyon ng Wikang Filipino upang isagawa ang balidasyon sa mga akdang naisalin na.

Sila ang magsasagot sa inihandang talatanungan ng mananaliksik na tumaya sa unang burador ng naisaling akda gayundin ang mga magbibigay ng suhestiyon tungo sa ikabubuti ng pagsasalin ng mga napiling teksto. Naglaan ng sapat na oras ang mananaliksik upang maipaliwanag nang mabuti sa mga kalahok ang layunin at impormasyong kaugnay nito, gayundin ang mga hakbang at prosesong gagawin sa pananaliksik.

Binigyang kasiguraduhan ang mga kalahok sa pag-aaral na anumang impormasyong makukuha ng mananaliksik ay mananatiling pribado, nasa kanyang pangangalaga at hindi makaaapekto sa kanilang akademikong istatus. Pagkatapos ng pag-aaral, tiniyak sa mga kalahok na ibabahagi sa kanila ang kinalabasan o resulta.

Ginamit ng mananaliksik ang **Purposive Sampling** bilang paraan sa pagpili ng mga akda na nakabatay sa 'genre' at lokasyon o pangkat etniko na pinagmulan ng teksto. Siniguro rin ng mananaliksik na ang mga akdang isasalin ay mga halimbawa ng teksto na magpupuno sa kinakitaang kakulangan sa mga listahan ng akdang pampanitikang rehiyonal ng Imus National High School-Main, antas sekundarya, grado pito (7) sang-ayon sa K to 12 Curriculum. Pinili

rin ang mga akdang pampanitikan ayon sa: (1) sa interes ng magsasalin, (2) hindi palasak ang akdang pampanitikang isasalin, (3) tumatalakay at naglalaman ng kultura at paniniwalang Filipino.

Ang aklat na isasalin ay binubuo na tatlumpu't tatlong (33) akdang pampanitikan at hinati sa tatlong (3) kategorya- Unang ang *The Mythological Age*, ikalawa ang *The Heroic Age* at ang huli ay ang *Folktales from All Ages*. Ang bawat kategorya naman ay hinati pa sa iba't ibang kategorya.

Ang *The Mythological Age: Introduction to the Period* ay binubuo ng siyam (9) na akdang pampanitikan na nahati pa sa tatlong (3) sub-kategorya. Ito ay binubuo ng *The Creation Story* na may isang akdang pampanitikan; *Marriage with Celestial* na binubuo naman ng apat (4) na akdang pampanitikan; at *Some Origin Stories* na binubuo naman ng apat (4) na akdang pampanitikan.

Ang kategoryang *The Heroic Age* ay binubuo ng pitong (7) akdang pampanitikan na hinati pa sa dalawang (2) kategorya. Ito ay ang *Sons of Gods* na binubuo ng apat (4) na akdang pampanitikan at *Heroic and Epic Tales* na binubuo naman ng tatlong (3) akdang pampanitikan.

Ang ikatlong kategorya na *Folk Tales from All Ages* ay binubuo ng labimpitong (17) akdang pampanitikan. Ito ay hinati sa apat (4) na sub-kategorya ito ay ang *Tales with Moral Messages* na binubuo ng tatlong (3) akdang pampanitikan; *What Makes People Laugh* na binubuo ng apat (4) na akdang

pampanitikan; *Classic Animal Stories* at may pitong (7) akdang pampanitikan at *Tales of wonder* na may tatlong (3) akdang pampanitikan.

2.4 Instrumento ng Pag-aaral

Ang talatanungang ginamit ng mananaliksik ay mula sa *Summer Institute of Linguistics* na minodipika ng mananaliksik batay sa pangangailangan ng pag-aaral at kinapapalooban ng sumusunod na pamantayan: 1. **ACCURACY** o Kawastuhan ng salin at pagbanaag sa literal na kahulugan, 2. **CLARITY** o Kalinawan ng salin at pagkatumpak ng kahulugan, 3. **NATURALNESS** o Kadulasan ng daloy o pagiging natural ng salin at 4. **PAGSASALING KULTURAL** kung saan kakikitaan ang mga akdang isinalin ng kultural na elemento tulad ng materyal at di-materyal na kultura na ang siyang gagamitin upang mataya ang pagiging epektibo ng isasagawang pagsasalin.

Ang nabuong instrumento ay sinagutan ng mga guro sa Filipino at Ingles katuwang ang mga ekspertong kinatawan ng Komisyon ng Wikang Filipino. Ito lamang ang naging kwalipikasyon upang masagutan ang talatanungan na patunay na hindi naging isyu rito ang kasarian, relihiyon, pangkat o kulturang kinabibilangan ng mga sangkot sa pag-aaral.

2.4.1 Pag-aanalisa ng Datos

Pagkatapos makolekta ang mga talatanungan, inalisa ang mga sagot ng kalahok gamit ang *Weighted Mean*:

Weighted Mean (Wm) – magbibigay kabisaan ng salin.

$$\bar{X} = \frac{\sum xw}{\sum w}$$

Kung saan: $\bar{x}$ - mean
 X - bilang ng tugon
 W - kabuoang bilang ng respondente

Makikita sa itaas ang iskalang ginamit sa apat (4) na indikasyon:

(1) Accuracy, (2) Clarity, (3) Naturalness at (4) Pagsasaling Kultural

Talahanayan Bilang 1: Batayan ng Pagmamarka

PAGMAMARKA	PAGPAPAKAHULUGAN
5.00	Lubos na Napakahusay
4.00 - 4.99	Nakapahusay
3.00 - 3.99	Mahusay
2.00 - 2.99	Medyo Mahusay
1.00-1.99	Hindi Mahusay

Sa pagbibigay ng kriterya bilang sukatan ng paggagrado sa Lubos na Napakahusay, Napakahusay, Mahusay, Medyo Mahusay at Hindi Mahusay, gumawa ng ilang mga indikasyon ang mga mananaliksik kada kriterya. Ang bawat kriterya na sinagutan ng mga kalahok sa pag-aaral ay sinuri at dumaan sa pagkokompyut at pagpapakahulugan ng isang eksperto.

2.5 Mga Hakbang sa Pag-aaral

Bago isinagawa ang pag-aaral ay sumulat ang mananaliksik sa pansangay na tagapamahala o *superintendent* ng lungsod ng Imus upang ihingi ng pahintulot ang gagawing pag-aaral. Matapos makakuha ng permiso sa *superintendent* ay sumulat naman siya sa punungguro ng paaralang kasangkot sa pag-aaral. Humingi siya ng araw at oras kung kailan angkop gawin ang pagpapasagot ng talatanungan gayundin inilapit ng mananaliksik ang pagpapabalido ng salin sa mga oras na libre ang mga eksperto upang matiyak na walang mapipinsala o magagambala ang mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral. Gayundin, sumulat ang mananaliksik sa Pambansang Komisyon ng Kultura at Sining bilang institusyong nagbibigay ng pahintulot sa paggamit ng aklat na isasalin.

2.5.1 Bago Magsalin

Kung susuriin ang pinakamahirap na yugto sa anumang pagsasalin na isasagawa ay ang pagpili ng isasalin. Sa pagsasalin nararapat na bigyan ng pansin ang paksa, pangunahing layunin ng pagsasalin at ang maibabahagi nito sa mambabasa. Samakatuwid, ang pagtatakda ng pamantayan sa pagpili ng isasalin ang tutulong sa tagasalin na mapadali ang gawaing isasalin.

Mga Pamantayan sa Pagpili ng Akdang Isasalin

Bilang mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino, gayon na lamang ang pagpupursige ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga akdang pampanitikan na hindi pa gaanong natatahak tulad ng mga akdang matatagpuan sa pangkat etniko. Ilan sa mga kadahilanan at pamantayan ng mga mananaliksik sa pagpili ng isasaling katawagan ay ang sumusunod:

- (1) sa interes ng magsasalin, tagasuri at mag-aaral
- (2) hindi palasak ang akdang pampanitikang isasalin,
- (3) tumatalakay at naglalaman ng kultura at paniniwalang Pilipino

2.5.2 Aktwal na Pagsasalin

2.5.2.1 Pagbasa nang Buo

Sinikap basahin ng mananaliksik nang paulit-ulit ang buong teksto upang maunawaan ang kabuoang mensahe nito. Isinagawa ang paulit-ulit na pagbasa sa kahulugan dahilan sa sumusunod na layunin: (1) upang makuha ang diwa ng isasalin na nais ipahiwatig ng may-akda sa mga mambabasa (2) upang alamin ang istruktura ng wika, at matalinghagang pahayag (3) upang mabatid ang mga bahagi na kakikitaan ng mga kultural na elemento ng pagsasalin.

Isinaalang-alang ang paghahanay sa dalawang anyo ng kultura: Ang Materyal na Kultura at Di-Materyal na Kultura sang-ayon sa mga kultural na

ayon kay Atienza (2004) sa *Teksbuk sa Pagsasalin ni Aurora Batnag*. May nararapat isaalang-alang ang mga categoryang kultural na inilahad ng iba't ibang dalubhasa para sa sinumang tagasalin sa kanyang paghaharap sa simulaang lengguwahe (SL) ng isang teksto tungo sa tunguhang lengguwahe (TL). Ito ay ang sumusunod: A. Materyal na Kultura (Pagkain, Kasuotan at Heograpiya at Kalikasan), B. Di-materyal na Kultura (Kilos, Gawi at Ekspresyon, Kaugalian, Kostumbre at Tradisyon, at Paniniwala). Matapos malaman ang bahagi ng teksto na kinapapalooban ng mga nasabing elemento, muling babasahin ang akda upang unawain ng mananaliksik ang mga bahagi na mahirap unawain, paulit-ulit binasa hanggang sa makuha ang nais ipaunawa o ipabatid ng may-akda.

Naging gabay ng mananaliksik sa pagsasalin ang mga hakbang sa pagbabasa na inisa-isa ni Newmark (1998), na binanggit sa disertasyon ni Hidalgo (2003).

1. Binasa muna nang buo ng mananaliksik ang isasalin upang maunawaan ang pangkalahatang diwa na nakapaloob dito.
2. Ginamit ng mananaliksik ang diksyunaryo upang malaman ang kahulugan ng mga mahihirap unawain na salita.
3. Pinanatili muna ang mga salitang Ingles sa mga salita na nahihirapan pang tumbasan sa Filipino. Matapos ang pagsasalin sa

mga salita ay agad na nagpasiya ang mga mananaliksik kung hihiramin ang nasabing salita o hahanapan ng katumbas.

4. Matapos nito ay isinagawa na ang unang burador ng salin.

2.5.2.2 Paggawa ng Unang Burador ng Salin

Sa pagsasagawa ng unang burador ng salin sinikap ng mananaliksik na maisalin ang buong diwa ng kahulugan ng mga salita sa wikang Filipino at pinanatili ang baybay ng mga katawagang walang katumbas sa Filipino.

Habang isinasagawa ng mananaliksik ang unang burador ng pagsasalin, hindi rin naihihiwalay ang pagkalap ng mga impormasyon na nagpapakita ng mga kultural na elemento sa mga akda. Sinikap ng mananaliksik na pag-aralan muna at magkalap ng impormasyon ukol sa mga katutubong pamumuhay, gawi, paniniwala, tradisyon, pagkain, kasuotan, kostumbre, heograpiya at kalikasan ng mga pangkat etnikong kasangkot na pinagmulan ng mga isasaling akda. Matapos mapag-aralan ang mga ito, inihanay ng mananaliksik ang mga bahagi ng kuwento na nagpapakita ng materyal at di-materyal na kultural. Inilahad ang anyo ng kultural na elemento at sinamahan ng paliwanag batay sa kung anong kaligirang pangkasaysayan o kultura mayroon ang bawat pangkat etniko.

2.5.2.3 Pagsasangguni sa mga Esperto

Isinangguni sa mga kalahok sa balidasyon ng salin tulad ng guro sa Filipino at Ingles ang ginawang salin upang lubusang makatiyak sa kaangkupan, kawastuhan at kabisaan nito. Ipinakita rin ang isinagawang pagsasalin at nagbigay ng ilang mungkahi ang mga esperto sa mananaliksik. Gayundin, ang mga pagkakamaling natagpuan sa isinagawang salin ay isinaayos. Ang ilan sa mga puna ng mga guro at esperto gayundin ang mga pagbabagong naganap sa isinagawang pagsasalin ay mababasa sa Kabanata 3: Resulta at Pagtalakay.

2.5.2.4 Pagrerebyu ng Unang Burador

Kailangang rebyuhin ang unang burador makalipas ang ilang araw. Mahalaga ang prosesong ito upang magkaroon ng mga obhektibong pananaw ang nagsasalin. Isinagawa ng mananaliksik ang pansariling pagsubok. Ito ay ang pagbasa nang paulit-ulit sa orihinal na kahulugan at sa isinagawang salin upang makita ang kawastuhan, kalinawan o kaangkupan nito sa orihinal. Ang sumusunod ang mga prosesong ginawa ng mga mananaliksik sa pagsasalin:

1. Pag-alis o pagkaltas ng mga salitang maaaring makagulo o hindi naman kailangan sa pagsasalin.
2. Pagwawasto ng mga kamalian sa kahulugan at anyo.
3. Pagsasaalang-alang ng wastong pagkakaugnay-ugnay ng bawat kahulugan.

Ang mga pagkakamaling natagpuan sa isinagawang salin ay inayos sa pagrebisa ng salin.

2.5.2.5 Paggawa ng Ikalawang Burador ng Salin

Mula sa mga komento, puna at kinalabasan ng mga pagtataya, inirebisa ng mananaliksik ang salin sa gabay ng mga nalikom na puna ng mga kalahok. Upang matiyak ang kawastuhan ng inirebisang salin, muling kumonsulta sa mga eksperto ang tagasalin upang tiyaking may pagbabagong ginawa sa salin.

2.5.2.6 Pagbuo ng Pinal na Salin

Isinagawa ang pinal na salin batay sa resulta ng lahat ng rekomendasyon ng mga eksperto. Isinagawa ang pinal na salin sa huling bahagi ng pananaliksik na ito.

2.6 Potensyal na Isyung Etikal

Sa anumang pag-aaral, nararapat na hindi ito lumabag sa koda ng etika na makaaapekto sa kredibilidad ng pag-aaral kung kaya't tiniyak sa pananaliksik na ito ang pag-iingat na hindi masangkot sa anumang isyung etikal. Sa pagpapasagot ng talatanungan sa mga eksperto, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot sa *superintendent* ng dibisyon ng Imus, punongguro sa paaralan ng kalahok sa pag-aaral, at ulungguro ng mga gurong kalahok sa gagawing balidasyon. Tiniyak rin ng mananaliksik na

mananatiling pribado at kompidensyal ang anumang pagtugon na nakalap mula sa kanila. Gayundin, ang lahat ng resulta sa pananaliksik ay hindi gagamitin laban sa paaralan at hindi makaaapekto sa akademikong istatus ng mga kalahok.

Naglaan naman ng silid na pagsasagawaan ng mga gawain ang mananaliksik tungo sa pangangalaga ng kapakanan ng mga kalahok at upang maging maginhawa ang daloy ng mga gawain tungo sa ikatatagumpay ng mithiin ng pananaliksik.

Bunga ng mga ginawang balidasyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap ang mabubuong kultural na pagsasalin ng mga piling kuwentong-bayan. Mula rito, planong ibahagi ng mananaliksik ang nabuong pag-aaral at imumungkahi sa mga kapwa guro sa Filipino bilang kagamitan sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan at gabay sa pagtuturo ng mga kultural na elemento sa bawat pangkat etniko. Bilang patunay na ito ay natanggap at nabasa, pinalagda ang mga guro sa profayl ng respondente. Inaasahang ang mabubuong mga teksto ay magamit sa pagpapayaman ng kamalayan sa iba't ibang kultura mula sa pagbubukas ng bagong mundo mula sa pagsasalin.

KABANATA 3

RESULTA AT PAGTALAKAY NG DATOS

Sa bahaging ito makikita ang paghahanay at pagbibigay-kahulugan sa resulta ng mga nakalap na datos mula sa ginamit na metodo at pamamaraan. Makikita rin dito ang mga suliraning kinaharap ng tagapagsalin at pamaraan na kanyang ginawa upang masolusyunan ang mga suliraning ito.

3.1 Pagsasalin ng sampung (10) piling kuwentong-bayan mula sa

“Treasury of Stories”

Nagsalin ang mananaliksik ng sampung (10) kuwentong-bayan mula sa “*Treasury of Stories*”. Ang mga napiling akdang isinalin ng mananaliksik ay mula sa koleksyon ng tatlumpu’t-tatlong (33) akdang nagpasalin-saling dila sa mahabang panahon mula sa Asya hanggang sa buong rehiyon ng Pilipinas. Umaasa ang may-akda na sa pagsulat ng mga kuwentong panrehiyonal na ito ay mabuhay ang nasyonalismo sa bagong henerasyon, mabatid at matuklasan ang ganda, lalim at alindog ng iba’t ibang katutubong kuwento gayundin ay mamulat ang mambabasa sa pagiging malikhain at pagiging malawak ng imahinasyon ng ating mga ninuno.

Sa di katagalang panahon, sa mga probinsya, sa mga lungsod, sa mga bayan, nayon at kabundukan, may mga taong sabik na makinig at pumulot ng aral mula sa mga kuwentong-bayan. Sa pamamagitan ng paglilimbag at

pagpapalaganap ng mga kuwento, naisasalin sa mga susunod na henerasyon ang kaugalian ng mga ninuno sa mga mambabasa o bagong henerasyon.

Mula sa aklat ni Arsenio (1995), dalawang pamantayan ang binigyang-pansin sa pagpili ng mga kuwento: Ang isa ay tradisyunalidad ng pyesa (*traditionality*) at ang isa naman ang pagkawalang-maliw (*memorableness*). Nasusukat ang pagiging tradisyunal ng pyesa batay sa haba ng panahon at lawak ng kapuluan o arkipelago na naipasa sa pamamagitan ng pagsasalinsaling dila ng kuwento. Samantala ang kawalang-maliw ng kuwento ay hindi madaling sukatin sapagkat naglalaman ito ng suhektibong elemento ng pamimili.

May ilan na magsasabing hindi madaling kalimutan o may kawalang-maliw ang isang kuwento kung mayroon muling nais mapakinggan ang kuwento. Ngunit ang totoo, ang tanggap sa isa ay hindi maaaring sabihing tanggap sa lahat. Samantala, ilan sa mga kadahilanan at pamantayan ng mga mananaliksik sa pagpili ng isasaling katawagan ay ang sumusunod: (1) sa interes ng magsasalin, tagasuri at mag-aaral, (2) hindi palasak ang akdang pampanitikang isasalin, at (3) tumatalakay at naglalaman ng kultura at paniniwalang Pilipino.

Sa pasalitang literatura, ang mga kuwentong pumasa sa tradisyunalidad ng pyesa ay maliwanag na naipasa rin ang kawalang-maliw nito. Kaya naman, ang pagiging walang-maliw ng kuwento ay maiuugnay sa pagkamababasa nito. Ang magandang literatura ay nahihikayat ang mambabasa na paulit-ulit itong basahin at nakalilibang na ibahagi sa ibang tagapakinig. Ang sumusunod na

kalipunan ng kuwentong isinalin ng mananaliksik ay hango sa orihinal na pagsasalaysay ng mga ninuno, walang masyadong porma at direkta kaya may ilang mga pagbabagong ginawa sa akda. Sa kabila nito, sinikap ng awtor na panatilihin ang mahahalagang elementong pagkultural na matatagpuan sa kuwento at upang ipagbigay-alam sa mga mambabasa ang pagiging imahinatibo ng mga ninuno.

Ang mga piling kuwentong-bayan mula sa *“Treasury of Stories”* ay ang sumusunod:

Orihinal	Salin
1. Bata Mama and Bata Bahi (Bukidnon)	1. Bata Mama at Bata Bahi (Bukidnon)
2. The Sweet and Sour Sisters (Manuvu)	2. Ang Mabait at ang Mainggiting Magkapatid (Manuvu)
3. The Dangerous Swing (Ifugao)	3. Ang Mapanganib na Duyan (Ifugao)
4. Walu and His Wife’s Earplug (Manuvu)	4. Si Walu at ang Hikaw ng kanyang Asawa (Manuvu)
5. The Adventures of the Monkey and the Tortoise (All over the Philippines)	5. Ang pakikipagsapalaran ng Unggoy at ang Pagong (Sa Buong Pilipinas)
6. Why Mosquitoes Hum In your Ear? (Bisaya)	6. Bakit bumubulong ang mga lamok sa iyong tainga? (Bisaya)
7. The Rice Boat (Isneg)	7. Ang Bangkang Kanin (Isneg)

8. Who Can Drink More Water? (Ilokano)	8. Sino'ng Mas Malakas Uminom ng Tubig? (Ilokano)
9. Big Belly and the Bully of the Forest (Manuvu)	9. Ang Bundat at ang Siga ng Kagubatan (Manuvu)
10. Kimod and the Swan Maiden (Mansaka)	10. Si Kimod at ang Dalagang Nag- aanyong Sisne (Mansaka)

3.2 PAGLALAHAD NG MGA KULTURAL NA ELEMENTO NA MATATAGPUAN SA AKDANG ISINALIN

Sa bahaging ito, ilalahad ang mga kultural na elemento na natagpuan sa sampung (10) piling akdang pampanitikan na isinalin mula sa iba't ibang pangkat etniko. Sa pag-aanalisa ng mga nilalaman ng akda, hinati ito sa dalawang uri: Materyal at Di-materyal na Kultura. Ilan sa mga elemento kultural ay ang sumusunod:

MATERYAL NA KULTURA

- Pagkain
- Kasuotan
- Heograpiya at Kalikasan
- Paniniwala

DI-MATERYAL NA KULTURA

- Kilos, Gawi at Ekspresyon
- Kaugalian
- Kostumbre at Tradisyon

Sa pagpapalawig ng kaligirang pang-kultural ng bawat pangkat etniko. Hinati rin ang mga paglalahad ng impormasyon batay sa tatlong (3) pinakamalalaking pulo ng Pilipinas kung saan nakaanib ang mga bawat pangkat

etniko. Ito ay ang *Luzon* (Ilokano, Ifugao at Isneg), *Visayas* (Bisaya) at *Mindanao* (Mansaka, Bukidnon, Manuvu). Ang pagbibigay ng profayl o kaligirang pangkasaysayan ng tatlong malalaking pulo ng bansa ang naging gabay ng mananaliksik upang maipakita ang kultural na elemento ng teksto at maiangkop ang salin.

Ang mga impormasyon ukol sa tatlong pulo ang ilan lamang sa pinagbatayan ng mananaliksik upang mahango ang mga kultural na elemento na matatagpuan sa mga isinaling akda. Sa pag-aanalisa ng mga teksto lumabas ang sumusunod na impormasyon at bahagi ukol sa Materyal at Di-materyal na elemento na nakapaloob sa kuwento.

Ang kabuoang sukat ng Luzon ay 76,969,315.9 km² ang ika-17 pinakamalaking pulo sa buong daigdig. Matatagpuan sa Luzon ang punong lungsod ng Pilipinas, ang Maynila, at ang pinakamataong lungsod sa Pilipinas, ang Lungsod ng Quezon. Mabundok ang pulo na kung saan matatagpuan ng Bundok Pulag, ang ikatlong pinakamataas na bundok sa bansa, at ang mga Bulkang Pinatubo, Bulkang Mayon, Bulkang Taal, ay ilan sa mga tanyag na mga bulkan sa Luzon. Matatagpuan sa kanluran ng Luzon ang Dagat Kanlurang Pilipinas, sa silangan ang Dagat Pilipinas, at sa hilaga ang Kipot ng Luzon.

Halos parihaba ang sukat ng pulo ng Luzon at may mahabang tangway sa timog silangan na tinatawag na Tangway ng Bikol. Ang hilagang bahagi ng pulo ay kinapalolooban ng malalaking bulubundukin, ang Cordillera Central.

Sa silangan ng Cordillera Central ay ang malaking Lambak ng Cagayan, na nagsisilbing tagasalo, ng Ilog Cagayan, ang pinakamahabang ilog sa Pilipinas. Sa silangan ng lambay ay matatagpuan ang bulubundukin ng Sierra Madre, ang pinakamahabang bulubundukin sa bansa. Sa timog silangan ng pook ng Maynila matatagpuan ang pinakamalaking lawa sa bansa, at ang pinakamalaking lawa sa loob ng kalupaan sa Timog Silangang Asya, ang Lawa ng Bay.

Ang *Visayas* naman ay nahahati sa 3 rehiyon na lalo pang nahahati sa 17 mga probinsiya. tinagurian ring Gitnang Pilipinas, ay isa sa tatlong pangunahing pangkat ng mga pulo sa Pilipinas. Binubuo ito ng mga kapuluan, pangunahin ang mga pulong pumapalibot sa Dagat Kabisayaan, bagaman itinuturing na ang Kabisayaan ang pinakadulong hilagang bahagi ng Dagat Sulu.

Ang mga pangunahing wikang sinasalita sa Kabisayaan ay ang wikang Hiligaynon o Ilonggo sa halos kabuoan ng Kanlurang Kabisayaan, wikang Cebuano sa Gitnang Kabisayaan, at Waray sa Silangang Kabisayaan. Ang iba pang mga wikang sinasalita ay ang wikang Aklanon, wikang Kinaray-a, at wikang Capiznon. Ang wikang Filipino, ang pambansang wika na ibinatay sa Wikang Tagalog, ay nauunawaan subalit bihirang gamitin sa pangkaraniwang pakikipagtalastasan. Ang wikang Ingles, isa sa mga opisyal na wika ng bansa ay malawakang ginagamit at itinuturing na pangalawang wika sa mga pook urban

sa Kabisayaan. Madalas din itong gamitin sa mga paaralan, mga pampublikong palatandaan at kalakalan.

Hanggang sa ngayon, nananatiling mahiwaga ang kasaysayan ng Kabisayaan bago dumating ang mga Kastila. Maraming mga alamat at mga kuwento tungkol sa kasaysayan ng Kabisayaan subalit maraming hindi sang-ayon kung may katotohanan ang mga ito. Ang mga sinaunang mga tao sa rehiyon ng Kabisayaan ay mga Austronesyo at Negrito na dumayo sa kapuluan tinatayang 6,000 hanggang 30,000 taon ang nakalilipas. Ang mga unang nanirahan ay mga tribong animista. Noong ika-12 dantaon, ang mga mamamayan ng dating emperyo ng *Srivijaya*, *Majapahit* at *Brunei*, na pinamunuan ni Datu Puti at ang kanyang mga katribo, ay naglakbay at nanirahan sa pulo ng Panay at sa mga pulong nakapalibot dito. Noong ika-14 na dantaon, ang mga mangangalakal na Arabe at ang kanilang mga tagasunod ay nangahas na dinayo ang mga karagatan sa Timog-Silangang Asya, at hinikayat ang mga tribong pangkat sa Islam.

May mga alamat na nakapaloob sa librong Maragtas, tungkol sa sampung hepe (datu) na tumakas mula sa paniniin ni Datu Makatunaw ng *Borneo* papunta sa isla ng Panay. Ang mga datu at ang kanyang mga tagasunod ay pinaniniwalaang mga ninuno ng mga Bisaya. Ang pagdating nila ay pinagdiriwang sa pista ng Ati-atihan sa Kalibo, Aklan. Bagama't ito ay isang

alamat, base pa rin ito sa mga totoong pangyayari na nilikom sa isang aklat ni Pedro Alcantara Montecarlo noong 1907.

Ang *Mindanao* naman ang bukod tanging pook heograpikal sa Pilipinas na may malaking bilang ng mga Muslim. Ang pinaka-Timog na bahagi ng Mindanao, partikular ang lalawigan ng Maguindanao Lanao del Sur, Sulu, at Tawi-tawi (na bahagi ng Nagsasariling Rehiyon ng Bangsamoro sa Muslim na Mindanao (BARMM), ang tahanan ng nakararaming Pilipinong Muslim.

Isinunod ang pangalan ng Mindanao sa mga Maguindanaon na bumubuo sa pinakamalaking Kasultanan ayon sa kasaysayan, at makikita sa mga mapa na ginawa noong ika-17 at ika-18 dantaon na nagmumungkahi na ang pangalan ay ginamit upang tukuyin ang pulo ng mga makapangyarihang katutubo ng panahong iyon.

Unang lumaganap ang Islam sa rehiyon noong ika-13 dantaon sa pamamagitan ng mga mangangalakal na Arabe mula sa kasalukuyang Malaysia at Indonesia. Bago pa man maganap ito, ang mga katutubo ay pangunahing mga animista na naninirahan sa mga maliliit na pamayanan. Karamihan sa mga taal na populasyon ng mga Tausug, Maranao at Maguindanaon ay agad na lumipat sa pananampalatayang Islam maliban sa mga mailap na Subanon, Talaandig, Higaonon at ilang maliliit na mga tribo na tumangging makipag-ugnayan sa mga Arabeng misyonero ng Islam.

Makikita sa ibaba ang paglalahad ng mga bahagi ng akdang isinalin na kakikitaan ng mga kultural na elemento. Inilahad ng mananaliksik ang mga impormasyon batay sa anyo ng kultura: (A) Materyal na Kultura at (B) Di-materyal na Kultura. Sinikap rin ng mananaliksik na maipaliwanag ang mga bahagi ng kuwento na may kaugnayan sa kultura ng bawat pangkat etniko.

3.3.1 TEKSTO 1: BATA MAMA AT BATA BAHİ (BUKIDNON)

A. MATERİYAL NA ELEMENTO

A.1. Pagkain

1. *Binalot ng nanay ang **pagkain sa dahon ng saging**, piniga ang suso at pinuno ng gatas ang bote, **ibinaon ang manok at ang bote ng gatas sa abo kasama ang maliit na kutsilyo***

Isa sa mga paraan ng mga taga-Bukidnon ang preserbasyon ng pagkain sa pamamagitan ng pagbabalot sa dahon ng saging, paglalagay sa bote at pagbaon sa abo o pagsasabit ng pagkain sa **abuhan (lutuan)** upang hindi kaagad masira at hindi malapitan ng mga insekto.

2: *“Mayroon na tayong **malaking baboy** ngayon, paano natin ito hihiwain at lulutuin?”*

Karaniwang ikinabubuhay ay ang pagtatanim o pagsasaka, pangingisda at pangangaso o paghuli sa baboy-ramo upang makakain ng karne.

B. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

B.1. MGA KATAWAGANG BUKIDNON

- **Bata Mama** - batang lalaki
- **Bata Bahi** - batang babae
- **Apu** - lolo o ginoo
- **Datu** - pinuno ng tribo

Ang pagbibigay ng pangalan ng mga bata ay naaayon sa natural na penomena o mahalagang pangyayari sa lipunan na kasabay ng kapanganakan ng sanggol (halimbawa: lindol, bagyo o pagdating ng isang bisita), kakaibang katangian o pisikal na anyo, sinusunod sa pangalan ng kilalang tao o taong malapit sa kamag-anak. Wala silang apelyido kaya idinudugtong na lamang ang pangalan ng ama kung kinakailangan. Para sa kanila, magkatimbang lamang ang katawagang ama at tiyuhin, ina at tiyahin, kapatid at pinsan. Ngunit ang magkapatid o magpinsan na magkapareho ng kasarian ay tinatawag na **suwod** samantalang ang magkapatid o magpinsan na magkaiba ng kasarian ay tinatawag na **tabbay**.

Sa pagkakataong ito, nakita ng mananaliksik ang isang elemento na maaaring isama sa di-materyal na elemento at ito ay ang **katutubong katawagan** ng isang pangkat etniko.

2. Nang mamatay ang kanilang mabuting ama, ang unang datu, pinakasalan ng kanilang ina ang kanyang bayaw, ang ikalawang datu.

Ayon sa tradisyon o kostumbre ng mga taga-Bukidnon, kapag namatay ang datu na asawa ay kailangang palitan ito ng kaparehong kasarian na pinsan bilang pagpapanatili ng ugnayan sa pagitan ng nabuong orihinal na unyon. Ang ilang kalalakihan na may kakayahan pang magdagdag ng asawa ay isinasakatuparan ang gawaing ito upang ipakita ang kanilang kakayahang pansekswal o pagpapatibay ng kanilang pagkalalaki, mapalakas ang impluwensiyang pulitikal, o kaya naman upang mabigyan ang kanyang asawa (na dapat napahintulutan muna ng asawa) ng tulong sa kanyang mga trabaho. Maaaring magbigay ng pormal na reklamo sa datu ang parehong panig tulad ng pagtataksil, pang-iinsulto, pananakit, kawalang-suporta sakaling mapagdesisyunan nilang maghiwalay.

3. Hindi ito napansin ng datu sapagkat **ang mga asawang babae ay naglalakad sa likuran ng asawang lalaki.**

Ang lipunan ng taga-Bukidnon ay dominado ng lalaki. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay itinalaga ng magkakaibang mga tungkuling panlipunan. Karaniwang sa tahanan lamang ang mga kababaihan at isinasagawa ang pagtuturo sa mga anak na babae ng gawaing bahay at iba pang agrikultural na gawain. Samantalang ang anak na lalaki naman ang tumutulong sa kanilang ama sa pagtatanim sa bukid. Sa panahong nagbinata o nagdalaga na ang mga anak ay maaari na itong ipakasal.

Kapag naghahanda para sa kasal, ang mga kababaihan ay limitado

ang karapatan sa pagpili ng mapapangasawa sa hinaharap. Habang ang mga babae ay maaaring magpahayag ng pagtutol sa panimulang mungkahi ng pag-aasawa, gampanin pa rin ng lalaki o ng mga magulang ang mag-desisyon kung sino ang dapat na mapangasawa ng babae.

4. 'Don Juan' at 'Donya Maria'

Ang paggamit ng salitang Espanyol bilang pagbibigay-pugay o pagpapakita ng paggalang sa nakatataas ng tungkulin ay pagpapakita na nakuha ito sa Kristiyanong dayuhan.

5. Tinanggap ni Donya Maria ang ina sa pamamagitan ng isang elegante at tuyong balabal . Binigyan ni Donya Maria ng mainit na maiinom ang datu, lumuhod ito at humingi ng tawad. Pagkatapos sama-sama silang nabuhay nang masaya.

Ipinapakita kung gaano katimbang sa mga Pilipino ang 'pagpapatawad' simula pa sa mga kuwentong pambata at kuwento ng kabayanihan. Ang kuwentong Bata Mama at Bata Bahi, na nagpapakita na sa kabila ng pag-aabandona ng kanilang amain ay nagawa pa nila itong tanggapin at patawarin na walang iniisip na paghihiganti. Ibang-iba sa kanluraning kultura na ang mga masasama o kalaban sa kuwento ay sinusunog o itinatali at ipinapakaladkad sa kabayo hanggang mamatay. Noong unang panahon, ang mga bayani ay naghirap at pinasakitan sa mga kamay ng mga kaaway. Sa huli, sila'y muling binuhay (masama man o mabuti) at masayang nabuhay nang sama-sama dahilan kung bakit likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagpatawad.

B.2. KILOS, GAWI AT EKSPRESYON

1. *“Sa ayaw o sa gusto mo”, wika ng datu. “Iwan natin sila o mas nanaisin mong patayin ko sila?”*

Pagpapakita na anumang utos o kagustuhan ng datu ay siyang masusunod. Bukod dito, ipinapaliwanag ng pahayag ang hindi pagtanggap ng amain sa kanyang panguman upang naisin itong iwanan at pabayaan kahit bata pa ang mga ito.

2. *Habang naglalakad sila ay palihim na kinalag ng nanay ang bungkos ng ‘abaka’ at inilaglag ang mga ito sa kanilang dinaraan.*

Sapagkat walang anumang paraan noong unang panahon upang mabatid ang kinaroonan ng isang tao, isa sa mga gawi o gawain ay ang pag-iiwan ng palatandaan sa pamamagitan ng mga dahon o ugat o panali bilang pahiwatig na iyon ang direksyon na kanilang dinaanan.

3. *‘Apu, gising!’*

Ang ‘apu’ o lolo o ginoo ay ginagamit na pantawag sa nakatatanda ng mga taga-Bukidnon bilang tanda ng paggalang.

B.3. PANINIWALA

1. *“Isang araw, darating ang inyong mga magulang. Makikilala ninyo sila sa pamamagitan ng malakas na ulan.” Nang malapit na sa bahay ang datu at ang asawa nito bumuhos ang malakas na ulan. Napakatindi ng ulan na lumikha ng malaking hukay sa lupa.*

Sa ekspresyon o sinabi sa kuwento, ipinapakita na ang mga taga-Bukidnon ay naniniwala na kasabay ng malakas na buhos ng ulan ay

ang malakas na buhos ng biyaya. Naniniwala ang mga taga-Bukidnon sa kanilang pinakapipitagang si Pohohana, isang manghuhula na nagsasagawa ng ritwal upang umulan at may kakayahang gumawa ng milagro.

2. Nang hindi nila maubos ang pagkain, *ibinaon nilang muli ito sa abo.*

Ugali ng mga taga-Bukidnon na ibaon sa abuhan o isabit ang ulam upang hindi masira agad ang natirang pagkain, kailangan itong ibaon muli sa may abo o **abuhan** (lutuan) upang mapanatili ang init nito at hindi pasukin ng anumang insekto.

3. Sa kalaliman ng gabi natakot si Bata Bahi at nagsimulang umiyak, “Bata Mama, darating ang *mangkukulam* at kakainin tayo.”

Bahagi ng sinaunang kuwento ng mga taga-Bukidnon ang pagkukuwento ng kababalaghan sa mga kabataan at paggamit ng mga kakaibang nilalang upang takutin at pasunurin ang mga kabataan sa nais ng magulang. Batay sa kuwento, ang mga batang hindi sumusunod sa magulang ay kukunin ng mangkukulam sa gabi.

4. Pumili siya ng pinakamalaki at pinakahinog na bunga at *ibinaon doon ang kutsilyo.* (Pumasok ang mga bata sa napakagandang bahay ng *alimasag*. “Hindi kayo magugutom dito” sabi ng *alimasag*, sapagkat marami akong pagkain, ligtas kayo sa higante rito!)

Ang kutsilyo na nakatarak sa prutas at pagtatanim ng kamay ng alimango sa lupa ay pagpapakita ng Pilipinong bersyon ng ‘Cinderella’

kung saan sa pamamagitan ng paggawa ng isang di-kapani-paniwalang gawi ay nagkakaroon ng katuparan ang mga kahilingan.

5. *Malaking alimasag*, “*Subalit bago ako yumao, iiwan ko sa inyo ang aking mga sipit. Ibaon ninyo ito saan mang lugar na nanaisin ninyong manirahan at tutubo ang isang puno. Ibibigay ng puno sa inyo ang anumang bagay na nanaisin ninyo.*”

Ang malaking alimasag, hindi diwata ngunit karaniwang ginagamit sa sinaunang kuwento upang magbigay ng kahilingan ng mga tauhan sa kuwentong Pilipino.

3.3.2 TEKSTO 2: ANG MABAIT AT MAINGGITING MAGKAPATID

(MANUVU)

A. MATERİYAL NA ELEMENTO

A.1 PAGKAIN

1. “*Turuan mo ako kung paano manghuli ng isda.*”

Karaniwang ikinabubuhay ay ang pagtatanim o pagsasaka, pangngisda at pangangaso o paghuli sa baboy-ramo upang makakain ng karne.

B. DI-MATERİYAL NA ELEMENTO

B.1 KILOS, GAWI AT EKSPRESYON

1. *Sa tabing-ilog* upang kunin ang *nilabhan niyang kulambo* at ilatag ito upang matuyo.

Nakatira ang halos 30,000 na Manuvu sa malawak na rehiyon sa pagitan ng ilog ng Pulangi at Davao sa gitnang Mindanao. Sapagkat naliligiran ng ilog, dito nila isinasagawa ang paglalaba, paliligo at paghuhugas ng mga kagamitan sa bahay.

2 *“Matapos kong **ibigay sa iyo ang lahat ng aking laman naghanged ka pa nang higit**, sobra na iyon, talagang sobra na! Iyon na ang katapusan ng habag ko sa iyo, Meraat Bawa, nang naisin mo ang aking kamatayan.”*

Ang bahaging ito ng kuwento ay hindi maihihiwalay sa kuwento ng ‘Merchant of Venice’ -- a pound of flesh without any drop of blood, kung saan ninais ni Meraat Bawa na kuhanin pa ang puso ng usa matapos nitong ibigay ang kanyang laman. Patunay lamang na ang pangkat etniko at ilan sa mga banyagang akda ay may pagkakapareho ng konsepto o paniniwala tulad ng kailangang pagbayaran o may kapalit ang kasamaan o kabutihang ginagawa sa kapwa (law of nature). Isa ito sa mga kontribusyon ng Bukidnon sa kuwentong-bayan at ipinapakita ang impluwensiyang Malay sa kuwento.

B.2 KAUGALIAN

1: *“Gusto mo bang sumama sa akin upang **paliguan ang buhok mo sa batis?**”*

Tulad ng nakagawiang paglalaba sa ilog, isa pa sa mga kaugalian ng mga taga-Bukidnon ay ang maligo nang sabay sa mga batis o ilog.

B.3 KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. ***Inihele ni Mepiya Bawa** ang anak ng buwaya sa telang hamaka nito at umawit.*

Kilala ang Manuvu sa pagkahilig sa musika kaya naman sa panahon na wala pang makabagong kagamitan sa pagpapatugtog ng awitin, *paghehele* o pag-awit sa pagpapatulog ng sanggol ang kanilang ginagawa. Isa sa mga tradisyon ng mga Manuvu o ang kultural na pamana nila ay ang pagsasayaw at pag-awit ng epiko ng **Tuwaang** lalo na sa mga kasiyahan. Isinasagawa rin nila ang pagpapatugtog ng *gong* o batingaw katulad ng ilang mamamayan ng Mindanao at Sulu. Ilan sa mga tradisyunal nilang instrumento ay ang: **dwagay** (mala-byulin na instrumento), **togo** (gitarang gawa sa kawayan) at **kubing** (alpa).

3.3.3 TEKSTO 3: ANG MAPANGANIB NA DUYAN (IFUGAO)

A. MATERYAL NA ELEMENTO

A.1 KASUOTAN

1. *Tinanggal ni Bugar ang kanyang **pahiyas na kuwintas at mga pulseras**.*

Kilala ang mga Ifugao sa pagsuot ng mga pahiyas at palamuti na gawa ng kalalakihan dahil kilala ang mga ito sa kahusayan sa paglililok at pagpapanday samantalang ang kababaihan nama'y kilala sa paghahabi ng tela at paggawa ng basket. Ang mga palamuti sa katawan

ng mga Ifugao ang nagpapakita ng kanilang katayuan sa lipunan. Kadalasang ginagamit sa pananamit ng mga Ifugao ang kulay na pula, dilaw, berde at itim.

B. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

B.1. KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. *Papunta sa kamalig si Bugan upang kumuha ng **bungkos ng palay.***

Sang-ayon sa epiko ng Ifugao, ang Hudhud, ang bawat bahagi ng akda ay inaawit upang maibsan ang hrap ng pag-aani. Isang babaeng soloista at iba pang mga mang-aani ang umaawit ng koro. Ang mga bayani ng mahabang tula ay mga kadangyan (mayayaman, mataas na kalagayan ng mga tao), tulad ni Bugan, isang babaeng kadangyan na kasintapang ng kanyang kapatid na si Dinulawan sa pakikidigma at naghahanap ng isang lalaking mapapangasawa na karapat-dapat at makakatalo sa tabak ng kanyang kapatid. Si Daulayan, isang mahirap na tao, ay umaakma sa hinahanap ni Bugan ang hindi nagtagal naging kadangyan din.

May iba't ibang uri ng pagpapakilala ang tradisyon ng Ifugao sa katauhan ni Bugan. Bahagi ng seremonya ng kasal sa Ifugao ay ang mitolohiya ni Bali-tok at Bugan ng Kiangan, magkapatid na naging mag-asawa na nakaligtas sa malaking baha at naging mga ninuno ng Ifugao. Sa isang bersyon, ikinahihiya ni Bugan na nabuntis siya ng sarili niyang

kapatid kaya bumaba siya sa lagod o (downstreams) upang humingi ng ibang mapagkakaabalahan sa mga espiritu doon; ang mga espiritu gayunpaman, ay tinuruan siya kung paanong magsasakripisyo ng babae at lalaking baboy upang makontra ang sumpa ng pakikiapid sa kamag-anak. Samantala sa ibang bersyon naman, lubhang ikinabagabag ni Bugan ang hindi pagkakaroon ng anak kaya bumaba siya sa lagod upang hilingin ang kanyang kamatayan. Nakatagpo niya ang buwaya at pating na nabighani sa kanyang katapangan at kagandahan. Pinapunta siya ng pating kay Umbumabakal, na nakatira sa nakakatakot na bahay na nababalutan ng malalaking pako o (fern). Inialay ni Bugan ang kanyang sarili bilang pagkain ni Umbumabakal. Kinaawaan rin siya nito at dinala siya kay Ngilin at sa mga Diyos ng Hayop para sa Pertilidad; bumalik sila sa Kiangnan at doon itinuro nila sa pari ang seremonyang bubun kung saan hinahati ang iniaalay na karne sa dalawang espiritu na sina Ambahing (espiritung nagnanakaw ng semilya sa bahay-bata ng babae) at Komiwa (espiritung naghahalo sa semilya sa bahay-bata ng babae upang makabuo ng sanggol).

2. Inihagis siya (Magapid) ni Aliguyon sa lupa at *gumulong sa mga tinik hanggang ang kanyang katawan ay magdugo at magkasugat-sugat.*

Sang-ayon sa tradisyon ng mga Ifugao, sapagkat wala silang tumatayong pinuno na siyang mapaghihingan ng desisyon sa mga nangyayaring kaguluhan at nagbibigay ng solusyon sa mga karaingan ng

mamamayan, ang mga naging biktima o namatayang partido ay inilalagay sa sariling kamay ang batas o katarungan at karapatan nila ang humingi ng kabayaran. Halimbawa, ang isang grupo o kamag-anak ng namatayang partido ay maaaring maghiganti sa pamilya ng pumatay na partido sa pamamagitan ng pagpatay sa sinumang miyembro nito. Upang masaksihan ang mga transaksyon, lutasin ang mga pagtatalo, at parusahan ang mga krimen, ang Ifugao ay umaasa sa **monbaga** (go-between), mga indibidwal na may kaalaman sa talaangkanan at kaugalian na maaari pa ring tumawag sa isang malalaking kamag-anak upang ipatupad ang mga desisyon na ginagawa nila. Ang mga multa ay binubuo ng mga mahalagang bagay, tulad ng hayop (halimbawa ay kalabaw para sa sakripisyo sa libing ng biktima), kumot, kutsara, kutsilyo, at damit na nahahatiin sa pagitan ng namatayang partido, kanyang kamag-anak, at monbaga. Ang mga multa ay tinutuos ayon sa kalagayan ng mga partido pati na rin ang kalikasan ng krimen at intensyonalidad.

B.2 KILOS, GAWI AT EKSPRESYON

1. *Pinuno ni Bugan ang kanyang **pahiking** at sinarhan ang kamalig.*

Ang isa sa mga pinaglalagyan nila ng gulay, prutas at kagamitan ay ang *pahiking* o basket na gawa sa rattan sa magkabilang panig.

2: *Nangangatal na isinuot ni Magapid ang mga iyon (alahas) sa kanyang leeg at braso -- **naging kamukhang-kamukha niya si Bugan.***

Kapansin-pansin ang parehong ugali o itsura ng dalawang babae sa kuwento. Nagpapatunay ng kakaibang katangian ng mga Ifugao sa paggamit ng alahas bilang identidad ng tao.

B.3 KAUGALIAN

1. May ugali ang batang lalaki na *dala-dala ang plato, tumatakbo at naglalaro habang kumakain nang paunti-unti.*

Taliwas sa Kristiyanismong paniniwala ang gawaing ito ng bata sa kuwento na sa hapag-kainan lamang dapat kumain at hindi sinasabayan ng ibang gawain (tulad ng paglalaro) ang pagkain sapagkat ito'y sagrado. Nagpapakita ng pagtakwil o pagtanggì sa ibang impluwensiya lalo na sa mito at kuwentong-bayan.

Kabilang ang Ilongot ng hanay ng Caraballo at Sierra Madre, ang mga Igorot ay malayo sa pagiging magkatulad o magkauri. Ito ay nahahati sa walong etnolingguwistikng grupo at apat na malawak na uri ng kultura. Kasama sa timog na grupo ang Ibaloi at ang Kankanai, kung saan ang mga gintong minahan ay nakaakit sa mga Espanyol upang makipagkasundo sa kanilang maturuan ng mga gawain at kasuotan sa kapatagan. Ipinakilala nila ang mga pang-itaas na damit sapagkat ang mga tagabundok ay nakahubad sa panahong iyon. Ang hilagang pangkat naman ay binubuo ng pagsasaka na may pagkakaingin at halos magkakatulad na pamayanan ng Hilagang Kalinga, Isneg o Apayao, at Tinggian (na nangangahulugang tagabundok). Ang Ilongot o taong-gubat

ang bumubuo sa Timog-silangang pangkat at kilala sa pagiging konserbatibo at pagiging isolasyonismo (estado ng pamumuhay nang mag-isa) nito sa kapatagan.

2. “*Bakit ba nalinlang ako? Anong nangyari sa iyo at naging ibon ka?*”

Primitibong uri ng trayanggulang pag-ibig o ‘love triangle’. Ang naging susi sa pagiging kakaiba at tumatak na kuwento ay kung paano nalinlang ang lalaki na ibang babae ang kanyang asawa. Naging palaisipan sa mga manunulat at historyador ang kakaibang paraan ng pag-iisip ng mga ninuno na maaaring nakapulot ng konsepto sa mga kuwentong dayuhan o kalakalan.

3.3.4. TEKSTO 4: SI WALU AT ANG HIKAW NG KANYANG ASAWA (MANUVU)

A. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

A.1. KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. *Ikinabahala ni **Walu**, isang hangal ang pagkakaroon ng iisang hikaw ng kanyang asawa na si Binsay.*

Sa Mindanao, isang karakter ang kilala sa pagiging hangal, walang-alam o mahina ang ulo. Siya si Walu na kabaliktaran ni Tilanduk at tanyag sa kanyang ugali ng kakulangan ng paggamit ng sentido kumon (common sense) kaya naman tampulan siya ng katatawanan. Kakaiba

ang pagtingin, pagdinig at pag-unawa niya sa mga bagay-bagay kaya naman kung ano ang kabaliktaran nito ay siya niyang gagawin.

2: *Nagwika si Batooy, “Isa ka talagang hangal para sa pagpuntirya na patayin ang mga Maranaw sa pamamagitan ng paghihintay sa sarili mong balon. **Walang sumasalakay ng kaaway sa sarili niyang balon.**”*

Si Batooy, normal na kapatid ni Walu, ang nagpapaunawa kay Walu sa mga kamalian o kapalpakang ginawa nito. Mahalaga ang ginampanang karakter ni Batooy sa pagpapatibay kung gaano na katagal ang kuwento ni Walu sa panitikang Filipino sapagkat mababasa ang karakter nito sa epikong Tuwaang ng mga Manuvu. Nagpapatunay na ito ay halos kasintanda ng epiko ng Bukidnon na Ulahingan at pinaniniwalaang pre-Muslim (bago pa dumating ang Islam). Samakatuwid, ang kuwento ni Walu ay maihahanay sa ‘protohistoric period’ o ang panahon kung saan ang kultura at sibilisasyon ay hindi pa nalilintang ang pagsulat.

3. Karamihan sa kanilang *kababaihan ay may suot na dalawang hikaw.*

Ipinapahiwatig ng palamuti o ornamento ng mga Manuvu ang katayuan nila sa lipunan. Kabilang rito ay ang tanso o pilak, mga pulseras, mga anklet, at mga hikaw. Bilang karagdagan, kasama rin ang mga kuwintas, perlas (mother of pearl), ngipin ng musang at mga buto ng puno ng saguya.

4. Kasama ang kanyang anak na si Pagigit, umalis si Walu upang ipaghiganti ang pagkamatay ni Binsay.

Ang mga kaso o alitan sa pagitan ng mga naninirahan sa parehong tribo o lokal ay kadalasang naisasaayos sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga multa. Ngunit ang mga krimen na ginawa ng isang tribu mula sa partido ng kalaban ay karaniwang humahantong sa paghihiganti. Ang kabayaran ay sa pamamagitan ng pagtambang ng isang miyembro mula sa grupo ng kaaway sa sarili nitong teritoryo. Karaniwan ang pagsalakay sa mga kababaihan upang pugutan ng ulo at ang mga anak ay dinudukot upang gawing alipin.

A.2. PANINIWALA

1. Pinagpira-piraso ang katawan niya ng mag-ama (slashed her to pieces).

Pinaniniwalaang may matinding alitan o hindi pagkakaunawaan ang mga ninuno sa pagitan ng Maranaw at mga Manuvu na hindi Muslim.

2. “Umiiyak ako dahil lahat ng aking mga anak ay *pinatay* ng Maranaw na gusto akong paghigantihan.”

Dahil kilala si Walu sa pagiging hangal at paggawa ng mga bagay na kabaliktaran sa paniniwala ng nakararami, sa halip na ang pagtambang niya ng kaaway ay sa balon nito, ang ginawa niya ay sa sarili niyang balon nag-abang ng kaaway na nagresulta sa pagpatay niya sa sarili niyang pamilya.

3. *Sinipa lamang nito (Batooy) at muling namumbalik ang kanilang buhay.*

Tulad ng pagtulong ni Batooy sa epiko ng Tuwaang kung saan pinaniniwalaang nakagagawa ng mga solusyon sa problema at milagro si Batooy, nagawa muli nitong magising o mabuhay ang pamilya ni Walu sa pamamagitan lamang ng pagsipa rito. Sa paniniwala ng Manuvu, maaaring sumamba o manalangin sa anitong si ***Tumanuon***, na nagtataglay ng kapangyarihang manggamot at kay ***Pohohana***, na may kakayahang gumawa ng milagro.

Sa paglilibing, naniniwala ang Manuvu na ang labi ng yumaong kamag-anak ay iniwan sa kanilang tahanan at pagkatapos ay lilisanin nila ang bahay. Sa mga lugar na puno ng '*abaka*' at puno ng *kape*, ang paglilibing ay sa may bakuran na lamang saka inaatipan ng pawid o kugon at dito hinahayaang mabulok ang bangkay.

3.3.5. TEKSTO 5: ANG PAKIKIPAGSAPALARAN NG UNGGOY AT PAGONG (SA BUONG PILIPINAS)

A. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

A.1. PANINIWALA

1. *Matalik na magkaibigan sina Unggoy at Pagong.*

Ang kuwentong ito ay isang pabulang Pilipino tungkol sa pagong na nagawang lokohin o isahan ng unggoy. Pinaniniwalaang pinauso ni Jose

Rizal ang kuwento sa pamamagitan ng paglathala ng kuwento sa wikang Ingles sa edisyong Hulyo 1989 ng Trubner's Oriental Record sa Inglatera. Ang pangyayaring ito ay tinuturing na nagmarka sa pormal na pagsisimula ng pambatang literaturang Filipino. Ayon kay Rizal, maaaring nagsimula sa mga Ilokano ang kuwento. Sa bersyon ng mga Ilokano, ginamit ang alamat upang ipaliwanag ang dahilan kung bakit hindi kumakain ng karne ang mga unggoy. Ang mga bersyon ng kuwento ang may magkakatulad na tema na may nalalamangan ngunit may matalinong tauhan (ang pagong) na nadadaigan ang isang mas malakas na kalaban (ang unggoy).

Ayon kay Fansler, taong 1921 nang kolektahin ang iba't ibang bersyon ng kuwentong Ang Matsing at ang Pagong, ipinahayag niyang ito'y kuwentong Malayan. Matatagpuan ito sa magkabilang dulo ng arkipelago mula sa sinauna hanggang sa makabagong sibilisasyon ng mga tribo na may bersiyon nito. Ang paniniwalang ito ay pinabulaanan rin ni Fansler at itinama ang sariling pananaw nang ilathala niya ito sa Philippine Magazine (1937).

Ang pangyayaring halos lahat ng rehiyon ng Pilipinas ay may sariling bersyon ng kuwentong Ang Matsing at ang Pagong ay mahalagang konsiderasyon sa pagtukoy ng tagal o edad ng isang alamat at kung gaano kalawak ang heograpiyang distribusyon na narating ng kuwento.

2. “*Bilisan natin, nanaginip ako kagabi. Siguradong may nahuli ang ating bitag*”.

Tulad ng ilang pangkat etniko, naniniwala ng mga Ilokano sa pamahiin o pangitain sa kanilang panaginip. Kinikilala ng mga ito ang supernatural na nilalang tulad ng ***katawtaw-an*** (espritu ng sanggol na namatay na hindi nabibinyagan). Ang ***karkarma***, mga kaluluwa na umaalis sa katawan ng tao sa sandaling ito’y pumanaw na at nananatili sa kanyang tahanan hanggang matapos ang pag-aalay sa kanya. Ang mga kamag-anak na hindi nakapag-alay sa yumao ay pinaniniwalaang dadalawin sa panaginip ng ***al-alia***, espiritong nagpapanggap na tao at umuungol sa gabi, nagbabasag ng mga salamin, nagbabagsak ng pinto, tumatabi sa higaan o nagpapakita sa panaginip sa pamamagitan ng pagiging baboy, umaalulong na aso at tumitilaok na manok. Ang paniniwalang ito ang pinag-ugatan na anumang napanaginipan ng isang tao ay magkakaroon ng katuparan sa totoong buhay sapagkat naniniwala silang sa panaginip naipapahatid ng mga Diyos ang mensaheng nais iparating sa tao, mabuti man ito o masama.

A.2. KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. *Upang hindi mapahiya, tinanggal ng unggoy ang baboy-ramo sa bitag ng pagong at inilagay sa sarili niyang bitag samantalang ipinalit niya ang ibon sa bitag ng pagong.*

Sa pagbibigay-katauhan ng ugali ng matsing sa kuwento, ipinakita ang halos lahat ng kabaliktarang ugali ng mga Ilokano. Hindi

marunong mahiya ang unggoy, mapanlamang sa kapwa, mainggitin at walang pakialam sa sasabihin ng kapwa. Samantalang ang kaugaliang Pilipino na 'bain' na ang ibig sabihin ay hiya o amor propio ("face" or "sense of shame") ang binibigyan ng malaking pagpapahalaga ng mga Ilokano. Hangga't maaari ay iniwasan nila ang mapahiya, maging paksa ng hindi magagandang usapan at kainggitan ng mga tao.

Naniniwala ang mga Ilokano sa pagpapairal ng alumiim, pagsisigurong walang sasabihing masama ang tao o kaya naman hindi siya mapapahiya sa kanyang gagawin. Mahalagang ipakita ang panagdayaw, pagbibigay ng tamang respeto sa nararamdaman ng iba, at kinakailangang magsalita o makipag-usap ang isang tao sa paraang hindi ito kakikitaan ng pagiging mayabang o kahambugan.

Pinapahalagahan naman nila ang indibidwalismo (**agwayas**), kung saan hindi niya dapat ipaalam sa ibang tao ang kanyang nararamdaman o sariling intensyon at saloobin sapagkat hindi mabuting magtiwala sa ibang tao kaagad.

A.3. KILOS, GAWI AT EKSPRESYON AT KAGAMITAN O

SANDATA

1. Nagdesisyon silang paglabanan ito. Kinuha ng unggoy ang *pana* at *panghilis*.

Sapagkat nahaluan ng iba't ibang bersyon ang kuwentong Ang Matsing at ang Pagong at nagmula ito sa iba't ibang rehiyon sa buong Pilipinas, kasama sa naging gawi ng mga tauhan sa kuwento ang makipagdwelo o daanin sa isang labanan gamit ang mga sandata ang isang bagay na hindi napagkasunduan. Ilan sa mga sandatang ginamit nila sa pakikidigma ay ang sibat, pana, bolo at panghilis. Ang mga sandatang panggiyera ng mga taga- Kiangnan, Ifugao ay karaniwang binubuo ng bolo at sibat (spear). Ang mga talim ng mga sinaunang bolo at sibat ay maiigsi lamang dahil sa kakulangan ng bakal noong unang panahon.

BOLO

- (hanggap) ang pangkaraniwang tawag sa bolo ng mga Ifugao
- mahabang kutsilyo na may isang talim a ginagamit pandepensa sa sarili, ginagamit rin ito sa pagtotroso, pagtanggap ng damo, pagpatag ng kahoy, atbp.
- ang bolo ay may bakal at may uwway - hawakan na nababalutan ng rattan, samantalang ang iba naman ay may apat na bahagi: ang hanggap (talim), utong (blade shank), lu'up (shank collar), pa'aw (hawakan)

- may 'rolled' o lulon na hawakan upang maaari itong gawing sibat sa pamamagitan ng pagkabit nito sa isang poste ng nababanat na kahoy katulad ng puno ng abnot
- ang kaluban ng bolo ay ang hikot, ito'y karaniwang gawa sa matigas na kahoy katulad ng mahogany

URI NG BOLO

- kalahyaw - imported na bolo, mayroong 'horn' o sungay ng kalabaw para sa hawakan. Mula sa Kalansyaw (Calasiao) ng Pangasinan
- gambelan - napakalaking bolo na umaabot sa kalahating metro sa haba, may maluwag na blade o talim, ginagamit sa pagpatay ng kalabaw o pagputol ng malalaking puno
- hanggap - isang kutsilyong may isang mahabang talim na ginagamit sa pagdepensa ng sarili, ginagamit sa pagtotroso, pagtanggap ng damo, pagpatag ng kahoy atbp, laging dala ng isang lalaking Ifugao dahil ito ay ginagamit sa mga araw-araw na gawai
- hinalung - bolo na may dalawang talim na maraming uri ng haba, ginagamit sa pagdepensa ng sarili, ang malaking uri ay ginagamit sa pagtotroso. Ang double-bladed na bolo ay

isang bakal na gamit na may lulon na hawakan - ang halung na kadalasa'y natatakpan ng allubung o uwway (ang rattan na panakip), isang uri ay may lulon na hawakan kung saan maaaring magpasok ng kahoy upang gamitin sa gubat bilang sibat

- pihlit - malaking bolo na halos pareho sa gambelan ngunit mas maliit at ginagamit sa pagkatay ng kalabaw at pagputol ng mga puno

SIBAT

- isang bolo na nakakabit sa isang poste na nababanat na kahoy katulad ng puno ng abnot. Ito'y may mga iba pang gamit maliban sa giyera at mga ritwal
- maaari itong gamitin bilang baston ng mga matatanda o kaya pantanggal ng mga balakid

URI NG SIBAT

- baghe - manipis at karaniwang ginagamit sa mga seremonya at mga pormal na okasyon. Ito'y may lapad na hanggang tatlong pulgada sa base at patulis ito patungo sa dulo. May isang pares ng pabalantok na tinik sa mga gilid ng

base. Ginamit dito minsan bilang 'emergency weapon' na panggiyera, ngunit hindi angkop sa giyera dahil manipis ito.

- hinolgat - gamit sa pangangaso. Kapag walang ludit, ginagamit ang hinolgat na panggiyera, mayroong matibay na pabilog na tangkay na nakakabit sa malaking dulo ng tungkod na gawa sa kahoy, mayroong isa hanggang tatlong pares ng mga nakahilig na tinik sa mga magkabilang lateral
- ludit - tila isang maliit na hinalung, ginagamit sa giyera karaniwan sa mga 'close encounters' o malapitang labanan.

Hapiyo/ Hapiaw - natatanging kalasag na ginagamit sa mga laban ng Igorot. May 100-130 cm. ang haba, may mga usli sa magkabilang dulo at iginapos ng rattan. Ang hapiyo ng isang mandirigma ay kasinghaba ng distansya mula sa paa hanggang sa balikat ng mandirigma.

KAHALAGAHAN NG SANDATA:

- PAGESILANG - dadalo ang kamag-anak sa tahanan ng mag-asawa, mag-aalay ng sibat sa sanggol at pipiliin ng ama ng sanggol ang sibat na gagamitin sa kanyang paglaki.
- KASAL - pagkatapos ng **bubun**, ritwal ng matrimonya, dadalaw ang bagong kasal sa kanilang kamag-anak upang mangolekta ng mga regalo. Ang pangongolekta ay tinatawag

na mumbaw-i na ang ibig sabihin ay “makuha muli”. Isa ang bolo sa mga regalong inihahandog sa bagong kasal. Pagkatapos ay mamamalagi na ang bagong kasal sa kanilang tahanan.

- KAMATAYAN - isang ritwal kung saan nagkakaroon ng mahabang parada at paggawa ng tunog gamit ang bangibang (isang instrumentong pangmusika na gawa sa kahoy) para sa patay. Sinasamahan ng kalasag ang isang taong namatay na dadalhin niya sa kanyang libingan. Ang ritwal na ito ay hango sa paniniwalang mapoprotektahan nito ang kaluluwa ng namatay sa kanyang paglalakbay sa kabilang buhay.

3.3.6. TEKSTO 6: BAKIT BUMUBULONG ANG MGA LAMOK SA IYONG TAINGA? (BISAYA)

A. MATERYAL NA ELEMENTO

A.1 HEOGRAPIYA AT KALIKASAN

1. *Noong mga sinaunang panahon sa lalawigan ng Bohol.*

Ang Visayas o Kabisayaan ay tinagurian ding Gitnang Pilipinas, isa sa tatlong pangunahing pangkat ng mga pulo sa Pilipinas. Binubuo ito ng mga kapuluan, pangunahing pulong pumapalibot sa Dagat

Kabisayaan, bagaman itinuturing na ang Bisaya ang pinakadulong hilagang bahagi ng Dagat Sulu. Ilan sa mga pangunahing pulo ay ang Bohol, Cebu, Leyte, Masbate, Negros, Panay, Samar, Pulo ng Camotes at Pulo ng Mactan. Ilan sa mga pangkat etniko ay ang Aklanon, Boholano/Bol-anon, Caluganon, Capiznon, Cebuano, Eskaya, Karay-a, Hiligaynon, Masbateño, Porohanon, Romblomanon at Waray.

B. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

B.1. PANINIWALA

1. *Nakatira ang **hari** ng mga talangka na si Mangla at may **utusan** **matandang serip** na si Cagang.*

Nagsimula ang paniniwala nila sa hari at may mga utusan nang ika-12 dantaon, ang mga mamamayan ng dating emperyo ng Svivijaya, Majapahit at Brunei, na pinamumunuan ni Datu Puti at ang kanyang mga katribo ay naglakbay at nanirahan sa pulo ng Panay at sa mga pulong nakapalibot dito.

Noong ika-14 na dantaon, ang mga mangangalakal na Arabe at ang kanilang mga tagasunod ay nangahas na dinayo ang mga karagatan sa Timog-Silangang Asya at hinikayat ang mga tribong pangkat ng Islam. Simula noon, ang pagkakaroon ng hari at datu ang sinusunod na sistema sa pamamalakad ng lipunan o tribo.

2. Nagawa niyang (Cagang) patayin ang lamok saka kumaripas ng takbo pauwi ng kanyang tahanan.

Ipinapakilala ng pangyayaring ito sa kuwento ang isang alamat na nakapaloob sa librong Maragtas tungkol sa sampung hepe (datu) na tumakas mula sa paniniil ni Datu Makatunaw ng Borneo papunta sa isla ng Panay. Ang mga datu at ang kanyang mga tagasunod ay pinaniniwalaang mga ninuno ng mga Bisaya. Ang pagdating nila ay ipinagdiriwang sa pista ng Ati-atihan sa Kalibo, Aklan. Bagama't ito ay isang alamat, base pa rin ito sa mga totoong pangyayari. Ito ay nilikom sa isang aklat ni Pedro Alcantara Monteclaro noong 1907.

3. Sa kasalukuyan, inaakala ng mga lamok na bahay ni Cagang ang butas ng mga tainga, at ito ang dahilan kung bakit bumubulong ang mga lamok sa ating tainga.

Tulad ng nauna nang nabanggit, ang alamat ang nagpapaliwanag ng pinagmulan at pinanggalingan ng mga paniniwala at kaugalian tulad ng kung paano nakagawa ang mga Bisaya ng kuwento tungkol sa kung bakit bumubulong ang lamok sa ating tainga. Ito ay nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga ninuno at may malawak na kaalaman sa paghahabi ng istorya.

B.2. KILOS, GAWI AT EKSPRESYON

1. “Kamahalan, lagi kaming handang sumunod sa inyo.”

Kilala ang mga Bisaya sa pagiging mabait, masayahin at magalang sa kapwa. Mataas ang paniniwalang Kristiyanismo ng mga

Bisaya kaya naman naniniwala sila sa utos ng Diyos at kanilang pinuno o kamahalan na isa sa mga itinuturing nilang kasunod ng Diyos. Nahahati ang uri ng tao sa lipunan ng mga Bisaya batay sa yamang materyal:

- ✓ **Datu/ Kamahalan** - pinuno
- ✓ **Maharlika/ tumao** - di saklaw ng pagbabayad ng buwis; kailangang tumulong sa datu; pinagmulan ng bagani
- ✓ **Timawa** - 'malayang mamamayan'
- ✓ **Ayuey** - di nagpapakasal dahil sa mababang estado, maaaring lumaya kung nagpakasal sa mas mataas na uri at binayaran ang amo.

3.3.7. TEKSTO 7: ANG BANGKANG KANIN (ISNEG)

A. DI- MATERYAL NA ELEMENTO

A.1 KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. Nagkita ang Daga at ang ibong Susuwetan at nagsaing.

Ang mga agrikultural na produkto ang bumubuo sa walumpu't apat na bahagdan (84%) na pagkain ng Ifugao. Ang bigas at kamote ang pinakamahalagang pagkain kasama ang mais. Kumakain din ng iba't ibang gulay at prutas ang Ifugao tulad ng sitaw, labanos, repolyo, litsugas, gabi, munggo, okra, sigarilyas, mani, langka, ubas, niyog, dalandan at saging. Ang sampung bahagdan (10%) ng pagkain ng Ifugao ay para

naman sa pagkaing mayaman sa protina tulad ng karne ng mga hayop sa bukirin at palaisdaan. Ang mga hayop ay hindi lamang inaalagaan para maging ulam o alaga bagkus ginagamit itong alay sa mga ritwal. Ilan sa mga halimbawa ng ritwal ay: **Fagfagto** - ito ay ritwal ng mga kalalakihan sa Bontoc, Ifugao bilang pasasalamat sa masaganang ani ng mga kamote na nagaganap sa buwan ng Hulyo, **Fayes** - ito ay alak mula sa tuba na kanilang iniinom sa pasasalamat, **Fogfokhi** - ito ay palamuti na nakasuot sa leeg na yari sa posporo habang sumasayaw at **Kafunian** - ito ang kanilang tawag sa kanilang mga anito o sa Diyos ng palay. Sa natitirang bahagdan ng pagkain ng Ifugao, binubuo ito ng pagkain ng baling, kuliglig at langgam.

2. Nang marinig ng ibang daga na nalunod ang kanilang kasama, tinugis nila si Susuwetan.

Dahil walang mas mataas na awtoridad sa tradisyon kung kanino maaaring mag-apila ang Ifugao para sa pag-aalis ng mga karaingan, ang bawat isa ay dapat makakuha ng kanyang sariling katarungan. Kadalasan ang mga grupo ng mga nasugatang partido ay humihingi ng kabayaran mula sa mga grupo ng mga nakasakit na partido. Halimbawa, ayon sa kaugalian, ang isang grupo ng mga kamag-anak ng namatay ay maaaring gumanti sa pamamagitan ng pagpatay rin ng isa sa mga miyembro ng partidong pumatay.

A.2. PANINIWALA

1. *Nang marating nila ang isa pang lagaslasan halos maubos na ng daga ang kanilang lunawan. Lumubog sila. Nakalipad si Susuwetan habang nalunod ang Daga.*

Ang kuwento ng tungkol sa pagiging tuso ng daga ay isang paalala sa mga kabataang Isneg na kailangan nilang pangalagaan at panatilihin ang kanilang paniniwala. Ipinaparating ng kuwento na ito ang sanhi ng pag-iisip kung gaano karami sa mga tao ang maaaring makalimot sa tukso at magdulot ng kamatayan para sa isang bagay na inaasam natin o pinaniniwalaang matagal na nating nakamit.

A.3. KAUGALIAN

1. *Simula noon, naging malakas ang mga daga sa pagtugis kay Susuwetan.*

Sa mga alamat ipinapakita ang pinanggalingan ng kaugalian, paniniwala at dahilan ng mga pangyayari sa lipunan. Katulad ng bahaging ito na ipinapakita ang dahilan kung bakit naging mabilis at malakas ang mga daga.

3.3.8 TEKSTO 8: SINO'NG MAS MALAKAS UMINOM NG TUBIG?

(ILOKANO)

A. MATERYAL NA ELEMENTO

A.1 HEOGRAPIYA AT KALIKASAN

1. *Buwan ng Abril* habang katirikan ng araw.

Ang Rehiyong Ilocos, tinatawag ding Rehiyon I sa Pilipinas ay matatagpuan sa hilagang-kanlurang bahagi ng Luzon. Ang Rehiyong Administratibo ng Cordillera at Lambak ng Cagayan ang hangganan nito sa Silangan, Gitnang Luzon sa timog, at Dagat Timog-Tsina sa Kanluran. Binubuo ang rehiyong Ilocos ng apat na lalawigan: ang Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union at Pangasinan. Magkapantay ang distribusyon ng ulan at araw batay sa klima nito.

2. *Pagtaas at paghupa ng tubig.*

Ang '*high-tide*' at '*low-tide*' kung tawagin sa Ingles ay madalas na binabantayan ng mga Ilokano sapagkat malapit sila sa dagat at sa pagtaas at paghupa ng tubig nakasalalay kung sila'y mangingisda na isa sa mga ikinabubuhay ng mga taga-Ilocos.

B. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

B.1. KILOS, GAWI AT EKSPRESYON

- 1. "*Kumusta kaibigang kalabaw?*" tanong ng ibong pipit.**
"Mabuti naman ako pipit. Nararamdaman mo ba ang init ng umaga ng Abril?" sagot ng kalabaw.
"Ramdam ko nga kaibigang kalabaw, sa katunayan, bumaba ako ng puno upang uminom dahil sa matinding uhaw."

Ang kuwentong *Sino'ng mas malakas uminom ng tubig?* ay naaayon sa mga lugar kung saan may kapaligiran o kalikasang malapit sa

anyong-tubig tulad ng dagat, batis at ilog. Sa katunayan, walang tala ng kuwentong ito mula sa ilayang lugar tulad ng Hilagang Luzon at Gitnang Mindanao. Maingat na pinag-aralan at binuo ang kuwento mula sa pang-araw-araw na karanasan hanggang sa pagpili ng mga karakter -- ang kalabaw na namamalagi lamang sa kanyang paliguan at ang ibon na malayang nakalilipad sa buong kapatagan at karagatan ay nagpapakita ng simpleng pamumuhay ng mga ninuno sa panahon ng mga Kastila.

3.3.9. TEKSTO 9: ANG BUNDAT AT ANG SIGA NG KAGUBATAN (MANUVU)

A. MATERYAL NA ELEMENTO

A.1 KASUOTAN

1. *Tinanggal ng Avuhan ang pantalon at jacket.*

Sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, nagsusuot ang mga Manuvu ng damit gawa sa puno ng barko o *bark-cloth*. Ang mga kalalakihan ay nagsusuot ng pang-itaas na damit na kung tawagin ay ***Saul Laki*** at ang kanilang pang-ibabang kasuotan ay tinatawag na ***Salwal***. Ang mga kababaihan ay nagsusuot ng pang-itaas na damit na kung tawagin ay ***Saul S'lah*** at ang kanilang pang-ibaba ay tinatawag na ***Dafeng***. Ang pagiging masining ng Manobo ay makikita sa kanilang pang-araw-araw na kasuotan. Ang kanilang tradisyunal na kasuotan ay magarang binurdahan at halos lahat ay gawa sa abaka. Ito ay kinukulayan gamit ang mga

pangkulay mula sa kalikasan. Kumukuha sila ng iba't ibang halaman para sa iba't ibang kulay. Kadalasan ito ay hinahabi na may disenyo ng mga bulaklak at mga bagay sa kalikasan. Nakagawian nila ang maghiraman ng damit bilang tanda na ang damit ay isang pagmamay-ari ng buong komunidad.

2. *Tubaw*

Karaniwang mga *datu* ang nagsusuot ng ***tubaw*** (*headscarf*) salahat ng oras. Ito ay sumisimbolo ng kanilang mataas na katayuan sa lipunan. Walang preskriptibong paraan ng pagsusuot ng tubaw kaya naman maaaring makilala ang personalidad ng isang Manuvu batay sa kung paano niya isinuot ang tubaw.

B. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

B.1. PANINIWALA AT KATUTUBONG KATAWAGAN

1. *Gungutan*

Isang mitolohikal na nilalang, mabuhok at may kalakihan ang pangangatawan na may kakayahang baguhin o palitan ang sariling anyo, halimbawa sa pagiging isang ibon. Kung minsa'y tinutulungan niya ang mga taong kapuspalad. Samantala, ayon sa epikong ***Tuwaang***, epiko ng mga Manuvu, ang gungutan ay ibong nakapagsasalita na natagpuan ni Tuwaang sa kawkawangan na gustong sumama sa kanya sa kasalan.

2. *Avuhan*

Kulay abo na nilalang (kaya tinawang na *Avuhan*) na nagkakatawang tao at naninirahan sa kagubatan na pinaniniwalaang kumakain ng tao. Karaniwang may dalang alagang aso sa tuwing lalabas at hahanap ng makakaing tao o hayop.

3. *Busao/ Busaw*

Mga nilalang na may pangil at umiinom ng dugo na may magaspang na itim na balahibo, sila ang pinaniniwalaang nilalang sa kabundukan na kumakain ng mga anak ng Manuvu.

Sa epiko, kilala si Tuwaang sa pagkakaroon ng 200 na asawa. Ipinapakilala ng epiko ng Manuvu ang pinagmulan ng ugali at pagpapakita ng katangian ng isang tunay na pinuno. Pinaniniwalaan ring sa epiko unang nakita ang hinarahap gaya ng imbesyon ng eroplano na inihalintulad sa sinalimba o bangkang sinakyan ni Tuwaang upang dalhin siya sa kalangitan.

4. *Paggamit ng sibat, itak, at kutsilyo*

Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano noong 1910, ipinagbawal ng kanilang batas ang pagdadala ng mga Manuvu ng armas upang matapos ang kaguluhan o giyera sa rehiyon. Itinigil ng mga Manuvu ang pagdadala ng ***sumpit*** (*blowgun*), arko at pana tanging ang taong handang magbayad ng buwis lamang ang may karapatang magbitbit ng ***palihumas*** o mahabang itak.

Ang pinakamatanda at pinakakilalang batas ng mga Manuvu ay ang 1: ***Eye-for-an-eye*** (*mata-sa-mata*) at ***a-tooth-for-a-tooth*** (*ngipin-sa-ngipin*). Mabilis maghiganti ang mga Manuvu lalo na kung alam nilang mali ang ginawa ng kanilang kapwa sa kanila. Mula sa napagtawanan sila hanggang sa may pinatay o dinukot na miyembro ng kanilang pamilya. 2. Ang ***Placation*** (pagpapatawad) sakaling ang mga masamang espiritu (*bad spirits*) ang gumawa sa kanila ng hindi maganda, hindi na sila gumaganti bagkus mabilis nila itong pinapatawad ayon na rin sa ikalawang batas.

B.2. KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. ***“Nakita ko sa aking panaginip ang malaking baboy at lambat na puno ng isda...”***
“...totoo ang iyong panaginip.”

Kilala rin sa pagtulong sa nangangailangan ang Gungutan, pinahihiwatig na nagkatotoo ang panaginip ng *Bundat* o tauhan sa kuwento. Naniniwala ang mga Manuvu na sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga **ritwal** ay nagkakaroon ng kasaganaan at biyaya na natatanggap ang sumasamba rito. Sa pagsasagawa nito, nagbibigay ng alay sa mga anito ang mga ulo ng tahanan, mga artisan at mangangaso upang masiguro ang pagtatagumpay sa kanilang pag-aani at pangangaso. Pinakakilala sa isinasagawang ritwal ay ang ***Walian***, bilang nangunguna sa agrikultural at panggagamot na ritwal. Mas prestihiyosong ritwal naman

ang **Tumanuron**, na nagtataglay ng kapangyarihang manggamot at manghula sa pamamagitan ng pagsamba sa mga anito. Ang pinakapipitagan sa lahat ay ang **Pohohana**, na isang manghuhula at nagsasagawa ng ritwal upang umulan at may kakayahang gumawa ng milagro. Ang mga **datu** ang karaniwang nangunguna sa isinasagawang ritwal.

2. *“Nakahuli ako ng malaking baboy...” “...**kunin mo ang kasuotan, pati ang sibat at sisidlan**, nakita mo na, kung hindi ka sumama sa akin, hindi ka magkakaroon ng **pantalón, tsaketa, sibat at sisidlan...**”*

Sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, nagaganap ang panlabas na kalakalan sa pagitan ng **Manuvu** at **Attaw**. Nakatatanggap ng mga **habing kasuotan** ang mga Manuvu mula sa mga Attaw bilang kapalit ng kanilang **karneng baboy at usa**. Nagpapadala rin ng *batingaw (gongs)* ang Attaw bilang kapalit ng **kabayo** at **kalabaw** na siya namang ipinapalit nila sa **Matigsalug** bilang kapalit ng **mahabang patalim o sandata**. Isa pa sa pinagkakakitaan ng mga Manuvu ay ang **pagbebenta ng mga aliping Matigsalug** sa Attaw.

3. *“Nandito kami upang hulihin ang usang may **gintong sungay bilang kapalit ng pagpapakasal sa anak ng datu...**”*

Sa paraan bago ang pagpapakasal ng mga Manuvu, kailangang magbayad ng **dowry o ‘dote’** ang lalaki sa pamilya ng babae. Bago ang pagbabayad ng dote, gumagawa muna ang parehong panig ng **talaangkanan** upang masigurong magkakaroon ng bunga o magkakasupling ang ikakasal. Sa oras na nagkatugma ang talaangkanan,

magpapadala ang lalaki ng **panamung**, mga gamit at ari-arian para sa magulang at kamag-anak ng babae kasama ang **pantun**, gamit o ari-arian na para naman sa babaeng pakakasalan lamang. May karapatang taasan ng babae ang *pantun* kung hindi siya sumasang-ayon sa kasalan at sakaling hindi ito makakayanang bayaran ng kamag-anak ng lalaki, dapat na itong umurong sa kasalan.

4. *“Nahuli mo ang usang may gintong sungay. **Maaari mo nang pakasalan ang aking anak...**”*

Sa selebrasyon ng kasalan ng mga Manuvu, nagsisimula ang kasalan sa pamamagitan ng pag-aalay ng sibat ng magulang ng lalaki sa magulang nga babae. Ito ay simbolo ng pagpapasakop kay **Dohanganna Karang**, ang Diyos ng Kasalan, upang maging masagana ang mag-asawa. Kasunod ay ang pag-aabot ng **batingaw** (gongs) at **palihuma** (*uri ng sandata*) ng magulang ng lalaki sa magulang ng babae bilang simbolo ng pagpapayapa kina **Kayag at Pamua**, ang mga Diyos na magsisiguro sa tagumpay ng trabaho sa bukid ng mag-asawa. Kasunod nito ay ang pagtutuos ng kasangkapan o bagay na ibinigay ng lalaki para sa dote ng babae. Pagkatapos ng seremonya, magsusubuan ang mag-asawa ng kanin na may laman ng manok. Ang kapatid na lalaki o tiyuhin ay magsasagawa naman ng ritwal na ipinapakita ang pag-uumpugan ng ulo ng babae at lalaki. Sa huli, magbibigay ng payo sa mag-asawa kung paano ang masayang pagsasama.

3.3.10. TEKSTO 10: SI KIMOD AT ANG DALAGANG NAG-AANYONG SISNE (MANSAKA)

A. DI-MATERYAL NA ELEMENTO

A.1. KOSTUMBRE AT TRADISYON

1. *Naabutan niyang dumapo malapit sa lawa ang mga dalagang nag-aanyong sisne na nagsimulang hubarin at iwanan sa gilid ng lawa ang kanilang mala-sutlang damit.*

Ang panahon ng Mitolohiya ang pinakamatagal na yugto sa tradisyong kultural ngunit isa sa hindi masyadong napag-aaralan at inaalam. Sa kabatirang ang mga Diyos at Diyosa ay matagal nang bahagi ng Pilipinong kultura bago pa man ang pananakop ng Kristiyanismo at Islam ay isang nakakaakit na dahilan upang pag-aralan ang mitolohiya ng Pilipinas. Ang mga naratibong mitolohiya na isinasalaysay sa bahaging ito ay bumubuo ng mabuting pagkaunawa ukol sa mga Diyos at Diyosa na siyang pundasyon ng katutubong relihiyon.

Malayang nakikipaghalubilo ang mga banal sa mga mortal noong unang panahon. Ang mga ordinaryong tao o mortal na nagkakatuluyan ay nagkakaroon ng mortal na anak. Samantala, ang mga banal na nakakapag-asawa ng mga mortal ay nagkakaroon ng immortal na anak o kung tawagin ay demi-God.

Pinapanatili ng Hilagang-Luzon ang pinakasinaunang mitolohiya. Isa na rito ang mga kuwento ng Star/Swan Maiden na maaaring iugnay sa

mga mitolohiya ng Asya at Hilagang Amerika. Ang prototipo ay ang pagkakaroon ng tauhan na mga Diyosa mula sa kalangitan at bumababa sa lupa upang maligo o lumagoy at iwanan ang kanilang kasuotan o pakpak sa tabing-baybayin. Nanakawin ng isang mortal ang kanyang pakpak upang hindi makalipad pabalik sa kanyang tahanan at mapipilitan siyang magpakasal dito.

2. Walang nagawa ang dalagitang sisne. Malungkot niyang sinundan si Kimod sa tahanan nito. Pinakilala ni Kimod ang dalagitang sisne sa kanyang ina bilang babaeng kanyang papakasalan at tinatangi.

Ang lipunan ng Manuvu ay dominado ng lalaki. Bagamat may karapatan ang mga babae na magpahayag ng pagtutol sa panimulang mungkahi sa pag-aasawa, gampanin pa rin ng lalaki o ng mga magulang ang magdesisyon kung sino ang dapat na mapangasawa niya. Ang kasal ay maaaring isagawa sa alinman na mga sumusunod na paraan:

- Alinman sa pamilya ng lalaki o babae ang gumawa ng panukalang pagpapakasal (*minsan ang lalaki ang nagpapahiwatig sa babaeng nais niyang pakasalan*)
- Ipinagkasundo na ng mga magulang ang babae (*kahit sanggol pa o nasa sinapupunan pa lamang ito*)
- Ang pamilya ng babae ay may prendang lalaki o ibinibilanggo sa tahanan ng babae ang lalaki hanggang sa matapos ang kasal maliban na lamang kung bibilhin o makapagbibigay ng kapalit ang pamilya ng lalaki

- Dinukot ng lalaki ang babae (*kung minsan ay may pahintulot ng babae*)
- Pinaninilbihan ng lalaki ang mga magulang ng babaeng nais niyang mapangasawa
- Ang nakatatandang asawang babae ang pumili ng batang babaeng magsisilbing pangalawang asawa ng kanyang mister

A.2. PANINIWALA

1. “Saan ka galing?” tanong ni Tamisa

“Sa lupa...”, sagot ni Kimod

“Bakit ka nanghihimasok sa lugar na hindi ka nabibilang?”

Naniniwala ang mga Manuvu sa dalawang mundo: Mabuting Diyos at Masamang Diyos. Pareho itong nahahati sa tatlong bahagi: langit, lupa at impiyerno. Samantalang hindi malinaw na matukoy ang masamang mundo, ang langit naman ay nahahati sa siyam (9) na bahagi. Sa pinakataas naninirahan si **Manama**, kataas-taasang Diyos na hindi masyadong nakikihalubilo sa makamundong gawain, bagamat sa huli ay kinukuha o inililigtas ang mga kaluluwa ng mabubuting tao sa mundo upang manirahan sa langit kasama niya. Ang mga **diwata at anito**, ang naninirahan sa mas mababang bahagi ng langit. Sila ang mga dinadasalan ng mga mangangaso bago manghuli. Si **Timbaong**, Diyos ng mga hayop, **Mahumanay**, Diyosa ng kabundukan, **Tahamaling**, Diyosa ng kagubatan at si **Anit**, ang Diyos na nagpaparusa at nagbibigay ng

kapintasan o *deformities* sa katawan ng mga makasalanang tao o isinusumpa niya upang maging aso, baboy at pusa ang mga ito.

2. “Maari mo nang bawiin ang iyong asawa. Ngunit bago tayo maghiwalay, maglaban muna tayo sa inuman”

Bukod sa pakikidigma na ginagamitan ng dahas, ang paligsahan sa pag-inom ng **tuba** (uri ng alak mula sa binurong sabaw ng niyog) ang isa rin sa sukataan ng mga ninunong Manuvu upang patunayan at ipakita kung sino ang mas malakas, matapang o mas matibay at hindi agad mabilis umurong sa isang hamon. Kung minsa’y ginagawa rin ito sa mga ritwal sa pamamagitan ng pag-inom ng **Fayes**, alak mula sa tuba na tanda ng pasasalamat sa masaganang ani.

3.3 Pagtataya ng mga Esperto

Pagkatapos ng pagsasalin, nagkaroon ng pagtataya hinggil sa kalinawan at kaangkupan ng mga isinaling piling kuwentong-bayan mula sa orihinal na teksto. Ang ebalwasyon ay isinasagawa sa pamamagitan ng pahambing na pagwawasto sa orihinal na teksto at saling teksto. Dalawang pangkat ang nagsagawa ng ebalwasyon -- sa panig ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino at Ingles at sa panig ng mga eksperto. Sa ibinigay na talatanungan at kopya ng akda ay nagbigay sila ng kanilang marka sa pagkakasalin sa mga akdang napili sa tulong ng mga pamantayang inilahad ng mananaliksik na batay sa *Summer Institute of Linguistics*, ang CAN (Clarity,

Accurate, Naturalness) at Pagsasalin Kultural. Nagbigay din ang mga respondent ng ilang mga puna hinggil sa salin.

Matapos kunin ang dalas (*frequency*) ng kasagutan ng mga guro at mga eksperto mula sa talatanungan, gumamit ng 5 point na minodipikang *likert scale*, isinaayos ang mga tugon sa isang *General Reference Table*. Gamit ang *percentage measure* upang makita ang pangkalahatang naging tugon ng kalahok. Kinompyut ang *weighted mean* ng tugon ng mga guro at eksperto ng bawat akdang isinalin upang malaman ang pangkalahatang opinyon ng mga kalahok sa kalinawan ng salin.

Matapos makuha ang *weighted mean* ng bawat pangkat ng mga kalahok (guro at eksperto) ay kinuha din ang *Grand Mean* (50% ng *weighted mean* ng mga guro at 50% ng *weighted mean* ng mga eksperto) ng tugon ng mga kalahok. Ito ang binigyang interpretasyon batay sa binuong *Interpretation Scale*. Bawat akda ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik batay na rin sa naging katugunan ng mga kalahok. Makikita sa mga talahanayan ang mga tugon ng mga kalahok.

Sa pagbibigay ng mga karagdagang interpretasyon, naglaan ng mga indikasyon na maaaring maging gabay ng mga kalahok sa pagsasagot sa talatanungan na matatagpuan sa Apendiks B.

Tiniyak ng mananaliksik na ang bawat talahanayan sa bahaging ito ay nabigyan ng maayos na pagtutuos na mula sa pinagsamang datos ng balidasyon

ng anim (6) na mga guro na nagtuturo ng Filipino at Ingles gayundin may mga karanasan sa pagtuturo at pag-aaral ng pagsasalin. Sila ang mga naging katuwang ng tatlong (3) eksperto mula sa Komisyon ng Wikang Filipino.

Talahanayan Bilang 2: Balidasyon sa Teksto 1

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 1: Bata Mama at Bata Bahi (Bukidnon)														
KRAYTIYA	5		4		3		2		1		Kabuuan		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay
ACCURATE	4	44.44	5	55.56	0	0	0	0	0	0	9	100	4.42	Napakahusay
NATURALNESS	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.84	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	9	100.00	0	0.00	0	0	0	0	0	0	9	100	5.00	Lubos na Napakahusay

Makikita sa Talahanayan Bilang 2 na mula sa kraytiryang ginamit ng mananaliksik, mula sa 9 na kalahok na nagbalideyt ng pagsasalin, anim (6) mula sa guro at tatlo (3) mula sa mga eksperto, ang pagkakasalin sa **Bata Mama at Bata Bahi (Bukidnon)** ay tatlo (3) sa mga kriterya ng pagsasalin ang nakakuha ng *Napakahusay*. 11% ang nagsasabing may kalinawan o may *clarity* ang isinagawang pagsasalin, nangangahulugang ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit may kaunting kalabuan. 56% naman ang nasasabing may kawastuhan ang salin na nangangahulugang ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit nangangailangan pa ng kaunting rebisyon. 11% muli ang nagsasabing *Natural* ang isinagawang

salin na nangangahulugang lahat ng nilalaman ng mensahe ay nauunawaan at natural, kahit may mga di akma ng estilo o baybay at kahit may nawawalang salita o hindi mahusay ang pagkakasalin ngunit malapit sa tunguhang lengguwahe (TL). Samantala, 100% ng mga kalahok ang nagsasabing Lubos na Napakahusay ng Pagsasaling kultural sa akda na nangangahulugang nailahad ang lahat ng kultural na elemento nang organisado at detalyado na matatagpuan sa akda.

Mapapansin din ang Pagsasaling kultural ang nakakuha ng may pinakamataas na mean na 5 na nangangahulugang balido ang isinagawang paglalahad ng mga kultural na elemento. Hindi rin nagkakalayo ang mean ng pagsasalin sa *Clarity*, 4.92, *Accuracy* 4.42 at *Naturalness* na 4.84 na lahat ay nangangahulugang naging *Napakahusay* ng isinagawang pagsasalin. Samakatuwid, pinalutang sa balidasyon ng unang teksto ang kalinawan at paglalahad ng elemento kultural sa isinagawang pagsasalin.

Talahanayan Bilang 3: Balidasyon sa Teksto 2

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 2: Ang Mabait at Mainggiting Magkapatid (Manuvu)														
KRAYTIYA	5		4		3		2		1		Kabuuan		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay
ACCURATE	5	55.56	4	44.44	0	0	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
NATURALNESS	5	55.56	2	22.22	0	0	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay

Makikita rin sa Talahanayan Bilang 3 ang positibong tugon ng mga kalahok sa pasasalin ng **Ang Mabait at Mainggiting Magkapatid (Manuvu)**. Ang lahat ng kriterya ay nakakuha ng *Napakahusay* na pagsasalin sa kabuoan. Samantala, makikita rin sa mataas na grado ng kalinawan sa pagsasalin na nagtamo ng 89% mula sa balideytor na nangangahulugang ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at walang kalabuan. Mas marami rin ang naniniwala na may *Lubos na Napakahusay* ang kawastuhan ng isinagawang pagsasalin na may 56% at nangangahulugang ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at hindi na ngangailangan pa ng kaunting rebisyon. Samantala, mas marami naman ang naniniwalang *Nakapahusay* ng isinagawang pagsasalin sa natural na paraan na mayroon 89% na tumugon sa mga kalahok. Nangangahulugan itong ang malaking bahagi ng mensahe ay nauunawaan at natural. Sa kriterya ng Pagsasaling kultural, mas sa kalahok ang naniniwalang *Lubos na Napakahusay* ng paglalahad ng kultural na elemento at may 67% na nangangahulugang nailahad ang mga kultural na elemento nang detalyado ngunit may mga bahaging hindi naisama at naipaliwanag.

Mapapansin ring kakikitaan ng mataas na *mean* ang kalinawan o *Clarity* na may 4.92 na nangangahulugang naging napakahusay at may kalinawan ang pagsasalin ng akda. Sinusundan ito ng kawastuhan na may *mean* na 4.59.

Samakatuwid, sa balidasyon ng ikalawang teksto, pinakita ang malinaw at wastong pagsasalin ng akda.

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 3: Ang Mapanganib na Duyan (Ifugao)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	x	
CLARITY	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay
ACCURATE	5	55.56	4	44.44	0	0	0	0	0	0	9	100	4.59	Napakahusay
NATURALNESS	1	11.11	8	88.89	0	0	0	0	0	0	9	100	4.17	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	6	66.67	2	22.22	1	11.11	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay

Talahanayan Bilang 4: Balidasyon sa Teksto 3

Makikita sa Talahanayan Bilang 4 ang naging tugon ng mga kalahok sa pagkakasalin ng **Ang Mapanganib na Duyan (Ifugao)**. Mapapansin ang datos sa balidasyon ng ikatlong teksto ay halos may pagkakahahwig sa naging resulta ng balidasyon sa ikalawang teksto. Bagaman lahat ay nagpapakita ng *Napakahusay* na salin, pinalulutang ng resulta nito ang mataas na *mean* ng kalinawan na may 4.92 at mataas na *mean* ng kawastuhan na may 4.59. Makikitang nasa *Lubos na Napakahusay* rin ang karamihan sa mga kalahok na sumagot sa *Clarity* na may 89%, sa *Naturalness* naman ay 56% at sa Pagsasaling kultural naman ay 67%. Nangangahulugan ang mga ito kung pag-uusapan ang kawastuhan ng salin, wastong naiparating ng salin ang nilalaman

ng simulaang lengguwahe (SL) tungo sa tunguhang lengguwahe (TL) at hindi na nangangailangan ng anumang rebisyon. Kung kalinawan naman ang pag-uusapan, ang nilalaman ng salin ay malinaw na naiparating at walang kalabuan. Ganun din kung titingnan ang Pagsasaling kultural, nailahad ang lahat ng mga kultural na elemento nang organisado at detalyado na matatagpuan sa akda. Samakatuwid, tanging ang pagiging natural lamang ng salin ang hindi nakakuha ng *Lubos na Napakahusay* na salin na may 11% lamang at nangangahulugang may malaking bahagi ng mensahe ang nauunawaan o natural ngunit hindi gaanong malapit sa pagsasalinan.

Talahanayan Bilang 5: Balidasyon sa Teksto 4

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 4: Si Walu at ang Hikaw ng kanyang Asawa (Manuvu)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	5	55.56	3	33.33	1	11.11	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
ACCURATE	3	33.33	5	55.56	1	11.11	0	0	0	0	9	100	4.25	Napakahusay
NATURALNESS	4	44.44	3	33.33	2	22.22	0	0	0	0	9	100	4.25	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	4	44.44	3	33.33	2	22.22	0	0	0	0	9	100	4.34	Napakahusay

Ang Talahanayan Bilang 5 ay nagpapakita ng naging tugon ng mga kalahok sa pagkakasalin sa **Si Walu at ang Hikaw ng kanyang Asawa (Manuvu)**. Mapapansin na halos hati o magkakalapit ang naging bilang ng hatian ng mga kalahok sa balidasyon ng ikaapat na teksto. Bagama't lahat ay nakakuha ng napakahusay na pagsasalin, may 11% ang parehong nasabing mahusay ang

pagkakasalin sa *Clarity* at *Accurate* samantala may parehong 22% ang nagsabing mahusay ang pagiging natural at paglalahad ng Pagsasaling kultural. Nangangahulugan ito, na may ilang naniniwala na ang isinagawang pagsasalin batay sa kalinawan ay malinaw na naiparating ang mensahe ng simulaang lengguwahe (SL) sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit may mga ilang kalabuan. Sa usaping, kawastuhan naman, dalawa sa mga kalahok ang naniniwalang, ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit kakikitaan ng ilang pagkukulang sa pagpili ng diksyon at salita. Pinakamataas pa rin ang *mean* ng kalinawan na may 4.50 at sinusundan ito ng Pagsasaling kultural na may *mean* na 4.34. Samakatuwid, pinatutunayan nito ang pagpapakahulugan sa *Clarity* na ang nilalaman ay malinaw na naiparating ngunit may kaunting kalabuan.

Talahanayan Bilang 6: Balidasyon sa Teksto 5

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 5: Ang Pakikipagsapalaran ng Unggoy at Pagong (Sa Buong Pilipinas)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.58	Napakahusay
ACCURATE	7	77.78	2	22.22	0	0	0	0	0	0	9	100	4.84	Napakahusay
NATURALNESS	7	77.78	1	11.11	1	11.11	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay

Malinaw na nakasaad sa Talahanayan Bilang 6 ang positibong pagtugon ng mga kalahok. Nagkakapantay ang pananaw ng anim (6) na kalahok sa pagsasalin na may *Clarity* at Pagsasaling kultural sa ikalimang teksto. Parehong

may 67% ang sumagot na nangangahulugang, ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit may kaunting kalabuan. Sa pagsasalin ng **Ang Pakikipagsapalaran ng Unggoy at Pagong (Sa Buong Pilipinas)** nangingibabaw naman ang parehong bahagdan na 78% sa paniniwalang *Accurate* at natural ang isinagawang pagsasalin. Nangangahulugan ito na ang malaking bahagi ng mensahe ay nauunawaan at natural samantalang ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating ngunit nangangailangan pa ng kaunting rebisyon. Samakatuwid, naiiba ang lumutang na katangian ng pagsasalin sa ikalimang teksto sapagkat nangibabaw ang *Accuracy* o kawastuhan ng salin na may *mean* na 4.84 at nagkakapareho naman sa *mean* ang *Naturalness* at Pagsasaling kultural na 4.67.

Talahanayan Bilang 7: Balidasyon sa Teksto 6

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 6: Bakit Bumubulong ang mga Lamok sa Iyong Tainga? (Bisaya)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuan		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	7	77.78	2	22.22	0	0	0	0	0	0	9	100	4.75	Napakahusay
ACCURATE	5	55.56	4	44.44	0	0	0	0	0	0	9	100	4.59	Napakahusay
NATURALNESS	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay

Makikita sa Talahanayan Bilang 6 na parehong **4.67** ang *mean* ng guro at mga eksperto sa pagkakasalin ng akdang **Bakit Bumubulong ang mga Lamok sa Iyong Tainga? (Bisaya)**. Ang mga kalahok ay nagbigay ng tugon na

Napakahusay na grado sa lahat ng kriteriya. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na 44% ang naniniwalang *Accurate* ang isinagawang pag-aaral na nangangahulugang naiparating ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) sa tunguhang lengguwahe (TL) nang wasto ngunit may kaunting rebisyon. Samantala, parehong nasa 67% ang *Naturalness* at Pagsasaling kultural na nangangahulugan namang malaking bahagi ng mensahe ay nauunawaan at natural at nailahad ang mga kultural na elemento nang detalyado ngunit may mga bahaging hindi naisama at naipaliwanag. Sa kabuoan, lumabas na pinakamataas ang *Clarity* na may *mean* na 4.75 at nangangahulugang ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating ngunit may kaunting kalabuan.

Talahanayan Bilang 8: Balidasyon sa Teksto 7

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 7: Ang Bangkang Kanin (Isneg)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	9	100.00	0	0.00	0	0	0	0	0	0	9	100	5.00	Lubos na Napakahusay
ACCURATE	7	77.78	2	22.22	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
NATURALNESS	4	44.44	5	55.56	0	0	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay

Makikita sa Talahanayan Bilang 8 na mula sa kraytiryang ginamit, ang pagkakasalin sa **Ang Bangkang Kanin (Isneg)** ay pinagsamang *Lubos na Napakahusay* para sa *Clarity* at pare-parehong *Napakahusay* para sa *Accurate*,

Natuurality at Pagsasaling Kultural. 100% ang nakuhang grado ng kalinawan sa salin at nangangahulugan itong ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at walang kalabuan. Samantala, 22% naman ang sa *Accurate*, 56% ang sa *Natuurality* at 11% ang sa Pagsasaling kultural. Nangangahulugan itong ang pagkakasalin sa nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) papuntang tunguhang lengguwahe (TL) ay naiparating nang wasto ngunit may kaunting rebisyon, gayun pa man, ang malaking bahagi nito ay nauunawaan at natural at nailahad ang mga kultural na elemento nang detalyado ngunit may mga bahaging hindi naisama at naipaliwanag. Samakatuwid, sa kabila ng mga dapat baguhin, makikita pa rin na pinakamataas ang *Clarity* na may *mean* na 5.00 na nagpapatunay na naging malinaw ang isinagawang pagsasalin.

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 8: Sino'ng mas malaka uminom ng tubig? (Ilokano)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>x</i>	
CLARITY	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.84	Napakahusay
ACCURATE	5	55.56	4	44.44	0	0	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
NATURALNESS	5	55.56	4	44.44	0	0	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay

Talahanayan Bilang 9: Balidasyon sa Teksto 8

Malinaw na nakasaad sa Talahanayan Bilang 9 ang pagsang-ayon sa *Napakahusay* na pagsasalin ng mga kalahok sa akdang **Sino'ng mas malakas uminom ng tubig? (Ilokano)**. Mula dito, makikita ang pagkakapareho ng *Accurate* at *Naturalness*, samantalang magkapareho naman ang *Clarity* at Pagsasaling kultural. Nagtamo ng 44% ang akda para sa wastong pagpaparating ng nilalaman sa tunguhang lengguwahe (TL) na may kaunting rebisyon at naging madulas ang daloy ng salin na nangangahulugang malaking bahagi ng naisalin ay nauunawaan at natural. Ang kalinawan at Pagsasaling kultural naman ay nakakuha ng 11% na nangangahulugang malinaw na naiparating ang mensahe sa tunguhang lengguwahe (TL) at nailahad ang kultural na elemento nang detalyado ngunit may mga bahaging hindi naisama at naipaliwanag. Pinakamataas ang Pagsasaling kultural na may *mean* na 4.92. Samakatwid, pinalutang ng resulta ng ikawalong teksto ang pagsasalin ay naging malinaw at detalyadong nailahad ang mga kultural na elemento.

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 9: Ang Bundat at ang Siga ng Kagubatan (Manuvu)														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
ACCURATE	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
NATURALNESS	7	77.78	2	22.22	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	9	100.00	0	0.00	0	0	0	0	0	0	9	100	5.00	Lubos na Napakahusay

Talahanayan Bilang 10: Balidasyon sa Teksto 9

Ang Talahanayan Bilang 10 ay nagpapakita ng naging tugon ng mga kalahok sa pagkakasalin sa **Ang Bundat at ang Siga ng Kagubatan (Manuvu)**. Lumabas sa resulta na magkapareho ang *Accurate* at *Clarity* na may 33% sa kalahok na nagsasabing *Napakahusay* ng salin na nangangailangan ng kaunting rebisyon sa kabila ng wasto at malinaw na paglilipat ng nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) patungo sa tunguhang lengguwahe (TL). Samantala, 22% naman ang nagsasabing natural ang pagkakasalin ng akda na may ibig sabihin na ang malaking bahagi ng mensahe ay nauunawaan. Mapapansin rin ang *Lubos na Napakahusay* na may 100% na nangangahulugang ang lahat ng kalahok ay naniniwalang naipahayag ang lahat ng kultural na elemento nang organisado at detalyado na matatagpuan sa akda. Ito rin sa mga kriterya ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 5.00.

Balidasyon ng Pagkakasalin sa Teksto 10: Si Kimod at Ang Dalagang Nag-aanyong Sisne														
KRAYTIRYA	5		4		3		2		1		Kabuuang		Mean	Interpretasyon
	Lubos na Napakahusay		Napakahusay		Mahusay		Medyo Mahusay		Hindi Mahusay					
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%	x	
CLARITY	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay
ACCURATE	6	66.67	3	33.33	0	0	0	0	0	0	9	100	4.67	Napakahusay
NATURALNESS	5	55.56	4	44.44	0	0	0	0	0	0	9	100	4.50	Napakahusay
PAGSASALING KULTURAL	8	88.89	1	11.11	0	0	0	0	0	0	9	100	4.92	Napakahusay

Talahanayan Bilang 11: Balidasyon sa Teksto 10

Makikita sa Talahanayan Bilang 11 na parehong **4.75** ang *weighted mean* ng guro at mga eksperto sa pagkakasalin ng akdang **Si Kimod at Ang Dalagang Nag-aanyong Sisne (Mansaka)**. Ang mga kalahok ay nagbigay ng tugon na *Napakahusay* ang pagsasalin sa lahat ng kriteriya. 44% ang naniniwalang natural ang pagkakasalin, 33% ang nagsasabing wasto ang pagpaparating ng mensahe nito at tig-1 o parehong 11% ang nagsabing malinaw ang pagkakalipat at pagpapahayag ng mga kultural na elemento na matatagpuan sa akda. Nangangahulugan itong madaling naunawaan ang pagkakasalin ng akda dahil naging malinaw at wasto ang paglilipat ng mensahe mula sa simulaang lengguwahe (SL) patungong tunguhang lengguwahe (TL) bagamat kailangan pa ng kaunting rebisyon. Naging madali rin ang pag-unawa sapagkat naging natural o parang orihinal lamang ang pagkakasalin at naging detalyado at organisado ang mga kultural na elemento sa ikasampung teksto.

Samantala, maliban sa mga naging tugon ng mga kalahok batay sa kraytirya, binigyang-pansin din ng mananaliksik ang mga naging puna at mungkahi mula sa kalahok na nagsilbing gabay sa kanyang pagrerebisa ng salin. Ang mga ito ay:

- Ingatan ang wastong anyo at wastong gamit ng mga pandiwa. Kadalasang naida-daop ang panimulang **I** sa mga pandiwa. Ang **I** sa mga pandiwang ito ay *verb-forming affix*. Nawawala sa pasalita ngunit sa pormal na teksto, tulad ng tesis, hindi dapat mawala. Halimbawa:

<i>ikinuwento</i>	<i>ipinakita</i>	<i>itinuturo</i>	<i>ipinatawag</i>
<i>ikinababahala</i>	<i>ipinaliwanag</i>	<i>ibinato</i>	<i>inihagis</i>
<i>itinago</i>	<i>isinalaysay</i>	<i>ipinakilala</i>	<i>itinatangi</i>

- May mga salita/ pahayag na isinalin na iba sa ibig sabihin ng orihinal na teksto. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

Orihinal	Salin
<i>young wife</i>	<i>maybahay</i>
<i>happy family</i>	<i>buhay pamilya</i>
<i>swan maiden</i>	<i>dalagang nag-aanyong sisne</i>
<i>pretending to be deaf</i>	<i>nagbibingi-bingihan</i>
<i>climb up to his mother's lap</i>	<i>nagpakandong sa ina</i>
<i>blowgun</i>	<i>sumpit</i>

Ang pagkakasalin sa pahayag na nakasulat nang pahiga tulad ng *young wife* ay maaaring palitan ng ‘maybahay’ sa halip na ‘batang asawa’, gayundin ang mga parirala na *happy family* ay maaaring isalin sa ‘buhay pamilya’ sa halip na ‘masayang pamilya’. Ang mga sugnay na di makapag-iisa na *pretending to be deaf* at *climb up to his mother’s lap* ay maaaring tumbasan sa Filipino ng iisang salita tulad ng ‘nagbibingi-bingihan’ at ‘nagpakandong’. Ang mga pagbabagong naganap sa pagkakasalin sa itaas ay nababatay sa isa sa mga katangian ng Etnolinggwistikong teorya kung saan isinasaad nito na mahigpit na nakasalig ang kahulugan ng anumang salita batay sa konsepto, upang mas maunawaan ang konsepto, mas binibigyang halaga ang paraan ng pagpapahayag at kung paano sinasalita ang wika kaysa sa linggwistikong aspeto nito, isinasaalang-alang ang pag-aaral ng kultura at kapaligiran ng mga katutubo sa pag-aaral ng wika na kanilang sinasalita lalo na at magkakaiba ng kondisyon at kultura. Samakatuwid, binigyang ng mananaliksik ng pagpapakahulugan ang mga salita o parirala sa itaas batay sa pinakamalapit na kahulugan nito na naaayon sa konteksto ng kuwento at kultura ng pinanggalingang akda.

3. May mga salita o katawagan sa akda na pinanatili sa orihinal nitong anyo sapagkat ito rin ang katumbas sa Filipino. Ilan sa halimbawa nito ay:

Orihinal

basket

Salin

basket

<i>datu</i>	datu
<i>gabi (leaves)</i>	gabi
<i>Don</i>	Don
<i>pahiking</i>	pahiking
<i>Apu'</i>	Apu'

Ang mga salitang ito ay pinanatili sa orihinal nitong anyo sapagkat ito rin ang katawagan sa Filipino. Mapapansin sa mga salitang tulad ng “*Datu*” at “*Don*” ay impluwensiya ng wikang Kastila sa wikang Bukidnon at Filipino na sa kabila ng matagal nang pananakop ay napanatili nito ang ilan sa mga salitang mula sa kanila na naging bahagi na ng mga wika sa bansa.

May mga salita rin sa banyaga na ang katumbas sa Filipino ay hindi naglalayo sa pinagmulang wika tulad na lamang ng mga sumusunod:

Orihinal	Salin
<i>Doña</i>	Donya
<i>abaca</i>	abaka
<i>Bata Mama</i>	batang lalaki
<i>Bata Bahi</i>	batang babae

Naglahad rin ng sariling puna ang mananaliksik sa kanyang ginawang pagsasalin at ito ay ang sumusunod:

1. May mga salita o pahayag na pinanatili sa orihinal nitong pagkakasulat upang

mapanatili ang nais nitong ipakahulugan at nilagyan na lamang ng salin sa Filipino sa tabi nito upang malaman ng mga bumabasa ang ibig nitong sabihin.

Ilan sa mga halimbawa nito ay ang sumusunod:

- **Datu** - pinuno o lider ng tribo.
- **Avuhan** - kulay abo na nilalang (kaya tinawag na *Avuhan*) na nagkakatawang tao at naninirahan sa kagubatan na pinaniniwalaang kumakain ng tao.
- **Busao o busaw** - mga nilalang na may pangil at umiinom ng dugo na may magaspang na itim na balahibo, sila ang pinaniniwalaang kumakain sa mga anak ng Manuvu sa kagubatan.
- **Gungutan** - isang mitolohikal na nilalang, mabuhok at may kalakihan ang pangangatawan na may kakayahang baguhin o palitan ang sariling anyo.
- **Tubaw** - karaniwang ang mga *datu* ang nagsusuot nito sa lahat ng oras bilang simbolo ng kanilang mataas na katayuan sa lipunan.

Pinanatili ang salitang '**tubaw**' mula sa kuwentong '*Ang Bundat at ang Siga sa Kagubatan*' sapagkat walang nakikitang katumbas sa Filipino ang mananaliksik sa mga kasuotan o palamuting ito. Ang katawagang ito ay mula sa Manuvu at bilang pagsunod sa isa sa mga tuntunin sa

panghihiram ng salita na panatilihin ang orihinal nitong anyo kung walang katumbas sa pinagsasalinang wika. Ang katawagang ito ay tanging sa lugar lamang na ito matatagpuan.

2. May mga salitang hindi natumbasan nang wasto. Ilan sa mga halimbawa:

- ***Earplug*** (mula sa kuwento ng 'Walu and his Wife's Earplug')

Tinumbasan ito ng mananaliksik ng 'hikaw' at hindi literal na pantakip sa tainga sapagkat maituturing itong isa sa mga palamuti o ornamento ng mga katutubong Manuvu. Bagamat wala silang katutubong tawag sa nasabing palamuti, tinutumbasan naman ito sa wikang Ingles ng "earplug" o "ear disc". Karaniwang gawa ito sa kahoy ng *kulipapa*, may sukat na 3 sentimetro ang bantod at 6 millimetro ang lapad, na may isang maliit na uka sa paligid kung saan nakakabit ang ito sa butas ng tainga. Kapag ang tagapagsuot ay pinalad na makakuha ng isang manipis lamina ng pilak o ng ginto, ito ay nakatali sa labas ng hikaw sa pamamagitan ng sinulid at halos laging pula.

- ***Swan Maiden*** (mula sa kuwentong 'Kimod and the Swan Maiden')

Isinalin ito ng mananaliksik bilang 'dalagang nag-aanyong sisne' at hindi 'dalagang sisne' o 'dalagang parang ibon kung lumipad' sapagkat sa pag-aanalisa ng mananaliksik, ang 'swan maiden' ay isang mitolohiyang nilalang at hindi natutumbasan sa Filipino ng mga literal na pagsasalin maliban kung ilalarawan ang

anyo nito. Hindi maitanto kung ito ay tunay na sisne o dalagang may pakpak at hindi totoong ibon o parang ibon kung lumipad ngunit tao pa rin.

Batay sa pag-aaral na ito, walang gaanong naging suliranin ang mananaliksik sapagkat malaki ang naitulong sa kanya ng pagbabasa ng mga kaugnay na literatura at mga pag-aaral na may kaugnayan sa kanyang pagsasaling isinagawa. Malaking tulong din sa mananaliksik ang pagiging pamilyar sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin. Kung mayroon mang naging suliranin ang mananaliksik ay ang pagkalap ng impormasyon kanyang iuugnay sa pag-aanalisa sa mga kulturang nakapaloob sa bawat bahagi ng akdang isasalin.

Bukod dito, nahirapan ang mananaliksik na hanapin o ipaalam sa awtor ng akda ang mga kuwentong napili upang isalin. Mabuti na lamang bagamat yumao na ang awtor ay nakakuha ang mananaliksik ng pahintulot mula sa National Commission for Culture and Arts upang isagawa ang pag-aaral. Bukod sa paghingi ng pahintulot, naging balakid rin sa mananaliksik ang paghagilap ng mga ekspertong tutugon o papayag upang maging kalahok sa balidasyon ng salin. Mapalad ang mananaliksik na mapaunlakang maging bahagi ng kanyang pag-aaral ang dating *chief* ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na si Dr. Aurora Batnag. Gayundin, ang pagpapaunlak ng dating *chief* ng KWF sa Pagsasalin na si Dr. Benjamin Mendillo.

Hinikayat ng mananaliksik na maging bahagi ng nasabing pag-aaral ang mga kasamahang guro na may sapat na kaalaman sa pagsasalin. Lahat ng naging suliranin na kinaharap ng mananaliksik ay nabigyang solusyon sa tulong ng mga guro at eksperto lalo na sa bahagi ng pag-eedit at pagtataya ng salin.

Ang isinaling akda ay nirebisa batay sa mga naging puna at mungkahi ng mga kalahok gayundin pinagbatayan ng mananaliksik ang mga naging tugon nila sa talatanungang ibinigay. Binigyang-pansin ng mananaliksik ang mga salitang natumbasan ng maling salita. Muling isinulat ang salin ng akda, binasa ng mabuti at tiniyak na ito ay handa na upang magamit bilang isang babasahin.

KABANATA 4

LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

4.1 LAGOM

Ang pag-aaral na ito ay nauukol sa pagsasalin at analisis ng kultural na elemento ng mga piling kuwentong-bayan mula sa iba't ibang pangkat etniko. Ginamit sa pagsasalin ang paraang Komunikatibong pagsasalin bilang bahagi ng diwa-sa-diwang pagsasalin at gamit ang teorya ni Malinowski na Etnolinggwistiko katuwang ang pananaw ni Lefevere naging magaan ang pagtutumbas sa diwa ng salita sa parehong layunin na sa pagsasaling kultural ay hindi mapaghihiwalay ang ugnayan ng wika at kultura. Isinaalang-alang ang

mensaheng hatid ng mga kuwentong-bayan sa paraang madaling maunawaan at tanggapin ng mga mambabasa ang wika at ang nilalaman ng mga akda. Ginamit ang pahambing na pagsusuri ng mga kalahok upang masubok ang kabisaan ng pagkakasalin na ang kinalabasan ay ang naging batayan ng pangwakas o pinal na salin. Ang pagsubok o pagsusuring ito ay isinagawa ng mga kalahok na kinabibilangan ng mga guro at eksperto. Nagkaisa silang lahat sa pagsasabing malinaw at madaling maunawaan ang pagkakasalin sa mga akda.

Walang gaanong suliraning kinaharap ang mananaliksik sa pagsasalin sapagkat pamilyar ito sa dalawang wika na kasangkot sa pagsasalin. Gayundin, sa mga nakitang suliranin, madali itong nasolusyunan sapagkat nakatulong sa kanya ang mga teknik na kanyang nalalaman gayundin ang mga mungkahi ng mga kalahok upang lalong mapagbuti ang salin.

Mula sa sampung (10) akdang pampanitikan ay nagtala rin siya ng mga bahagi ng kuwento na kakikitaan ng kultural na elemento tulad ng Pagkain, Kilos,gawi at Ekspresyon, Kaugalian, Kasuotan, Kostumbre at Tradisyon, Paniniwala at Heograpiya at Kalikasan na nagpapahiwatig ng pagkakakilanlan ng bawat pangkat etniko. Lumutang sa isinagawang pag-aaral ang mga kultural na elemento na di-materyal ang naging mas nakita sa kultural na pagsasalin. Gayundin, may ilang mga elemento ang umusbong tulad ng katutubong katawagan at kagamitan na maaaring maidagdag sa susunod pang pag-aaral.

4.2 KONGKLUSYON

Ang sumusunod na mga pahayag ang naging kongklusyon ayon sa natuklasan sa pag-aaral na ito.

1. Ang isinaling sampung (10) piling kwuwentong bayan mula sa “Treasury of Stories” ay nagpapatunay lamang na mayroong mga panitikang nakasulat sa dayuhang wika at kailangang maisalin sa Filipino upang lubos na maunawaan ng mga mamamayan sa bansa.
2. Ang mga akdang isinalin ay kakikitaan ng mga kultural na elemento na nagpapahiwatig ng pagkakakilanlan ng bawat pangkat etniko at mayroon ring elemento na maaaring isama sa listahan katulad ng kagamitan o sandata na pinatunayan ng pag-aaral na ito na maraming gamit hindi lamang sa pakikipaglaban kung hindi sa sa mga ritwal tulad ng pagpapakasal at paglilibing. Maaari ring gamitin ang pag-aaral sa dayalekto o katawagan ng mga katutubong pangkat lalo na sa pagtawag ng kanilang pinuno at sa mga di pangkaraniwang nilalang.
3. Sa pagtataya ng salin, angkop ang komunikatibong salin at diwa-sa-diwa na pagsasalin ng mga piling akdang pampanitikan mula sa iba’t ibang pangkat etniko sapagkat tulad ng katangian ng teorya ng etnolinggwistiko, naaayon ang pagsasalin ng salita batay sa konsepto o pagkakagamit ng salita sa sitwasyon at kultura. Hindi maaaring gawing literal ang pagsasalin sapagkat maaari itong magbigay ng kalituhan o maling mensahe sa lalo na sa pagpaparating ng kultura ng isang pangkat etniko.

Hindi maaaring isalin nang salita sa salita ang mga terminolohiya, idyoma o parirala na mula sa Ingles papuntang Filipino lalo na ang mga katutubong salita sapagkat may kalayuan ito sa pagkakahawig sa anyo, bigkas at kahulugan.

4.3 REKOMENDASYON

1. Maaaring gamitin sa pagpapayaman ng kamalayan ng mga mag-aaral ang mga naisaling akda at mga inilahad na kultural na elemento bilang isang paraan ng pagbubukas ng bagong mundo sa pagpapalawak ng kaalaman sa katutubong kultural ng bansa.
2. Gawing lunsaran sa pag-aaral ang pagkilala at pagpapahalaga sa mga kultural na elemento sa pagsasalin upang maging batayan sa mas malalim na pagkaunawa at pagkilala sa kultura ng bawat pangkat etniko.
3. Gamitin din ang mga paraan at simulain ni Nida (1969) kung diwa-sa-diawang pagsasalin ang gagawin ngunit higit na makatutulong ang teorya ni Lefevere at Malinowski sa kultural na pagsasalin sapagkat mas binibigyang-pansin sa pagsasalin dito ang ugnayan ng kultura at wika.
4. Inaaasahan sa pamamagitan ng pakikiisa ng mga guro sa paggamit sa klase lalo na sa gawaing pagbasa ng akdang pampanitikan na isinalin

na at magsilbing karagdagang babasahin sa *Reading Program* ng paaralan ay makatulong ito hindi lamang sa mga mag-aaral pati na rin sa mga gurong nagtuturo ng panitikang Filipino.

TALASANGGUNIAN

- Almario, V.S. et al. 2003. *Pambansang Komisyon sa Kultura at Sining. Patnubay sa Pagsasalin*. Manila: Anvil Publishing Inc.
- Andres, Kathleen Hazel. 2000. *Pagsasalin ng tekstong Translation in the Global Village tungo sa Pagsasalin sa Global na Pamayanan*, De La Salle University, Manila
- Arsad, Nuridja J. 2002. *Pagsasalin sa Filipino ng mga Piling Akdang Pampanitikan ng Tausug*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Atienza, Victoria P. 2004. *Ang Pagsasa-Filipino ng The Pearl ni John Steinbeck gamit ang komunikatibong dulong*. De La Salle University, Manila

Bisa, Simplicio. *Sa Daloy 5 (1): 25-35. Pagsasalin at Pagtuturo ng Literaturang Filipino sa Pagbuo ng Pambansang Panitikan*

Bisa, Simplicio. *Sa Malay 10 (1). Wika at Kultura: Pagsasaling Nagpapakahulugan*

"Bisaya." *Encyclopedia of World Cultures*. . Retrieved January 30, 2019 from Encyclopedia.com: <https://www.encyclopedia.com/humanities/encyclopedias-almanacs-transcripts-and-maps/bisaya>

Bognot, Charisse N. 2012. *Pagsasalin sa Filipino ng Sarswelang Kapampanganging Managpi*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila

Broeck, 1979. *Cultural Approach to Translation Theory*, 2010

Carreon, Marga B. 2009. *Isang pragmatikong pagsasalin sa Filipino ng mga piling maikling kuwentong Kapampangan*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila

Constantion, Pamela. *Filipino at Pagpaplanong Panwika (Ikalawang Sourcebook ng Sangfil)*, 2005

Cruz, Clartita. 2005. *Pagsasalin sa Filipino ng mga Kuwentong Bayan ng Kamayu, Etnikong Liping Lianga, Surigao Del Sur*. Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila

Delfin, Marlene A. 2006. *Pagsasalin ng manwal, rubric at modyul 1 sa practical electricity II para sa adult night school ng De La Salle- Zobel*

- Dizon, Avena N. 2008. *Ang proseso ng pagsasalin ng sampung short stories mula sa librong Short Shorts: An anthology of the shortest stories nina Irving Howe at Ilana Wiener Howe*, De La Salle University, Manila
- Genztler, Gruenberg. 2012. *Mga Pagsasalin mula sa Rehiyon*. De La Salle University, Manila
- Gunter, Senft (2004). 2nd Lod'z Symposium: New Developments in Linguistic Pragmatics". Lodz, 7-9 May 2004, Piotr Cap Conference
- Hidalgo, Margie O. 2003. *Pagsasalin sa Filipino ng nobelang Nigerian: no longer at ease ni Chinua Achebe*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Hufana, Nerissa (2014). *Pagdalumat sa mga Sinaunang Di-materyal na Kultura ng mga B'laan sa Barangay Pisun, Cotabatong kanilang kwentong-bayan*.
- "Ifugao." Worldmark Encyclopedia of Cultures and Daily Life.
Retrieved January 23,2019
- "Ilocanos." Worldmark Encyclopedia of Cultures and Daily Life.
Retrieved January 2019
- Jocson, Magdalena O. 2007. *Isang pagtatangkang semantikong pagsasalin sa Filipino ng sangguniang aklat na a teacher's guide to classroom research ni David Hopkins*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Jocson, Magdalena at Reynaldo Aguilar (2003). *Pagbasa at Pagsulat sa iba't ibang Disipilina*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila

- Katan, David (2004). *Translating cultures: An introduction for translators, interpreters and mediators (2nd ed.)*. Manchester, England
- Komisyon sa Wikang Filipino.2003. *Manwal sa Pagsasalin*. Las Pinas
- Larson, Mildred.1984. *Meaning-Based Translation: A Guide to Cross Language Equivalence*. New York: University Press of America, Inc.
- LeBar, Frank M.ed. *Ethnic Groups of Insular Southeast Asia. Vol.2 The Philippines and Formosa*. New Haven, CT: Human Relations Area Files Press, 1972
- Lefevere, A. (1992). *Translation. History/ Culture: A Source Book*. London:Routledge
- Lopez, Rogelio M. *Agricultural Practices of the Manobo in the Interior of Southwestern Cotabato ((Mindanao)*. Cebu City, Philippines: University of San Carlos, 1968.
- Malinowski, B. (1935). *The Language of magic and gardening*. Bloomington: Indiana University Press
- Mandap, Rhodora V. 2002. *Isang teknikal na pagsasalin sa Filipino ng ilang piling bahagi ng "programmed journalism writing"*: ni James P. Alexander, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Manuel, E. Arsenio. *Manuvu' Social Organization*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines, 2002
- Manuel, Arsenio. 1995. *A Treasury of Stories*. Manila: Anvil Publishing, Inc.
- "Manuvu' (Upland Bagobo)." *Worldmark Encyclopedia of Cultures and Daily Life*.

Retrieved January 30, 2019

Manzano, Brendalyn A. 2011. *An Iluko translation of selected folktales from four ethnolinguistic groups towards a model translation*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila

Medina, Nita P. 2012. *Pag-aaral at pagsasalin sa Filipino ng mga kaalamang-bayan ng Bikol at ang kalahagahan ng mga ito sa pagtuturo ng Filipino sa bagong Lipunan*, De La Salle University, Manila

Miranda, Levi C. 2005. *Pagsasalin ng dalawang maikling kuwento ni Bienvenido N.Santos: "Tng Scent of Apples" at "The Day the Dancers Came"*, De La Salle University, Manila

Munday, J. 2001. *Introducing Translation Studies, theories and application*. London: Routledge

National Statistics Office: Government of the Philippines. *"Cordillera Administrative Region: The Least Populous Region of the Philippines."*

Newmark, Peter. 1982. *Approaches to Translation*. Oxford: Pergamon Press.
(1988). A textbook of Translation. London: Prentice Hall

Nida, Eugene A. 1969. *Toward a Science of Translating*. Leiden: EJ Brill.

Ong, Sheryl C. 2001. *Pagsasalin ng "Aloha" (1923) ni Deogracias A. Rosario gamit ang "triad framework" ni Pierce*, De La Salle University, Manila

Pagkalinawan, Leticia. 2007. *Wikang Filipino, Batis-Impukan at Salukan ng mga Pilipinong may Iba-ibang wika at kultura: Iba't ibang konsepto ng Pagtanggap*. Manila. Far Eastern University Publishing, Inc.

- Paranan, Lydia C. 2002. *Pagsasalin sa Filipino ng mga piling kontemporaryong kuwentong Hiligaynon*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Parreno-de Guzman, Lucille Elna. "Caring for Seeds: Learning from the Manuvu Women in the Philippines." *Appropriate Technology*. Vol. 29. No.3 (September 2002): 54-55
- Pingul, Venus F. 2003. *Isang Pagsasalin sa Filipino ng mga Piling Kuwentong-Bayang Ilocano*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Pioquid, Erwin K. 2004. *Pagsasalin sa Filipino ng mga Piling Kuwentong- Bayang Rehiyunal na Naisalin na sa Wikang Ingles*. Pamantasang Normal ng Pilipinas
- Resurreccion, Carlo Marasigan. 2001. *Proseso at analisis ng pagsasalin ng Eleven Minutes ni Paulo Coelho*. De La Salle University, Manila
- Rosales, German B. 2010. *Pagsasalin sa Filipino ng mga piling sanaysay ni Blas Ople*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Salvacion, Dime C. 2003. *Isang pagsasalin sa Filipino ng mga kaalamang bayan ng T'boli sa Lake Sebu, South Cotabato*, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila
- Santiago, Alfonso O.2003. *Pagsasaling-Wika*. Manila: Rex Bookstore.
- Savory, Theodore. 1968. *The Art of Translation*. Great Britain: SEAMED-RELC.
- Taylor & Francis (2004). *Cultural Translation*. London: Prentice Hall

APENDIKS A: ANG KABUOANG SALIN

TEKSTO 1

BATA MAMA AT BATA BAHİ (Bukidnon)

Magkapatid sina Bata Mama (*batang lalaki*) at Bata Bahi (*batang babae*), isang pitong taong gulang na lalaki at dalawang taong gulang na babae. Nang mamatay ang kanilang mabuting ama, ang unang datu (*pinuno ng tribo*), pinakasalan ng kanilang ina ang kaniyang bayaw, ang ikalawang datu. Malupit

sa kanila ang amain at laging pinarurusahan ang mga bata sa anumang bagay na kanilang ginagawa.

Isang araw, sinabi ng amain, “Mahal kong asawa, lumipat na tayo sa ibang lugar at iwan ang mga bata sapagkat mahirap na silang pakainin at palakihin.”

“Subalit masyado pa silang bata para mamuhay mag-isa,” tutol ng nanay “paminsan-minsa’y sumususo pa sa akin si Bata Bahi.”

“Sa ayaw o sa gusto mo,” wika ng datu “iiwan natin sila o mas nanaisin mong ipapatay ko sila?” Tumangis ang nanay subalit natatakot siya sa kaniyang asawa kaya dali-dali siyang nagbalot ng kanilang mga kagamitan.

Tinawag ng datu sina Bata Mama at Bata Bahi. “Dalhin ninyo ang basket na ito at pumunta kayo sa bukid at punuin ninyo ito ng dahon ng gabi,” utos nito sa kanila. “Huwag kayong uuwi hangga’t hindi puno ang basket na ito, kung hindi ibibitin ko kayong patiwarik.”

Pagkaalis na pagkaalis ng mga bata, sinabi ng datu sa kaniyang asawa, “Mahal kong asawa magluto ka ng pagkain natin, manok ang gawin nating huling hapunan.” Tahimik na inihanda ng nanay ang pagkain. Habang kumakain sila binalaan ng datu ang nanay na huwag mag-iiwan ng pagkain para sa mga bata at patayin ang apoy sa kalan.

Nang hindi nakatingin ang datu, dali-daling nagbalot ang nanay ang pagkain sa dahon ng saging. Piniga ang kaniyang suso at pinuno ng gatas ang

bote. Ibinaon niya ang manok at ang bote ng gatas sa abo ng kalan kasama ang isang maliit na kutsilyo.

Nagsimula ng paglalakbay ang datu at ang kaniyang asawa. Habang naglalakad sila palihim na kinalag ng nanay ang bungkos ng abaka at inilalaglag ang mga ito sa kanilang dinaraan. Hindi ito napansin ng datu sapagkat ang mga asawang babae noon ay naglalakad sa likuran ng asawang lalaki.

Sa malawak na taniman ng gabi, napitas nang lahat ng mga bata ang mga talbos ng gabi subalit hindi pa rin puno ang basket.

"Ano'ng gagawin natin ngayon?" tanong ni Bata Mama kay Bata Bahi. "Wala na tayong mahanap pa," at umupo sila. Hindi sila makauwi sa takot na ibitin sila nang patiwari ng amain.

Makalipas ang mahabang oras, nagsimulang umiyak si Bata Bahi. "Nagugutom na ako" sabi ni Bata Bahi. "Umuwi na tayo." Naawa si Bata Mama sa kapatid kaya sinabi niyang "Tama na, uuwi na tayo kahit ibitin tayo."

Nang makarating ang dalawang bata sa bakuran, nakadama sila ng kakaibang katahimikan. Walang sinuman ang nasa bahay, wala ni anumang bagay, ni piraso mang damit na naiwan.

"Nasaan ang nanay?" sabi ni Bata Bahi, "Gusto kong dumedede," at umiyak siya nang umiyak. Sinubukang maghanap ng makakain ni Bata Mama. Pumunta siya sa kalanan subalit wala ni бага roon. Hinawi ni Bata Mama ang abo sa

pamamagitan ng patpat. Nakita niya ang ilang piraso ng manok na nakabalot sa dahon ng saging, ang bote ng gatas, at ang kutsilyo.

“Halika, Bata Bahi, may iniwang pagkain dito si Nanay para sa atin.” Nang hindi nila maubos ang pagkain, ibinaon nilang muli sa abo ang tirang pagkain. Hinintay nilang dumating ang kanilang nanay subalit lumubog na ang araw at lumatag ang gabi wala pa rin ni isang dumating.

Sa kalaliman ng gabi natakot si Bata Bahi at nagsimulang umiyak, “Bata Mama darating ang mangkukulam upang kainin tayo.”

“Dito na lang tayo matulog,” sabi ni Bata Mama, “sabagay makikita pa rin tayo ng mangkukulam kahit saan pa tayo matulog.”

Pinagpasiyahan nilang mahiga nang pahalang sa may pinto. Nasa magkabilang direksyon ang kanilang ulo at magkadikit ang kanilang mga sakong. Napakadilim noon.

Hatinggabi nang marinig nila ang mga yabag ng mangkukulam. Nanginig sa takot si Bata Bahi. “Huwag kang umiyak,” wika ni Bata Mama. Tiyak na mahahanap tayo ng mangkukulam kapag umiyak ka.”

Narinig nilang umaakyat ang mga yabag sa hagdan. Hindi sila gumagalaw. Lumapit sa kaniyang kapatid si Bata Mama at mahigpit na tinangan sa kamay ang kutsilyo.

Pusikit ang kadiliman noon at hinawakan ng malalamig na kamay ng mangkukulam ang katawan ng mga bata. Tinuran niyang “ito ang ulo at ito ang mga hita! Anong haba ng mga ito. Tunay na napakahahaba nito at may isa pang ulo.” Naguluhan ang mangkukulam. “Ito marahil ang tunay na mangkukulam!” umiiyak na sabi nito habang papalayo. Dali-daling tumayo si Bata Mama at sumigaw nang ubod lakas. “Kakainin kita” at umalis ang mangkukulam.

Sumapit ang umaga. “Saan natin hahanapin ang nanay? tanong ni Bata Bahi. Nang pumunta sila sa bakuran, napansin ni Bata Mama ang mga hibla ng abaka sa daan. “Siguro dito sila dumaan,” sabi ni Bata Mama. “Sundan natin ang mga abaka kung saan man ito mapunta.” Masyado pang bata si Bata Bahi para maglakad nang mahaba kaya pinasan ito ni Bata Mama.

Tuwing sasapit sila kung saan nagluto ang datu at ang kaniyang asawa lagi silang nakatatagpo ng mga pagkain at gatas sa abuhan. Matapos ang mahabang panahon nagwakas ang linya ng mga abaka at nagsimula ang bakas ng abo.

Nadama ng mga bata na mainit pa ang mga ito. “Bilisan natin ang paglalakad baka nasa malapit lang sila.” Sabi ni Bata Mama. Subalit naligaw ang mga bata matapos ang pagsunod sa mga abo.

Hindi sinasadyang napadpad sila sa masukal na gubat. At sa wakas narating nila ang isang puno ng *balangas*. Maraming bunga ang nangahulog sa lupa. Napansin ni Bata Mama na may mga bakas ng paa ng baboy ramo na paikot sa

puno. “Umakyat tayo sa puno at kumain doon, baka sakaling bumalik ang mga baboy ramo.”

Pagkaakyat na pagkaakyat nila sa mataas na mga sanga dumating ang isang langkay ng baboy ramo na may iba’t ibang laki. Kinain nila ang mga bunga na nasa lupa at nagsi-alis, maliban sa pinakamalaki’t pinakamataba sa lahat.

Nag-isip nang mabuti si Bata Mama kung paano niya mapapatay ang baboy. Pumili siya ng pinakamalaki at pinakahinog na bunga at ibinaon doon ang kutsilyo, pagkatapos ay inilaglag ang prutas. Agad na tinamaan ang baboy. Tumarak ang kutsilyo sa lalamunan nito. Umatungal ito nang napakalakas at namatay. “Mayroon na tayong malaking baboy ngayon.” Sabi ni Bata Mama kay Bata Bahi. “Paano natin ito hihiwain at lulutuin?”

“Dito ka lang Bata Bahi, hahanap lang ako ng makatutulong natin sa baboy,” wika ni Bata Mama. “Siguro, may mga taong naninirahan malapit dito. Huwag kang susunod at baka maligaw ka.”

Kaya umalis na si Bata Mama para maghanap. Sa hindi kalayuan nakakita siya ng usok kaya pinuntahan niya iyon. Nang makarating siya sa bahay tumawag siya subalit walang sinuman ang sumasagot. Umakyat siya sa hagdan at sumilip sa loob. Naroon sa bahay-kubo ang isang higanteng natutulog at humihilik nang ubod lakas. Pumulot ng bato Si Bata Mama at ipinukol sa noo ng higante. “Apu (*lolo*) gising!” sabi niya “Nandito ako.”

Tumayo ang higante, “Naku, kaya pala ako nagkaroon ng napakagandang panaginip na kumakain ng isang batang datu,” sabi ng higante. Sumagot si Bata Mama, “Huwag mo akong kainin, Apu, mayroon akong malaki’t matabang baboy na hindi ko makatay na nasa ilalim ng puno at kailangan ko ng apoy.”

Tumayo ang higante at sumunod sa bata kung nasaan ang baboy at ang kaniyang kapatid na babae. Dinala nila sa ilog ang baboy. Sinimulang hati-hatiin ng higante ang baboy at itinapong lahat ang laman nito sa ilog. “Hindi puwede ang mga bahaging ito,” paliwanag pa niya.

Tahimik na pinanood ng mga bata ang higante. Napansin nilang sa tuwing ihahagis ng higante ang karne sa ilog kinukuha ito ng malaking alimango upang dalhin sa lunggang nasa ilalim ng bato. Nang maitapon nang lahat ang karne sa ilog. Kinuha ng higante ang bituka at sinabi kay Bata Mama “Hugasan mo ito, ito lamang ang maaaring kainin, kailangan kong bumaba sa ilog at may gagawin pa ako.”

Umalis ang higante. Hinuhugasan ni Bata Mama ang bituka habang si Bata Bahi ay naglalaro sa tubig nang biglang sipitin ng alimango ang maliit na daliri ng batang babae at umiyak ito. Nagalit si Bata Mama “salbaheng alimango ka” sabi niya “bakit mo sinipit ang kapatid ko?”

“Gusto kong pumunta kayo sa bahay ko, dahil kapag bumalik ang higante kakainin niya kayo. Bumaba lang siya sa ilog upang tingnan kung nabitag ang mga laman ng baboy na itinapong niya.

Pumasok ang mga bata sa napakagandang bahay ng alimango. “Hindi kayo magugutom dito” sabi ng alimango “sapagkat marami akong pagkain, ligtas kayo sa higante rito.”

Narating ng higante ang bitag niya at walang nakita. “Saan napunta ang mga karne? Takang-taka siya habang binabagtas ang daan pabalik, subalit hindi niya natagpuan ang mga hiwa ng karne. Kaya naisip niya “Mabuti pa kainin ko na lang ang mga bata.”

Nang makarating siya kung saan nila hiniwa ang baboy wala na roon ang mga bata. Umamoy siya kung saan-saan hanggang sa ilalim ng mga bato at sinabi niya “At diyan kayo nagtatago, kukunin ko kayo riyan.”

Ipinasok niya ang kaniyang kamay sa lungga. Dali-dali iyong pinutol ng alimango sa pamamagitan ng kaniyang matatalas na sipit. Nagitla ang higante. “At wala ba akong isa pang kamay? Sabi niya. Inabot niya ang isa pa niyang kamay sa loob. Pinutol iyong muli ng alimango. Sinabi ng higante “At wala ba akong mga paa?” at inilagay niya ang paa sa loob at pinutol din iyon. At winika ng higante “Mabuting ipasok ko ang ulo ko sa loob at lamunin na sila roon.” Kaya isiniksik niya sa loob ng lungga ang kaniyang ulo. Mabilis na pinutol ng alimango ang ulo niyon at namatay ang higante.

Nang hindi makauwi sa bahay ang higante, pinasunod ng asawang babae ang anak na lalaki. “Marami siguro siyang nakuhang pagkain at hindi niya madala” wari ng asawa ng higante. Kaya hinanap ng anak ang kaniyang ama.

Nang makarating siya sa ilog nakita niyang patay na ang higante kaya kinain niya ang katawan ng kaniyang ama.

Naramdaman niya ang mga bata, “may mga tao siguro dito” wika niya. Inamoy niya ang mga ito sa ilalim ng bato. Ipinasok ng anak ng higante ang kamay sa loob ng bahay ng alimango at pinutol iyon ng alimango. Inilagay niya ang isa pa niyang kamay at gayundin ang nangyari. Ipinasok ang kaniyang mga paa sumunod ang kaniyang ulo at siya’y namatay.

Napagod sa kahihintay sa asawa’t anak ang asawang babae ng higante. Kaya nagpasiya siyang hanapin ang mga iyon. “Marahil, kinain na nilang lahat doon, kaya hindi na sila nagbalik,” wari niya.

Nang makarating siya sa ilog natagpuan niya ang katawan ng kaniyang anak at kinain niya ito. Pagkatapos, naamoy niya ang mga bata sa ilalim ng bato. Inabot niya ang mga ito ng kaniyang kamay at gayundin ang nangyari sa kaniya. Pinutol ng alimango ang kaniyang mga kamay, mga paa, at ang kaniyang ulo kaya namatay rin ang asawa ng higante.

“Bata Mama at Bata Bahi” wika ng alimango sa mga bata “dumito muna kayo kasama ko, maaari ninyong ipagpatuloy ang paghahanap sa mga magulang ninyo kapag malalaki na kayo.” Namuhay ang mga bata kasama ng alimango hanggang sa nagsilaki sila.

Isang araw, makalipas ang maraming taon. Sinabi ng alimango “Bata Mama at Bata Bahi dapat na nating lisanin ang lugar na ito ngayon sapagkat malapit na akong mamatay. Magtutungo ako sa pinagbubuhatan ng ilog at doon ko hihintayin ang aking kamatayan.” Sinidlan ng kalungkutan ang mga bata dahil sa naging parang ina nila ang alimango. “Subalit bago ako yumao, iiwan ko sa inyo ang aking mga sipit. Ibaón ninyo ito saan mang lugar na nanaisin ninyong manirahan at tutubo ang isang puno. Ibibigay ng puno sa inyo ang anumang bagay na nanaisin ninyo. Isa sa mga ipagkakaloob nito ang mga pares ng makapangyarihang gong. Isang araw, darating ang inyong mga magulang. Makikilala ninyo sila dahil magkakaroon ng malakas na ulan.”

Matapos ang winikang iyon, binunot ng alimango ang kaniyang sipit at gumapang paalis. Malungkot na tinanggap nina Bata Mama at Bata Bahi ang sipit at sinunod ang utos ng alimango. Nagpatuloy sila sa paghahanap sa kanilang magulang.

Nagtanong ang magkapatid sa isang matandang babae na nasa isang bahay kung may napadaan ba roon. Sumagot ang matanda na ang datu at ang asawa nito ay dumaan nga subalit napakatagal nang panahon iyon. “Nagtungo sila sa lugar sa harap na kinatatayuan ninyo,” wika ng matanda. Nagpasalamat ang mga bata at nagpatuloy.

Makalipas ang isang linggo, sinabi ni Bata Mama, “Bata Bahi, magtayo tayo ng bahay rito.” Kaya ibinaon nila ang sipit ng alimango. Nagkaroon ng

malaking palasyo. Pumanhik sila sa malaking palasyo at natagpuan doon ang lahat ng kailangan nila. Mayroon doong iba't ibang hugis ng batingaw at mga damit na para sa prinsipe at prinsesa. Noon din sila ay naging sina Don Juan at Donya Maria.

Nagulat ang mga taong naninirahan malapit sa kanilang palasyo. “Sino itong makapangyarihang datu na nagawang itayo ang palasyo sa loob lamang ng isang araw?” tanong nila sa isa’t isa at pinagpasiyahan nilang dalawin ang mayari. Isa sa mga bisitang iyon ay ang malupit na datu at ang nanay nina Bata Mama at Bata Bahi.

Nang makita ni Don Juan na naglalakad ang mga tao patungo sa palasyo, pinatugtog niya ang batingaw. Tinanggap nila ang mga tao sa pamamagitan ng lahat ng uri ng masasarap na pagkain at musika ng batingaw. Nang malapit na sa bahay ang datu at ang asawa nito bumuhos ang malakas na ulan. Napakatindi ng ulan na lumikha ng malaking hukay sa lupa. Sinabi nina Don Juan at Donya Maria, “maaaring sila ang ating nanay at amain.”

Ipinagpatuloy ni Don Juan ang pagtugtog ng batingaw. Lalong lumakas nang lumakas ang ulan. Nahilam ng malakas na ulan ang malupit na datu at halos hindi makalakad dahil sa putik. Ni hindi man lang nahirapan ang nanay ng mga bata sa pagpasok sa palasyo. Madali niyang narating ang hagdan subalit basang-basa siya. Sinalubong ni Donya Maria ang ina tangan ang isang

elegante at tuyong balabal. Nang mabatid ng nanay na sina Don Juan at Donya Maria ang kaniyang mga anak, luhaan niyang niyakap ang mga ito.

Samantala, ang datu ay nadapa sa ulan at halos hindi na magawang makagapang sa makapal na putik. Gumapang siya hanggang marating ang trangkahan at hinimatay. Natagpuan siyang nanginginig sa putikan at umiiyak sa takot. Itinigil ni Don Juan ang pagtugtog ng batingaw at tumila ang ulan. Binigyan ni Donya Maria ng mainit na tubig na maiinom ang datu. Humalik ang datu sa laylayan ng damit ni Donya Maria at humingi ng tawad. Pagkatapos sama-sama silang namuhay nang masaya.

- Carmen Ching Unabia (1976)

TEKSTO 2

ANG MABAIT AT ANG MAINGGITING MAGKAPATID (MANUVU)

Noong unang panahon, may dalawang magkapatid na babae, isang masungit na kung tawagin ay Meraat Bawa at isang mabait na kung tawagin ay Mepiya Bawa.

Isang araw nagpunta si Mepiya Bawa sa tabing-ilog upang kunin ang nilabhan niyang kulambo at ilatag ito upang matuyo.

Isang ligaw na inahing manok ang dumating, “Mepiya Bawa”, ang sabi ng inahin, “huwag mong kunin ang kulambo mo dahil nais kong iputan ito.”

Sinikap ni Mepiya Bawa na hindi magmukhang gulat. “luuwi ko na sana ito,” sabi niya. “Ngunit sige, gawin mo ang gusto mong gawin.” Pinagpag ng ligaw na inahin ang kaniyang balahibo at umupo na sa kulambo.

Ngunit sa halip na iputan ito nangitlog siya nang napakarami, napuno ng dose-dosenang nakasisilaw na puting itlog ang kulambo.

“Halika, kunin mo na ngayon ang kulambo mo dahil basá na ito ng aking mga ipot,” ang tawag ng ligaw na inahin.

“Siya sige,” tugon ni Mepiya Bawa, at anong tanawin ang tumabad sa kaniyang paningin. Pinasalamatan nang labis-labis ng butihing dalaga ang ligaw na inahin. Pagkatapos ay lumakad na siyang pauwi na dala ang mga itlog.

Sa pintuan, nakasalubong na siya ni Meraat Bawa na patungo sa ilog upang labhan ang kaniyang kulambo. “Ano ang dala mong iyan?” pagtatanong ni Meraat Bawa. Ipinakita sa kaniya ni Mepiya Bawa ang mga itlog at sinabi sa kaniyang kapatid kung ano ang nangyari.

“Naiinis ako,” ang sabi ng mainggiting kapatid, “gusto ko pa naman ng itlog sa almusal at heto nagkaroon ka ng maraming-maraming itlog. Pupunta na agad ako sa ilog at para makakuha rin.”

Sa tabing-ilog inilatag ni Meraat Bawa ang kaniyang kulambo. “Hindi ko na kailangan pang labhan ito,” pangangatwiran ni Meraat Bawa, “dahil hindi magtatagal mapupuno ito ng mga itlog, sa halip uunatin ko pa itong maigi upang magkamal ako ng maraming itlog.”

Hindi nga nagtagal dumating ang ligaw na inahin, “Meraat Bawa,” ang sabi ng inahin, “Maaari ko bang gamitin ang iyong kulambo para iputan ito?”

“At bakit kailangan mong iputan ang aking kulambo?” galit na sabi ni Meraat Bawa, “Bakit hindi ka na lang mangitlog diyan sa halip na iputan?”

Nagpunta sa ibabaw ng kulambo ang ligaw na inahin at nagsimula itong tuluyang iputan iyon. “Maaari mo nang kunin ngayon ang iyong kulambo dahil puno na ito ng mga itlog,” ang sabi ng inahin.

Nang makita ni Meraat Bawa ang kulambong punung-puno ng dumi hindi niya ito mapaniwalaan.

“Salbaheng inahin iyon!” ang sabi ni Meraat Bawa. “Bakit ba kailangang tratuhin ako ng kakaiba? Kapag bumalik ang ligaw na inahing iyon papatayin ko siya.” Hirap na hirap si Meraat Bawa sa pag-aalis ng mantsa sa kaniyang kulambo.

“Huwag mo nang isipin iyon,” sabi ni Mepiya Bawa nang sabihin niya rito kung ano ang nangyari sa tabing-ilog.

“Gusto mo bang sumama sa akin upang paliguan ang buhok mo sa batis?”

“Pumunta ka na,” sagot ni Meraat Bawa. “Masama pa rin ang loob ko.”

Sa batis, tinatanggal pa lamang ni Mepiya Bawa ang kaniyang pusod nang may maliit na isdang pait ang dumating. “Maaari ko bang hilahin ang bulbol mo?” pagtatanong ng pangit na isda.

“Kung iyon ang nais mo,” natatawang sagot ng butihing si Mepiya Bawa. Lumapit ang isda at hinila ang buhok sa ulo ni Mepiya Bawa. Humaba nang humaba ang buhok ng dalaga hanggang sa halos umabot ito sa pagliko ng ilog.

“Maraming salamat!” sabi ni Mepiya Bawa, at nagsimula nang paliguan ang kaniyang malusog na buhok. Naging napakaganda niya dahil sobrang haba na ng kaniyang buhok ngayon.

“Ano’ng nangyari,” tanong ng kaniyang kapatid na si Meraat Bawa. “na sa pag-uwi mo galing sa paliligo’y lalong humaba ang buhok mo?”

“Nakakita ako ng isang isda,” sagot ni Mepiya Bawa at nagpatuloy sa pagkukuwento ng lahat ng tungkol doon kay Meraat Bawa. Kaya nagpasya ang nakatatandang kapatid na paliguan na rin ang kaniyang buhok sa batis.

Sa batis, sinimulang alisin ni Meraat Bawa ang kaniyang pusod. “Ngayon, nasaan na ang isdang pait? pasalangsang niyang pagtatanong.

Maya-maya lamang lumitaw na ang isda at tinanong siya, “gusto mo bang hilahin ko ang bulbol mo?”

“Hindi iyon ang kailangan ng paghila,” sabi ni Meraat Bawa. “Bakit hindi mo hilahin ang buhok ko sa ulo upang humaba ito tulad ng sa kapatid ko.”

Tumalon papaitaas ang pait at sinimulang hilahin ang bulbol ni Meraat Bawa hanggang sa tumubo ito nang napakahaba.

“Bakit ba ang mga bagay na gaya nito ang nangyayari sa akin” reklamo ng mainggiting kapatid. “Kailangang makalamang ako. Paano ko ngayon aayusin ang sarili ko na may napakahabang bulbol?”

Nang makita ni Mepiya Bawa ang nangyari sa kapatid, sinabi nitong, “wala na tayo ngayong magagawa pa diyan, di ba? Bakit ba kailangang mag-aalala ka pa diyan? Halika mangisda na lang tayo.” Ngunit ayaw ni Meraat Bawa.

Ang butihing kapatid na lang ang nagpuntang mag-isa para mangisda, huminto ito sa bahay ng kaniyang kaibigang buwaya. “Turuan mo ako kung paano manghuli ng isda.” sabi ni Mepiya Bawa.

“Ako ang manghuhuli ng isda para sa iyo,” sagot ng buwaya, “Kung magagawa mong bantayan ang anak ko.” “Oo naman, salamat,” sabi ng butihing dalaga.

Nang makaalis ang inang buwaya, inihele ni Mepiya Bawa ang anak ng buwaya sa telang hamaka nito at umawit ng:

Tulog na, tulog na

O sanggol ng buwaya

Duya'y baging na umiimbay

Halimuyak mo'y pulbong masamyo

Pabango sa dahong insenso

Narinig ng buwaya ang pag-awit at sinabi sa kaniyang sarili, “Anong buting kaibigan nitong si Mepiya Bawa, umaawit siya na napakabango ng aking anak. Mabuti pa’y humuli ako ng maiinam na isda para sa kaniya.” At sinimulan niyang masigasig na mangisda.

Kalaunan, bumalik ang buwaya na may dala-dalang dalawang dipang baging na punung-puno ng mga igat, mga hipon, at mga hito. Natuwa si Mepiya Bawa. “Mabuti siguro’y umuwi ka na ngayon at lutuin na ang mga iyan.” sabi ng buwaya. “Hindi ko kayang bitbitin lahat ito,” sabi ng butihing kapatid, “paghatian natin ang mga ito.” “Hindi na kailangan,” tugon ng buwaya, “marami pa niyan kung saan nanggaling ang mga iyan.”

Nakaupo sa may bintana si Meraat Bawa, nang makita ang kaniyang kapatid na pauwing pasuray-suray na may dalang isda. “Mangingisda rin ako sa lugar na iyon,” sabi ng mainggiting kapatid, nang ikuwento ni Mepiya Bawa kung paano iyon nangyari.

“Matagal-tagal na rin akong walang natatanggap mula sa kahit na sino.”
Tumayo siya at pinili ang pinakamalaking basket para dalhin. Higit na maigi ito kaysa bitbitin ang lahat ng isdang nakatuhog,” ang sabi ni Meraat Bawa.

Tumawag ang mainggiting kapatid sa bahay ng buwaya, “hoy buwaya, nasaan ka?” “Binabantayan ko ang aking anak,” sagot ng buwaya. “Babantayan ko ang anak mo kung iyan ang pumipigil sa iyo upang ipangisda mo ako,” sabi ni Meraat Bawa, umakyat sa hagdan ng bahay ng buwaya.

“Kung gayon, sige,” sabi ng buwaya, “ngunit pakaingatan mong mabuti ang anak ko sapagkat mas mahalaga pa siya kaysa sa lahat ng hito na hinahangad mo.”

At umalis na ang buwaya. Nang halos marating na nito ang makapal na damuhan sa labas, gayunma’y nag-unat ang buwaya upang makapagpahinga. Narinig niya si Meraat Bawa na umaawit:

Tulog na, tulog na

O sanggol ng buwaya

Duyan moy baging na umiimbay

Halimuyak mo’y dumi ng hayop ang kapara

Gaya ng ipot ng manok sa umaga.

Nagalit ang buwaya nang marinig ang awit. Paano naging amoy ng anak ko ngayon ay itulad sa tae? Walang kuwentang tao itong si Meraat Bawa. Mabuti

pa'y manghuli na ako ng isda at bayaran siya sa pagbabantay sa aking anak upang umalis na siya."

Masyadong naging balisa ang buwaya, na ang kinaya lamang hulihin ay isang maliit na isda.

Nasa di-kalayuan na siya nang tawagin siya ni Meraat Bawa. "Bilisan mong manghuli ng isda, buwaya, matindi na ang sikat ng araw at mauubusan na ako ng oras para manguha ng panggatong para iluto iyan."

"Hindi ako naging matagumpay sa pangingisda," sagot ng buwaya, ipinakita niya kay Meraat Bawa ang nag-iisang isda.

"Walang silbi pagpapa-isda ko sa iyo, buwaya," sabi ni Meraat Bawa. "Inutil!" hinablot niya ang isda at nagtungo pababa ng bahay nang walang sabi-sabi.

"Mabuti na iyon kaysa wala ni kahit na anong isda," sabi ni Mepiya Bawa. Nang sabihin sa kaniya kung ano ang nangyari. "Naubos ang boses ko sa kaaawit," sabi ni Meraat Bawa, "tulad ng dati, wala akong nahita rito."

Nang sumunod na araw sinabi ni Mepiya Bawa, "Ano kaya kung manguha tayong dalawa ng labong ng kawayan?" "Naiinis pa rin ako." Tugon ni Meraat Bawa.

Hawak ang kutsilyo, naghanda paalis si Mepiya Bawa. Nang makarating na siya sa isang kumpol ng kawayan at sinimulang putulin ang *labong*, isang usa

ang tumawag mula sa kabilang panig ng kumpol ng kawayan. “Mapait ang mga labong na iyan, Mepiya Bawa, mas mabuting itapon mo na iyan. Sa halip ay pumarito ka.”

Lumapit si Mepiya Bawa at nakita ang isang malaking usa na nakahiga sa gilid nito. “Nais kong hiwain mo ang ilan sa mga laman ko sa likod,” sabi ng usa, “hindi na ako makalakad dahil sa aking katabaan.”

“Magiging napakasakit sa iyo ang hiwain ka,” sagot ni Mepiya Bawa, “Maaari ka pang mamatay.”

“Hindi, ni hindi ito makasasakit man lang,” sagot ng usa. “Basta hiwain mo ang labas na bahagi. Pakaingatan mo lamang ang aking puso, ito na ang maaaring maging katapusan ko.”

Maingat siyang sumunod sa utos at hiniwa ni Mepiya Bawa ang taba ng usa na ninanais nitong maalís. Pagkatapos ay inilagay niya ito sa kaniyang tuhugan. “Hangad kong maging maayos na ang pakiramdam mo,” sabi ni Mepiya Bawa. “Babalik ulit ako upang bisitahin ka para makita kung maayos ka na.” At pinasalamatan niya ang nagpapasalamat na usa.

Umuwi na si Mepiya Bawa na dala ang laman ng usa at ikinuwento sa kaniyang kapatid ang pangyayari. “Pupunta rin ako roon, sabi ni Meraat Bawa, na sinimulang patalasin sa hasaang bato ang kaniyang malaking kutsilyo. Napakatalas na niyon at nang subukin ito sa kaniyang binti ay naahit nang

malinis ang binti nito. “Hindi katulad ng mapurol mong kutsilyo,” sabi ni Meraat Bawa.

Binagtas na ng mainggiting kapatid ang daan patungo sa kumpol ng kawayan at nagwika, “Nasaan ang usa na nagnanais na magpahiwa?”

“Nandito,” mahinang tugon ng tinig na nagmumula sa likod ng kumpol ng kawayan. Natagpuan ni Meraat Bawa ang isang usang nakahiga sa gilid nito. “Nabawasan na ng butihing kapatid mo ang laki ng aking katawan” sabi ng usa, “Ngunit kailangan ko pang bawasan ang marami pang taba. Masyado pa rin akong mabigat.”

“Gagawin ko,” tugon ni Meraat Bawa. “Isang bagay lang ang hihilingin ko sa iyo, Meraat Bawa, na huwag mong gagalawin ang aking puso,” sabi ng usa. “Ang labas na laman lamang ang kailangan mong maalis.”

“O siya sige,” sagot ni Meraat Bawa. Maingat na umunat ang usa. Dalidaling nagsimulang hiwain ng mainggiting dalaga ang laman ng usa. “Mainam ang tabang ito!” sabi ni Meraat Bawa na may kasakiman sa paghihiwa ng bawat bahagi. Sa wakas, may mahihita na ako ngayon. “Tiyak na magiging masarap ang mga laman ng ito. Ano kaya kung pumaling ka sa kabila?” Tinulungan niya ang usa na pumihit pakabila at sinimulang humiwa muli at mabalatan ang usa nang sagad hanggang buto.

“Ngayon ang pinakamainam na bahagi sa lahat, ang puso,” ang sabi ng walang-awang si Meraat Bawa. “Dapat na makuha ko pati iyon.”

“Tama na iyan!” Ang sabi ng usa. “Iyan na ang hangganan ng aking pag-ibig, kinuha mo na ang aking buong katawan. Hindi mo maaaring makuha ang aking puso.”

“Mayroon bang ipinagdaramot sa magkaibigan?” tanong ni Meraat Bawa. “Tatal halos ibinigay mo nang lahat.” Dinaklot niya nang mariin ang puso ng usa at muntik na itong maukit palabas nang ang usa’y biglang tumayo. Sinuwag nito nang sinuwag si Meraat Bawa hanggang mamatay ang dalaga.

“Matapos kong ibigay sa iyo ang lahat ng aking laman, naghangad ka pa nang higit, sobra na iyon, talagang sobra na! Iyon na ang katapusan ng habag ko sa iyo, Meraat Bawa, nang naisin mo ang aking kamatayan.

- from Hazel Wringglesworth (1981)

TEKSTO 3
ANG MAPANGANIB NA DUYAN
(IFUGAO)

Papunta sa kamalig si Bugan upang kumuha ng ilang bungkos ng palay nang mapadaan ang kaniyang kaibigang si Magapid.

“Maaari ba akong sumama sa iyo para maiatang ko sa ulo mo ang basket?” tanong ni Magapid na palihim na naiinggit sa buhay-pamilya ni Bugan. Pumayag ang maybahay. At sabay silang pumunta sa kamalig. Pinuno ni Bugan ang kaniyang *pahiking* at sinarhan ang kamalig. “Halika at tulungan mo akong buhatin ang basket.”

“Magpahinga ka muna,” sabi ng kaniyang kaibigang si Magapid. “Magduyan tayo saglit.” May malapit na duyan na nakabitin sa isa sa pinamalaking puno at para sa lahat.

“Ayaw kong magduyan,” sabi ni Bugan “Napakataas at nakakatakot iyon. Isa pa, hindi ko iyon maaabot.”

“Magandang duyan iyon,” sabi ni Magapid. “Halos maabot mo ang langit. Halika na patutungtungin kita sa likod ko para maabot mo iyon,” sabi ni Magapid, habang hinihila si Bugan patungo sa duyan.

“Natatakot ako masyadong mataas iyan para sa akin,” nag-aalangang sabi ni Bugan. Subalit patuloy sa pangungumbinsi si Magapid. “Kapag nahilo ka,” sabi ni Magapid, “Ihihinto ko agad ang duyan at ibababa kita.” Tumatawang napasang-ayon si Bugan.

“Mabuti pa hubarin mo muna ang mga alahas mo,” sabi ni Magapid. “Baka masira kapag nahulog ang mga iyan.”

Tinanggal ni Bugan ang kaniyang mga pahiyas na kuwintas at mga pulseras at ibinigay ang mga iyon kay Magapid. Nangangatal na isinuot ni Magapid ang mga iyon sa kaniyang leeg at braso: naging kamukhang-kamuha niya si Bugan.

Iniluhod niya ang kaniyang isang tuhod at hinayaang tumuntong sa kaniyang hita si Bugan at makasampa sa duyan. Pagkatapos, malakas na itinulak ni Magapid ang duyan.

Napagod agad si Bugan sa pagduduyan. “Tama na, tama na, nahihilo na ako,” sabi ni Bugan. Subalit patuloy pa rin sa pag-ugoy ng duyan si Magapid, palakas nang palakas hanggang sa tila maabot na nito ang mga sanga. Nahilo si Bugan subalit hindi tumigil si Magapid sa pag-ugoy sa duyan. Humulagpos ang hawak ni Bugan sa duyan. Nahulog siya sa lupa na una ang ulo at nabali ang kaniyang leeg.

Tiningnan ni Magapid si Bugan na nakahandusay sa lupa. Hindi niya malaman kung ano ang gagawin. Tinitigan niya ang mga alahas ni Bugan sa kaniyang katawan. Biglang tumakbo sa kamalig si Magapid at pinuno ng palay ang *pahiking* sa kaniyang ulo. Pagkatapos tumungo siya pauwi sa bahay ni Bugan.

Naghihintay sa pinto ang lalaking may-ari ng bahay, si Aliguyon at tinulungan niyang ibaba ang mga bungkos ng palay sa ulo ni Magapid. Tinitigan ni Aliguyon si Magapid na tila ba nasa kawalan. “Siya ba ang asawa ko o hindi?” tanong niya sa kaniyang sarili subalit agad na inalis iyon sa kaniyang isipan. “Iyon ang mga alahas ni Bugan, siyempre siya ang aking asawa, anong kabaliwan ang isipin iyon.”

Sa lugar na kinamatayan ni Bugan dumagsa ang mga uwak. Inayos nila ang katawan ni Bugan at binuhay itong muli. Tinanong ng uwak na mensahero ng mga Diyos si Bugan. “Gusto mo bang maging katulad namin? Gusto mo bang sumama sa amin?”

“Oo! oo!” sabi ni Bugan. Magsama-sama tayo.”

Bumunot ng ilang mahahabang balahibo ang bawat uwak at ikinabit ang mga iyon sa braso ni Bugan hanggang magkaroon siya ng sariling mga pakpak. Sinabi ng mga uwak sa kaniya. “Ngayon, tingnan natin kung makalilipad ka.” Lumipad si Bugan subalit mababa, pasadsad sa dawagan. “Dumapo ka saglit. Sa gayon madaragdagan namin ang iyong mga balahibo” sabi ng mga uwak.

Bumunot pa sila ng mga balahibo sa kanilang mga katawan at inilagay ang mga iyon sa katawan ni Bugan at winika, “Sige lumipad ka,” lumipad si Bugan, pataas at pataas nang pataas. Sinamahan ng mga uwak si Bugan hanggang sama-sama na silang lumipad sa himpapawid.

Nangayayat nang husto si Bugan sa pakikipamuhay kasama ang mga uwak. Hindi lamang dahil sa duhagi ang kaniyang puso kung hindi dahil na rin sa hindi siya makakain nang husto. Hindi niya gusto ang mga bungang ligaw na kinakain ng mga ito.

Isang araw, humiwalay sa langkay ng mga uwak si Bugar at lumipad mag-isa. Dumapo siya sa isang puno na natatanaw sina Aliguyon at Magapid na nagtatanggal ng mga damo sa bukid.

“Wak! wak! wak!” iyak ng uwak. “Tinatangalan mo ang mga iyan ng mga damo, subalit akin ang bukid na iyan, akin! Akin! Akin!” Tumingala si Magapid at sinabi, “Tingnan mo iyon mahal kong asawa masarap sigurong kainin ang uwak na iyon.”

Hindi siya pinasin ni Aliguyon. Nang yumuko muli si Magapid upang magtanggal ng mga damo, umikot muli ang uwak sa bukid at muling nagwika. “Wak! Wak! Wak! Suot-suot mo ang mga alahas subalit ang kuwintas at pulseras na iyan ay sa akin! akin! akin!”

Nagagalit na tumingala si Magapid, “Baliw na uwak!” wika niya. “Dapat batuhin kita.” Subalit patuloy na inakusahan ni Bugar si Magapid. Kinakabahang dumampot ng bato si Magapid at ipinukol sa uwak at muntik nang tinamaan. Bumalik siya sa pagtatrabaho na nagbibingi-bingihan sa sinasabi ng ibon.

Isang araw, dumapo ang uwak sa namumungang puno sa harapan ng pinto ng bahay ni Aliguyon. Nanginain siya ng mga bunga niyon at nangahulog ang mga balat sa lupa. Naglalaro ang dalawang-taong gulang na anak na lalaki ni Aliguyon sa bakuran. Nakita niya ang uwak na nakadapo sa paboritong puno ng kaniyang ama.

“Tingnan mo, Ama,” tawag ng bata. “Kinakain ng uwak na iyon ang bunga ng iyong puno.” Bumaba ng bahay si Aliguyon at binato ito. Lumipad palayo ang uwak.

Nang sumunod na umaga, nagbalik muli ang ibon. Dumapo itong muli sa dating puno sa may daanan ng pintuan, palipat-lipat mula sa isang sanga patungo sa iba pang sanga. Pinanonood niya ang naglalarong bata sa ibaba. Tiningala ng bata ang ibon at tumawag. “Ama, hulihin mo ang ibon para sa akin.” Bumaba ng bahay si Aliguyon at umakyat sa puno. Hindi pumiglas ang uwak nang hulihin ito ni Aliguyon. Ibinigay niya ang ibon sa kaniyang anak upang mapaglaruan nito.

Inilagay ng bata ang ibon sa isang lalagyan kung saan iniimbak ang mga panggatong. Subalit isang araw, nang walang sinuman ang nakakikita, lumipad ang ibon at nagtago sa kamalig.

May ugali ang batang lalaki na dala-dala ang plato, tumatakbo at naglalaro habang kumakain nang paunti-unti. Inilagay ng kaniyang ama ang pagkain sa platong kahoy at bumaba ang batang dala-dala ito habang kumakain.

Isang araw, nasa loob ng bahay ang tatay, nakaupo ang bata sa lupang malapit sa poste ng bahay. Nakita siya ng uwak. Inisip niyang tawagin ang anak dahil sa nangungulila siya rito. Tinanggal muna ng ligaw na uwak ang kaniyang mga balahibo. Nagtungo siya sa kamalig at muling nag-anyong babae.

Nang narinig ng bata na tinatawag ang pangalan niya, pumunta ito sa kamalig. Nakakita siya ng babae sa loob. Habang papalapit nakilala niya ang kaniyang nanay na nakatayo sa likod ng poste.

Umiiyak na sinabi ng bata, “Nay, nanay, ikaw nga ang nanay ko.” Kinarga at pinasuso niya ito. Nang mabusog ang bata ibinaba niya ito at sinabi, “Lakad, ikuha mo ako ng kanin para makakain ako, gutom na gutom na kasi ako. Kapag tinanong ka ng tatay mo kung sino ang kakain, sabihin mong ikaw.”

Umakyat ng bahay ang bata at pinuno ng napakaraming kanin ang platong kahoy saka dali-daling bumalik sa imbakan upang ibigay sa kaniyang ina. Gutom na gutom na kumain si Bugan. Nang bumalik ang bata na wala nang laman ang plato, nagtaka ang ama. Nagtanong siya, “Nasaan lahat ang kaning inilagay mo sa platong kahoy?”

Sumagot ang bata, “Kinain ko po,” subalit hindi naniwala sa kaniya ang ama. Bumalik muli ang bata. Pinunong muli ng kanin ang platong kahoy.

Sinabi ng kaniyang tatay, “Kung kumakain kang mabuti e, bakit hindi ka lumalaki?” nagdududang sabi ni Aliguyon sa anak. Pinunong muli ng bata ang platong kahoy at muling dinala sa ibaba.

Sinundan ni Aliguyon ang bata sa kamalig. Sumilip siya sa nakasiwang na pinto. Nakita ni Aliguyon sa dilim na napaliligiran ng bungkos ng palay, ang

kaniyang asawang nakasalampak sa lupa at nakakamay at hayok na hayok na kinakain ang kanin. Siya ay hubo't hubad.

Hinilam ng luha ang mga mata ni Aliguyon nang makita niyang nagpakandong ang kaniyang anak sa ina at nagsimulang sumuso. Iniugoy at ipinaghele ito habang pinasususo.

Sumilakbo ang matinding galit si Aliguyon. Naisip niya, “maya-maya kapag umuwi ng bahay ang impostor na si Magapid, itatapon ko siya sa bangin.”

Pinagmasdan niya ang kaniyang mag-ina. Nakita niya ang mga balahibo sa paanan ni Bugan na ibinigay ng mabubuting uwak. Ninais niyang hawakan si Bugan sapagkat nangungulila siya rito at baka mabilis na itong makalipad pagkatapos makakain. Nagmamadaling pumunta si Aliguyon kay Bugan at mahigpit niya itong niyakap. Halos himatayin sa kahihyan si Bugan sapagkat hubo't hubad siya.

“Pinakamamahal kong asawa,” sabi ni Aliguyon, “Bakit ba nalinlang ako. Anong nangyari sa iyo at naging ibon ka?”

Isinalaysay ni Bugan kay Aliguyon ang lahat ng nangyari sa duyan- ang pagkahilo, ang pagkahulog. “Umuwi na tayo,” wika niya.

Nang hapong iyon, pumunta si Aliguyon sa mapanganib na kabilang ibayo ng gubat na kinaroroonan ng duyan kung saan nagsilaki na ang maraming tinik.

Pumutol siya ng maraming sanga. Napakatagal na oras bago niya nauwi ang lahat ng iyon at maikalat sa harap ng bakuran.

Nang umuwi si Magapid na sunong ang *pahiking* ni Bugan, pinigilan niya ito at hinila ang mga alahas na suot sa leeg at braso. Inihagis siya ni Aliguyon sa lupa at gumulong sa mga tinik hanggang ang kaniyang katawan ay magdugo at magkasugat-sugat. Gumulong palayo sa kaniya si Magapid hanggang makarating sa bingit ng bangin at nahulog.

Ibinalik ni Aliguyon kay Bugan ang kuwintas at mga pulseras at nagsama silang muli.

- Francis Lambrecht (1955)

TEKSTO 4

SI WALU AT ANG HIKAW NG KANIYANG ASAWA (MANUVU)

Ikinababahala ni Walu, isang hangal, ang pagkakaroon ng iisang hikaw ng kaniyang asawa na si Binsay habang ang ibang kababaihan ay may suot na dalawa.

“Iminumungkahi ko,” wika ni Walu, “na ikaw Pagigit, aking anak, ay sasama sa akin sa lupa ng mga Maranaw. Tatambangan natin ang sinuman na maaaring pagkuhanan ng kapares na aritis ng iyong ina. Pinakamabuting gawin ay magkaroon ng tugaygayan upang madaling makatakas kung kinakailangan.”

Hindi batid ng mag-ama na ang kanilang ginawang tugaygayan ay umabot at natapos sa sarili nilang balon. Sinabi ni Walu, “Dito na tayo maghintay sapagkat dito dumaraan ang mga tao papuntang balon.”

Naghintay si Walu sa pagtambang kasama si Pagigit. Bandang tanghali, umalis si Binsay sa bahay upang kumuha ng tubig mula sa sapa. Nang makarating siya sa lugar kung saan nagtatago si Walu, agad siyang sinalakay nito. Pinagpira-piraso ang katawan niya ng mag-ama. Hinanap nila ang aritis ng babae at natagpuan ito sa isang tainga.

Hindi napagtanto na napatay nila si Binsay, tinanggal ni Walu ang aritis at nagwika, “Masuwerte tayo at napatay natin ang babaeng Maranaw na may iisang aritis.”

Pagdating sa bahay, tinanong nila kung nasaan si Binsay. Sumagot ang mga anak, “Umalis siya upang kumuha lamang ng tubig ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nakababalik.”

Nagwika si Walu, “Pupunta ako sa balon at hahanapin siya sapagkat nag-aalala na ako sa kaniya.” Umalis siya at pagkarating sa lugar nakita niya ang

lasog na katawan ni Binsay. Sinabi ni Walu, “Pinatay ng mga Maranaw ang isa sa atin. Kay bilis nila tayong nagantihan.”

Kasama ang kaniyang anak na si Pagigit, umalis si Walu upang ipaghiganti ang pagkamatay ni Binsay. Binagtas nilang muli ang daan patungong balon at doon naghintay. Ngunit tulad ng dati, hindi nila alam na ito ay ang kanilang sariling balon. Maya-maya, dumating sa balon ang isa pang anak na lalaki ni Walu, si Dumadila. Hindi siya nakilala ni Walu at gayundin si Pagigit kaya pinatay nila ito.

Mabilis silang umuwi ng bahay at nang makarating, tinanong ni Walu, “Saan pumunta si Dumadila?” Ang sumunod na anak, si Dumaguyud ang sumagot, “Pumunta siya sa balon upang kumuha ng tubig.”

Napagod na sa paghihintay si Walu nang matagal na at hindi pa dumarating si Dumadila. Sinabi ni Walu, “Susundan ko siya at nag-aalala na ko.” Narating ni Walu ang pinagkukuhanan ng tubig at dito natagpuan niya ang isang bangkay. Siya’y nagwika, “Pinatay ang isa sa aking mga anak. Lubhang mabilis nga ang mga Maranaw makapaghiganti. Ngunit may katapusan rin kayong mga Maranaw, sapagkat ako ang lalaking walang inuurungan.”

Inilibing ni Walu ang bangkay ng anak at dali-daling umuwi. Sinabi niya kay Pagigit na muli silang sinalakay. “Halika,” sabi ni Walu, “Hindi ako titigil hanggat hindi ako nakagaganti.”

Muli silang umalis at nang marating ang hindi pa ring nakikilalang sariling balon, naghintay sila. Maya-maya pa'y dumating si Dumaguyud. Habang palapit siya nang palapit, agad nila itong sinugod at pinatay. Mabilis nilang nilisan ang lugar at pagdating sa bahay, natagpuan nilang wala roon si Dumaguyud. Hinintay nila ito ngunit hindi na rin nagpakita. Kaya nagsabi si Walu na, "Hahanapin ko siya sa may balon."

Pagdating sa balon, nakita niya ang anak na si Dumaguyud na patay. Nasaksihan niya kung anong nangyari at ganoon na lamang ang galit niya sapagkat halos lahat ng kaniyang anak ay patay na. Bumalik siya sa bahay at sinabi kay Pagigit na pinatay si Dumaguyud.

"Makabubuti kung mananatili ka sa bahay, Pagigit, ako na lamang ang maghihiganting mag-isa." Wika ni Walu. "Mabuti" ang sagot ni Pagigit, "dahil walang magbabantay ng bahay at wala ring magluluto."

Muling umalis si Walu at naghintay sa balon. Lumipas ang ilang sandali, sinabi ni Pagigit, "Wala nang tubig sa bahay, sa tingin ko kailangan kong mag-igib." Dinala niya ang tubong kawayan at umalis. Nang marating ni Pagigit ang balon, dali-dali siyang sinalakay at pinatay ni Walu.

Nang bumalik si Walu sa bahay, napansin niyang wala sa bahay si Pagigit. Umiyak si Walu. Nagluksa siya sa pagkawala ng kaniyang pamilya. "Isang kahabag-habag na katapusan ito. Lahat ng aking mga anak ay pinatay ng Maranaw."

Pagkaraan ng isang oras ang kaniyang kapatid na si Batooy ay dumating. Sinabi ni Batooy, “Anong iniyyak mo, Walu?” sumagot si Walu, “Umiiyak ako dahil lahat ng aking mga anak ay pinatay ng mga Maranaw na gusto kong paghigantihan.”

Nagwika si Batooy, “Isa ka talagang hangal para sa pagpuntirya na patayin ang mga Maranaw sa pamamagitan ng paghihintay sa sarili mong balon. Walang sumasalakay ng kaaway sa sarili niyang balon.”

“Dalhin mo ko sa bangkay ng iyong asawa’t mga anak.” wika ni Batooy. Ipinakita ni Walu ang mga bangkay kay Bitooy na sinipa lamang nito at nabuhay muli.

-E. Arsenio Manuel (1975)

TEKSTO 5

ANG PAKIKIPAGSAPALARAN NG UNGGOY AT NG PAGONG (SA BUONG PILIPINAS)

Isang umaga, nagpunta sa kagubatan ang matalik na magkaibigan na sina unggoy at pagong upang gumawa ng bitag para sa mga baboy ramo. Narating nila ang puno ng dakit at nakita ang bakas ng mga baboy ramo. “Dito nating gawin ang bitag,” sabi ng pagong habang itinuturo ang ibabang bahagi ng puno.

“Hindi, sa taas natin gawin ang bitag dahil umaakyat doon ang mga baboy para kumuha ng prutas,” sabi ng unggoy.

“Hindi, dito na lang tayo. Hindi mo ba nakitang nandito ang bakas nila?”

“Oh sige, dito mo sa ibaba gawin ang bitag mo, doon naman ako sa itaas ng puno gagawa ng sa akin.”

Matapos magawa ang bitag, naghiwalay na ng patutunguhan ang unggoy at ang pagong. Nagwika ang unggoy, “Bumalik na lang tayo pagkalipas ng dalawang araw. Siguradong may baboy ramong mabibitag na roon.”

Ngunit nang sumunod na araw, bumalik mag-isa ang unggoy sa puno ng dakit. Tama nga ang pagong. May baboy ramo sa bitag nito samantala ang sa kaniya ay isang ibon. Upang hindi mapahiya, tinanggal ng unggoy ang baboy ramo at inilagay sa sarili niyang bitag samantalang ipinalit niya ang ibon sa bitag ng pagong.

Sa kaniyang pag-uwi, nakasalubong niya ang pagong. “Saan ka nanggaling?” tanong ng pagong.

“Nagpunta ako sa ilog para maligo,” sagot ng unggoy.

Ayon sa napagkasunduan, sa ikalawang araw matapos mailatag ang bitag, pinuntahan ng unggoy at pagong ang puno ng dakit. “Bilisan natin, nanaginip ako kagabi. Siguradong may nahuli ang ating bitag,” wika ng unggoy.

Nagulat ang pagong nang makitang nasa itaas ng puno ang baboy ramo at ang nasa ibaba niyang bitag ay isang ibon. Alam niyang nilamangan siya ng unggoy at sinabi niya ito. Pinilit ng unggoy na hindi siya nanlamang. Walang imik na umuwi ang unggoy kasama ang baboy ramo at ang pagong kasama ang ibon.

Ngunit sa harap ng bahay ng unggoy, hindi na nakapagpigil ang pagong at nagdesisyon silang paglabanan ito.

“Sandali,” sabi ng unggoy, “magtatayo muna ako ng kuta.” At sinimulan niya ang pagsasagawa ng kuta mula sa malalaking dahon ng saging.

“Mauna kang pumana,” sabi ng pagong. “Tatal, ikaw ang pasimuno sa away na ito. Kung talagang ibon ang nahuli ng bitag ko, mas mabuti pang ngang mamatay na lang ako.”

Kinuha ng unggoy ang pana at panghilis at maingat na pumuntirya. Tinamaan ang pagong. Nagdiwang ang unggoy.

“Tinamaan mo ang likod ko ngunit protektado ito ng aking punglo kaya nakita mo naman, hanggang ngayon buhay pa rin ako.” sagot ng pagong.

Nadismaya ang unggoy. Ngayon ay pagkakataon naman ng pagong na gumanti. Kinuha niya ang kaniyang pana at pinuntirya ang kalaban. Narinig niya ang iyak ng unggoy sapagkat ang isa nitong anak ay namatay.

“Isa sa mga alaga kong manok ang tinamaan”, pagsisinungaling ng unggoy.

Sa pagkakataon muli ng unggoy, lahat ng pana na kaniyang tinudla rito ay tumalbog lamang sa punglo ng pagong. Gayunpaman, sa tuwing nagpapakawala ng pana ang pagong ay lumulusot ito sa harang na mga dahon ng saging ng unggoy. Isa-isang namatay ang kaniyang asawa at mga anak.

“Bakit hindi tayo maging magkaibigang muli?” ang sigaw ng unggoy mula sa kaniyang kuta. “Magsasabi na ako nang totoo. Nahuli ng bitag mo ang baboy. Sa iyo talaga iyan.”

Nagkasundo ang unggoy at pagong. Pinaghatian nila ang *mama* mula sa taguan ng pagkain ng unggoy bilang pagpapatibay ng kanilang pagkakaibigan.

Maya-maya, nakaramdam ng pagkalungkot ang unggoy dahil sa pagkawala ng kaniyang pamilya. “Samahan mo lang ako,” pakiusap ng unggoy. “Maaari tayong pumunta sa ilog at mangisda.”

Samantala, habang sila’y nakaupo sa tabing-ilog, isang puno ng saging ang nakalutang. May malulusog at malalaki itong dahon at ugat na tila kabubunot pa lang sa lupa dahil sa bagyo. “Sa tingin mo, kunin kaya natin iyang puno ng saging at itanim?” wika ng unggoy.

“Marunong ka bang lumangoy?” tanong ng pagong. “Hindi, pero ikaw nakalalangoy.” sagot ng unggoy. “Kukunin ko ang puno ng saging,” sabi ng pagong, “sa kondisyon na paghahatian natin ito.” Sumang-ayon ang unggoy.

Nang maiahon na ang puno sa ilog, nagwika ang unggoy, “Sa akin ang taas na bahagi,” sa pag-iisip na mas mabilis itong tutubo dahil sa mayroon na itong malalaking dahon. Walang nagawa ang pagong kung hindi ang makontento sa ibabang bahagi ng puno na may pangit na mga ugat.

Umuwi na ang unggoy at pagong upang maitanim ang kani-kanilang puno. Itinanim ng unggoy ang kaniyang puno sa abo ng kalan. Ayon sa kaniyang kapatid, mas mabilis daw itong tutubo sa ganoong paraan. Itinamin naman ng pagong ang kaniyang bahagi sa gilid ng kaniyang bakuran.

Makalipas ang ilang linggo, nagkitang muli sina unggoy at pagong. “Kamusta ang pagtubo ng iyong puno ng saging? Tanong ng pagong.

“Ah, matagal na itong namatay,” wika ng unggoy. “Kamusta ang sa iyo?”

“Sobrang laki na nito at may malalaking dahon at bunga,” sagot ng pagong. “Ang problema ko ay hindi ko maabot ang mga bunga. Kung aakyat mo ang puno at pipitasin ang mga bunga para sa akin, bibigyan kita ng kalahati nito.”

“Sige!” sagot ng unggoy na may kislap ng pagkatuso ang mga mata. Nang marating nila ang bahay, agad na umakyat ang unggoy sa puno. Sinimulan niyang pitasin ang mga bunga ng saging at mabilis na kinain ang mga ito.

“Patikimin mo naman ako kahit isang bunga,” pagmamakaawa ng pagong. Hindi inalintana ng unggoy ang pakiusap ng pagong bagkus patuloy ito sa pagtatapon ng balat ng saging sa ibaba.

Nagdamdam ang pagong kaya naman nagpunta siya sa ilog kung saan may mga suso na may matatalas na punglo. Nagtipon siya ng ilan at itinamin ito sa ilalim ng puno ng saging. Hindi nagtagal, ang bundat na unggoy, dahil sa

dami ng kinaing saging, ay padulas na bumaba sa puno. Saktong napalapag ang unggoy sa matalim na punglo ng suso. Napahiyaw ang unggoy na rinig sa milya-milyang layo.

Sa matagal na panahon, hinanap ng unggoy ang pagong. Sa wakas, natagpuan niya ito sa ilalim ng puno ng sili na hitik sa mapupulang bunga nito. Bago pa man nasalakay ng unggoy ang pagong, agad itong nagwika, “Sssssh. Huwag kang maingay sapagkat binabantayan ko ang mga prutas ng hari,”

“Anong prutas?” tanong ng unggoy. “Ito ang espesyal na halaman ng hari,” sagot ng pagong. “Bigyan mo ako,” wika ng unggoy. “Paparusahan ako ng hari kapag ginawa ko,” ang sabi ng pagong. “Kaibigan mo ako, hindi ba?” sagot ng sakim na unggoy. “Hindi na mapapansin ng hari kung bibigyan mo ako ng ilan.”

“Sige, maaari ka nang kumuha,” wika ng pagong, “kung mangangako ka na hindi muna ito kakainin hanggang hindi pa ko nakalalayo.”

Kumuha na ang unggoy ng maliit na sili mula sa puno. Nang makalayo ang pagong, isinubo niya ang sandakot na sili sa bibig. Sobrang anghang ng mga ito. Naramdaman ng unggoy na tila nagbabaga ang kaniyang bibig. At nagsimulang sumigaw ng ubod ng lakas.

Sa pangakong paghihiganti, hinanap kung saan-saan ng unggoy ang pagong. Mga ilang araw din ang lumipas sa kaniyang paghahanap. Hapong-hapo ang kaniyang katawan. Umupo siya sa ilalim ng bao ng niyog kung saan

nagtatago ang pagong. Tumawag nang malakas ang unggoy, “Pagong, pagong, saan ka nagtatago?”

“Dito!” mahinang sagot ng pagong mula sa ilalim ng bao ng niyog.

Nagmasid ang unggoy sa kaniyang paligid ngunit wala siyang nakita. Inakala niyang niloloko na siya ng ibang bahagi ng kaniyang katawan. Tiningnan niya ang kaniyang tiyan. “Hindi kita tinatawag,” wika nito sa tiyan. “Kapag muli kang sumagot, paparusahan kita.” Muli na naman siyang tumawag, “Pagong, pagong, nasaan ka?” “Dito!” mahinang sagot ng pagong mula sa ilalim ng bao.

Nahibang ang unggoy dahil rito. “Hindi ba’t sinabihan kitang huwag sumagot?” sigaw niya sa kaniyang tiyan. Kumuha siya ng malaking bato at walang-awang ipinukpok sa kaniyang tiyan. Sa ilalim ng bao, hindi mapigilan ng pagong ang pagtawa.

Sa haba ng panahon nang hindi nila pagkikita, napagdesisyunan ng unggoy na patawarin ang pagong. Napag-isip-isip niyang malungkot ang maglakbay nang mag-isa. Kaya pumunta siya sa bahay ng pagong at inimbitahan itong sumama. Masayang makita ng pagong ang kaniyang dating kaibigan.

Para sa mahabang paglalakbay, naghanda ng maraming pagkain ang pagong na ibinalot niya sa dahon ng saging at isinukbit sa likod. Hindi mahilig magbibit ng mabigat ang unggoy kaya kaunti lamang ang kaniyang dinala. “Mas

mabuting magbitbit ka ng maraming pagkain sapagkat mahaba-haba ang ating lalakbayin,” wika ng pagong. Ngunit tinawanan lamang siya ng unggoy.

Matapos ang isang araw na paglalakbay, naubos na ang pagkain ng unggoy. Simula noon, sa tuwing kakain ang pagong, kailangan niyang magbahagi ng kaniyang baon sa unggoy. At hindi lamang iyon. Sa kada ilang metro ng kanilang paglalakbay ay hihinto ang unggoy at magwiwika, “Kaibigang pagong, bigyan mo ako ng pagkain.” “Ngunit kakakain mo pa lang. Maghintay ka,” ang sagot ng pagong.

Tahimik na naglakbay ang unggoy at ang pagong. Pagkatapos, muling nagwika ang unggoy, “Maaari ba nating bilisan?”

“Mahirap yan,” wika ng pagong, “may bitbit pa kasi akong mabibigat.”

“Hayaan mong tulungan kita sa dalahin mo,” wika ng unggoy. At kinuha na niya ang pasan nito sa likod ng pagong. Naglakad na nang matulin ang unggoy at iniwan ang pagong sa kaniyang likuran. “Hintayin mo ako!” nagmamadaling wika ng pagong.

Pagod na pagod na ang pagong ngunit patuloy pa rin siya sa paglalakad. Sa isang saglit, umakyat ang unggoy sa puno at binuksan ang baon ng pagong na nakabalot sa dahon ng saging. Kinain niya ang kalahati nito. Nang makahabol ang pagong, humingi siya ng pagkain sa unggoy.

“Kainin natin ito sa lugar kung saan may tubig,” wika ng unggoy.
“Sumunod ka na lang, mabilis lang ito.” At nauna nang tumakbo ang unggoy.

Ilan sandali lamang, umakyat muli ang unggoy sa isang puno at inubos ang natitirang pagkain. Nagpahinga siya sa itaas ng puno habang himas-himas ang tiyan hanggang dumating ang pagong. “Bakit ang tagal mo?” tanong ng unggoy.

“Hindi na ako makalakad nang mabilis dahil gutom na gutom na ako,” sabi ng pagong. “Maaari na bang kunin ang pagkain ko?” “Pasensiya ka na, wala nang natira,” sabi ng unggoy. “Kinain ko nang lahat ngunit gutom pa rin ako. Kakaunti ang dinala mo.”

Nagdesisyong magpatuloy na lamang sa paglalakbay ang pagong kahit hinang-hina na dahil sa gutom. Sa hindi inaasahan, nakatagpo ang dalawang hayop ng mangangaso. Mabilis na nakaakyat ang unggoy sa puno samantalang nahuli ng mangangaso ang pagong at iniwi ito sa bahay. Pinagtawanan ng unggoy ang kamalasang nangyari sa kaibigan.

Isang araw, hindi sinasadyang nadaanan ng unggoy ang tahanan ng mangangaso. Nakita niya ang pagong na nakatali sa katawan ng puno ng saging sa may bakuran. Ginawang katatawanan ng unggoy ang masamang kalagayan ng pagong hanggang makita niya kung gaano kabait ang mangangaso. Kada oras ay binibigyan nito ng pagkain ang pagong.

Isang gabi, nakipagkasundo ang unggoy sa pagong at nagwika, “Hayaan mong palitan kita riyan.”

“Ngunit, gusto ko rito,” sabi ng pagong. Samantala, walang tigil ang unggoy sa pagmamakaawa at pangungulit.

Sa huli, pumayag na rin ang pagong. Pinakawalan niya ang pagong at itinali ang sarili sa puno ng saging. Buong gabing nanaginip ang sakim na unggoy sa pagkaing ibibigay sa kaniya ng mangangaso bawat oras.

Nang sumapit ang araw, tumanaw sa bintana ang mangangaso at nakita ang unggoy sa kaniyang bakuran. Inakala niyang nagpakita ang unggoy upang nakawin ang kaniyang mga saging. Kinuha niya ang kaniyang baril at nagsimulang magpapatok. Mabilis na pinakawalan ng unggoy ang sarili at dali-daling tumakbo.

Hinalughog ng unggoy sa buong parang at kakahuyan ang pagong. Sa wakas natagpuan niya ito malapit sa malaking tirahan ng ahas. “Ngayong natagpuan na kita, papatayin kita!” wika ng unggoy.

“Tingnan mo muna ang sinturon ng hari, aking kaibigan,” sabi ng pagong. “Napakaganda nito na may itim at puting mga disenyo. Ayaw mo bang maisuot ang sinturon ng hari?”

“Ang sinturon ng hari? Siyempre gusto! Nasaan na? Nasaan na?” pangungulit ng unggoy.

“Bantayan mo ang butas na ito at ako nama’y uuwi at magluluto ng hapunan,” saad ng pagong. “Lalabas na ‘yan, anumang oras ngayon.”

Nagbantay ang unggoy at umuwi na ang pagong. Hindi nagtagal ay lumabas ang ahas at ipinulupot ang sarili sa baywang ng unggoy. “Masyadong masikip! Masyadong masikip!” angal ng unggol. Hindi na makahinga ang unggoy. Hindi napakiusapan ang ahas at namatay ang unggoy.

Bumalik ang pagong at binalatan ang patay na unggoy. Pinatuyo niya ang karne nito at ibinenta sa iba pang unggoy. Naging pabaya ang pagong sa pagtanggal ng balat ng unggoy. May mga naiwan pang balahibo sa iba’t ibang parte ng karne. Dahil rito, pinaratangan ng mga bumiling unggoy na may sala ang pagong sa pagpatay sa kanilang kauri. Kaya dinala nila ang pagong sa kanilang pinuno.

“Dahil sa iyong kasalanan, dapat kang mamatay!” wika ng pinuno. At iniutos niyang ilagay ang pagong sa lusong upang dikdikin hanggang sa mamatay gamit ang pambayo.

“Hindi na bago sa akin ang bayuhin,” patawang sabi ng pagong. “Kung hindi dahil sa pagdikdik sa akin nang maraming beses, hindi magiging lapat ang aking tiyan.” At tumihaya ang pagong upang ipakita ang kaniyang tiyan.

“Dahil diyan,” sabi ng pinuno ng unggoy, “katayin siya gamit ang itak.”

“Isang pagkakamali ang iyong gagawin sapagkat hindi ako makakatay,” pakutyang wika ng pagong. “Marami na ang sumubok ngunit hindi nagtagumpay.” Pinakita niya ang kaniyang likod na maraming marka ngunit hindi nahiwa ng itak.

“Kung gayon, sunugin siya nang buhay!” utos ng pinuno ng mga unggoy.

“Mawalang-galang muli,” sabi ng pagong, “Ngunit, inaamin ko, nakadaragdag sa aking kakisigan ang pagsusunog. Maaari ninyong subukan minsan.” Hindi makapaniwala ang pinuno. “Bilang patunay, tingnan mo ang aking punglo,” sabi ng pagong. “Hindi ba’t kulay pula ang ilang bahagi at itim naman sa iba? At hanggang ngayo’y buhay pa rin ako?”

“Ano ang maaari nating gawin sa kaniya?” pag-uusap-usap ng mga unggoy. “Hindi siya maaaring durugin, hiwain at sunugin.”

“Lunurin na lang natin siya sa lawa,” mungkahi ng pinakamatalinong unggoy.

Pagkarinig ng pagong sa tinuran ng unggoy, nakaramdam siya ng galak. Ngunit nagkunwari siyang sobrang natatakot at nagmakaawa sa mga unggoy na huwag siyang itapon sa tubig. Dali-dali siyang binuhat ng mga unggoy at itinapon sa lawa. Matagal siyang pinanood ng mga unggoy. Nakita nila ang pagong na palutang-lutang sa tubig. Napapalibutan siya ng mga kumikislot na isda. Pagkatapos, nagtali ng bato sa baywang ang mga unggoy at sumisid sa lawa

upang manghuli ng isda. Hindi na sila lumutang sapagkat namatay silang lahat. Tanging ang buntis na unggoy ang natira ngunit bumalik ang pagong at nilunod din ito.

- from Therese D. Balayon (1974),

*Jose Rizal (1889),
Dean S. Fansler (1921),
Maximo Ramos (1956)
and Ernestto Constantino (1982)*

TEKSTO 6

BAKIT BUMUBULONG ANG MGA LAMOK SA IYONG TAINGA?

(BISAYA)

Noong mga sinaunang panahon sa lalawigan ng Bohol, nakatira ang hari ng mga talangka na si Mangla. Isang gabi, nang siya'y hapong-hapo at antok na antok, inutusan niya ang kaniyang matandang serip na si Cagang upang tawagin ang kaniyang tagasunod na mga palaka. Bagamat matanda na ang serip, nagawa nitong papuntahin ang mga palaka sa sandaling oras lamang.

“Bantayan ninyo ang aking tahanan habang ako ay natutulog, ngunit huwag kayong gagawa ng kahit anong ingay na ikagigising ko,” wika ni Mangla sa mga palaka. “Lagi kaming handang sumunod sa inyo,” sagot ng palaka. At natulog na ang hari.

Sa kaniyang paghilik, nagsimulang umulan nang malakas at ang mga palakang nagbabantay ay hindi naiwasang tumawa. Galit na nagising ang hari; ngunit dahil siya'y pagod at inaantok pa, hindi niya muna tinanong ang dahilan ng pagtawa ng mga palaka. Naghintay siya hanggang kinabukasan. Sa pagputok ng araw, ipinatawag niya ang mga palaka at nagwika, “Bakit kayo tumawa kagabi? Hindi ba at binilinan ko kayong huwag gagawa ng anumang ingay?”

Sumagot ang mga palaka, “Hindi namin napigilan ang pagtawa sapagkat nakita namin ang kaibigang kuhol na pasan ang kaniyang tahanan.” Dahil sa katanggap-tanggap na paliwanag, pinatawad ng hari ang mga palaka. Inutusan nito ang serip na ipatawag ang kuhol. Hindi nagtagal, dumating agad ang kuhol. “Ano’ng ginawa mo kagabi?” tanong ng hari sa kaniya.

“Kamahalan,” mapagkumbabang sagot ng kuhol, “pasan ko ang aking tahanan sapagkat may dalang apoy ang mga alitaptap, ikinababahala ko na ang aking tanging tahanan ay masunog.” Ang paliwanag na ito ay waring katanggap-tanggap para sa hari kaya pinatawad niya ang kuhol. Sinabihan niya muli ang serip na ipatawag naman ang mga alitaptap. Nanlilisik ang mga mata ng hari nang harapin nito ang mga alitaptap, “Bakit kayo may dalang apoy kagabi?” wika sa mga may kasalanan.

Labis ang takot ng alitaptap ngunit pinairal niya ang talas ng isip. Sumagot ito sa nanginginig na tinig, “Kamahalan, upang protektahan ang aking sarili

laban sa tangkang pagkagat ng lamok, palagi kong dala ang aking apoy.” Naisip ng hari na may magandang dahilan ang alitaptap kaya pinatawad din niya ito.

Ngayon, napagtanto ng hari na may namumuong kaguluhan sa kaniyang kaharian, bagay na hindi niya mababatid kung hindi siya ginising ng mga palaka. At inutusan niya ang serip upang ipatawag ang lamok. Bago umalis ang lamok sa kaniyang bahay, sinabihan niya ang kaniyang mga kasamahan na sundan siya sapagkat nararamdaman niyang may panganib. Bago pa man makarating ang lamok sa kaharian, sumisigaw na ang hari sa sobrang poot, nilapitan ng lamok ang hari at kinagat ang pisngi nito.

“Totoo nga, kung ano’ng narinig ko mula sa mga palaka, kuhol at alitaptap!” usal ni Mangla. Dali-daling inutusan ng hari ang serip na patayin ang lamok, ngunit bago pa maisagawa ang ipinag-uutos ng hari, nilusob ng mga kasamahan ng lamok si Cagang. Gayon pa man, nagawa niyang patayin ang lamok saka kumarimot ng takbo pauwi ng kaniyang tahanan kasunod ng mga kaibigan ng lamok na nais maghiganti. Dahil ang bahay ni Cagang ay nasa pinakailalim ng lupa, hindi makapasok ang mga kaibigan ng lamok na pinatay kaya nanatili silang bumubulong sa may pintuan.

Sa kasalukuyan, makikita natin sa may pintuan ng bahay ni Cagang at kaniyang mga tagalingkod ang mga kaibigan ng pinatay na lamok na bumubulong at sinusubukang pumasok. Sinasabing, inaakala ng mga lamok na

bahay ni Cagang ang butas ng mga tainga, at ito ang dahilan kung bakit bumubulong ang mga lamok sa ating tainga.

-Dean S. Fansler (1921)

TEKSTO 7

ANG BANGKANG KANIN (ISNEG)

Isang araw, nagkita ang Daga at ang ibong si Susuwetan. “Magsaing tayo,” wika ng Daga. “Sige,” sagot ni Susuwetan. Nagluto sila sa kaldero. Napakaraming tutong na kanin. Nang matapos kumain, sinimulan nila ang pagtanggal ng makakapal na tutong sa ilalim nito. Sa sobrang tigas ng kanin, nakatayo’t nakahulma na tila pwet ng kaldero.

Masayang nagpaagos sa lagod ang dalawang magkaibigan gamit ang tutong na kanin bilang kanilang bangka. Nang marating nila ang isa sa mga

lagaslasan, sinimulang kainin ng Daga ang gilid ng kanin. “Huwag mong kainin ang ating bangka,” pagbabanta ni Susuwetan. “Hindi, sinusubukan ko lamang kung matibay ito,” sagot ng Daga.

Nang marating nila ang isa pang lagaslasan, sinimulang muli ng daga na ngatngatin ang bangkang kanin. “Sinabi nang huwag mong ubusin ang bangkang kanin, baka malunod tayo,” banta ni Susuwetan. “Sinusubukan ko lang ang tibay nito sa tubig!” sagot ng Daga.

Sa ngayon, kakaunti na lamang ang natitirang tutong. Nang marating nila ang isa pang lagaslasan halos maubos na ng Daga ang kanilang lunawan. Lumubog sila.

Nalunod ang Daga ngunit nakalipad si Susuwetan. Nang marinig ng ibang Daga na nalunod ang kanilang kasama, tinugis nila si Susuwetan. Hindi nila ito mahuli. Dumapo si Susuwetan sa ibabaw ng puno ng kawayan. Umakyat din sa ibabaw ng puno ang mga daga ngunit nakatakas si Susuwetan.

Simula noon, naging malakas ang mga daga dahil sa pagtugis kay Susuwetan.

- Morice Vanoverbergh (1955)

TEKSTO 8

SINO'NG MAS MALAKAS UMINOM NG TUBIG? (ILOKANO)

Buwan ng Abril habang katirikan ng araw, nagpapahinga ang kalabaw sa lilim ng kininang puno na tumubo malapit sa bunganga ng malaking ilog nang dumapo ang isang ibong pipit sa sanga sa ibabaw nito.

“Kumusta, kaibigang kalabaw?” tanong ng ibong pipit.

“Mabuti naman ako, pipit. Nararamdaman mo ba ang init ng umaga ng Abril?” sagot ng kalabaw.

“Ramdam ko nga kaibigang kalabaw, sa katunayan, bumaba ako ng puno upang uminom dahil sa matinding uhaw.”

“Iniisip ko kung gaano karami ang iyong maiinom!” mapanudyong usal ng kalabaw. “Sa liit mong iyan, sapat na ang patak lang ng tubig para mapawi ang iyong uhaw.”

“Talaga, kaibigang kalabaw?” may pagkamanghang sagot ng pipit. “Pusta ko, mas marami akong maiinom kaysa sa iyo!”

“Ano, mas marami kang uminom kaysa sa akin ibong pipit?”

“Oo, bakit hindi natin subukan! Mauna kang uminom nang malaman natin.”

Nagtungong pampang ng ilog ang matandang kalabaw na walang malay sa panlilinlang na naghihintay sa kaniya at sinimulan ang pag-inom. Walang patid ito ng pag-inom; ngunit nagkataong papataas ang tubig kaya gaano man karami ang kaniyang naiinom, patuloy pa rin sa pagtaas ang tubig. Sa wakas sumuko na siya sa pag-inom, at sinimulan na siyang tudyuhin ng ibong pipit.

“Ano’ng nangyari, kaibigang kalabaw, hindi ka naman uminom. Sa halip, mukhang dinagdagan mo pa ang tubig sa ilog.”

“Hangal!” sagot ng nanggagalaiting kalabaw, “hindi mo ba nakikitang halos pumutok na ang aking tiyan?”

“Aba, malay ko. Ang alam ko lang nagdagdag ka ng mas maraming tubig kaysa sa dati. Ako naman ngayon ang iinom.”

Nagpanggap ang ibong pipit na umiinom. Batid niyang ilang sandali lamang ay huhupa na ang tubig, kaya naman inilagay niya ang tuka sa tubig at hinintay itong umuntos. Nagsimulang humupa ang tubig sa ilog. Hindi makapaniwala ang kalabaw sa nakitang pagbabago. Ikinagulat niya ito at tinanggap ang kaniyang pagkatalo. Lumipad papalayo ang ibong pipit samantalang naiwang tuliro pa rin ang matandang kalabaw ng hirap sa pagkilos dahil sa dami ng nainom na tubig.

- Dean S. Fansler (1921)

TEKSTO 9

ANG BUNDAT AT ANG SIGA NG KAGUBATAN (MANUVU)

Nang minsa’y may lalaking Bundat ang naninirahang mag-isa. Isang araw, pinuntahan siya ng mabalahibong *Gungutan* (*mitolohikal na nilalang na kayang baguhin ang anyo*). “Ano’ng dala mo sa aking balita?” tanong ng Bundat na lalaki.

“Nagpunta ako rito upang masabi mo sa akin ang iyong panaginip,” wika ng Gungutan. Sumagot ang Bundat, “Ngunit wala akong panaginip.” “Imposible!” ang tugon ng Gungutan. “Siguradong may napanaginipan ka kagabi o noong nakaraang gabi.” Saka pinagbantaan ng Siga ng kagubatan ang Bundat. Yumukyok ang Bundat at muling inulit na wala siyang panaginip. “Huwag mo akong lokohin,” giit ng Gungutan.

“Oh sige, may napanaginipan ako,” wika ng Bundat at gumawa ng kuwento. “Nakita ko sa aking panaginip ang malaking baboy at lambat na puno ng isda.”

“Mabuti yan,” wika ng Gungutan. “Halika at tingnan natin ang baboy at ang lambat,” ngunit sinabi ng Bundat na isa lamang iyong panaginip. “Hindi na bale,” wika ng Gungutan. Nagdahilan ang Bundat na hindi niya maigalaw ang kaniyang katawan dahil sa katabaan. Hindi ito pinakinggan ng Gungutan. Humayo ang dalawa at sandali lamang ay narating na nila ang malaking ilog. Pumunta sila lagod ng ilog at sa bandang elementoop nito natanaw nila ang lambat. “Kita mo na,” wika ng Gungutan, “totoo ang iyong panaginip.”

Tiningnan nila ang lambat at natuklasan itong puno ng mga hipon at igat. Inutusan ng Gungutan ang Bundat na bitbitin ang lambat.

Nahirapang pasanin ng Bundat ang lambat ngunit tinulungan siya ng Gungutan na isampa ito sa kaniyang likod. Umangal ang Bundat sa bigat ng kaniyang dala ngunit sinabihan lamang siya ng Gungutan na tumigil sa

pagrereklamo. Pinasan ng Bundat ang lambat, paminsan-minsan nadadapa siya sa mga bato sa kanilang pagtahak sa lagod ng ilog bunsod upang magkapasa ang kaniyang mga tuhod.

Ilang sandali pa, narating ng dalawa ang itaas ng tabing-ilog at natagpuan ang nakabitag na malaking baboy. Nagwika ang Gungutan, “buhatin mo ang baboy, Bundat.” “Ayoko!” sagot ng Bundat. “Ngunit panaginip mo iyan,” wika ng Gungutan sabay inihagis ang patay sa baboy sa ibabaw ng lambat. Halos bumaluktot ang tuhod ng Bundat, wala siyang magawa kung hindi bumulong na lamang habang naririnig ang Gungutan sa inuusal nito, “panaginip mo iyan, hangal!”

Sinundan nila ang agos ng ilog hanggang marating ang kubo ng Bundat. Naglaho ang Gungutan. Pagkalapag ng Bundat sa kaniyang mga dala, halos sumuray siya sa lupa. Huminga siya nang maluwag at matapos makapagpahinga ay kinatay ang baboy, inihaw at hiniwa ito ng maliliit. Nagluto siya ng marami at nagpakabusog.

Makalipas ang dalawang araw, muling dumating ang Gungutan at nagwika, “Sumama ka sa akin, Bundat.” Nag-alala ang Bundat sapagkat hirap pa siyang kumilos dala ng sakit ng buong katawan. Ipinakita niya sa Siga ang mga pasa at ipinaliwanag ang kaniyang kondisyon at nakiusap siyang huwag na isama ngunit hindi siya pinakinggan ng Gungutan. “Sumama ka sa akin,” wika ng Gungutan, “may bibisitahin tayong kapit-bahay.”

Nang may kalayuan na ang kanilang nararating, napadpad sila sa kasukalan. Walang matanaw na daan ang Bundat sa kasukalan ngunit sapilitan siyang pinagawa ng Gungutan. Hindi nakatanggi ang Bundat at siya'y naipit sa pagitan ng mga puno. "Hindi ko na kayang lumayo pa, nabibigatan na ako sa aking tiyan," reklamo ng Bundat. Ngunit sumagot ang Gungutan, "Magpatuloy ka sa paglalakad kahit walang daanan, lalagpasan natin ito."

Hindi nagtagal, narating nila ang isang kaingin na kinatitirikan sa gitna ng isang patay na puno. Nagwika ang Gungutan, "akyatin mo ang patay na puno, Bundat." Sumagot ang Bundat, "Hindi ko kaya." Hindi siya matinag sa tabi ng puno.

Sinunggaban ng Gungutan ang matabang lalaki at inihagis sa itaas ng puno. Muntik na itong mahulog nang mabali ang marupok na sangang kinakapitan niya. "Sumigaw ka!" utos ng Gungutan. Sumigaw na lamang ang Bundat dahil sa pagkainis at takot. Sumigaw siya nang sumigaw hanggang makarinig sila ng tahol ng aso. Nang marinig nilang papalapit ang tahol ng aso, nakita nilang alaga ito ng isang kanibal, ang *Avuhan* (*kulay abo na nilalang nagkakatawang tao ngunit kumakain ng tao*). Mabilis na umakyat ng puno ang Gungutan.

Nakatingala ang aso sa itaas ng puno habang tumatahol. Hindi nagtagal ay narinig nila ang pagdating ng *Avuhan* habang tinatawag ang alagang aso. Tanaw na nila ang *Avuhan*. "Ang laking baboy!" wika nito nang makita ang

Bundat sa itaas ng puno. Sinibat niya ang matabang lalaki. “Saluhin mo ang sibat,” wika ng Gungutan. At nasalo nga ito ng Bundat.

Binunot naman ng *Avuhan* ang kaniyang itak at ibinato sa Bundat. Muling nagwika ang Gungutan, “Saluhin mo ang itak.” Nasalo ito ng Bundat. Kinuha naman ng *Avuhan* ang kaniyang kutsilyo at inihagis sa Bundat, ngunit tulad ng iba, nasalo rin niya ito.

Pagkatapos, kinuha ng *Avuhan* ang kaniyang sisidlan at inihagis sa Bundat. “Saluhin mo ang sisidlan” utos ng Gungutan. At muli itong nasalo ng Bundat.

Tinanggal ng *Avuhan* ang kaniyang pantalon at tsaketa at inihagis sa Bundat. Sa utos ni Gungutan, muli niyang nasalo ang mga kasuotan.

“Ngayon,” wika ng Gungutan. “Ibato mo pabalik ang sibat sa *Avuhan*.” Inihagis ng Bundat ang sibat at tinamaan ang *Avuhan*. Bumaba sa puno ang Gungutan at ginilitan ang *Avuhan* gamit ang patalim nito. Bumaba na rin ng puno ang Bundat.

Nang makababa na ang Bundat, inutusan siya ng Gungutan, “Dalhin mo sa kaniyang asawa ang *Avuhan*, si Uwod Talinga. Gamitin mo ang *tubaw* (*isusuot ng datu sa ulo, simobolo ng katayuan sa lipunan*) ng kanibal na may gintong sungay upang sa pagdating mo sa kaniyang tahanan, hindi ka makilala ng masamang *busaw* (*nilalang na may pangil at umiinom ng dugo*). Sabihin mo

sa mga kamag-anak ng *Avuhan* na sinalaban siya at may babalikan ka pang babaeng baboy. Kung hindi mo iyan gagawin, papatayin ka ng mga kanibal na iyon.”

Umalis na ang Bundat habang buhat ang *Avuhan*. Hindi nagtagal at narating na niya ang tirahan ng *Avuhan* suot ang *tubaw* na may gintong sungay. “Asawa ko, nandiyan ka ba? Nakahuli ako ng malaking baboy” wika nito. At sumagot ang babae, “lakyat mo dito.” Pumasok sa bahay ang Bundat. “Silaban mo ang baboy at tawagin ang iyong mga bayaw sapagkat kailangan ko pang balikan ang naiwan kong baboy.” At nagmamadali siyang lumisan.

Mabilis siyang nakabalik sa Gungutan. “Kunin mo ang kasuotan, pati ang sibat at sisidlan. Nakita mo na, kung hindi ka sumama sa akin, hindi ka magkakaroon ng pantalon, tsaketa, sibat at sisidlan,” wika ng Gungutan. At umalis na sila. Maaga nilang narating ang tahanan ng Bundat. At muling naglaho ang Gungutan.

Makalipas ang dalawang araw, bumalik ang Gungutan. Malayo pa lamang ay rinig na ng Bundat ang yabag nito at nagsimula na siyang umangal.

Ang kaniyang mga pasa at galos ay hindi pa gumagaling gayundin tila binugbog sa sakit ang kaniyang tiyan. Ngunit dumating nga ang Gungutan na tila isang bangungot. “Nasaan ang renda at kabisada ng kabayo mo?” tanong nito sa Bundat. “Sumama ka sa akin, lalahok tayo sa pangkat ng mga mangangaso ng *datu*.”

Kinuha ng Gungutan ang renda at inilagay ang kabisada ng kabayo sa bibig ng Bundat. Saka sumakay sa likod nito. Napilitan ang Bundat na tumakbo. Narating nila agad ang malawak na damuhan kung saan napakaraming tao.

Nakita sila ng isang binata na nagwika, “Bakit tao ang sinasakyang parang kabayo ng Gungutan? Hindi pangkaraniwan!” Nang makarating ang dalawa, hinamon ng binata ang Gungutan, “Pagkarerahin natin ang ating mga kabayo.”

“Sige,” sang-ayon ng Gungutan. “Malamang matatalo ang kabayo mo.”

Pinakawalan ang limang kabayo. Kumaripas sila ng takbo sa pakikipagkarera sa Bundat. Nalampasan ng Bundat ang lahat ng kalaban sapagkat mga kumarimot palayo ang mga ito. “Tingnan mo ‘yan,” wika ng Gungutan. “Sinabi ko na sa iyo.”

Napag-usapan nila ang ibang bagay, “Nandito kami,” wika ng binata, “upang hulihin ang usang may gintong sungay bilang kapalit ng pagpapakasal sa anak ng datu. Ayon sa kaniya, ang sinumang makahuhuli sa usang may gintong sungay ang siyang mapapangasawa ng kaniyang anak.”

Tumakbo sa masukal na damuhan ang usang may gintong sungay. Upang maitaboy palabas ang usa, nagsindi ang mga mangingibig ng apoy. Nang lumabas ang usa, sinimulan na itong habulin ng mga binata lulan ng kanilang kabayo ngunit sila’y nabigo.

Nagwika ang Gungutan, “manood kayo, mga bata, ako naman ang huhuli sa usang may gintong sungay, ang kapalit ng pagpapakasal sa anak ng datu.” Sumampa ang Gungutan sa balikat ng Bundat, “Bilisan mong tumakbo, Bundat.” At kumaripas ito ng takbo. Natanaw ng mga tao ang pagtakbo ng usa sa sangkalupaan. At kahanga-hangang pagmasdan ang pagtakbo ng Bundat na simbilis ng kidlat.

Hindi nagtagal at naabutan ang usang may gintong sungay. Sa sandaling napatay na ang usa, naglaho na ang Gungutan. Ang Bundat ay naging matipunong binata na kakikitaan ng gintong sinag sa kaniyang noo.

Pinasan niya sa kaniyang balikat ang usa at nagtungo sa tahanan ng datu. “Nahuli mo ang usang may gintong sungay,” bungad ng datu. “Maaari mo nang pakasalan ang aking anak.”

- E. Arsenio Manuel (1962)

TEKSTO 10

SI KIMOD AT ANG DALAGANG NAG-AANYONG SISNE (MANSACA)

Magbubukangliwayway nang magising ang isang matandang babae upang maghanda ng pagkain para kay Kimod, ang kaniyang bunsong anak na aalis upang manghuli ng ibon. Matapos kumain, lumakad na siya dala ang kaniyang sumpit. Hindi pa siya nakalalayo nang maabot-tanaw niya ang pitong dalagang nag-aanyong sisne na lumilipad sa kabilang-ibayo. Sinundan niya ng tingin ang mga ito upang mabatid kung saan sila dadapo. Naabutan niyang dumapo malapit sa lawa ang mga dalagitang sisne na nagsimulang hubarin at iwanan sa gilid ng

lawa ang kanilang malasutlang damit. Lumangoy sila sa lawa. Masigasig niyang pinapanood ang mga ito habang naliligo at nagkakatuwaan sa tubig habang iniisip niyang humuli ng isa bilang kaniyang asawa. Halos magkakamukha at parehong magaganda ang mga dalagitang sisne kaya hindi niya matukoy kung sino sa kanila. Nang sabay-sabay na sumisid ang mga ito, lumabas mula sa kaniyang pinagtataguan si Kimod at ninakaw ang isa sa mga damit ng sisne. Itinago niya ang balumbon ng sutlang damit sa butas ng kaniyang sumpit. At muling nagtago.

Nagsimula nang umahon sa tubig ang mga dalagita at nagbihis ang lahat maliban sa pinakabunso na hindi matagpuan ang kaniyang damit sa pinag-iwanan nito. Tumulong ang mga kapatid sa paghahanap. Hindi nila mahanap ang kasuotan sa mga halaman ng *gabi** o sa mga bato o kung saan man. Sa pagkawalang-taros, sumigaw ang nakatatandang kapatid, “Paano ka makakalipad pauwi kung wala ang iyong damit? Mabuti pa’y iwanan ka na namin sapagkat gumagabi na at magagalit ang kuya natin. Sumunod ka na lamang kapag nahanap mo iyon.” Naiwang mag-isa sa lawa ang pinakabatang sisne habang lumipad na palayo ang kaniyang mga kapatid.

Lumabas sa kaniyang pinagtataguan si Kimod at nilapitan ang tumatangis na sisne. Nagkunwari siyang inosente. “Bakit ka mag-isa sa lawa?” tanong nito. Luhaang isinalaysay ng dalagita ang kamalasang sinapit. Kunwari’y nahahabag, nagwika ang binata, “Sumama ka sa aking tahanan nang walang sinumang

makakita sa iyo. Bibigyan ka ng aking ina ng iyong maisusuot.” Walang nagawa ang dalagitang sisne. Malungkot niyang sinundan si Kimod sa tahanan nito. Ipinakilala ni Kimod ang dalagitang sisne sa kaniyang ina bilang babaeng kaniyang pakakasalan at itinatangi.

At namuhay sila bilang mag-asawa. Masipag ang maybahay na sisne, pinapanatili niyang malinis ang bahay at bakuran, nag-iigib ng tubig at nagluluto ng pagkain. Si Kimod naman ay nangangaso, o nangingisda o nagbubungkal ng lupa para may maiuwi. Kaagad silang nagkaanak. Nagsisimula pa lamang matuto ang bata na dumapa at tumihaya nang isang umaga’y lumisan ang batang ama upang mangaso. Kaaalis pa lamang nito nang magsimulang umiyak ang nakahigang bata. Sinubukang patahanin ng ina ang sanggol ngunit walang tigil ito sa pag-iyak. Mas lalo pa itong umatungal. Napansin niyang panay ang tingin ng bata sa balakilan ng kubo kung saan nakatago ang sumpit ni Kimod. Inabot ito ng ina at pabulong na nagwika, “Ano’ng gagawin ng aking anak sa sumpit?” At tila tinuturuan ang bata kung paano gamitin ang sumpit, sinimulan niyang hipan ito. Sa kaniyang pag-hip, ang damit na pinakatatago ng kaniyang asawa ay lumabas na tila isang malaking bulaklak. “Sa simula pa lang, si Kimod na ang nagtago ng aking damit,” hinanakit nito. “Nilinlang niya ako. Sinadya niyang itago ang aking damit at pinagsamantalahan ako. Iiwanan ko na siya, ngayong natagpuan ko na ang aking damit, makakauwi na ako.”

Masayang isinuot ng maybahay na sisne ang luma niyang damit, binuhat ang kaniyang anak at sila'y lumipad. Makakabalik na siya sa tahanan niyang lampas-ulap. Nang marating niya ang kalangitan, ipinakilala niya ang kaniyang anak sa nag-iisa niyang lalaking kapatid, si Tamisa. Ikinagalak nitong makita ang matagal nang nawalay na kapatid gayundin ang iba pa niyang sisneng kapatid.

Sa mga oras na ito, nakabalik na mula sa pangangaso ang ama. Mabilis siyang pumanhik sa kubo at nang makitang wala sa tahanan ang kaniyang asawa't anak, tinawag ang ina, "*Kay ina**, nasaan sila?"

"Kung tinatanong mo sa akin ang iyong asawa, wala siya rito nang ako'y dumating," wika ng nanay ni Kimod.

Kinabahan si Kimod, tumingala siya sa balakilan kung saan mapanlinlang niyang itinago ang sumpit at natagpuang wala na ito sa kinalalagyan. Naibulalas ni Kimod sa sarili, "Naku, nakita na niya ang kaniyang damit at bumalik sa kaniyang pamilya. Kailangang mahanap ko siya."

Batid ang intensyon ng anak, nagpayo ang kaniyang ina, "Mabuting huwag mo na siyang sundan. Mapapahamak ka lamang sapagkat hindi mo alam kung saan siya nakatira." Ngunit hindi nakinig si Kimod at nagmamadaling sinimulan ang paghahanap.

At naglakbay si Kimod. Nalampasan niya ang *bura*, ordinaryong sulihyang puno, at tinanong ito, "*Bura*, kaya mong abutin ang itaas?" Nang sumagot ang

puno ng *bura* ng, “duda ako,” hindi na nag-aksaya ng oras si Kimod at nagpatuloy sa paglalakbay. Hindi nagtagal, dumating naman siya sa *tandadura*, ang puno ng sulihya na may di pangkaraniwang taas. Tinanong niya ito kung maaabot ang kalangitan. Pansamantalang sumagot ang puno, “Maaari kong subukan. Ngunit kailangan ko ng panahon sapagkat mabagal akong tumubo. Bakit hindi mo subuking umakyat at tumayo sa aking tuktok -- mas mabilis kang makakarating doon.” Umakyat si Kimod. Ilang minuto lamang ay nasa tuktok na siya. Lumundag siya nang malakas upang marating ang kalangitan kung saan nakatira si Tamisa at mga kapatid nito.

Sa tahanan ng kaniyang asawa, sinalubong si Kimod ni Tamisa, “Saan ka galing?” tanong nito.

“Sa lupa,” sagot ni Kimod.

“Bakit ka nanghihimasok sa lugar na hindi ka nabibilang?”

“Hinahanap ko ang aking asawa,” sagot ni Kimod.

“Ngayong inamin mo na hinahanap mo ang iyong asawa,” wika ni Tamisa, “pag-usapan natin ang bagay na iyan. Totoong ang iyong asawa’y sumamang muli sa amin. Kasama na siya ng kaniyang mga kapatid na dalaga. Puntahan at piliin mo ang tamang dalaga upang maisama siya pabalik sa lupa. Ngunit tandaan mo, kung mali ang iyong mapipili, kailangan kang mamatay.” Inakay ni Tamisa si Kimod sa silid ng mga dalagang sisne.

Napagtanto ng inabandunang asawa na hindi madali ang pagsubok nang silipin niya ang silid, lahat ng magkakapatid ay magkakamukha! Noon lang, isang alitaptap ang lumipad sa kaniya at nagtanong, “Kumusta ka, Kimod?”

“Nakuha mo pang magtanong?” sagot ni Kimod. “Hindi mo ba nakikitang kailangan kong piliin ang aking asawa mula sa mga kapatid niyang dalaga. Paano ko mapipili ang tama kung lahat sila’y magkakamukha?”

“Manood ka at tingnan mo kung kaninong ulo ang aking iilawan,” sabi ng alitaptap. “Siya ang iyong asawa.”

Sinundan ng tingin ni Kimod ang alitaptap, nang makita niyang umilaw ito sa pusod ng isang dalaga, tumayo siya at nilapitan ito. Bumaling kay Tamisa, “hindi ba’t ito ang aking asawa?” saad nito. Puno ng kagalakan ang dalagang sisne. Tunay ngang nangungulila siya at lubos ang pagmamahal para kay Kimod.

“Siya nga,” pagsang-ayon ni Tamisa. “Ngayong nagawa mo ang aking ipinag-utos, kailangan mong pantayan ang aking katanyagan at kagitingan upang mabawi ang aking kapatid na iyong nilinlang.”

Walang magawa si Kimod. “Utusan mo ako kung ano ang ikasisiya ng iyong kalooban.”

“Pumunta ka sa ilog at punuin mo ng tubig itong tubo ng kawayan. Walang buko at butas ang magkabilang dulo nito.”

Nilakad ni Kimod ang papuntang sapa mula sa bahay, pinag-iisipan kung paano siya makakukuha ng tubig gamit ang butas na tubo. Dumating ang putakti at kinausap siya, “Ano’ng bumabagabag sa iyo, Kimod?”

“Napag-utusan akong kumuha ng tubig gamit ang butas na tubo,” sagot ni Kimod.

“Hintayin mo ako rito. Papasakan ko ng aking pandikit ang kabilang dulo ng tubo.”

Nang matapos, inatasan ng insekto si Kimod na lagyan na ng tubig ang tubo. Samantala, nagbabala ang putakti kay Kimod, hinala niya’y hindi pa tapos ang mga pagsubok at marami pang inihanda si Tamisa.

Tama ang putakti. Nang iabot ni Kimod ang butas na tubo na puno ng tubig, nagkatinginan at hindi makapaniwala si Tamisa at ang kaniyang asawa. Huminahon si Tamisa. “Hindi pa ako lubusang nalulugod. May ipag-uutos pa ako sa iyo.” Gamit ang ibinigay niyang kapisasong tela kay Kimod, inutusan niyang putulin ang *amorawon*, isang matigas na puno.

Dala ang halos hinabing tela, nagtungo si Kimod sa puno ng *amorawon*, umupo siyang lugmok sa lilim nito. Paano niya mapuputol ang malaki at matibay na puno gamit lamang ang kapisasong tela? Nawalan na siya ng pag-asa. Isang tariktik ang dumapo sa itaas ng puno. Mukhang napansin ng ibon ang kalungkutan ni Kimod. “Ano’ng problema?” tanong ng tariktik.

“Hindi ka magtatanong sa tonong parang wala lang, kung alam mong inutusan akong sibakin ang puno gamit ang kapiasang basahan na ito.”

“Walang problema. Maghintay ka rito. Kaming mga kaibigan ko ang puputol ng puno. Sumigaw ka lamang kung nabuwal na ang puno,” wika ng tariktik.

Magkakasamang tinuka ng mga ibon ang puno hanggang matumba ito. Rinig sa buong kagubatan ang sigaw na may kagalakan ni Kimod. Hinimok siya ng mga ibong ipagbigay-alam na naputol na ang puno. Gaya ng dati, binalaan si Kimod sa mga susunod pang pagsubok.

Nang marinig ni Tamisa ang masayang balita, itinago nito ang kaniyang pagkabigla. “Kung gayon, nagtagumpay ka sa pagputol ng puno,” may pagmamayabang na wika nito. “Ngayon para sa susunod na gawain. Magsusukat ako ng isang *ganta** ng mga butil at isang *ganta** ng marmol. Ikakalat ko ang mga ito sa ilalim ng bahay at iipunin mong muli ang lahat ng ito. Muli nating susukatin ang nakolekta mo at kung hindi umabot ng isang *ganta* ang bawat uri hindi mo mababawi ang iyong asawa. Ngunit kung magawa mong matipon ang buong dami nangangahulugan lamang itong kasindakila mo ako at nararapat ka sa iyong sadya rito.” Kaya naman ikinalat na ni Tamisa ang mga butil at marmol sa lupa at inatasan si Kimod na umpisahan na ang pagpulot nito.

“Imposible ang gustong ipagawa sa akin ni Tamisa,” daing ni Kimod. Nasa gitna siya ng kawalang pag-asa nang muling may dumating na tulong. Lumapit

ang langgam at nagtanong kay Kimod, “Bakit ka narito?” Nang mabatid ang nakatalagang gawain, nag-alok ng tulong ang langgam sampu ng kaniyang mga kasama. Binigyan ni Kimod ang mga langgam ng dalawang basket kung saan ilalagay ang mga butil at marmol. Tunay nga at hindi nagtagal, nakolekta nila ang mga butil at marmol. “Tapos na kami,” ang masayang balita kay Kimod ng mga pagal na langgam.

Iniharap ni Kimod kay Tamisa ang nagawa ng mga langgam. Tinanggap ni Tamisa ang basket at maingat na sinukat ang butil at mga marmol. Bilang ang bawat isa.

“Tuso ka ngang tunay. Kimod,” pahayag nito. “Ngunit, hindi pa ako tapos sa iyo. Ang susunod na gawain, gayunpaman, ang huling pagsubok. Maghuhukay ka ng butas sa lupa na kasinlaki ng iyong ulo at katawan. Kapag natapos mo, papasok ka sa butas at hahagisan kita ng putol na puno ng *amorawon*. Kung makaliligtas ka, hindi ka nga pangkaraniwang nilalang at karapat-dapat ka sa aking kapatid.”

Gaya ng dati, sinunod ni Kimod ang utos at nagsimulang maghukay. Nang kasya na ang ulo niya sa butas, nagsimula na siyang humikbi. Napukaw ang pansin ng daga sa kaniyang pag-iyak. “Ano’ng nangyari sa iyo?” nag-aalalang tanong ng daga.

“Nagtatanong ka pa ng walang kawawaan kung kailan malapit na akong mamatay,” wika ni Kimod. “Napag-utusan akong humukay ng malaking butas

sapat upang ilibing ang aking sarili. Sigurado akong ihuhulog niya ang katawan ng puno ng *amorawon* upang patayin ako.”

Pinakalma ng daga si Kimod. “Huwag kang mawalan ng pag-asa,” wika ng daga. “Maghintay ka ng ilang sandali at gagawa ako ng lagusan papunta sa bahay ni Tamisa. Bago niya maihulog ang malaking bahagi ng kahoy, gumapang ka sa lagusan. Walang-humpay sa paggawa ang daga. Nang matapos ito sa paghuhukay, sinabi ni Kimod kay Tamisa na handa na siya.

Inutusan ni Tamisa si Kimod na sumuot na sa butas upang makita kung kakasya siya rito. Sa sandaling nasa loob na ng butas si Kimod, tulad ng kaniyang hinala, sumigaw si Tamisa, “Oras mo na upang mamatay, Kimod! Hindi ka na makakalabas nang buhay!” Itinaas niya ang puno ng *amorawon* at buong lakas na inihulog sa butas. “Kawawang Kimod, hindi ka na mabubuhay,” usal ng mga dalagang sisne.

“Huwag kang pakasisiguro!” sigaw ni Kimod mula sa kaniyang kinalalagyan -- sa tahanan ni Tamisa!

Natakot ang kuya ng asawang sisne kay Kimod. “Saan siya dumaan?” tanong ni Tamisa. “Ngayon, Kimod, naniniwala na akong kapantay mo na ako sa kadakilaan,” pag-amin niya. “Maaari mo nang bawiin ang iyong asawa. Ngunit bago tayo maghiwalay, maglaban muna tayo sa inuman. Ubusin mo itong isang banga ng *tuba** at uubusin ko naman ang isa pa. Kapag natapos ka na, maaari mo nang iuwi ang iyong asawa.”

At sinimulan na ang paligsahan. Naunang maubos ni Kimod ang banga ng alak kumpara sa kalaban. Walang alinlangang natalo si Tamisa at sa wakas, naiuwi ni Kimod ang asawang nararapat sa kaniya.

- ***Vilma A. Fuentes and
Edito T. dela Cruz (1980)***

APENDIKS B: TALATANUNGAN

Layunin ng pag-aaral na ito na mataya ang kawastuhan at kaangkupan ng salin. Bilang pagtataya, gagamit ng talatanungang sasagutan ng eksperto.

Pangalan _____ Edad _____

Kurso _____

Paaralan na pinagtapusan _____

Bilang ng taon sa pagtuturo _____ Asignaturang itinuturo _____

Wikang ginagamit sa pagsasalita o pagsusulat _____

May karanasan sa pagsasalin

Oo _____ Wala _____

Lagyang ng tsek ang antas ng kakayahan sa pag-unawa, pagsasalita at pagsulat sa Filipino.

_____1 (hindi mahusay)

_____ 2 (hindi gaanong

mahusay)

_____ 3 (mahusay - husay)

_____ 4 (mahusay)

_____ 5 (napakahusay)

Lagyang ng tsek ang antas ng kakayahan sa pag-unawa, pagsasalita at pagsulat sa Ingles.

_____ 1 (hindi mahusay)

_____ 2 (hindi gaanong

mahusay)

_____ 3 (mahusay - husay)

_____ 4 (mahusay)

_____ 5 (napakahusay)

Lagda:

MGA INDIKASYON SA PAGTATAYA NG SALIN

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang sumusunod na mga indikasyon sa pagtataya ng salin upang maging gabay sa pagsagot ang talatanungan.

TALAHANAYAN A:

ACCURACY (Kawastuhan ng Salin)

Ipinapakita ng Talahanayan A sa ibaba ang mga indikasyon na nagsisilbing gabay sa mga kalahok upang masagutan ang talatanungan. Pinagbatayan sa pagpili ng indikasyon ang gawa ni *Nababan* (in Ardi: 2016).

Pagmamarka	Pagpapakahulugan	Indikasyon
5.00	Lubos na napakahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at hindi na nangangailangan ng anumang rebisyon.

4.00 - 4.99	Napakahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit nangangailangan pa ng kaunting rebisyon.
3.00 - 3.99	Mahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit kakikitaan ng ilang pagkukulang sa pagpili ng diksyon at salita.
2.00 - 2.99	Medyo Mahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit may mga salitang tinanggal o hindi nabigyan ng wastong pagpapakahulugan.
1.00 - 1.99	Hindi mahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay hindi wastong naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at nagdudulot ng kalituhan sa mambabasa.

TALAHANAYAN B:

CLARITY (Kalinawan ng Salin)

Ipinapakita ng Talahanayan B sa ibaba ang mga indikasyon na nagsisilbing gabay sa mga kalahok upang masagutan ang talatanungan. Pinagbatayan sa pagpili ng indikasyon ang gawa nina *Arnold et.a; in Fiederer at O' Brien (2009)*.

Pagmamarka	Pagpapakahulugan	Indikasyon
5.00	Lubos na napakahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at walang kalabuan.
4.00 - 4.99	Napakahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit may kaunting kalabuan.

3.00 - 3.99	Mahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) ngunit may mga ilang kalabuan.
2.00 - 2.99	Medyo Mahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at nagdudulot ng kalituhan.
1.00 - 1.99	Hindi mahusay	Ang nilalaman ng simulaang lengguwahe (SL) ay hindi malinaw na naiparating sa tunguhang lengguwahe (TL) at walang kahulugan ang isinalin.

TALAHANAYAN C:

***NATURALNESS* (Kadulasan ng Salin)**

Ipinapakita ng Talahanayan C sa ibaba ang mga indikasyon na nagsisilbing gabay sa mga kalahok upang masagutan ang talatanungan. Pinagbatayan sa pagpili ng indikasyon ang gawa mula sa *Haliday's Scale in Fiederer and O' Brien (2009)*.

Pagmamarka	Pagpapakahulugan	Indikasyon
5.00	Lubos na napakahusay	Lahat ng nilalaman ng mensahe ng simulaang lengguwahe (SL) ay nauunawaan at natural, kahit may mga hindi akma ng estilo o baybay at kahit may nawawalang salita o hindi mahusay ang pagkakasalin ngunit malapit sa tunguhang lengguwahe (TL).
4.00 - 4.99	Napakahusay	Ang malaking bahagi ng mensahe ay

		nauunawaan at natural.
3.00 - 3.99	Mahusay	Ang ilang bahagi lamang ang nauunawaan at hindi natural ang pagkakasalin.
2.00 - 2.99	Medyo Mahusay	Hindi nauunawaan ang higit sa kalahating (50%) bahagi ng mensahe sapagkat pilit at hindi natural ang pagkakasalin.
1.00 - 1.99	Hindi mahusay	Walang bahagi ang nauunawaan sa mensahe at hindi natural ang pagkakasalin.

TALAHANAYAN D:

PAGSASALING KULTURAL

(Mga Materyal at Di-materyal na Kultura na matatagpuan sa akda)

Ipinapakita ng Talahanayan D sa ibaba ang mga indikasyon na nagsisilbing gabay sa mga kalahok upang masagutan ang talatanungan. Sinikap ng mananaliksik na bumuo ng sariling mga indikasyon upang masuri ang pagkakalahad ng kultural na elemento sa isinagawang pag-aaral.

Pagmamarka	Pagpapakahulugan	Indikasyon
5.00	Lubos na napakahusay	Nailahad ang lahat ng mga kultural na elemento nang organisado at detalyado na matatagpuan sa akda.
4.00 - 4.99	Napakahusay	Nailahad ang mga kultural na elemento nang detalyado ngunit may mga bahaging hindi naisama at naipaliwanag.

3.00 - 3.99	Mahusay	Nailahad ang mga kultural na elemento nang detalyado ngunit may mga naisamang hindi akma.
2.00 - 2.99	Medyo Mahusay	Nailahad ang iilan lamang sa kultural na elemento at hindi naipaliwanag.
1.00 - 1.99	Hindi mahusay	Walang anumang kultural na elemento ang nailahad at naipaliwanag sa akda.

Matapos mapag-aralan ang sumusunod na indikasyon, maaari nang sagutan ang talatanungan sa susunod na pahina bilang pagtataya sa kabuong salin ng pag-aaral na ito.

Panuto: Suriin ang ginawang pagsasalin sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek kung ito ay tumutugon sa kriterya sa bawat bilang. (5) para sa Lubos na napakahusay, (4) sa Napakahusay, (3) sa Mahusay, (2) sa Medyo mahusay at (1) para sa Hindi mahusay. Maaari ring maglagay ng suhestiyon o puna sa ibaba para sa mas ikagaganda ng salin.

MGA DAPAT ISAALANG-ALANG SA PAGSASALIN	Lubos na Napakahusay (5)	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Medyo Mahusay (2)	Hindi Mahusay (1)
1. (Clarity) - <i>malinaw na pagkakalipat sa ibang lengguwahe ang isang akda</i>					
2. (Accurate) - <i>wasto ang pagpapahayag ng kahulugan o mensahe ng akdang isinalin</i>					
3. (Naturalness) - <i>madulas ang mga pahayag sa tunguhang lengguwahe na parang orihinal</i>					

4.(Pagsasalin kultural) - <i>kakikitaan ng mga bahaging nagpapakilala sa kultura ng pinanggalingang akda/teksto</i>					

PAGMAMARKA	PAGPAPAKAHULUGAN
5.00	Lubos na napakahusay
4.00 - 4.99	Napakahusay
3.00 - 3.99	Mahusay
2.00 - 2.99	Medyo mahusay
1.00 - 1.99	Hindi mahusay

Suhestiyon/ Puna:

Lagda: _____

APENDIKS C: ANG PAGBUO NG MGA SALIN

ORIHINAL NA TEKSTO	SALIN
TEXT 1 BATA MAMA AND BATA BAHİ (Bukidnon) Bata Mama and Bata Bahi were brother and sister, seven and two years old. When their kind father, the first datu, died, their mother married his	TEKSTO 1 BATA MAMA AT BATA BAHİ (Bukidnon) Magkapatid sina Bata Mama (<i>batang lalaki</i>) at Bata Bahi (<i>batang babae</i>), isang pitong taong gulang na lalaki at dalawang taong gulang na

brother, the second datu. The stepfather was cruel and punished the children for everything they did. One day the stepfather said, "Dear wife, let us move to another place and leave the children behind for it is difficult to feed and raise them." "But they are too young to live on their own," the mother protested, "Once in a while Bata Bahi still suckles on my breast." "Whether you like it or not," the datu said, "we are leaving them. Or would you rather that I had them killed?" The mother wept but she was afraid of her husband and so she quickly packed	babae. Nang mamatay ang kanilang mabuting ama, ang unang datu (<i>pinuno ng tribo</i>), pinakasalan ng kanilang ina ang kaniyang bayaw, ang ikalawang datu. Malupit sa kanila ang amain at laging pinarurusahan ang mga bata sa anumang bagay na kanilang ginagawa. Isang araw, sinabi ng amain, "Mahal kong asawa, lumipat na tayo sa ibang lugar at iwan ang mga bata sapagkat mahirap na silang pakainin at palakihin." "Subalit masyado pa silang bata para mamuhay mag-isa," tutol ng nanay "paminsan-minsa'y sumususo pa sa akin si Bata Bahi." "Sa ayaw o sa gusto mo," wika ng datu "iiwan natin sila o mas nanaisin mong ipapatay ko sila?" Tumangis ang nanay subalit natatakot siya sa kaniyang asawa kaya dali-dali

their belongings. The datu called Bata Mama and Bata Bahi. “Take this basket to the fields and fill it with (<i>gabi</i>) leaves,” he ordered them. “Do not come home until the basket is full otherwise I shall hang you upside down.” As soon as the children left, the datu said to his wife, “Cook our food, dear wife- let us have a chicken for our last meal.” Silently the mother prepared the meal. While they were eating, the datu warned his wife not to leave any food for the children and to put out the fire in the stove. When the datu was not watching, however, the mother hurriedly wrapped	siyang nagbalot ng kanilang mga kagamitan. Tinawag ng datu sina Bata Mama at Bata Bahi. “Dalhin ninyo ang basket na ito at pumunta kayo sa bukid at punuin ninyo ito ng dahon ng gabi,” utos nito sa kanila. “Huwag kayong uuwi hangga’t hindi puno ang basket na ito, kung hindi ibibitin ko kayong patiwarik.” Pagkaalis na pagkaalis ng mga bata, sinabi ng datu sa kaniyang asawa, “Mahal kong asawa magluto ka ng pagkain natin, manok ang gawin nating huling hapunan.” Tahimik na inihanda ng nanay ang pagkain. Habang kumakain sila binalaan ng datu ang nanay na huwag mag-iwan ng pagkain para sa mga bata at patayin ang apoy sa kalan. Nang hindi nakatingin ang datu, dali-daling nagbalot ang nanay ang

some food in banana leaves. She pressed her breasts and filled a bottle with milk. Together with a small knife she buried the chicken and the bottle in the ashes of the stove. The datu and his wife set out on their journey. While they walked the mother secretly unrolled a skein of abaca threads on their trail. The datu did not notice this, for women walk behind their husbands. In the wide gabi field, the children had already gathered all the young leaves they could find. Still the basket was not full. “What shall we do now?” said Bata Mama to Bata Bahi. “There is nothing more we can find.” They sat down. They could not go home for fear	pagkain sa dahon ng saging. Piniga ang kaniyang suso at pinuno ng gatas ang bote. Ibinaon niya ang manok at ang bote ng gatas sa abo ng kalan kasama ang isang maliit na kutsilyo. Nagsimula ng paglalakbay ang datu at ang kaniyang asawa. Habang naglalakad sila palihim na kinalag ng nanay ang bungkos ng abaka at inilalaglag ang mga ito sa kanilang dinaraan. Hindi ito napansin ng datu sapagkat ang mga asawang babae noon ay naglalakad sa likuran ng asawang lalaki. Sa malawak na taniman ng gabi, napitas nang lahat ng mga bata ang mga talbos ng gabi subalit hindi pa rin puno ang basket. ”Ano’ng gagawin natin ngayon?” tanong ni Bata Mama kay Bata Bahi. “Wala na tayong mahanap pa,” at umupo sila. Hindi sila makauwi

of their stepfather hanging them upside down. After a long time Bata Bahi began to cry. "I am hungry," said Bata Bahi, "Let's go home." Bata Mama pitied his little sister so he said, "Let's go home then, even if we get hung." As the two children entered the yard they felt that it was unusually quiet. There was no one in the house. Not an object, not even a piece of cloth was left behind. "Where is mother?" said Bata Bahi, "I want to suck milk," and she cried and cried. Bata Mama tried to look for something to eat. He went to the stove but there was not even a live ember. Bata Mama leveled the ashes with a stick. He found some chicken	sa takot na ibitin sila nang patiwari ng amain. Makalipas ang mahabang oras, nagsimulang umiyak si Bata Bahi. "Nagugutom na ako" sabi ni Bata Bahi. "Umuwi na tayo." Naawa si Bata Mama sa kapatid kaya sinabi niyang "Tama na, uuwi na tayo kahit ibitin tayo." Nang makarating ang dalawang bata sa bakuran, nakadama sila ng kakaibang katahimikan. Walang sinuman ang nasa bahay, wala ni anumang bagay, ni piraso mang damit na naiwan. "Nasaan ang nanay?" sabi ni Bata Bahi, "Gusto kong dumedede," at umiyak siya nang umiyak. Sinubukang maghanap ng makakain ni Bata Mama. Pumunta siya sa kalanan subalit wala ni бага roon. Hinawi ni Bata Mama ang abo sa pamamagitan

pieces wrapped in banana leaves, the bottle of milk and the knife. “Come, Bata Bahi, here is some food mother left for us to eat.” As they could not finish all of it they buried the remaining food in the ashes again. They waited for their mother to arrive but the sun set and evening fell and still there was no one. At midnight Bata Bahi began to feel afraid and started to cry. “Bata Mama, the witches will come to eat us.” “Let us just sleep here”, said Bata Mama, “Anyway the witches will find us anywhere we sleep.” They decided to lie down across the door in the straight line. Their heads	ng patpat. Nakita niya ang ilang piraso ng manok na nakabalot sa dahon ng saging, ang bote ng gatas, at ang kutsilyo. “Halika, Bata Bahi, may iniwang pagkain dito si Nanay para sa atin.” Nang hindi nila maubos ang pagkain, ibinaon nilang muli sa abo ang tirang pagkain. Hinintay nilang dumating ang kanilang nanay subalit lumubog na ang araw at lumatag ang gabi wala pa rin ni isang dumating. Sa kalaliman ng gabi natakot si Bata Bahi at nagsimulang umiyak, “Bata Mama darating ang mangkukulam upang kainin tayo.” “Dito na lang tayo matulog,” sabi ni Bata Mama, “sabagay makikita pa rin tayo ng mangkukulam kahit saan pa tayo matulog.” Pinagpasiyahan nilang mahiga nang pahalang sa may pinto. Nasa

were in opposite directions, and the soles of their two feet were touching. It was very dark. In the middle of the night they heard the witch's footsteps. Bata Bahi trembled with fear. "Do not cry," said Bata Mama, "The witch will surely find us if you do." They heard the footsteps climbing up the ladder. They kept very still. Bata Mama kept close to his sister, the knife held securely in his hand. It was pitch dark and the witch's clammy hands began to touch the children's bodies. He said, "This is the head, and these are the legs -- what long legs! This is indeed a long one! And then it has -- another head!" The witch was puzzled. "This must be the true witch!" he cried, moving back.	magkabilang direksyon ang kanilang ulo at magkadikit ang kanilang mga sakong. Napakadilim noon. Hatinggabi nang marinig nila ang mga yabag ng mangkukulam. Nanginig sa takot si Bata Bahi. "Huwag kang umiyak," wika ni Bata Mama. Tiyak na mahahanap tayo ng mangkukulam kapag umiyak ka." Narinig nilang umaakyat ang mga yabag sa hagdan. Hindi sila gumagalaw. Lumapit sa kaniyang kapatid si Bata Mama at mahigpit na tinangan sa kamay ang kutsilyo. Pusikit ang kadiliman noon at hinawakan ng malalamig na kamay ng mangkukulam ang katawan ng mga bata. Tinuran niyang "ito ang ulo at ito ang mga hita! Anong haba ng mga ito. Tunay na napakahahaba nito at may isa pang ulo." Naguluhan ang mangkukulam. "Ito marahil ang tunay

Immediately Bata Mama stood up and screamed as fiercely as he could, “I will eat you!” The witch fled. Morning came. “Where shall we find our mother?” asked Bata Bahi. As they crossed the yard Bata Mama noticed a trail of abaca fibers leading to the road. “They must have gone this way,” said Bata Mama. “Let us follow the abaca wherever it goes.” Bata Bahi was too young to walk a great distance so Bata Mama had to carry her on his shoulders. Now and then they would come upon a spot where the datu and his wife had cooked. And they would always find some food and milk in the ashes. After a long time the trail of abaca fibers ended. Then began a trail of ashes.	na mangkukulam!” umiiyak na sabi nito habang papalayo. Dali-daling tumayo si Bata Mama at sumigaw nang ubod lakas. “Kakainin kita” at umalis ang mangkukulam. Sumapit ang umaga. “Saan natin hahanapin ang nanay? tanong ni Bata Bahi. Nang pumunta sila sa bakuran, napansin ni Bata Mama ang mga hibla ng abaka sa daan. “Siguro dito sila dumaan,” sabi ni Bata Mama. “Sundan natin ang mga abaka kung saan man ito mapunta.” Masyado pang bata si Bata Bahi para maglakad nang mahaba kaya pinasan ito ni Bata Mama. Tuwing sasapit sila kung saan nagluto ang datu at ang kaniyang asawa lagi silang nakatatagpo ng mga pagkain at gatas sa abuhan. Matapos ang mahabang panahon nagwakas ang linya ng mga abaka at nagsimula

The children felt the ashes and they were still warm. “Let us walk faster for they must be near,” said Bata Mama. But after following the ashes for a long while the children got lost. Aimlessly they wandered in the thick forest. Finally they came upon a <i>balangas</i> tree. A lot of its fruits had dropped to the ground. Bata Mama noticed that there were footprints of wild pigs on the ground around the tree. So he said, “Let us climb up the tree and eat there in case the wild pigs return.” As soon as they reached the higher branches a herd of wild pigs of different sizes arrived. They fed on the fruit on the ground and left, all except one, the biggest and fattest of them all.	ang bakas ng abo. Nadama ng mga bata na mainit pa ang mga ito. “Bilisan natin ang paglalakad baka nasa malapit lang sila.” Sabi ni Bata Mama. Subalit naligaw ang mga bata matapos ang pagsunod sa mga abo. Hindi sinasadyang napadpad sila sa masukal na gubat. At sa wakas narating nila ang isang puno ng <i>balangas</i>. Maraming bunga ang nangahulog sa lupa. Napansin ni Bata Mama na may mga bakas ng paa ng baboy ramo na paikot sa puno. “Umakyat tayo sa puno at kumain doon, baka sakaling bumalik ang mga baboy ramo.” Pagkaakyat na pagkaakyat nila sa mataas na mga sanga dumating ang isang langkay ng baboy ramo na may iba’t ibang laki. Kinain nila ang mga bunga na nasa lupa at nagsi-alis,

Bata Mama thought hard how he could kill the pig. He selected the biggest and ripest fruit and stuck his knife into it, then he dropped the fruit. The wild pig immediately snapped it up. The knife stuck in his throat. Squealing horribly, the pig died. “Now we got a big pig,” said Bata Mama to Bata Bahi, “How do we cut it up and cook it?” “Bata Bahi, stay here while I look for someone to help us with the pig,” said Bata Mama, “There must be some people living nearby. Don’t try to follow or you will get lost.” So Bata Mama went to look. In	maliban sa pinakamalaki’t pinakamataba sa lahat. Nag-isip nang mabuti si Bata Mama kung paano niya mapapatay ang baboy. Pumili siya ng pinakamalaki at pinakahinog na bunga at ibinaon doon ang kutsilyo, pagkatapos ay inilaglag ang prutas. Agad na tinamaan ang baboy. Tumarak ang kutsilyo sa lalamunan nito. Umatungal ito nang napakalakas at namatay. “Mayroon na tayong malaking baboy ngayon.” Sabi ni Bata Mama kay Bata Bahi. “Paano natin ito hihiwain at lulutuin?” “Dito ka lang Bata Bahi, hahanap lang ako ng makatutulong natin sa baboy,” wika ni Bata Mama. “Siguro, may mga taong naninirahan malapit dito. Huwag kang susunod at baka maligaw ka.” Kaya umalis na si Bata Mama

the distance he saw a wisp of smoke and went towards it. Upon reaching the house he called out but no one answered. So he climbed up the ladder and peered inside. In the hut was a sleeping giant snoring loudly. Bata Mama took a stone and struck the giant's forehead. "Wake up Apu" he said, "For I'm here." The giant got up. "Ah, so that's why I was having such a nice dream of eating a young datu," said the giant. Bata Mama replied, "Do not eat me, Apu, for I have a big fat pig under a tree which I cannot butcher. And I need fire."	para maghanap. Sa hindi kalayuan nakakita siya ng usok kaya pinuntahan niya iyon. Nang makarating siya sa bahay tumawag siya subalit walang sinuman ang sumasagot. Umakyat siya sa hagdan at sumilip sa loob. Naroon sa bahay-kubo ang isang higitang natutulog at humihilik nang ubod lakas. Pumulot ng bato Si Bata Mama at ipinukol sa noo ng higante. "Apu (<i>lolo</i>) gising!" sabi niya "Nandito ako." Tumayo ang higante, "Naku, kaya pala ako nagkaroon ng napakagandang panaginip na kumakain ng isang batang datu," sabi ng higante. Sumagot si Bata Mama, "Huwag mo akong kainin, Apu, mayroon akong malaki't matabang baboy na hindi ko makatay na nasa ilalim ng puno at kailangan ko ng apoy."

The giant got up and followed the boy to where the pig and his sister were. Bata Mama and the giant brought the dead pig to the river bank. The giant began to cut up the pig and throwing all the meat into the river. "These parts are no good," he explained. The children watched the giant quietly. They noticed that every time the giant threw some meat into the water a big crab came to take the pieces away to its hole under the rock. When all the meat had been thrown into the river the giant took the intestines and told Bata Mama, "Wash this - it is only part that is fit to eat. I have to go downriver for I have other things to do." The giant left. Bata Mama was washing the intestines and Bata Bahi	Tumayo ang higante at sumunod sa bata kung nasaan ang baboy at ang kaniyang kapatid na babae. Dinala nila sa ilog ang baboy. Sinimulang hati-hatiin ng higante ang baboy at itinapong lahat ang laman nito sa ilog. "Hindi puwede ang mga bahaging ito," paliwanag pa niya. Tahimik na pinanood ng mga bata ang higante. Napansin nilang sa tuwing ihahagis ng higante ang karne sa ilog kinukuha ito ng malaking alimango upang dalhin sa lunggang nasa ilalim ng bato. Nang maitapon nang lahat ang karne sa ilog. Kinuha ng higante ang bituka at sinabi kay Bata Mama "Hugasan mo ito, ito lamang ang maaaring kainin, kailangan kong bumaba sa ilog at may gagawin pa ako." Umalis ang higante. Hinuhugasan ni Bata Mama ang

was playing in the water when suddenly the crab bit the little girl's finger and she cried. Bata Mama got angry. "You foolish crab," he said, "Why did you bite my sister?" "I want you both to come into my house," said the crab, "for when the giant returns he will eat you both. He just went downriver to see if the pig's flesh he threw away has been caught in his trap." The children entered the crab's house which was very beautiful. "You will never be hungry here," the crab said, "for I have so much food. You are safe from the giant in my house." "The giant reached his trap and found nothing. "Where did the meat go?" he wondered, retracing his steps, but he could not find the slices of meat.	bituka habang si Bata Bahi ay naglalaro sa tubig nang biglang sipitin ng alimango ang maliit na daliri ng batang babae at umiyak ito. Nagalit si Bata Mama "salbaheng alimango ka" sabi niya "bakit mo sinipit ang kapatid ko?" "Gusto kong pumunta kayo sa bahay ko, dahil kapag bumalik ang higante kakainin niya kayo. Bumabalang siya sa ilog upang tingnan kung nabitag ang mga laman ng baboy na itinapon niya. Pumasok ang mga bata sa napakagandang bahay ng alimango. "Hindi kayo magugutom dito" sabi ng alimango "sapagkat marami akong pagkain, ligtas kayo sa higante rito." Narating ng higante ang bitag niya at walang nakita. "Saan napunta ang mga karne? Takang-taka siya habang binabagtas ang daan pabalik,

So he thought, "I'd better eat the children." When he reached the place where they had sliced the pig the children were no longer there. He sniffed here and there then under the rocks. He said, "So that's where you're hiding. I'll get you out." He put his arm into the hole of the crab. Immediately the crab cut it off with her sharp claws. The giant was shocked. "Well, don't I have another arm?" he said, reaching in with his other arm. The crab cut that arm too. The giant said, "Well, don't I have feet?" and he placed one foot in the hole. The crab cut the foot. He placed the remaining foot inside and the crab snapped that off too. Then the giant said, "I'd better put	subalit hindi niya natagpuan ang mga hiwa ng karne. Kaya naisip niya "Mabuti pa kainin ko na lang ang mga bata." Nang makarating siya kung saan nila hiniwa ang baboy wala na roon ang mga bata. Umamoy siya kung saan-saan hanggang sa ilalim ng mga bato at sinabi niya "At diyan kayo nagtatago, kukunin ko kayo rian." Ipinasok niya ang kaniyang kamay sa lungga. Dali-dali iyong pinutol ng alimango sa pamamagitan ng kaniyang matatalas na sipit. Nagitla ang higante. "At wala ba akong isa pang kamay? Sabi niya. Inabot niya ang isa pa niyang kamay sa loob. Pinutol iyong muli ng alimango. Sinabi ng higante "At wala ba akong mga paa?" at inilagay niya ang paa sa loob at pinutol din iyon. At

my head inside and eat them right there.” So he pushed his head inside the hole. Quickly the crab cut his head and the giant died. When the giant failed to come home, his wife sent their son after him. “He must have gotten plenty of food and couldn’t carry it,” thought the giant’s wife. And so the son went to look for his father. When the son reached the river he saw that the giant was dead and so he ate his father’s body. Then he sensed the children. “There must be human beings here,” he said. He smelled them under the rock. The son put his arm inside the crab’s house and the crab cut it. The giant’s son placed his other arm in and the	winika ng higante “Mabuting ipasok ko ang ulo ko sa loob at lamunin na sila roon.” Kaya isiniksik niya sa loob ng lungga ang kaniyang ulo. Mabilis na pinutol ng alimango ang ulo niyon at namatay ang higante. Nang hindi makauwi sa bahay ang higante, pinasunod ng asawang babae ang anak na lalaki. “Marami siguro siyang nakuhang pagkain at hindi niya madala” wari ng asawa ng higante. Kaya hinanap ng anak ang kaniyang ama. Nang makarating siya sa ilog nakita niyang patay na ang higante kaya kinain niya ang katawan ng kaniyang ama. Naramdaman niya ang mga bata, “may mga tao siguro dito” wika niya. Inamoy niya ang mga ito sa ilalim ng bato. Ipinasok ng anak ng higante ang kamay sa loob ng bahay ng alimango at pinutol iyon ng

same thing happened. He stuck in his feet, then his head, and then he died. The giant's wife became tired of waiting for her husband and son so she decided to go herself. "Perhaps they ate everything right there that is why they could not return," she thought. When she reached the river she found the body of her son and she ate it. Then she smelled the children under the rock. She reached under the stone with her arm and the same things happened to her. The crab cut off her arms, her feet and her head. So the wife of the giant died.	alimango. Inilagay niya ang isa pa niyang kamay at gayundin ang nangyari. Ipinasok ang kaniyang mga paa sumunod ang kaniyang ulo at siya'y namatay. Napagod sa kahihintay sa asawa't anak ang asawang babae ng higante. Kaya nagpasiya siyang hanapin ang mga iyon. "Marahil, kinain na nilang lahat doon, kaya hindi na sila nagbalik," wari niya. Nang makarating siya sa ilog natagpuan niya ang katawan ng kaniyang anak at kinain niya ito. Pagkatapos, naamoy niya ang mga bata sa ilalim ng bato. Inabot niya ang mga ito ng kaniyang kamay at gayundin ang nangyari sa kaniya. Pinutol ng alimango ang kaniyang mga kamay, mga paa, at ang kaniyang ulo kaya namatay rin ang asawa ng higante.

“Bata Mama and Bata Bahi,” the crab said to the children, “For the meantime live here with me. You may continue your search for your parents when you are grown up.” The children lived with the crab until they grew up. One day, after many years, the crab said, “Now Bata Mama and Bata Bahi, we must leave this place for I shall soon die. I will go to the source of the river and await my death there.” The children were filled with sadness for the crab had been like a mother. “But before I go I will leave you my claws. Plant the claws wherever you decide to live and a tree will grow. The tree will give you everything you need. One of the things it will provide you is a set of powerful gongs. As for your parents, they will come to you one day. And you will know	“Bata Mama at Bata Bahi” wika ng alimango sa mga bata “dumito muna kayo kasama ko, maaari ninyong ipagpatuloy ang paghahanap sa mga magulang ninyo kapag malalaki na kayo.” Namuhay ang mga bata kasama ng alimango hanggang sa nagsilaki sila. Isang araw, makalipas ang maraming taon. Sinabi ng alimango “Bata Mama at Bata Bahi dapat na nating lisanin ang lugar na ito ngayon sapagkat malapit na akong mamatay. Magtutungo ako sa pinagbubuhatan ng ilog at doon ko hihintayin ang aking kamatayan.” Sinidlan ng kalungkutan ang mga bata dahil sa naging parang ina nila ang alimango. “Subalit bago ako yumao, iiwan ko sa inyo ang aking mga sipit. Ibaón ninyo ito saan mang lugar na nanaisin ninyong manirahan at tutubo ang isang puno.

it is they for there will be a very heavy rain.” After these words the old crab took off its claws and crawled away. Sadly, Bata Mama and Bat Bahi took the claws and, following the crabs instructions, they continued the search for their parents. The brother and sister asked the house of an old woman whether anyone had passed that way. The old woman replied that a datu and his wife had, but it had been a long time ago. “They went in the direction you are facing,” the old woman said. The children thanked him	Ibibigay ng puno sa inyo ang anumang bagay na nanaisin ninyo. Isa sa mga ipagkakaloob nito ang mga pares ng makapangyarihang gong. Isang araw, darating ang inyong mga magulang. Makikilala ninyo sila dahil magkakaroon ng malakas na ulan.” Matapos ang winikang iyon, binunot ng alimango ang kaniyang sipit at gumapang paalis. Malungkot na tinanggap nina Bata Mama at Bata Bahi ang sipit at sinunod ang utos ng alimango. Nagpatuloy sila sa paghahanap sa kanilang magulang. Nagtanong ang magkapatid sa isang matandang babae na nasa isang bahay kung may napadaan ba roon. Sumagot ang matanda na ang datu at ang asawa nito ay dumaan nga subalit napakatagal nang panahon iyon. “Nagtungo sila sa lugar

and went on. One week after, Bata Mama said, “Bata Bahi, let us build our house here.” So they planted the claws of the crab. A big kingdom came to be. They climbed up the beautiful palace and found all they needed in it. There were gongs of different sizes and clothes fit for a prince and princess. Then and there they became Donya Maria and Don Juan. The people living across their palace were surprised, “Who is this powerful datu who was able to build a palace in one day?” they asked each other. And they decided to visit the dwellers. Among the many visitors were the wicked datu and the mother of Bata	sa harap na kinatatayuan ninyo,” wika ng matanda. Nagpasalamat ang mga bata at nagpatuloy. Makalipas ang isang linggo, sinabi ni Bata Mama, “Bata Bahi, magtayo tayo ng bahay rito.” Kaya ibinaon nila ang sipit ng alimango. Nagkaroon ng malaking palasyo. Pumanhik sila sa malaking palasyo at natagpuan doon ang lahat ng kailangan nila. Mayroon doong iba’t ibang hugis ng batingaw at mga damit na para sa prinsipe at prinsesa. Noon din sila ay naging sina Don Juan at Donya Maria. Nagulat ang mga taong naninirahan malapit sa kanilang palasyo. “Sino itong makapangyarihang datu na nagawang itayo ang palasyo sa loob lamang ng isang araw?” tanong nila sa isa’t isa at pinagpasiyahan nilang dalawin ang

Mama and Bata Bahi. When Don Juan saw all the people marching towards the palace he beat the gongs. The people were welcomed with all kinds of delicious food and gong music. As soon as the datu and his wife were within sight of the house, however, a heavy downpour began. The rain was so strong that it created a big hole in the ground. Don Juan and Donya Maria exclaimed, “they must be our mother and our stepfather!” Don Juan continued beating the gongs. It rained harder and harder. The wicked datu was blinded with rain, he could hardly struggle through the mud. The children’s mother did not find any difficulty getting to the palace. She	may-ari. Isa sa mga bisitang iyon ay ang malupit na datu at ang nanay nina Bata Mama at Bata Bahi. Nang makita ni Don Juan na naglalakad ang mga tao patungo sa palasyo, pinatugtog niya ang batingaw. Tinanggap nila ang mga tao sa pamamagitan ng lahat ng uri ng masasarap na pagkain at musika ng batingaw. Nang malapit na sa bahay ang datu at ang asawa nito bumuhos ang malakas na ulan. Napakatindi ng ulan na lumikha ng malaking hukay sa lupa. Sinabi nina Don Juan at Donya Maria, “maaaring sila ang ating nanay at amain.” Ipinagpatuloy ni Don Juan ang pagtugtog ng batingaw. Lalong lumakas nang lumakas ang ulan. Nahilam ng malakas na ulan ang malupit na datu at halos hindi makalakad dahil sa putik. Ni hindi man

quickly reached the stairs although she was very wet. Donya Maria welcomed her mother with elegant warm clothes. When the mother learned that Don Juan and Donya Maria were her children she embraced them tearfully. Meanwhile the datu had stumbled in the rain and crawled in the thick mud. He could hardly make it. Walking on his hands and knees the datu finally reached the gate and fainted. They found him shivering in the mud, sobbing with fear. Don Juan stopped beating the gong and the rain ceased. Donya Maria gave the datu warm water to drink and he kissed the hem of her skirt and asked for forgiveness. After that, they all lived	lang nahirapan ang nanay ng mga bata sa pagpasok sa palasyo. Madali niyang narating ang hagdan subalit basang-basa siya. Sinalubong ni Donya Maria ang ina tangan ang isang elegante at tuyong balabal. Nang mabatid ng nanay na sina Don Juan at Donya Maria ang kaniyang mga anak, luhaan niyang niyakap ang mga ito. Samantala, ang datu ay nadapa sa ulan at halos hindi na magawang makagapang sa makapal na putik. Gumapang siya hanggang marating ang trangkahan at hinimatay. Natagpuan siyang nanginginig sa putikan at umiiyak sa takot. Itinigil ni Don Juan ang pagtugtog ng batingaw at tumila ang ulan. Binigyan ni Donya Maria ng mainit na tubig na maiinom ang datu. Humalik ang datu sa laylayan ng damit ni Donya Maria at

happily together. - <i>Carmen Ching Unabia (1976)</i>	humingi ng tawad. Pagkatapos sama-sama silang namuhay nang masaya. - <i>Carmen Ching Unabia (1976)</i>
TEXT 2 THE SWEET AND SOUR SISTERS (MANUVU) Once there were two sisters, an ill-tempered girl called Meraat Bawa and a sweet tempered one called Mepiya Bawa. One day Mepiya Bawa went to the river bank to pick up the mosquito net she had washed and spread out to dry. A wild hen came along. “Mepiya Bawa” spoke the hen, “don’t get your mosquito net because I want to defecate on it.”	TEKSTO 2 ANG MABAIT AT ANG MAINGGITING MAGKAPATID (MANUVU) Noong unang panahon, may dalawang magkapatid na babae, isang masungit na kung tawagin ay Meraat Bawa at isang mabait na kung tawagin ay Mepiya Bawa. Isang araw nagpunta si Mepiya Bawa sa tabing-ilog upang kunin ang nilabhan niyang kulambo at ilatag ito upang matuyo. Isang ligaw na inahing manok ang dumating, “Mepiya Bawa”, ang sabi ng inahin, “huwag mong kunin ang kulambo mo dahil nais kong iputan ito.”

Mepiya Bawa tried not to look surprised, “I was just about to take it home,” she said, “But go ahead, do what you want.” Fluffing its feathers the wild hen sat on the mosquito net. But instead of defecating on it she laid eggs, so many that the mosquito net was covered with dozens of dazzling white eggs. “Come get your mosquito net now because it’s wet with my droppings,” called the wild hen. “All right,” said Mepiya Bawa, and what a sight greeted her eyes. The good-natured girl thanked the wild chicken profusely. Then she walked home with the eggs.	Sinikap ni Mepiya Bawa na hindi magmukhang gulat. “luuwi ko na sana ito,” sabi niya. “Ngunit sige, gawin mo ang gusto mong gawin.” Pinagpag ng ligaw na inahin ang kaniyang balahibo at umupo na sa kulambo. Ngunit sa halip na iputan ito nangitlog siya nang napakarami, napuno ng dose-dosenang nakasisilaw na puting itlog ang kulambo. “Halika, kunin mo na ngayon ang kulambo mo dahil basá na ito ng aking mga ipot,” ang tawag ng ligaw na inahin. “Siya sige,” tugon ni Mepiya Bawa, at anong tanawin ang tumabad sa kaniyang paningin. Pinasalamatan nang labis-labis ng butihing dalaga ang ligaw na inahin. Pagkatapos ay lumakad na siyang pauwi na dala ang

At the door she was met by Meraat Bawa who was going to the river to wash her mosquito net. “What have you there?” asked Meraat Bawa. Mepiya Bawa showed her the eggs and told her sister what happened. “That makes me boil!” said the ill-tempered sister, “I had to do without eggs for breakfast and here you have so many eggs. I will hurry to the river and get some too.” At the river bank Meraat Bawa spread out her mosquito net. “I don’t need to wash it,” Meraat Bawa reasoned, “For soon it will be covered with eggs. But I’ll stretch it out so that I can have more.”	mga itlog. Sa pintuan, nakasalubong na siya ni Meraat Bawa na patungo sa ilog upang labhan ang kaniyang kulambo. “Ano ang dala mong iyan?” pagtatanong ni Meraat Bawa. Ipinakita sa kaniya ni Mepiya Bawa ang mga itlog at sinabi sa kaniyang kapatid kung ano ang nangyari. “Naiinis ako,” ang sabi ng mainggiting kapatid, “gusto ko pa naman ng itlog sa almusal at heto nagkaroon ka ng maraming-maraming itlog. Pupunta na agad ako sa ilog at para makakuha rin.” Sa tabing-ilog inilatag ni Meraat Bawa ang kaniyang kulambo. “Hindi ko na kailangan pang labhan ito,” pangangatwiran ni Meraat Bawa, “dahil hindi magtatagal mapupuno ito ng mga itlog, sa halip uunatin ko pa itong maigi upang magkamal ako ng

Soon the wild hen came. “Meraat Bawa”, said the hen, “Can I use your mosquito net to defecate on?” “So why do you want to dirty my mosquito net?” said Meraat Bawa crossly, “Why don’t you lay eggs on it instead of shit?” The wild hen went over to the mosquito net and began really defecating on it. “You can get your net now for it’s all covered with eggs,” the hen said. When Meraat Bawa saw the mosquito net all full of droppings she couldn’t believe it. “That hen is no good!” said Meraat Bawa, “Why do I have to be treated differently? When that wild hen	maraming itlog.” Hindi nga nagtagal dumating ang ligaw na inahin, “Meraat Bawa,” ang sabi ng inahin, “Maaari ko bang gamitin ang iyong kulambo para iputan ito?” “At bakit kailangan mong iputan ang aking kulambo?” galit na sabi ni Meraat Bawa, “Bakit hindi ka na lang mangitlog diyan sa halip na iputan?” Nagpunta sa ibabaw ng kulambo ang ligaw na inahin at nagsimula itong tuluyang iputan iyon. “Maaari mo nang kunin ngayon ang iyong kulambo dahil puno na ito ng mga itlog,” ang sabi ng inahin. Nang makita ni Meraat Bawa ang kulambong punung-puno ng dumi hindi niya ito mapaniwalaan. “Salbaheng inahin iyon!” ang sabi ni Meraat Bawa. “Bakit ba kailangang tratuhin ako ng kakaiba?

comes back I'll kill it!" And Meraat Bawa had a difficult time washing the spots off her mosquito net. "Don't mind it", said Mepiya Bawa when she was told what transpired at the river bank. "Would you like to wash your hair in the spring with me?" "Just go ahead," said Meraat Bawa. "I'm still so sore." At the spring Mepiya Bawa was taking down her topknot when a small pait fish came along. "May I pull your pubic hair?" asked the ugly fish. "If that's your pleasure," laughed Mepiya Bawa good-naturedly. The fish	Kapag bumalik ang ligaw na inahing iyon papatayin ko siya." Hirap na hirap si Meraat Bawa sa pag-aalis ng mantas sa kaniyang kulambo. "Huwag mo nang isipin iyon," sabi ni Mepiya Bawa nang sabihin niya rito kung ano ang nangyari sa tabing-ilog. "Gusto mo bang sumama sa akin upang paliguan ang buhok mo sa batis?" "Pumunta ka na," sagot ni Meraat Bawa. "Masama pa rin ang loob ko." Sa batis, tinatanggal pa lamang ni Mepiya Bawa ang kaniyang pusod nang may maliit na isdang pait ang dumating. "Maaari ko bang hilahin ang bulbol mo?" pagtatanong ng pangit na isda. "Kung iyon ang nais mo," natatawang sagot ng butihing si

came over and pulled the hair on Mepiya Bawa's head. The girl's hair grew longer and longer until it extended around one bend of the river. "Thank you!" said Mepiya Bawa, and started washing her wealth of hair. She had become very beautiful because her hair was now extremely long. "What happened," asked her sister Meraat Bawa, "that you come home from bathing and your hair is so long?" "I met a fish," said Mepiya Bawa, and proceeded to tell Meraat Bawa all about it. So the elder sister decided to wash her hair in the spring too.	Mepiya Bawa. Lumapit ang isda at hinila ang buhok sa ulo ni Mepiya Bawa. Humaba nang humaba ang buhok ng dalaga hanggang sa halos umabot ito sa pagliko ng ilog. "Maraming salamat!" sabi ni Mepiya Bawa, at nagsimula nang paliguan ang kaniyang malusog na buhok. Naging napakaganda niya dahil sobrang haba na ng kaniyang buhok ngayon. "Ano'ng nangyari," tanong ng kaniyang kapatid na si Meraat Bawa. "na sa pag-uwi mo galing sa paliligo'y lalong humaba ang buhok mo?" "Nakakita ako ng isang isda," sagot ni Mepiya Bawa at nagpatuloy sa pagkukuwento ng lahat ng tungkol doon kay Meraat Bawa. Kaya nagpasya ang nakatatandang kapatid na paliguan na rin ang kaniyang buhok sa batis.

At the spring Meraat bawa began undoing her topknot. “Now where is that pait fish?” she asked crossly. In a while the fish appeared and asked her, “Do you want me to pull your pubic hair?” “That’s not what needs pulling,” replied Meraat Bawa, “Why don’t you pull the hair on my head to make it long like my sister’s?” The pait jumped up and began pulling the pubic hair of Meraat Bawa instead until it grew very long indeed. “Why is it that things like this happen to me?” complained the sour sister. “I have to be the odd one. How can I fix myself with such long pubic hair?”	Sa batis, sinimulang alisin ni Meraat Bawa ang kaniyang pusod. “Ngayon, nasaan na ang isdang pait? pasalangsang niyang pagtatanong. Maya-maya lamang lumitaw na ang isda at tinanong siya, “gusto mo bang hilahin ko ang bulbol mo?” “Hindi iyon ang kailangan ng paghila,” sabi ni Meraat Bawa. “Bakit hindi mo hilahin ang buhok ko sa ulo upang humaba ito tulad ng sa kapatid ko.” Tumalon papaitaas ang pait at sinimulang hilahin ang bulbol ni Meraat Bawa hanggang sa tumubo ito nang napakahaba. “Bakit ba ang mga bagay na gaya nito ang nangyayari sa akin” reklamo ng mainggiting kapatid. “Kailangang makalamang ako. Paano ko ngayon aayusin ang sarili ko na may napakahabang bulbol?”

When Mepiya Bawa saw what happened to her sister she said, “We can’t do much about that now can we? So why worry about it? Come let us just go fishing.” But Meraat Bawa wouldn’t. The sweet sister went fishing by herself, stopping by the house of her friend the crocodile. “Teach me how to catch fish,” said Mepiya Bawa. “I’ll catch the fish for you,” said the crocodile, “If you can look after my baby.” “Of course! Thank you,” said the good natured girl. When the mama crocodile left, Mepiya Bawa rocked the crocodile’s baby to sleep in its cloth hammock and sang:	Nang makita ni Mepiya Bawa ang nangyari sa kapatid, sinabi nitong, “wala na tayo ngayong magagawa pa diyan, di ba? Bakit ba kailangang mag-aalala ka pa diyan? Halika mangisda na lang tayo.” Ngunit ayaw ni Meraat Bawa. Ang butihing kapatid na lang ang nagpuntang mag-isa para mangisda, huminto ito sa bahay ng kaniyang kaibigang buwaya. “Turuan mo ako kung paano manghuli ng isda.” sabi ni Mepiya Bawa. “Ako ang manghuhuli ng isda para sa iyo,” sagot ng buwaya, “Kung magagawa mong bantayan ang anak ko.” “Oo naman, salamat,” sabi ng butihing dalaga. Nang makaalis ang inang buwaya, inihele ni Mepiya Bawa ang anak ng buwaya sa telang hamaka nito at umawit ng:

<i>Lullaby, lullaby</i> <i>Oh child of crocodile</i> <i>Cradled in swinging vines</i> <i>You smelled like fragrant powder</i> <i>The perfume of incense leaves</i> The crocodile could hear the singing and said to herself, "What a nice friend Mepiya Bawa is, she is singing that my child smells so fragrant. I better catch some really good fish for her." And she began to fish in earnest. Later the crocodile brought back two fathoms of vines full of eels, shrimps and mudfish. Mepiya Bawa was delighted. "You better go home now and cook them," said the crocodile. "I can't carry them all," said the sweet sister, "Let's divide them." "No need," said the crocodile, "There's more where it came	<i>Tulog na, tulog na</i> <i>O sanggol ng buwaya</i> <i>Duya'y baging na umiimbay</i> <i>Halimuyak mo'y pulbong</i> <i>masamyo</i> <i>Pabango sa dahong insenso</i> Narinig ng buwaya ang pag-awit at sinabi sa kaniyang sarili, "Anong buting kaibigan nitong si Mepiya Bawa, umaawit siya na napakabango ng aking anak. Mabuti pa'y humuli ako ng maiinam na isda para sa kaniya." At sinimulan niyang masigasig na mangisda. Kalaunan, bumalik ang buwaya na may dala-dalang dalawang dipang baging na punung-puno ng mga igat, mga hipon, at mga hito. Natuwa si Mepiya Bawa. "Mabuti siguro'y umuwi ka na ngayon at lutuin na ang mga iyan." sabi ng buwaya. "Hindi ko kayang bitbitin lahat ito," sabi ng

from.” Meraat Bawa, sitting by the window, saw her sister staggering home with a load of fish. “I’ll go fishing in the same place,” said the sour sister when Mepiya Bawa told her how it happened. “So far I’ve gotten nothing from anybody.” She got up and chose the biggest basket to take. It’s better than carrying all that fish on strings,” Meraat Bawa said. At the crocodile’s house the sour sister called, “Hey crocodile, where are you?” “I’m looking after my child,” said	butihing kapatid, “paghatian natin ang mga ito.” “Hindi na kailangan,” tugon ng buwaya, “marami pa niyan kung saan nanggaling ang mga iyan.” Nakaupo sa may bintana si Meraat Bawa, nang makita ang kaniyang kapatid na pauwing pasuray-suray na may dalang isda. “Mangingisda rin ako sa lugar na iyon,” sabi ng mainggiting kapatid, nang ikuwento ni Mepiya Bawa kung paano iyon nangyari. “Matagal-tagal na rin akong walang natatanggap mula sa kahit na sino.” Tumayo siya at pinili ang pinakamalaking basket para dalhin. Higit na maigi ito kaysa bitbitin ang lahat ng isdang nakatuhog,” ang sabi ni Meraat Bawa. Tumawag ang mainggiting kapatid sa bahay ng buwaya, “hoy buwaya, nasaan ka?” “Binabantayan

the crocodile. "I'll look after your child if that's what's keeping you from fishing for me," said Meraat Bawa, going up the ladder into the crocodile's house. "Well, all right," said the crocodile, "But take good care of my baby for he's worth more than all the mudfish you're after." And the crocodile left. As soon as she reached the thick grass outside, however, the crocodile stretched out to rest. She could hear Meraat Bawa singing: <i>Lullaby, lullaby</i> <i>Oh child of crocodile</i> <i>Cradled in swinging vines</i> <i>You smelled like manure</i> <i>You smell like chicken droppings</i>	ko ang aking anak," sagot ng buwaya. "Babantayan ko ang anak mo kung iyan ang pumipigil sa iyo upang ipangisda mo ako," sabi ni Meraat Bawa, umakyat sa hagdan ng bahay ng buwaya. "Kung gayon, sige," sabi ng buwaya, "ngunit pakaingatan mong mabuti ang anak ko sapagkat mas mahalaga pa siya kaysa sa lahat ng hito na hinahangad mo." At umalis na ang buwaya. Nang halos marating na nito ang makapal na damuhan sa labas, gayunma'y nag-unat ang buwaya upang makapagpahinga. Narinig niya si Meraat Bawa na umaawit: <i>Tulog na, tulog na</i> <i>O sanggol ng buwaya</i> <i>Duyan moy baging na</i> <i>umiimbay</i> <i>Halimuyak mo'y dumi ng hayop</i>

The crocodile got so mad when she heard the song. “How come now my baby smells like manure? Meraat Bawa is a stupid person. I better catch fish and pay her for watching my child so she can go away.” The crocodile was so disturbed that all she could catch was one little mud fish. When she was still some distance away Meraat Bawa called, “Hurry up with my fish, crocodile, for the sun is already high and I won’t have time to gather firewood to cook it.” “I wasn’t very successful at	<i>ang kapara</i> <i>Gaya ng ipot ng manok sa umaga.</i> Nagalit ang buwaya nang marinig ang awit. Paano naging amoy ng anak ko ngayon ay itulad sa tae? Walang kuwentang tao itong si Meraat Bawa. Mabuti pa’y manghuli na ako ng isda at bayaran siya sa pagbabantay sa aking anak upang umalis na siya.” Masyadong naging balisa ang buwaya, na ang kinaya lamang hulihin ay isang maliit na isda. Nasa di-kalayuan na siya nang tawagin siya ni Meraat Bawa. “Bilisan mong manghuli ng isda, buwaya, matindi na ang sikat ng araw at mauubusan na ako ng oras para manguha ng panggatong para iluto iyan.” “Hindi ako naging matagumpay

fishing,” said the crocodile, showing Meraat Bawa the lone fish. “No use sending you, crocodile,” said Meraat Bawa, “What a useless thing!” She snatched up the fish and went down the house without another word. “Better than no fish at all,” said Mepiya Bawa, when she was told what happened. “I lost my voice singing,” said Meraat Bawa, “And as usual I got nothing for it.” The next day Mepiya Bawa said, “How about gathering some bamboo shoots together?” “I’m still too disgusted,” said Meraat Bawa. With a knife in her hand Mepiya Bawa set out. She reached a clump of bamboo and began cutting the young	sa pangisingda,” sagot ng buwaya, ipinakita niya kay Meraat Bawa ang nag-iisang isda. “Walang silbi pagpapaisda ko sa iyo, buwaya,” sabi ni Meraat Bawa. “Inutil!” hinablot niya ang isda at nagtungo pababa ng bahay nang walang sabi-sabi. “Mabuti na iyon kaysa wala ni kahit na anong isda,” sabi ni Mepiya Bawa. Nang sabihin sa kaniya kung ano ang nangyari. “Naubos ang boses ko sa kaaawit,” sabi ni Meraat Bawa, “tulad ng dati, wala akong nahita rito.” Nang sumunod na araw sinabi ni Mepiya Bawa, “Ano kaya kung manguha tayong dalawa ng labong ng kawayan?” “Naiinis pa rin ako.” Tugon ni Meraat Bawa. Hawak ang kutsilyo, naghanda paalis si Mepiya Bawa. Nang makarating na siya sa isang kumpol

shoots. A deer called from the other side of the clump. “Those bamboo shoots are bitter, Mepiya Bawa, better throw them away. Come here instead.” Mepiya Bawa approached and saw a big deer lying on its side. “I want you to slice some flesh off my back,” said the deer, “for I’m unable to walk because of my fat.” “It will be very painful for you to be cut up,” said Mepiya Bawa, “You might even die.” “No, it won’t hurt at all,” said the deer. “Just slice off the outer layer. The thing is to be careful about my heart. If you cut into my heart, that will be the end of me.”	ng kawayan at sinimulang putulin ang <i>labong</i>, isang usa ang tumawag mula sa kabilang panig ng kumpol ng kawayan. “Mapait ang mga labong na iyan, Mepiya Bawa, mas mabuting itapon mo na iyan. Sa halip ay pumarito ka.” Lumapit si Mepiya Bawa at nakita ang isang malaking usa na nakahiga sa gilid nito. “Nais kong hiwain mo ang ilan sa mga laman ko sa likod,” sabi ng usa, “hindi na ako makalakad dahil sa aking katabaan.” “Magiging napakasakit sa iyo ang hiwain ka,” sagot ni Mepiya Bawa, “Maaari ka pang mamatay.” “Hindi, ni hindi ito makasasakit man lang,” sagot ng usa. “Basta hiwain mo ang labas na bahagi. Pakaingatan mo lamang ang aking puso, ito na ang maaaring maging

Careful following directions Mepiya Bawa sliced off the fat the deer wanted to get rid of. Then she put it on a string. “I do hope you feel better,” said Mepiya Bawa. “I shall come to visit you again to see that you’re well.” And she thanked the grateful deer. Mepiya Bawa got home with the deer meat and told her sister the story. “I’m going too,” said Meraat Bawa, who began sharpening her big knife on the whetstone. It was so sharp that when she tried it out on her leg all the hair was shaved clean. “Not like your dull knife,” said Meraat Bawa.	katapusan ko.” Maingat siyang sumunod sa utos at hiniwa ni Mepiya Bawa ang taba ng usa na ninanais nitong maalis. Pagkatapos ay inilagay niya ito sa kaniyang tuhugan. “Hangad kong maging maayos na ang pakiramdam mo,” sabi ni Mepiya Bawa. “Babalik ulit ako upang bisitahin ka para makita kung maayos ka na.” At pinasalamatan niya ang nagpapasalamat na usa. Umuwi na si Mepiya Bawa na dala ang laman ng usa at ikinuwento sa kaniyang kapatid ang pangyayari. “Pupunta rin ako roon, sabi ni Meraat Bawa, na sinimulang patalasin sa hasaang bato ang kaniyang malaking kutsilyo. Napakatalas na niyon at nang subukin ito sa kaniyang binti ay naahit nang malinis ang binti nito. “Hindi katulad ng mapurol mong

The sour sister made her way to the clump of bamboo and called, "Where is the deer that wants to get sliced up?" "Over here," weakly called a voice from behind the clump. Meraat Bawa found a deer lying on its side. "My body was reduced in size by your kind sister," said the deer, "But I need more fat removed. I'm just too heavy." "I'll do it," said Meraat Bawa. "The only thing I ask you, Meraat Bawa, is that you don't touch my heart," said the deer. "The outer flesh is all you must remove."	kutsilyo," sabi ni Meraat Bawa. Binagtas na ng mainggiting kapatid ang daan patungo sa kumpol ng kawayan at nagwika, "Nasaan ang usa na nagnanais na magpahiwa?" "Nandito," mahinang tugon ng tinig na nagmumula sa likod ng kumpol ng kawayan. Natagpuan ni Meraat Bawa ang isang usang nakahiga sa gilid nito. "Nabawasan na ng butihing kapatid mo ang laki ng aking katawan" sabi ng usa, "Ngunit kailangan ko pang bawasan ang marami pang taba. Masyado pa rin akong mabigat." "Gagawin ko," tugon ni Meraat Bawa. "Isang bagay lang ang hihilingin ko sa iyo, Meraat Bawa, na huwag mongagalawin ang aking puso," sabi ng usa. "Ang labas na laman lamang ang kailangan mong maalis."

“All right,” said Meraat Bawa. The deer straightened out carefully. The ill-natured girl began hurriedly slicing off the flesh of the deer. “This fat is good!” said Meraat Bawa greedily, slicing every which way. “At last I’ve really got something. This meat is going to be delicious. What about turning over?” She helped the deer turn to his other side and started slicing some more until the deer’s body was pared down to the bone. “Now the very best part of all is the heart,” said the merciless Meraat Bawa. “I’ve got to have that too.” “That’s enough!” said the deer. “That’s the limit of my love that you cut up my whole body! You can’t have my heart.”	“O siya sige,” sagot ni Meraat Bawa. Maingat na umunat ang usa. Dali-daling nagsimulang hiwain ng mainggiting dalaga ang laman ng usa. “Mainam ang tabang ito!” sabi ni Meraat Bawa na may kasakiman sa paghihiwa ng bawat bahagi. Sa wakas, may mahihita na ako ngayon. “Tiyak na magiging masarap ang mga lamang ito. Ano kaya kung pumaling ka sa kabila?” Tinulungan niya ang usa na pumihit pakabila at sinimulang humiwa muli at mabalatan ang usa nang sagad hanggang buto. “Ngayon ang pinakamainam na bahagi sa lahat, ang puso,” ang sabi ng walang-awang si Meraat Bawa. “Dapat na makuha ko pati iyon.” “Tama na iyan!” Ang sabi ng usa. “Iyan na ang hangganan ng aking pag-ibig, kinuha mo na ang aking buong katawan. Hindi mo maaaring

“Should anything be held back between friends?” asked Meraat Bawa. “You’ve given up practically everything anyway.” She grabbed hold of the deer’s heart and was about to carve it out when the deer suddenly sprang up. It gored and gored Meraat Bawa with its sharp horns until the girl died. “After having given you all my flesh you wanted still more, that was really too much! It was the end of my pity for you, Meraat Bawa, when you wanted to cause my death!” <i>- from Hazel Wringglesworth (1981)</i>	makuha ang aking puso.” “Mayroon bang ipinagdaramot sa magkaibigan?” tanong ni Meraat Bawa. “Tatal halos ibinigay mo nang lahat.” Dinaklot niya nang mariin ang puso ng usa at muntik na itong maukit palabas nang ang usa’y biglang tumayo. Sinuwag nito nang sinuwag si Meraat Bawa hanggang mamatay ang dalaga. “Matapos kong ibigay sa iyo ang lahat ng aking laman, naghangad ka pa nang higit, sobra na iyon, talagang sobra na! Iyon na ang katapusan ng habag ko sa iyo, Meraat Bawa, nang naisin mo ang aking kamatayan. <i>- from Hazel Wringglesworth (1981)</i>
TEXT 3 THE DANGEROUS SWING (IFUGAO) Bugan was on her way to the	TEKSTO 3 ANG MAPANGANIB NA DUYAN (IFUGAO) Papunta sa kamalig si Bugan

granary to get some rice bundles for their evening meal when her friend Magapid strolled by. “Can I walk with you so that I can lift the basket to your head?” asked Magapid, who secretly envied Bugan’s happy family life. The young wife agreed and together they walked to the granary. Bugan filled her <i>pahiking</i> basket and bolted the granary door after her. “Come then and help me lift the basket.” “Do stop working for a minute,” said friend Magapid. “Let us go and swing for a while.” A big swing which was for everybody hung ominously from one of the giant trees nearby. “I do not care to go on the swing,” said Bugan. “It is too high and it frightens me. Besides I can’t reach it.” “It’s a wonderful swing,” said	upang kumuha ng ilang bungkos ng palay nang mapadaan ang kaniyang kaibigang si Magapid. “Maaari ba akong sumama sa iyo para maiatang ko sa ulo mo ang basket?” tanong ni Magapid na palihim na naiinggit sa buhay-pamilya ni Bugan. Pumayag ang maybahay. At sabay silang pumunta sa kamalig. Pinuno ni Bugan ang kaniyang <i>pahiking</i> at sinarhan ang kamalig. “Halika at tulungan mo akong buhatin ang basket.” “Magpahinga ka muna,” sabi ng kaniyang kaibigang si Magapid. “Magduyan tayo saglit.” May malapit na duyan na nakabitin sa isa sa pinamalaking puno at para sa lahat. “Ayaw kong magduyan,” sabi ni Bugan “Napakataas at nakakatakot iyon. Isa pa, hindi ko iyon maaabot.” “Magandang duyan iyon,” sabi

Magapid. "You can almost reach the sky. Come I will let you step on me so you can reach it," said Magapid, pulling Bugan to the swing. "I'm afraid it's too high for me," said Bugan hesitantly. But Magapid continued reassuring her. "If you get dizzy," said Magapid, "I shall immediately stop the swing and put you down." Laughingly, Bugan consented. "Better remove your jewelry first," said Magapid. "If they fall off they might get broken." Bugan removed her glass bead necklace and bracelets and gave them to Magapid. Tremblingly, Magapid put them on her own neck and arm: she looked very much like Bugan.	ni Magapid. "Halos maabot mo ang langit. Halika na patutungtugin kita sa likod ko para maabot mo iyon," sabi ni Magapid, habang hinihila si Bugan patungo sa duyan. "Natatakot ako masyadong mataas iyan para sa akin," nag-aalangang sabi ni Bugan. Subalit patuloy sa pangungumbinsi si Magapid. "Kapag nahilo ka," sabi ni Magapid, "Ihihinto ko agad ang duyan at ibababa kita." Tumatawang napasang-ayon si Bugan. "Mabuti pa hubarin mo muna ang mga alahas mo," sabi ni Magapid. "Baka masira kapag nahulog ang mga iyan." Tinanggal ni Bugan ang kaniyang mga pahiyas na kuwintas at mga pulseras at ibinigay ang mga iyon kay Magapid. Nangangatal na isinuot ni Magapid ang mga iyon sa kaniyang

Kneeling on one knee, Magapid let Bugan step on her thigh and get on the swing. Then she gave the swing a strong push. In a very a short while Bugan got tired of swinging. “Enough, enough, I am getting dizzy,” said Bugan. But Magapid kept on pushing the swing higher and higher till it almost reached the branches. Bugan’s head swirled but Magapid would not stop pushing. Bugan’s grip loosened. She fell headlong to the ground and broke her neck. Magapid looked at Bugan who was in a heap of the ground. She did	leeg at braso: naging kamukhang-kamuha niya si Bugan. Iniluhod niya ang kaniyang isang tuhod at hinayaang tumuntong sa kaniyang hita si Bugan at makasampa sa duyan. Pagkatapos, malakas na itinulak ni Magapid ang duyan. Napagod agad si Bugan sa pagduduyan. “Tama na, tama na, nahihilo na ako,” sabi ni Bugan. Subalit patuloy pa rin sa pag-ugoy ng duyan si Magapid, palakas nang palakas hanggang sa tila maabot na nito ang mga sanga. Nahilo si Bugan subalit hindi tumigil si Magapid sa pag-ugoy sa duyan. Humulagpos ang hawak ni Bugan sa duyan. Nahulog siya sa lupa na una ang ulo at nabali ang kaniyang leeg. Tiningnan ni Magapid si Bugan na nakahandusay sa lupa. Hindi niya

not know what to do. She looked at Bugan's jewels on her body. On an impulse Magapid ran to granary and put the <i>pahiking</i> basket full of rice bundles on her head. Then she headed for Bugan's house. The man of the house, Aliguyon, was waiting at the door and he helped unload the basket of rice bundles from Magapid's head. Aliguyon looked at Magapid as if in a trance. "Is she my wife Bugan or is she not?" he asked himself but then he quickly dismissed the thought. He was strangely blinded and could not see through Magapid's deception. "Those are Bugan's jewels so of course she is my wife, what a silly thought to have!" On the spot where Bugan had died many black doves flocked. They repaired Bugan's body and made her	malaman kung ano ang gagawin. Tinitigan niya ang mga alahas ni Bugan sa kaniyang katawan. Biglang tumakbo sa kamalig si Magapid at pinuno ng palay ang <i>pahiking</i> sa kaniyang ulo. Pagkatapos tumungo siya pauwi sa bahay ni Bugan. Naghihintay sa pinto ang lalaking may-ari ng bahay, si Aliguyon at tinulungan niyang ibaba ang mga bungkos ng palay sa ulo ni Magapid. Tinitigan ni Aliguyon si Magapid na tila ba nasa kawalan. "Siya ba ang asawa ko o hindi?" tanong niya sa kaniyang sarili subalit agad na inalis iyon sa kaniyang isipan. "Iyon ang mga alahas ni Bugan, siyempre siya ang aking asawa, anong kabaliwan ang isipin iyon." Sa lugar na kinamatayan ni Bugan dumagsa ang mga uwak. Inayos nila ang katawan ni Bugan at

live again. The doves, messengers of the gods, asked Bugan, “Do you wish to be with us? Do you want to be one of us?” “Yes! Yes!” said Bugan, “Let us be together.” Each dove pulled some of its long wing feathers and attached them to Bugan’s arms until she had wings of her own. The doves told her, “Now let us see you fly.” Bugan flew rather low, skimming the bushes. “Do alight for a while so that we can add more feathers,” said the black doves. They plucked off more wing feathers from their bodies and put them on Bugan and doves said, “Go and fly.”	binuhay itong muli. Tinanong ng uwak na mensahero ng mga Diyos si Bugan. “Gusto mo bang maging katulad namin? Gusto mo bang sumama sa amin?” “Oo! oo!” sabi ni Bugan. Magsama-sama tayo.” Bumunot ng ilang mahahabang balahibo ang bawat uwak at ikinabit ang mga iyon sa braso ni Bugan hanggang magkaroon siya ng sariling mga pakpak. Sinabi ng mga uwak sa kaniya. “Ngayon, tingnan natin kung makalilipad ka.” Lumipad si Bugan subalit mababa, pasadsad sa dawagan. “Dumapo ka saglit. Sa gayon madaragdagan namin ang iyong mga balahibo” sabi ng mga uwak. Bumunot pa sila ng mga balahibo sa kanilang mga katawan at inilagay ang mga iyon sa katawan ni

Bugan flew -- higher and still higher. The black doves joined her till they were flying all together in the sky. Living among the doves, Bugan became pitifully thin. For not only was her heart broken but she could hardly eat anything. She did not like the wild fruits which were the staple of the doves. One day the black dove, that was Bugan broke away from the flock and flew alone. She alighted on a tree overlooking a field where Aliguyon and Magapid could be seen cleaning off the weeds. “Wak, wak, wak!” cried the black dove. “You are cleaning the weeds but the field is mine, mine, mine!” Magapid looked up and said, “Look there, my	Bugan at winika, “Sige lumipad ka,” lumipad si Bugan, pataas at pataas nang pataas. Sinamahan ng mga uwak si Bugan hanggang sama-sama na silang lumipad sa himpapawid. Nangayayat nang husto si Bugan sa pakikipamuhay kasama ang mga uwak. Hindi lamang dahil sa duhagi ang kaniyang puso kung hindi dahil na rin sa hindi siya makakain nang husto. Hindi niya gusto ang mga bungang ligaw na kinakain ng mga ito. Isang araw, humiwalay sa langkay ng mga uwak si Bugan at lumipad mag-isa. Dumapo siya sa isang puno na natatanaw sina Aliguyon at Magapid na nagtatanggal ng mga damo sa bukid. “Wak! wak! wak!” iyak ng uwak. “Tinatangalan mo ang mga iyan ng mga damo, subalit akin ang bukid na iyan, akin! Akin! Akin!” Tumingala si

husband, that black dove must be good to eat.” Aliguyon did not mind her. When Magapid stooped to weed again, the black dove encircled the field once more and spoke again, “Wak, wak,wak, you wear jewels but that necklace and those bracelets are mine, mine, mine!” Magapid looked up angrily. “What a foolish crow,” she said, “I must stone you.” But Bugan kept on recriminating Magapid. Balefully Magapid threw a stone at the bird and almost hit it. Then she went back to work, pretending to be deaf to what the bird was saying. Another day the black dove alighted on the tree growing at the front	Magapid at sinabi, “Tingnan mo iyon mahal kong asawa masarap sigurong kainin ang uwak na iyon.” Hindi siya pinasin ni Aliguyon. Nang yumuko muli si Magapid upang magtanggal ng mga damo, umikot muli ang uwak sa bukid at muling nagwika. “Wak! Wak! Wak! Suot-suot mo ang mga alahas subalit ang kuwintas at pulseras na iyan ay sa akin! akin! akin!” Nagagalit na tumingala si Magapid, “Baliw na uwak!” wika niya. “Dapat batuhin kita.” Subalit patuloy na inakusahan ni Bugan si Magapid. Kinakabahang dumampot ng bato si Magapid at ipinukol sa uwak at muntik nang tinamaan. Bumalik siya sa pagtatrabaho na nagbibingi-bingihan sa sinasabi ng ibon. Isang araw, dumapo ang uwak sa namumungang puno sa harapan

door of Aliguyon's house. She was eating its fruits and the peelings kept falling down. Aliguyon's two-year-old son was playing in the yard. He saw the black dove perched on his father's favorite tree. “Look father,” called the toddler, “that black dove is eating the fruits of your tree.” Aliguyon came down from the house and threw a stone at it. The dove flew away. The following morning the bird came again. It alighted on the same tree by the doorway, hopping from branch to branch, watching the toddler playing below. The boy looked up at the bird and called, “Father, catch that bird for me.” Aliguyon came down the house and climbed the tree. The black dove did not resist when Aliguyon brought it	ng pinto ng bahay ni Aliguyon. Nanginain siya ng mga bunga niyon at nangahulog ang mga balat sa lupa. Naglalaro ang dalawang-taong gulang na anak na lalaki ni Aliguyon sa bakuran. Nakita niya ang uwak na nakadapo sa paboritong puno ng kaniyang ama. “Tingnan mo, Ama,” tawag ng bata. “Kinakain ng uwak na iyon ang bunga ng iyong puno.” Bumaba ng bahay si Aliguyon at binato ito. Lumipad palayo ang uwak. Nang sumunod na umaga, nagbalik muli ang ibon. Dumapo itong muli sa dating puno sa may daanan ng pintuan, palipat-lipat mula sa isang sanga patungo sa iba pang sanga. Pinanonood niya ang naglalarong bata sa ibaba. Tiningala ng bata ang ibon at tumawag. “Ama, hulihin mo ang ibon para sa akin.” Bumaba ng

down. He gave the bird to his son to play with. The boy put the bird on the shelf where the firewood was kept. But one day when no one was looking the bird flew away and hid itself in the granary. The little boy was in the habit of taking a plate along and eating little by little as he ran around playing. His father would fill his wooden plate and the boy would go downstairs with it, eating. One day while his father was inside the house, the little boy squatted on the ground near house post. The wild dove saw him. Her craving for her son	bahay si Aliguyon at umakyat sa puno. Hindi pumiglas ang uwak nang hulihin ito ni Aliguyon. Ibinigay niya ang ibon sa kaniyang anak upang mapaglaruan nito. Inilagay ng bata ang ibon sa isang lalagyan kung saan iniimbak ang mga panggatong. Subalit isang araw, nang walang sinuman ang nakakikita, lumipad ang ibon at nagtago sa kamalig. May ugali ang batang lalaki na dala-dala ang plato, tumatakbo at naglalaro habang kumakain nang paunti-unti. Inilagay ng kaniyang ama ang pagkain sa platong kahoy at bumaba ang batang dala-dala ito habang kumakain. Isang araw, nasa loob ng bahay ang tatay, nakaupo ang bata sa lupang malapit sa poste ng bahay. Nakita siya ng uwak. Inisip niyang

was so great that she thought of calling him. But first the wild dove Bugan removed her feathers. She went to the granary and changed herself back into a woman. Hearing his name called, the boy went to look in the granary. He saw a woman inside. Going nearer he recognized his mother, who was hidden behind a post. The boy cried saying, "Mother, mother, you are indeed my mother." She lifted him and made him suck at her breast. When he was full she put him down and said, "Go and get me some cooked rice so that I can eat, for I am exceedingly hungry. If your father asks who will eat it, say that it is you." The boy went up the house and filled the wooden plate with a mound of	tawagin ang anak dahil sa nangungulila siya rito. Tinanggal muna ng ligaw na uwak ang kaniyang mga balahibo. Nagtungo siya sa kamalig at muling nag-anyong babae. Nang narinig ng bata na tinatawag ang pangalan niya, pumunta ito sa kamalig. Nakakita siya ng babae sa loob. Habang papalapit nakilala niya ang kaniyang nanay na nakatayo sa likod ng poste. Umiiyak na sinabi ng bata, "Nay, nanay, ikaw nga ang nanay ko." Kinarga at pinasuso niya ito. Nang mabusog ang bata ibinaba niya ito at sinabi, "Lakad, ikuha mo ako ng kanin para makakain ako, gutom na gutom na kasi ako. Kapag tinanong ka ng tatay mo kung sino ang kakain, sabihin mong ikaw." Umakyat ng bahay ang bata at pinuno ng napakaraming kanin ang

cooked rice. Then he ran to the granary and gave it to his mother. Bugan ate ravenously. When the little boy brought back the wooden plate to the house his father was surprised. He asked “where is all the cooked rice that filled the wooden plate?” The little boy replied, “I ate it.” But his father did not believe him. The little boy came back and had the wooden plate filled again. His father said, “If you are eating so much why are you not growing?” said Aliguyon who only half-believed his son. The boy filled the wooden plate still another time and again brought it downstairs. Aliguyon followed the child to the granary. He peeped through the half open door. Aliguyon could see in the	platong kahoy saka dali-daling bumalik sa imbakan upang ibigay sa kaniyang ina. Gutom na gutom na kumain si Bugan. Nang bumalik ang bata na wala nang laman ang plato, nagtaka ang ama. Nagtanong siya, “Nasaan lahat ang kaning inilagay mo sa platong kahoy?” Sumagot ang bata, “Kinain ko po,” subalit hindi naniwala sa kaniya ang ama. Bumalik muli ang bata. Pinunong muli ng kanin ang platong kahoy. Sinabi ng kaniyang tatay, “Kung kumakain kang mabuti e, bakit hindi ka lumalaki?” nagdududang sabi ni Aliguyon sa anak. Pinunong muli ng bata ang platong kahoy at muling dinala sa ibaba. Sinundan ni Aliguyon ang bata sa kamalig. Sumilip siya sa nakasiwang na pinto. Nakita ni

dark, amid the sheaves of rice, his wife squatting on the floor, hungrily eating the cooked rice with her fingers. She was completely naked. Tears filled Aliguyon's eyes as he saw the toddler climb up his mother's lap and begin to suckle. Bugan crooned and rocked her baby as she fed him. Aliguyon was filled with a great anger. "In a little while," he thought, "that impostor Magapid will come home and I will throw her down the abyss." Aliguyon looked at mother and son. He saw at her feet the wing feathers the kind black doves had given her. He wanted to catch Bugan at once, for he longed for her and after finishing the rice she might fly away quickly. In a	Aliguyon sa dilim na napaliligiran ng bungkos ng palay, ang kaniyang asawang nakasalampak sa lupa at nakakamay at hayok na hayok na kinakain ang kanin. Siya ay hubo't hubad. Hinilam ng luha ang mga mata ni Aliguyon nang makita niyang nagpakandong ang kaniyang anak sa ina at nagsimulang sumuso. Iniugoy at ipinaghele ito habang pinasususo. Sumilakbo ang matinding galit si Aliguyon. Naisip niya, "maya-maya kapag umuwi ng bahay ang impostor na si Magapid, itatapon ko siya sa bangin." Pinagmasdan niya ang kaniyang mag-ina. Nakita niya ang mga balahibo sa paanan ni Bugan na ibinigay ng mabubuting uwak. Ninais niyang hawakan si Bugan sapagkat nangungulila siya rito at baka mabilis

few quick strides Aliguyon reached Bugan and put his arms firmly around her. Bugan nearly fainted from shame for nothing covered her body. “My beloved wife,” said Aliguyon, “How could I have been so deceived? What happened to you that you have been changed into a bird?” Bugan told Aliguyon everything that had happened to her on the swing - the dizziness, the fall. “Let us go home now,” he said. That afternoon Aliguyon went to a part of the forest past the swing where thorny trees grew. He cut many branches. It took him a long time to take them all home and spread them out on the yard in front.	na itong makalipad pagkatapos makakain. Nagmamadaling pumunta si Aliguyon kay Bugan at mahigpit niya itong niyakap. Halos himatayin sa kahihyan si Bugan sapagkat hubo’t hubad siya. “Pinakamamahal kong asawa,” sabi ni Aliguyon, “Bakit ba nalinlang ako. Anong nangyari sa iyo at naging ibon ka?” Isinalaysay ni Bugan kay Aliguyon ang lahat ng nangyari sa duyan- ang pagkahilo, ang pagkahulog. “Umuwi na tayo,” wika niya. Nang hapong iyon, pumunta si Aliguyon sa mapanganib na kabilang ibayo ng gubat na kinaroroonan ng duyan kung saan nagsilaki na ang maraming tinik. Pumutol siya ng maraming sanga. Napakatagal na oras bago niya nauwi ang lahat ng

When Magapid came with Bugan's <i>pahiking</i> basket on her head, he seized her and pulled the jewel off her neck and arms. Aliguyon threw her on the ground and rolled her over the thorns till her body bled and blistered. Magapid rolled away from him until she reached the edge of the deep precipice and fell. Aliguyon put the necklace and the bracelets back on Bugan who became his wife once more. - Francis Lambrecht (1955)	iyon at maikalat sa harap ng bakuran. Nang umuwi sa Magapid na sunong ang <i>pahiking</i> ni Bugan, pinigilan niya ito at hinila ang mga alahas na suot sa leeg at braso. Inihagis siya ni Aliguyon sa lupa at gumulong sa mga tinik hanggang ang kaniyang katawan ay magdugo at magkasugat-sugat. Gumulong palayo sa kaniya si Magapid hanggang makarating sa bingit ng bangin at nahulog. Ibinalik ni Aliguyon kay Bugan ang kuwintas at mga pulseras at nagsama silang muli. - Francis Lambrecht (1955)
TEXT 4 WALU AND HIS WIFE'S EARPLUG (MANUVU) It bothered Walu, the nitwit, that his wife Binsay had only one earplug decorating one ear when all other	TEKSTO 4 SI WALU AT ANG HIKAW NG KANIYANG ASAWA (MANUVU) Ikinababahala ni Walu, isang hangal, ang pagkakaroon ng iisang hikaw ng kaniyang asawa na si Binsay

women had two. “I would suggest,” said Walu, “that you my son, Pagigit, come with me to the land of the Maranaw. We will waylay someone with but one earplug which we can put on the other ear of your mother. It would be best to make a trail first so that we can easily escape if we need to.” Father and son made a trail which reached what was their own well without their knowing it, and ended there. Walu then said, “We will wait here because this is the people’s way to the well.” Walu waited in ambush with Pagigit. About noon, Binsay left the house to fetch water from the brook. When she reached the place where Walu was hiding, Walu immediately	habang ang ibang kababaihan ay may suot na dalawa. “Iminumungkahi ko,” wika ni Walu, “na ikaw Pagigit, aking anak, ay sasama sa akin sa lupa ng mga Maranaw. Tatambangan natin ang sinuman na maaaring pagkuhanan ng kapares na aritis ng iyong ina. Pinakamabuting gawin ay magkaroon ng tugaygayan upang madaling makatakas kung kinakailangan.” Hindi batid ng mag-ama na ang kanilang ginawang tugaygayan ay umabot at natapos sa sarili nilang balon. Sinabi ni Walu, “Dito na tayo maghintay sapagkat dito dumaraan ang mga tao papuntang balon.” Naghintay si Walu sa pagtambang kasama si Pagigit. Bandang tanghali, umalis si Binsay sa bahay upang kumuha ng tubig mula sa sapa. Nang makarating siya sa

attacked her. Father and son slashed her to pieces. They searched for the woman's earplug and found it only on one ear. Not realizing that they had killed Binsay, Walu removed the earplug and said, "It's real luck we killed a Maranaw woman with only one earplug." Upon reaching the house they inquired where Binsay had gone. The children said, "She only went to fetch water but until now she has not returned." Walu said, "I will go to the well and see because I am worried." He left and upon reaching the place he saw Binsay's body cut to pieces. Walu said, "The Maranaws have killed one of us. How quickly have the Maranaws taken	lugar kung saan nagtatago si Walu, agad siyang sinalakay nito. Pinagpiras ang katawan niya ng mag-ama. Hinanap nila ang aritis ng babae at natagpuan ito sa isang tainga. Hindi napagtanto na napatay nila si Binsay, tinanggal ni Walu ang aritis at nagwika, "Masuwerte tayo at napatay natin ang babaeng Maranaw na may iisang aritis." Pagdating sa bahay, tinanong nila kung nasaan si Binsay. Sumagot ang mga anak, "Umalis siya upang kumuha lamang ng tubig ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nakababalik." Nagwika si Walu, "Pupunta ako sa balon at hahanapin siya sapagkat nag-aalala na ako sa kaniya." Umalis siya at pagkarating sa lugar nakita niya ang lasog na katawan ni Binsay. Sinabi ni Walu, "Pinatay ng mga

revenge on us.” Taking along his son Pagigit, Walu left once to take revenge for the death of Binsay. They passed the same trail and came once more to the well, where they waited. But as before they did not know that it was their own well. Later on another son of Walu, Dumadila, arrived at the well. Walu did not recognize him and neither did Pagigit and they killed him. Immediately they returned home and upon reaching the house, Walu asked, “Where did Dumadila go?” The next son, Dumaguyud said, “He went to the well to fetch water.” Walu waited, but as Dumadila did not arrive, he got tired. Walu said, “I will	Maranaw ang isa sa atin. Kay bilis nila tayong nagantihan.” Kasama ang kaniyang anak na si Pagigit, umalis si Walu upang ipaghiganti ang pagkamatay ni Binsay. Binagtas nilang muli ang daan patungong balon at doon naghintay. Ngunit tulad ng dati, hindi nila alam na ito ay ang kanilang sariling balon. Maya-maya, dumating sa balon ang isa pang anak na lalaki ni Walu, si Dumadila. Hindi siya nakilala ni Walu at gayundin si Pagigit kaya pinatay nila ito. Mabilis silang umuwi ng bahay at nang makarating, tinanong ni Walu, “Saan pumunta si Dumadila?” Ang sumunod na anak, si Dumaguyud ang sumagot, “Pumunta siya sa balon upang kumuha ng tubig.” Napagod na sa paghihintay si Walu nang matagal na at hindi pa

follow him because I am getting worried.” Walu reached the place for fetching water and he saw a corpse cut into pieces. He said, “One of my children has been killed. How fast indeed can the Maranaw take revenge. But you Maranaw will have your end too for you will find in me a brave man.” Walu buried the body of his son and immediately returned home. He told Pagigit that they had again been assaulted. “Come,” said Walu, “I will not rest until I have gotten even.” They left once more and upon reaching the well that they could not identify, they waited. Later on Dumaguyud came. As he came closer, they immediately attacked him and he	dumarating si Dumadila. Sinabi ni Walu, “Susundan ko siya at nag-aalala na ko.” Narating ni Walu ang pinagkukuhanan ng tubig at dito natagpuan niya ang isang bangkay. Siya’y nagwika, “Pinatay ang isa sa aking mga anak. Lubhang mabilis nga ang mga Maranaw makapaghiganti. Ngunit may katapusan rin kayong mga Maranaw, sapagkat ako ang lalaking walang inuurungan.” Inilibing ni Walu ang bangkay ng anak at dali-daling umuwi. Sinabi niya kay Pagigit na muli silang sinalakay. “Halika,” sabi ni Walu, “Hindi ako titigil hanggat hindi ako nakagaganti.” Muli silang umalis at nang marating ang hindi pa ring nakikilalang sariling balon, naghintay sila. Maya-maya pa’y dumating si Dumaguyud. Habang palapit siya nang palapit,

was killed in a moment. Immediately they got out of the place and upon reaching home, they found that Dumaguyud was not there. They waited for him but Dumaguyud did not show up. So Walu said, “I shall look for him at the well.” Upon arriving at the well he saw his son Dumaguyud killed. He saw what happened and got mad for almost all his children had already been killed. He went back to the house and told Pagigit that Dumaguyud had been slain. “It would be better,” said Walu, “that you stay in the house, Pagigit, for I am leaving to take revenge alone.” “Good,” said Pagigit, “because no one will watch the house and no one will cook.” Walu left once more and waited	agad nila itong sinugod at pinatay. Mabilis nilang nilisan ang lugar at pagdating sa bahay, natagpuan nilang wala roon si Dumaguyud. Hinintay nila ito ngunit hindi na rin nagpakita. Kaya nagsabi si Walu na, “Hahanapin ko siya sa may balon.” Pagdating sa balon, nakita niya ang anak na si Dumaguyud na patay. Nasaksihan niya kung anong nangyari at ganoon na lamang ang galit niya sapagkat halos lahat ng kaniyang anak ay patay na. Bumalik siya sa bahay at sinabi kay Pagigit na pinatay si Dumaguyud. “Makabubuti kung mananatili ka sa bahay, Pagigit, ako na lamang ang maghihiganting mag-isa.” Wika ni Walu. “Mabuti” ang sagot ni Pagigit, “dahil walang magbabantay ng bahay at wala ring magluluto.” Muling umalis si Walu at

at the well. When some time had passed Pagigit said, "There is no water in the house. I think I will fetch some." He carried the bamboo tube and left. When Pagigit reached the well, Walu immediately attacked and slew Pagigit. Walu returned home. He became aware that Pagigit was not around. Walu cried. He grieved at losing all his companions. "What a miserable end I have. All of my sons have been killed by Maranaws." After a time his brother Batooy came. Batooy said, "What are you crying about, Walu?" Walu replied, "I am crying because all of my children have been killed by the Maranaws on whom I want to take revenge." Batooy said, "You really a fool for	naghintay sa balon. Lumipas ang ilang sandali, sinabi ni Pagigit, "Wala nang tubig sa bahay, sa tingin ko kailangan kong mag-igib." Dinala niya ang tubong kawayan at umalis. Nang marating ni Pagigit ang balon, dali-dali siyang sinalakay at pinatay ni Walu. Nang bumalik si Walu sa bahay, napansin niyang wala sa bahay si Pagigit. Umiyak si Walu. Nagluksa siya sa pagkawala ng kaniyang pamilya. "Isang kahabag-habag na katapusan ito. Lahat ng aking mga anak ay pinatay ng Maranaw." Pagkaraan ng isang oras ang kaniyang kapatid na si Batooy ay dumating. Sinabi ni Batooy, "Anong iniinyak mo, Walu?" sumagot si Walu, "Umiiyak ako dahil lahat ng aking mga anak ay pinatay ng mga Maranaw na gusto kong paghigantihan." Nagwika si Batooy, "Isa ka

aiming to kill Maranaws by waiting at your own well. No one ambushes his enemy at his own well.” “Show me the corpses of your children and your wife,” said Batooy. Walu showed the corpses to Batooy who kicked them around and they came to life once more. -E. Arsenio Manuel (1975)	talagang hangal para sa pagpuntirya na patayin ang mga Maranaw sa pamamagitan ng paghihintay sa sarili mong balon. Walang sumasalakay ng kaaway sa sarili niyang balon.” “Dalhin mo ko sa bangkay ng iyong asawa’t mga anak.” wika ni Batooy. Ipinakita ni Walu ang mga bangkay kay Batooy na sinipa lamang nito at nabuhay muli. -E. Arsenio Manuel (1975)

TEXT 5	TEKSTO 5
THE ADVENTURES OF THE MONKEY AND THE TORTOISE (ALL OVER THE PHILIPPINES) One morning the monkey and the tortoise, who were fast friends, went to the forest to make a trap for wild pigs. They came to a dakit tree and saw the tracks of wild pigs. “Let’s make the trap here,” said the tortoise, pointing to the base of the tree. “No let’s make the trap up the tree because the pigs go up there to gather fruit,” said the monkey. “No, let’s stay down here. Don’t you see the tracks are here?” “All right, you make your trap	ANG PAKIKIPAGSAPALARAN NG UNGGOY AT NG PAGONG (SA BUONG PILIPINAS) Isang umaga, nagpunta sa kagubatan ang matalik na magkaibigan na sina unggoy at pagong upang gumawa ng bitag para sa mga baboy ramo. Narating nila ang puno ng dakit at nakita ang bakas ng mga baboy ramo. “Dito nating gawin ang bitag,” sabi ng pagong habang itinuturo ang ibabang bahagi ng puno. “Hindi, sa taas natin gawin ang bitag dahil umaakyat doon ang mga baboy para kumuha ng prutas,” sabi ng unggoy. “Hindi, dito na lang tayo. Hindi mo ba nakitang nandito ang bakas nila?” “Oh sige, dito mo sa ibaba

here while I make mine up the tree.” After they had set the traps the monkey and the tortoise went their separate ways. The monkey said, “Let’s come back after two days. The wild pigs will surely have been here by then.” But the following day the monkey went back to the dakit tree by himself. The tortoise was right. The tortoise’s trap had a pig, his had a bird. To save face the monkey removed the pig from the tortoise’s trap, put it in his own and replaced it with the bird caught in his. On his way home the monkey met the tortoise. “Where have you been?” asked the tortoise.	gawin ang bitag mo, doon naman ako sa itaas ng puno gagawa ng sa akin.” Matapos magawa ang bitag, naghiwalay na ng patutunguhan ang unggoy at ang pagong. Nagwika ang unggoy, “Bumalik na lang tayo pagkalipas ng dalawang araw. Siguradong may baboy ramong mabibitag na roon.” Ngunit nang sumunod na araw, bumalik mag-isa ang unggoy sa puno ng dakit. Tama nga ang pagong. May baboy ramo sa bitag nito samantala ang sa kaniya ay isang ibon. Upang hindi mapahiya, tinanggal ng unggoy ang baboy ramo at inilagay sa sarili niyang bitag samantalang ipinalit niya ang ibon sa bitag ng pagong. Sa kaniyang pag-uwi, nakasalubong niya ang pagong. “Saan ka nanggaling?” tanong ng pagong.

“I went to the river to take a bath,” the monkey replied. As agreed, on the second day after the traps had been laid, the monkey and the tortoise went to the dakit tree. “Let’s hurry. Last night I had a good dream. Our traps must surely have something in them,” the monkey said. The tortoise was surprised to find a pig up the tree and a bird in his trap on the ground. He knew the monkey had tricked him and told him so. The monkey insisted he did not. Without saying another word the monkey went home with the pig and the tortoise with the bird. But in front of the monkey’s house the tortoise lost his temper and they decided to fight it out.	“Nagpunta ako sa ilog para maligo,” sagot ng unggoy. Ayon sa napagkasunduan, sa ikalawang araw matapos mailatag ang bitag, pinuntahan ng unggoy at pagong ang puno ng dakit. “Bilisan natin, nanaginip ako kagabi. Siguradong may nahuli ang ating bitag,” wika ng unggoy. Nagulat ang pagong nang makitang nasa itaas ng puno ang baboy ramo at ang nasa ibaba niyang bitag ay isang ibon. Alam niyang nilamangan siya ng unggoy at sinabi niya ito. Pinilit ng unggoy na hindi siya nanlamang. Walang imik na umuwi ang unggoy kasama ang baboy ramo at ang pagong kasama ang ibon. Ngunit sa harap ng bahay ng unggoy, hindi na nakapagpigil ang pagong at nagdesisyon silang paglabanan ito.

“Wait,” the monkey said, “I’ll build myself a fort.” And he proceeded to make a fort out of large green banana leaves. “Shoot first,” said the tortoise. “After all you provoked me into this fight. If my trap truly caught a bird, then let me be killed at once.” The monkey took his bow and arrow and aimed carefully. The tortoise was hit. The monkey rejoiced. The tortoise cried, “You hit my back but I am protected by a shell so you see I’m still alive.” The monkey was dismayed. It was now the turtle’s turn. He took careful aim and when his arrow found its	“Sandali,” sabi ng unggoy, “magtatayo muna ako ng kuta.” At sinimulan niya ang pagsasagawa ng kuta mula sa malalaking dahon ng saging. “Mauna kang pumana,” sabi ng pagong. “Tutal, ikaw ang pasimuno sa away na ito. Kung talagang ibon ang nahuli ng bitag ko, mas mabuti pang ngang mamatay na lang ako.” Kinuha ng unggoy ang pana at panghilis at maingat na pumuntirya. Tinamaan ang pagong. Nagdiwang ang unggoy. “Tinamaan mo ang likod ko ngunit protektado ito ng aking punglo kaya nakita mo naman, hanggang ngayon buhay pa rin ako.” sagot ng pagong. Nadismaya ang unggoy. Ngayon ay pagkakataon naman ng pagong na gumanti. Kinuha niya ang

mark he heard a monkey cry. One of the monkey's children was killed. “One of my chickens was hit,” the monkey lied. The monkey's turn to shoot came again but all the arrows bounced off his thick shell. However each time the tortoise released an arrow it hit a monkey behind the banana leaf fort. One by one the monkey's wife and children died. “Why don't we become friends again?” shouted the monkey from his fort. “I'll tell the truth. Your trap caught the pig. It is yours.”	kaniyang pana at pinuntirya ang kalaban. Narinig niya ang iyak ng unggoy sapagkat ang isa nitong anak ay namatay. “Isa sa mga alaga kong manok ang tinamaan”, pagsisinungaling ng unggoy. Sa pagkakataon muli ng unggoy, lahat ng pana na kaniyang tinudla rito ay tumalbog lamang sa punglo ng pagong. Gayunpaman, sa tuwing nagpapakawala ng pana ang pagong ay lumulusot ito sa harang na mga dahon ng saging ng unggoy. Isa-isang namatay ang kaniyang asawa at mga anak. “Bakit hindi tayo maging magkaibigang muli?” ang sigaw ng unggoy mula sa kaniyang kuta. “Magsasabi na ako nang totoo. Nahuli ng bitag mo ang baboy. Sa iyo talaga iyan.”

The monkey and the tortoise reconciled. They sealed their friendship by partaking of <i>mama</i> from the monkey's chew box. Sometime later the monkey felt lonely because his wife and children were dead. "Please keep me company," the monkey pleaded. "We can go to the river and fish." While they were sitting on the river bank, a banana tree floated by. It was a healthy tree with large green leaves and roots, as if it had just been uprooted by a storm. "Don't you think we should get that banana tree and plant it?" said the monkey. "Can you swim?" said the tortoise. "No, I can't, but you can." said the monkey. "I will get the banana tree,"	Nagkasundo ang unggoy at pagong. Pinaghatian nila ang <i>mama</i> mula sa taguan ng pagkain ng unggoy bilang pagpapatibay ng kanilang pagkakaibigan. Maya-maya, nakaramdam ng pagkalungkot ang unggoy dahil sa pagkawala ng kaniyang pamilya. "Samahan mo lang ako," pakiusap ng unggoy. "Maaari tayong pumunta sa ilog at mangisda." Samantala, habang sila'y nakaupo sa tabing-ilog, isang puno ng saging ang nakalutang. May malulusog at malalaki itong dahon at ugat na tila kabubunot pa lang sa lupa dahil sa bagyo. "Sa tingin mo, kunin kaya natin iyang puno ng saging at itanim?" wika ng unggoy. "Marunong ka bang lumangoy?" tanong ng pagong. "Hindi, pero ikaw nakalalangoy." sagot ng unggoy.

said the tortoise, “on condition that we divide it.” The monkey agreed. When the tree was pulled to the bank the monkey said, “I will take the upper part,” thinking that it would grow faster since there were already so many leaves. The tortoise had to be content with the lower half with the big ugly roots. The monkey and the tortoise went home to plant their part of the tree. The monkey planted his in ashes of the stove. His brother had told him that it would grow faster that way. The tortoise planted his part in a corner of the backyard.	“Kukunin ko ang puno ng saging,” sabi ng pagong, “sa kondisyon na paghahatian natin ito.” Sumang-ayon ang unggoy. Nang maiahon na ang puno sa ilog, nagwika ang unggoy, “Sa akin ang taas na bahagi,” sa pag-iisip na mas mabilis itong tutubo dahil sa mayroon na itong malalaking dahon. Walang nagawa ang pagong kung hindi ang makontento sa ibabang bahagi ng puno na may pangit na mga ugat. Umuwi na ang unggoy at pagong upang maitanim ang kani-kanilang puno. Itinanim ng unggoy ang kaniyang puno sa abo ng kalan. Ayon sa kaniyang kapatid, mas mabilis daw itong tutubo sa ganoong paraan. Itinamin naman ng pagong ang kaniyang bahagi sa gilid ng kaniyang bakuran.

Some weeks later the monkey and the tortoise met again. “How is your banana tree growing?” asked the tortoise. “Oh, it died a long time ago,” said the monkey. “What about yours?” “It’s very tall now with green leaves and lots of yellow fruit,” said the tortoise. “The trouble is I cannot reach the fruits. If you will climb the tree and harvest the fruits for me, I will give you half of them.” “Of course!” said the monkey, his eyes dancing greedily. When the two reached the house, the monkey immediately climbed the banana tree. He began pulling off the fruits and munching them one after the other as fast as he could.	Makalipas ang ilang linggo, nagkitang muli sina unggoy at pagong. “Kamusta ang pagtubo ng iyong puno ng saging? Tanong ng pagong. “Ah, matagal na itong namatay,” wika ng unggoy. “Kamusta ang sa iyo?” “Sobrang laki na nito at may malalaking dahon at bunga,” sagot ng pagong. “Ang problema ko ay hindi ko maabot ang mga bunga. Kung aakyat mo ang puno at pipitasin ang mga bunga para sa akin, bibigyan kita ng kalahati nito.” “Sige!” sagot ng unggoy na may kislap ng pagkatuso ang mga mata. Nang marating nila ang bahay, agad na umakyat ang unggoy sa puno. Sinimulan niyang pitasin ang mga bunga ng saging at mabilis na kinain ang mga ito.

“Do let me taste even one fruit,” begged the tortoise. But the monkey paid no heed. All he would throw down were the banana peels. The tortoise was so sore he went to the river where there were snails with very sharp shells. He gathered a number and planted them at the base of the banana tree. After a while, the fat monkey, his stomach heavy with bananas, slid down the tree. He landed smack on the sharp ends of the snails. The monkey’s screams could be heard for miles around. For a long time the monkey searched for the tortoise. He finally found the tortoise hiding under a low pepper plant that was abloom with tiny	“Patikimin mo naman ako kahit isang bunga,” pagmamakaawa ng pagong. Hindi inalintana ng unggoy ang pakiusap ng pagong bagkus patuloy ito sa pagtatapon ng balat ng saging sa ibaba. Nagdamdam ang pagong kaya naman nagpunta siya sa ilog kung saan may mga suso na may matatalas na punglo. Nagtipon siya ng ilan at itinamin ito sa ilalim ng puno ng saging. Hindi nagtagal, ang bundat na unggoy, dahil sa dami ng kinaing saging, ay padulas na bumaba sa puno. Saktong napalapag ang unggoy sa matalim na punglo ng suso. Napahiyaw ang unggoy na rinig sa milya-milyang layo. Sa matagal na panahon, hinanap ng unggoy ang pagong. Sa wakas, natagpuan niya ito sa ilalim ng puno ng sili na hitik sa mapupulang

red pointed fruits. Just as the monkey was about to pounce on him, the tortoise said, “Sssssh. Be quiet for I am guarding the king’s fruits.” “What fruits?” said the monkey. “This is the special plant of the king,” said the tortoise. “Do give me some,” said the monkey. “The king will punish me if I do,” said the tortoise. “I am your friend am I not?” said the greedy monkey. “The king won’t notice if you let me have a few.” “All right you can get some,” said the tortoise, “Only promise not to chew them till I am a long way off.” The monkey helped himself to the little red peppers on the tree. When the turtle was gone he put a handful in his mouth. They were extremely hot. The	bunga nito. Bago pa man nasalakay ng unggoy ang pagong, agad itong nagwika, “Sssssh. Huwag kang maingay sapagkat binabantayan ko ang mga prutas ng hari,” “Anong prutas?” tanong ng unggoy. “Ito ang espesyal na halaman ng hari,” sagot ng pagong. “Bigyan mo ako,” wika ng unggoy. “Paparusahan ako ng hari kapag ginawa ko,” ang sabi ng pagong. “Kaibigan mo ako, hindi ba?” sagot ng sakim na unggoy. “Hindi na mapapansin ng hari kung bibigyan mo ako ng ilan.” “Sige, maaari ka nang kumuha,” wika ng pagong, “kung mangangako ka na hindi muna ito kakainin hanggang hindi pa ko nakalalayo.” Kumuha na ang unggoy ng maliit na sili mula sa puno. Nang makalayo ang pagong, isinubo niya ang sandakot na sili sa bibig. Sobrang

monkey felt the inside of his mouth burning like a stove. And he began to scream with all his might. Vowing revenge, the monkey searched high and low for the tortoise. He searched for days and days. He became very tired. He sat on a coconut shell underneath which the tortoise was hiding. The monkey called loudly, "Tortoise, tortoise, where are you hiding?" "Here!" called the tortoise weakly from under the coconut shell. The monkey looked all around him and saw no one. He thought some part of his body must be joking him. He looked at his belly. "I'm not calling you," he said to his belly. "If you answer again	anhang ng mga ito. Naramdaman ng unggoy na tila nagbabaga ang kaniyang bibig. At nagsimulang sumigaw ng ubod ng lakas. Sa pangakong paghihiganti, hinanap kung saan-saan ng unggoy ang pagong. Mga ilang araw din ang lumipas sa kaniyang paghahanap. Hapong-hapo ang kaniyang katawan. Umupo siya sa ilalim ng bao ng niyog kung saan nagtatago ang pagong. Tumawag nang malakas ang unggoy, "Pagong, pagong, saan ka nagtatago?" "Dito!" mahinang sagot ng pagong mula sa ilalim ng bao ng niyog. Nagmasid ang unggoy sa kaniyang paligid ngunit wala siyang nakita. Inakala niyang niloloko na siya ng ibang bahagi ng kaniyang katawan. Tiningnan niya ang kaniyang tiyan.

I will punish you.” Once again he called, “Tortoise, tortoise, where are you?” “Here!” again replied the small voice from underneath the coconut shell. This drove the monkey crazy. “Didn’t I tell you not to answer?” he scolded his belly. He took a big stone and began hitting his abdomen mercilessly with it. Under the coconut shell the tortoise could hardly contain his laughter. After a long time of not seeing each other, the monkey decided to forgive the tortoise. He was going on a long journey and he thought it would be lonely to walk without a companion. So he went to the tortoise’s house and invited him to come along. The tortoise was happy to see his old friend.	“Hindi kita tinatawag,” wika nito sa tiyan. “Kapag muli kang sumagot, paparusahan kita.” Muli na naman siyang tumawag, “Pagong, pagong, nasaan ka?” “Dito!” mahinang sagot ng pagong mula sa ilalim ng bao. Nahibang ang unggoy dahil rito. “Hindi ba’t sinabihan kitang huwag sumagot?” sigaw niya sa kaniyang tiyan. Kumuha siya ng malaking bato at walang-awang ipinukpok sa kaniyang tiyan. Sa ilalim ng bao, hindi mapigilan ng pagong ang pagtawa. Sa haba ng panahon nang hindi nila pagkikita, napagdesisyunan ng unggoy na patawarin ang pagong. Napag-isip-isip niyang malungkot ang maglakbay nang mag-isa. Kaya pumunta siya sa bahay ng pagong at inimbitahan itong sumama. Masayang makita ng pagong ang kaniyang dating kaibigan.

For the journey the tortoise prepared a heavy load of food wrapped in banana leaves which he tied on his back. The monkey did not like carrying anything so he brought only a small bundle. "You better bring more food -- it's a long journey," said the tortoise. But the monkey only laughed at him. After travelling for a day the monkey's food was all gone. From then on each time the tortoise ate he had to give some to the monkey. And that was not all. Every few meters the monkey would stop and say, "Give me some more food, friend tortoise." But the tortoise would answer, "You just ate. Wait a while."	Para sa mahabang paglalakbay, naghanda ng maraming pagkain ang pagong na ibinalot niya sa dahon ng saging at isinukbit sa likod. Hindi mahilig magbibit ng mabigat ang unggoy kaya kaunti lamang ang kaniyang dinala. "Mas mabuting magbitbit ka ng maraming pagkain sapagkat mahaba-haba ang ating lalakbayin," wika ng pagong. Ngunit tinawanan lamang siya ng unggoy. Matapos ang isang araw na paglalakbay, naubos na ang pagkain ng unggoy. Simula noon, sa tuwing kakain ang pagong, kailangan niyang magbahagi ng kaniyang baon sa unggoy. At hindi lamang iyon. Sa kada ilang metro ng kanilang paglalakbay ay hihinto ang unggoy at magwiwika, "Kaibigang pagong, bigyan mo ako ng pagkain." "Ngunit kakakain mo pa

The monkey and the tortoise walked along silently for a while. Then the monkey said, "Can't we go a little faster?" "It will be hard," said the tortoise. "Because I am still carrying such a heavy load." "Let me help you with the load then," said the monkey. And he took the load off the tortoise's back. The monkey walked ahead very fast, leaving the tortoise far behind. "Wait for me!" said the tortoise, walking as fast as he could. The tortoise was very tired but kept plodding on. Soon the monkey climbed a tree up ahead and opened the turtle's leaf package of food. He ate one half of it. When the turtle caught up he asked the monkey for some food.	lang. Maghintay ka," ang sagot ng pagong. Tahimik na naglakbay ang unggoy at ang pagong. Pagkatapos, muling nagwika ang unggoy, "Maaari ba nating bilisan?" "Mahirap yan," wika ng pagong, "may bitbit pa kasi akong mabibigat." "Hayaan mong tulungan kita sa dalahin mo," wika ng unggoy. At kinuha na niya ang pasan nito sa likod ng pagong. Naglakad na nang matulin ang unggoy at iniwan ang pagong sa kaniyang likuran. "Hintayin mo ako!" nagmamadaling wika ng pagong. Pagod na pagod na ang pagong ngunit patuloy pa rin siya sa paglalakad. Sa isang saglit, umakyat ang unggoy sa puno at binuksan ang baon ng pagong na nakabalot sa dahon ng saging. Kinain niya ang

“Let’s eat it in a place where there’s water,” said the monkey. “Just follow, it won’t take long.” And the monkey ran ahead. After a while the monkey climbed another tree and ate all the remaining food. Stroking his belly, he rested on top of the tree until the tortoise arrived. “What took you so long?” the monkey asked the tortoise. “I couldn’t walk fast because I was so hungry”, said the tortoise. “Can I have some of my food now?” “I’m sorry there’s nothing left,” said the monkey. “I’ve eaten everything and as it is I’m still hungry. You brought so little.”	kalahati nito. Nang makahabol ang pagong, humingi siya ng pagkain sa unggoy. “Kainin natin ito sa lugar kung saan may tubig,” wika ng unggoy. “Sumunod ka na lang, mabilis lang ito.” At nauna nang tumakbo ang unggoy. Ilan sandali lamang, umakyat muli ang unggoy sa isang puno at inubos ang natitirang pagkain. Nagpahinga siya sa itaas ng puno habang himas-himas ang tiyan hanggang dumating ang pagong. “Bakit ang tagal mo?” tanong ng unggoy. “Hindi na ako makalakad nang mabilis dahil gutom na gutom na ako,” sabi ng pagong. “Maaari na bang kunin ang pagkain ko?” “Pasensiya ka na, wala nang natira,” sabi ng unggoy. “Kinain ko nang lahat ngunit gutom pa

The tortoise was so weak with hunger that he decided to just walk on. Unfortunately the two animals met a hunter. The monkey quickly climbed a tree but the hunter caught the tortoise and brought him home. The monkey laughed at the misfortune of his friend. By chance one day the monkey passed by the house of the hunter. He saw the tortoise tied to the trunk of a banana tree in the yard. The monkey made fun of the predicament of his friend until he saw how kind the hunter was. Every hour the hunter would come out and give the tortoise a plate of food.	rin ako. Kakaunti ang dinala mo.” Nagdesisyong magpatuloy na lamang sa paglalakbay ang pagong kahit hinang-hina na dahil sa gutom. Sa hindi inaasahan, nakatagpo ang dalawang hayop ng mangangaso. Mabilis na nakaakyat ang unggoy sa puno samantalang nahuli ng mangangaso ang pagong at iniuwi ito sa bahay. Pinagtawanan ng unggoy ang kamalasang nangyari sa kaibigan. Isang araw, hindi sinasadyang nadaanan ng unggoy ang tahanan ng mangangaso. Nakita niya ang pagong na nakatali sa katawan ng puno ng saging sa may bakuran. Ginawang katatawanan ng unggoy ang masamang kalagayan ng pagong hanggang makita niya kung gaano kabait ang mangangaso. Kada oras ay binibigyan nito ng pagkain ang pagong.

When night came the monkey sided up to the tortoise and said, "Let me take your place." "But I like it here," said the tortoise. The monkey, however, would not stop begging and nagging. Finally the tortoise agreed. The monkey untied the tortoise and tied himself to the banana tree. All night the greedy monkey dreamt of the food the hunter would give him every hour. When morning came, the hunter looked out of his window and saw a monkey in his yard. He thought the monkey was out to steal his bananas. The hunter got his rifle and began shooting. Quickly the monkey untied himself and ran away as fast as he could.	Isang gabi, nakipagkasundo ang unggoy sa pagong at nagwika, "Hayaan mong palitan kita ryan." "Ngunit, gusto ko rito," sabi ng pagong. Samantala, walang tigil ang unggoy sa pagmamakaawa at pangugulit. Sa huli, pumayag na rin ang pagong. Pinakawalan niya ang pagong at itinali ang sarili sa puno ng saging. Buong gabing nanaginip ang sakim na unggoy sa pagkaing ibibigay sa kaniya ng mangangaso bawat oras. Nang sumapit ang araw, tumanaw sa bintana ang mangangaso at nakita ang unggoy sa kaniyang bakuran. Inakala niyang nagpakita ang unggoy upang nakawin ang kaniyang mga saging. Kinuha niya ang kaniyang baril at nagsimulang magpaputok. Mabilis na pinakawalan

The monkey searched all over the fields and the woods for the tortoise. Finally he found the tortoise near a large snake hole. "Now I've found you, I will kill you!" said the monkey. "Not before you see the <i>datu's</i> belt, my friend," said the tortoise. "It is so beautiful with its black and white designs. Don't you want to wear the <i>datu's</i> belt?" "The <i>datu's</i> belt? Of course I do! Where is it? Where is it?" cried the monkey. "You watch this hole while I go home and cook supper," said the tortoise. "it is coming out any moment now." The monkey watched and the tortoise went home. Soon a snake came	ng unggoy ang sarili at dali-daling tumakbo. Hinalughog ng unggoy sa buong parang at kakahuyan ang pagong. Sa wakas natagpuan niya ito malapit sa malaking tirahan ng ahas. "Ngayong natagpuan na kita, papatayin kita!" wika ng unggoy. "Tingnan mo muna ang sinturon ng hari, aking kaibigan," sabi ng pagong. "Napakaganda nito na may itim at puting mga disenyo. Ayaw mo bang maisuot ang sinturon ng hari?" "Ang sinturon ng hari? Siyempre gusto! Nasaan na? Nasaan na?" pangungulit ng unggoy. "Bantayan mo ang butas na ito at ako nama'y uuwi at magluluto ng hapunan," saad ng pagong. "Lalabas na 'yan, anumang oras ngayon." Nagbantay ang unggoy at umuwi na ang pagong. Hindi nagtagal

out and coiled itself around the monkey's waist. "Too tight! Too tight!" cried the monkey. The monkey could hardly breathe. But the snake would not be talked to and the monkey died. The tortoise went back and skinned the dead monkey. He dried the meat and sold it to the other monkeys in the neighbourhood. But in taking off the skin the tortoise had been careless. He left here and there parts of the fur sticking to the meat. From this the monkeys who had bought the meat judged the tortoise guilty of killing one of their brothers. So they took the tortoise to their chief. "For your wickedness you must die!" said the monkey chief. And he ordered the tortoise placed in a mortar	ay lumabas ang ahas at ipinulupot ang sarili sa baywang ng unggoy. "Masyadong masikip! Masyadong masikip!" angal ng unggol. Hindi na makahinga ang unggoy. Hindi napakiusapan ang ahas at namatay ang unggoy. Bumalik ang pagong at binalatan ang patay na unggoy. Pinatuyo niya ang karne nito at ibinenta sa iba pang unggoy. Naging pabaya ang pagong sa pagtanggal ng balat ng unggoy. May mga naiwan pang balahibo sa iba't ibang parte ng karne. Dahil rito, pinaratangan ng mga bumiling unggoy na may sala ang pagong sa pagpatay sa kanilang kauri. Kaya dinala nila ang pagong sa kanilang pinuno. "Dahil sa iyong kasalanan, dapat kang mamatay!" wika ng pinuno. At iniutos niyang ilagay ang

to be pounded to death with a pestle. “Pounding is not new to me,” laughed the tortoise. “If I had not been pounded so many times before my abdomen would not be as flat as it is.” And the tortoise rolled on his back to show his absolutely flat tummy. “In that case,” said the chief of the monkey, “Chop him up with a <i>bolo</i>.” “You’ll be making a mistake for I can’t be chopped to pieces”, said the tortoise apologetically. “So many have tried, it just won’t work.” And the tortoise showed the deep scars on his back where the <i>bolo</i> could not go through. “Roast him alive then!” ordered the chief of the monkeys.	pagong sa lusong upang dikdikin hanggang sa mamatay gamit ang pambayo. “Hindi na bago sa akin ang bayuhin,” patawang sabi ng pagong. “Kung hindi dahil sa pagdikdik sa akin nang maraming beses, hindi magiging lapat ang aking tiyan.” At tumihaya ang pagong upang ipakita ang kaniyang tiyan. “Dahil diyan,” sabi ng pinuno ng unggoy, “katayin siya gamit ang itak.” “Isang pagkakamali ang iyong gagawin sapagkat hindi ako makakatay,” pakutyang wika ng pagong. “Marami na ang sumubok ngunit hindi nagtagumpay.” Pinakita niya ang kaniyang likod na maraming marka ngunit hindi nahiwa ng itak. “Kung gayon, sunugin siya nang buhay!” utos ng pinuno ng mga unggoy.

“Begging your pardon again,” said the tortoise, “But I must confess that roasting just makes me handsomer. You must try it sometime.” The monkey chief looked incredulous. “As a proof look at my shell,” said the tortoise. “Isn’t it red in some parts and black in others? And am I not still alive?” “What can we do with him?” chattered the monkeys. “He cannot be crushed, chopped or burned.” “Let us drown him in the lake,” said the brightest of the monkeys. As soon as the tortoise heard this he felt happy. But he pretended to be very much afraid and implored the monkeys not to throw him in the water. Without delay the monkeys took up the	“Mawalang-galang muli,” sabi ng pagong, “Ngunit, inaamin ko, nakadaragdag sa aking kakisigan ang pagsusunog. Maaari ninyong subukan minsan.” Hindi makapaniwala ang pinuno. “Bilang patunay, tingnan mo ang aking punglo,” sabi ng pagong. “Hindi ba’t kulay pula ang ilang bahagi at itim naman sa iba? At hanggang ngayo’y buhay pa rin ako?” “Ano ang maaari nating gawin sa kaniya?” pag-uusap-usap ng mga unggoy. “Hindi siya maaaring durugin, hiwain at sunugin.” “Lunurin na lang natin siya sa lawa,” mungkahi ng pinakamatalinong unggoy. Pagkarinig ng pagong sa tinuran ng unggoy, nakaramdam siya ng galak. Ngunit nagkunwari siyang sobrang natatakot at nagmakaawa sa mga unggoy na huwag siyang itapon

struggling tortoise and threw him into the lake. The monkeys watched a long time. They saw the tortoise float on the water. He was holding forth a large wriggling fish. Then all the monkeys tied stones on their waists and dived in the lake to catch fish. They did not float in the lake because they all died. Only a pregnant monkey was left but the tortoise came and drowned her also. <i>- from Therese D. Balayon (1974), Jose Rizal (1889), Dean s. Fansler (1921), Maximo Ramos (1956) and Ernestto Constantino (1982)</i>	sa tubig. Dali-dali siyang binuhat ng mga unggoy at itinaapon sa lawa. Matagal siyang pinanood ng mga unggoy. Nakita nila ang pagong na palutang-lutang sa tubig. Napapalibutan siya ng mga kumikislot na isda. Pagkatapos, nagtali ng bato sa baywang ang mga unggoy at sumisid sa lawa upang manghuli ng isda. Hindi na sila lumutang sapagkat namatay silang lahat. Tanging ang buntis na unggoy ang natira ngunit bumalik ang pagong at nilunod din ito. <i>- from Therese D. Balayon (1974), Jose Rizal (1889), Dean s. Fansler (1921), Maximo Ramos (1956) and Ernestto Constantino (1982)</i>
TEXT 6 WHY MOSQUITOES HUM IN YOUR EAR? (BISAYA) In those very early times in the province of Bohol, there lived a creature	TEKSTO 6 BAKIT BUMUBULONG ANG MGA LAMOK SA IYONG TAINGA? (BISAYA) Noong mga sinaunang panahon sa lalawigan ng Bohol, nakatira ang

called Mangla who was the king of the crabs. One night, as he was very tired and sleepy, Mangla ordered his old sheriff Cagang to call his frog followers before him. Although the sheriff was old he brought them all together in a very short time. Mangla said to the frogs, "You must all watch my house while I am sleeping; but do not make any noise that will awaken me." The frogs said, "We are always ready to obey you," So the king of the crabs went to sleep. While he was snoring, it began to rain so hard that the frog guards could not help laughing. The king awoke very angry; but as he was still very tired and sleepy, he did not immediately ask the frogs why they laughed. He waited till	hari ng mga talangka na si Mangla. Isang gabi, nang siya'y hapong-hapo at antok na antok, inutusan niya ang kaniyang matandang serip na si Cagang upang tawagin ang kaniyang tagasunod na mga palaka. Bagamat matanda na ang serip, nagawa nitong papuntahin ang mga palaka sa sandaling oras lamang. "Bantayan ninyo ang aking tahanan habang ako ay natutulog, ngunit huwag kayong gagawa ng kahit anong ingay na ikagigising ko," wika ni Mangla sa mga palaka. "Lagi kaming handang sumunod sa inyo," sagot ng palaka. At natulog na ang hari. Sa kaniyang paghilik, nagsimulang umulan nang malakas at ang mga palakang nagbabantay ay hindi naiwasang tumawa. Galit na nagising ang hari; ngunit dahil siya'y pagod at inaantok pa, hindi niya muna

morning came. As soon as the sun shone he called the frogs and said to them, "Why did you laugh last night? Did I not tell you not to make any noise?" The frogs answered softly, "We could not help laughing because last night we saw our old friend the snail carrying his house on his shoulders." On account of this reasonable reply the king pardoned the frogs. Then he called his sheriff and told him to summon the snail. In a short time the snail came. The king at once said to him, "What did you do last night?" "Sir," replied the snail humbly, "I was carrying my house, because the firefly was bringing fire, and I was afraid that my only dwelling would be burned."	tinanong ang dahilan ng pagtawa ng mga palaka. Naghintay siya hanggang kinabukasan. Sa pagputok ng araw, ipinatawag niya ang mga palaka at nagwika, "Bakit kayo tumawa kagabi? Hindi ba at binilinan ko kayong huwag gagawa ng anumang ingay?" Sumagot ang mga palaka, "Hindi namin napigilan ang pagtawa sapagkat nakita namin ang kaibigang kuhol na pasan ang kaniyang tahanan." Dahil sa katanggap-tanggap na paliwanag, pinatawad ng hari ang mga palaka. Inutusan nito ang serip na ipatawag ang kuhol. Hindi nagtagal, dumating agad ang kuhol. "Ano'ng ginawa mo kagabi?" tanong ng hari sa kaniya. "Kamahalan," mapagkumbabang sagot ng kuhol, "pasan ko ang aking tahanan sapagkat may dalang apoy ang mga

This answer seemed reasonable to the king, so he pardoned the snail. Then he told his sheriff, Cagang, to summon the firefly. When the firefly appeared before the king, eyes now flashing with anger, said to the culprit, “Why were you carrying fire last night?” The firefly was very much frightened but he did not lose his wits. In a trembling voice he answered, “Sir, I was carrying fire because the mosquito was always trying to bite me. To protect myself I have to carry fire all the time.” The king thought that the firefly had a good reason, so he pardoned him also. The king now realized that there was a great deal of trouble brewing in	alitaptap, ikinababahala ko na ang aking tanging tahanan ay masunog.” Ang paliwanang na ito ay waring katanggap-tanggap para sa hari kaya pinatawad niya ang kuhol. Sinabihan niya muli ang serip na ipatawag naman ang mga alitaptap. Nanlilisik ang mga mata ng hari nang harapin nito ang mga alitaptap, “Bakit kayo may dalang apoy kagabi?” wika sa mga may kasalanan. Labis ang takot ng alitaptap ngunit pinairal niya ang talas ng isip. Sumagot ito sa nanginginig na tinig, “Kamahalan, upang protektahan ang aking sarili laban sa tangkang pagkagat ng lamok, palagi kong dala ang aking apoy.” Naisip ng hari na may magandang dahilan ang alitaptap kaya pinatawad din niya ito. Ngayon, napagtanto ng hari na may namumuong kaguluhan sa

his kingdom, of which he would not have been aware if he had not been awakened by the frogs. So he sent his sheriff to get the mosquito. But the mosquito, before he left his own house, had told all his companions to follow him for he expected trouble. Before the mosquito reached the palace the king was already shouting with rage, so the mosquito approached the king and bit his face. Mangla cried out, “It is true, what I heard from the frogs, the snails and the firefly!” The king at once ordered his sheriff to kill the mosquito but, before Cagang could carry out the order, the companions of the mosquito rushed at him. He killed the mosquito however, and then scurried home followed by the mosquito’s friends who were bent on	kaniyang kaharian, bagay na hindi niya mababatid kung hindi siya ginising ng mga palaka. At inutusan niya ang serip upang ipatawag ang lamok. Bago umalis ang lamok sa kaniyang bahay, sinabihan niya ang kaniyang mga kasamahan na sundan siya sapagkat nararamdaman niyang may panganib. Bago pa man makarating ang lamok sa kaharian, sumisigaw na ang hari sa sobrang poot, nilapitan ng lamok ang hari at kinagat ang pisngi nito. “Totoo nga, kung ano’ng narinig ko mula sa mga palaka, kuhol at alitaptap!” usal ni Mangla. Dali-daling inutusan ng hari ang serip na patayin ang lamok, ngunit bago pa maisagawa ang ipinag-uutos ng hari, nilusob ng mga kasamahan ng lamok si Cagang. Gayon pa man, nagawa niyang patayin ang lamok saka

avenging the murder. As Cagang's house was very deep under the ground, the mosquito's friends could not get in so they remained humming about the door. Even today we can see at the doors of the houses of Cagang and his followers many friends of the dead mosquito humming and trying to get inside. It is said that mosquitoes mistake the hole of our ears for the house of Cagang, and that is the reason mosquitoes hum about our ears. - Dean S. Fansler (1921)	kumarimot ng takbo pauwi ng kaniyang tahanan kasunod ng mga kaibigan ng lamok na nais maghiganti. Dahil ang bahay ni Cagang ay nasa pinakailalim ng lupa, hindi makapasok ang mga kaibigan ng lamok na pinatay kaya nanatili silang bumubulong sa may pintuan. Sa kasalukuyan, makikita natin sa may pintuan ng bahay ni Cagang at kaniyang mga tagalingkod ang mga kaibigan ng pinatay na lamok na bumubulong at sinusubukang pumasok. Sinasabing, inaakala ng mga lamok na bahay ni Cagang ang butas ng mga tainga, at ito ang dahilan kung bakit bumubulong ang mga lamok sa ating tainga. -Dean S. Fansler (1921)

TEXT 7	TEKSTO 7
THE RICE BOAT (ISNEG)	ANG BANGKANG KANIN (ISNEG)
One day Rat and the Susuwetan bird met. “Cook rice,” said Rat. “Yes,” said Susuwetan. They cooked rice in an iron pot. There was much crust to what they cooked. When they finished eating they started extracting the thick black crust of rice at the bottom of the pot. It stood stiffly up and was shaped like the pot’s bottom. Happily the two friends rode downstream using the crust as their boat. When they reached one of the rapids Rat started eating the edges of their boat of crust. “Do not eat our banca,” warned Susuwetan. “No, I’m only testing its firmness,” said Rat.	Isang araw, nagkita ang Daga at ang ibong si Susuwetan. “Magsaing tayo,” wika ng Daga. “Sige,” sagot ni Susuwetan. Nagluto sila sa kaldero. Napakaraming tutong na kanin. Nang matapos kumain, sinimulan nila ang pagtanggal ng makakapal na tutong sa ilalim nito. Sa sobrang tigas ng kanin, nakatayo’t nakahulma na tila pwet ng kaldero. Masayang nagpaagos sa lagod ang dalawang magkaibigan gamit ang tutong na kanin bilang kanilang bangka. Nang marating nila ang isa sa mga lagaslasan, sinimulang kainin ng Daga ang gilid ng kanin. “Huwag mong kainin ang ating bangka,” pagbabanta ni Susuwetan. “Hindi, sinusubukan ko lamang kung matibay ito,” sagot ng Daga.

When they reached another of the rapids Rat again began to nibble the edges of the rice boat. "Really, don't consume our boat lest we drown," warned Susuwetan. "I told you I'm only testing its seaworthiness," Rat retorted. By now little was left of the boat of crust. When they reached still another of the rapids Rat consumed most of their vessel. They sank. Rat drowned but Susuwetan merely flew. When the other rats heard that their companion was drowned they pursued Susuwetan. But they could not catch the bird. Susuwetan alighted on top of a bamboo tree. The rats also climbed to the top of the tree - but Susuwetan escaped.	Nang marating nila ang isa pang lagaslasan, sinimulang muli ng daga na ngatngatin ang bangkang kanin. "Sinabi nang huwag mong ubusin ang bangkang kanin, baka malunod tayo," banta ni Susuwetan. "Sinusubukan ko lang ang tibay nito sa tubig!" sagot ng Daga. Sa ngayon, kakaunti na lamang ang natitirang tutong. Nang marating nila ang isa pang lagaslasan halos maubos na ng Daga ang kanilang lunawan. Lumubog sila. Nalunod ang Daga ngunit nakalipad si Susuwetan. Nang marinig ng ibang Daga na nalunod ang kanilang kasama, tinugis nila si Susuwetan. Hindi nila ito mahuli. Dumapo si Susuwetan sa ibabaw ng puno ng kawayan. Umakyat din sa ibabaw ng puno ang mga daga ngunit nakatakas si Susuwetan.

From then on rats have become strong from having to pursue Susuwetan. - Morice Vanoverbergh (1955)	Simula noon, naging malakas ang mga daga dahil sa pagtugis kay Susuwetan. - Morice Vanoverbergh (1955)
TEXT 8 WHO CAN DRINK MORE WATER? (ILOKANO) One hot April morning a carabao was resting under the shade of a quinine tree which grew near the mouth of a large river when a humming-bird alighted on one of the small branches above him. “How do you do, Friend Carabao?” said the humming bird. “I’m very well, Humming-bird. Do you feel the heat of this April morning?” replied the carabao. “Indeed I do, Friend Carabao, and I am so thirsty, that I have come down to drink.”	TEKSTO 8 SINO’NG MAS MALAKAS UMINOM NG TUBIG? (ILOKANO) Buwan ng Abril habang katirikan ng araw, nagpapahinga ang kalabaw sa lilim ng kininang puno na tumubo malapit sa bunganga ng malaking ilog nang dumapo ang isang ibong pipit sa sanga sa ibabaw nito. “Kumusta, kaibigang kalabaw?” tanong ng ibong pipit. “Mabuti naman ako, pipit. Nararamdaman mo ba ang init ng umaga ng Abril?” sagot ng kalabaw. “Ramdam ko nga kaibigang kalabaw, sa katunayan, bumaba ako ng puno upang uminom dahil sa matinding uhaw.”

“I wonder how much you can drink!” aid the carabao jestingly. “You are so small that a drop ought to be more than enough to satisfy you.” “Yes, Friend Carabo?” answered humming-bird as if surprised. “I bet you that I can drink more than you can!” “What, you drink more than I can, Humming-bird?” “Yes, Let us try! You drink first, and we shall see.” So old carabao, ignorant of the trick that was being played on him, walked to the bank of the river and began to drink. He drank and drank and drank; but it so happened that the tide was rising, and, no matter how much he swallowed, the water in the river kept getting higher and higher. At last he	“Iniisip ko kung gaano karami ang iyong maiinom!” mapanudyong usal ng kalabaw. “Sa liit mong iyan, sapat na ang patak lang ng tubig para mapawi ang iyong uhaw.” “Talaga, kaibigang kalabaw?” may pagkamanghang sagot ng pipit. “Pusta ko, mas marami akong maiinom kaysa sa iyo!” “Ano, mas marami kang uminom kaysa sa akin ibong pipit?” “Oo, bakit hindi natin subukan! Mauna kang uminom nang malaman natin.” Nagtungong pampang ng ilog ang matandang kalabaw na walang malay sa panlilinlang na naghihintay sa kaniya at sinimulan ang pag-inom. Walang patid ito ng pag-inom; ngunit nagkataong papataas ang tubig kaya gaano man karami ang kaniyang naiinom, patuloy pa rin sa pagtaas

could not drink no more, and the humming-bird began to tease him. “Why, Friend Carabao, you have not drunk anything. It seems to me that you have added more water to the river instead.” “You fool!” answered the carabao angrily, “can’t you see that my stomach is almost bursting?” “Well, I don’t know. I only know that you have added more water than there was before. It is now my turn to drink.” But the humming-bird only pretended to drink. He knew that the tide would soon be going out, so he just put his bill in the water and waited until the tide began to ebb. The water of the river began to fall also. The carabao noticed the change but could not	ang tubig. Sa wakas sumuko na siya sa pag-inom, at sinimulan na siyang tudyuhin ng ibong pipit. “Ano’ng nangyari, kaibigang kalabaw, hindi ka naman uminom. Sa halip, mukhang dinagdagan mo pa ang tubig sa ilog.” “Hangal!” sagot ng nanggagalaiting kalabaw, “hindi mo ba nakikitang halos pumutok na ang aking tiyan?” “Aba, malay ko. Ang alam ko lang nagdagdag ka ng mas maraming tubig kaysa sa dati. Ako naman ngayon ang iinom.” Nagpanggap ang ibong pipit na umiinom. Batid niyang ilang sandali lamang ay huhupa na ang tubig, kaya naman inilagay niya ang tuka sa tubig at hinintay itong umuntos. Nagsimulang humupa ang tubig sa ilog. Hindi makapaniwala ang kalabaw

comprehend it. He was surprised and agreed that he had been beaten. The humming-bird flew away, leaving poor old carabao stupefied and hardly able to move because of the great quantity of water he had drunk. - Dean S. Fansler (1921)	sa nakitang pagbabago. Ikinagulat niya ito at tinanggap ang kaniyang pagkatalo. Lumipad papalayo ang ibong pipit samantalang naiwang tuliro pa rin ang matandang kalabaw ng hiras sa pagkilos dahil sa dami ng nainom na tubig. - Dean S. Fansler (1921)
TEXT 9 BIG BELLY AND THE BULLY OF THE FOREST (MANUVU) Once there was a big-bellied man who lived alone. One day the hairy <i>Gungutan</i> came to him. The big-bellied man asked the visitor, "What news do you bring me?" "I came here so you can tell me your dreams," the <i>Gungutan</i> said. Big-belly replied, "But I have no dream."	TEKSTO 9 ANG BUNDAT AT ANG SIGA NG KAGUBATAN (MANUVU) Nang minsa'y may lalaking Bundat ang naninirahang mag-isa. Isang araw, pinuntahan siya ng mabalahibong <i>Gungutan</i> (<i>mitolohikal na nilalang na kayang baguhin ang anyo</i>). "Ano'ng dala mo sa aking balita?" tanong ng Bundat na lalaki. "Nagpunta ako rito upang masabi mo sa akin ang iyong panaginip," wika ng <i>Gungutan</i>.

“That is not possible!” the Gungutan said, “You must have dreamt something last night or some other night.” And the big bully of the forest threatened Big-belly. Big-belly cowered, repeating that he had no dream. “Do not fool me,” the Gungutan insisted. “All right, I had a dream,” said Big-belly who had to fabricate one. “In my dream my spirit saw a big hog and a fish-trap full of fish.” “That is good,” the Gungutan said. “Let’s go and see the hog and the trap,” Big-belly said that it was only a dream. “Never mind,” the Gungutan said. Big-belly tried to excuse himself saying that he could not carry his body, for he was very fat. The Gungutan would not hear of it. The two departed	Sumagot ang Bundat, “Ngunit wala akong panaginip.” “Imposible!” ang tugon ng Gungutan. “Siguradong may napanaginipan ka kagabi o noong nakaraang gabi.” Saka pinagbantaan ng Siga ng kagubatan ang Bundat. Yumukyok ang Bundat at muling inulit na wala siyang panaginip. “Huwag mo akong lokohin,” giit ng Gungutan. “Oh sige, may napanaginipan ako,” wika ng Bundat at gumawa ng kuwento. “Nakita ko sa aking panaginip ang malaking baboy at lambat na puno ng isda.” “Mabuti yan,” wika ng Gungutan. “Halika at tingnan natin ang baboy at ang lambat,” ngunit sinabi ng Bundat na isa lamang iyong panaginip. “Hindi na bale,” wika ng Gungutan. Nagdahilan ang Bundat na hindi niya maigalaw ang kaniyang katawan dahil sa katabaan. Hindi ito

and soon they reached a big river. They went downstream and arrived at the junction where they saw a fish trap. “See,” the Gungutan said, “your dream is true.” They examined the fishtrap and found that it was full of shrimps and eels. The Gungutan told Big-belly to carry the fishtrap. Big-belly could hardly lift the trap, but the Gungutan helped load it on his back. Big-belly complained that he could not carry the weight but the Gungutan told him to stop his complaints. Big-belly carried the fishtrap, sometimes bruising his knees as he fell on the stones of the riverbed as they trudged downstream.	pinakinggan ng Gungutan. Humayo ang dalawa at sandali lamang ay narating na nila ang malaking ilog. Pumunta sila lagod ng ilog at sa bandang elementoop nito natanaw nila ang lambat. “Kita mo na,” wika ng Gungutan, “totoo ang iyong panaginip.” Tiningnan nila ang lambat at natuklasan itong puno ng mga hipon at igat. Inutusan ng Gungutan ang Bundat na bitbitin ang lambat. Nahirapang pasanin ng Bundat ang lambat ngunit tinulungan siya ng Gungutan na isampa ito sa kaniyang likod. Umangal ang Bundat sa bigat ng kaniyang dala ngunit sinabihan lamang siya ng Gungutan na tumigil sa pagrereklamo. Pinasan ng Bundat ang lambat, paminsan-minsan nadadapa siya sa mga bato sa kanilang pagtahak sa lagod ng ilog

Soon the two found a big trapped hog up the river bank. The Gungutan said, "Carry that hog, Big-belly." "I can't," Big-belly replied. "But that was your dream," the Gungutan said, immediately lifting the carcass of the hog and throwing it on top of the fishtrap. Big-belly's knees buckled and he could only mumble as he heard the Gungutan say, "That was your dream, fool!" They followed the course of the river until they reached Big-belly's cottage. The Gungutan disappeared. As Big-belly dropped his load, he staggered on the ground. He heaved a sigh of relief, and after resting for a while	bunsod upang magkapasa ang kaniyang mga tuhod. Ilang sandali pa, narating ng dalawa ang itaas ng tabing-ilog at natagpuan ang nakabitag na malaking baboy. Nagwika ang Gungutan, "buhatin mo ang baboy, Bundat." "Ayoko!" sagot ng Bundat. "Ngunit panaginip mo iyan," wika ng Gungutan sabay inihagis ang patay sa baboy sa ibabaw ng lambat. Halos bumaluktot ang tuhod ng Bundat, wala siyang magawa kung hindi bumulong na lamang habang naririnig ang Gungutan sa inuusal nito, "panaginip mo iyan, hangal!" Sinundan nila ang agos ng ilog hanggang marating ang kubo ng Bundat. Naglaho ang Gungutan. Pagkalapag ng Bundat sa kaniyang mga dala, halos sumuray siya sa lupa. Huminga siya nang maluwag at

butchered the hog, singed it, and chopped it into pieces. He cooked much food and had a hearty meal. Two days later the Gungutan came again and said, “Come with me, Big-belly.” Big-belly became worried because he could hardly move, his bones were aching all over. He showed the bully his bruises and explained his condition, pleading to be excused, but the Gungutan would not hear of it. “Come with me,” the Gungutan said, “we are going to visit some neighbors.” They departed and when they had gone some distance, they came upon a thicket. Big-belly could not see a way through the thicket, but the Gungutan forced him to make one. Big-	matapos makapagpahinga ay kinatay ang baboy, inihaw at hiniwa ito ng maliliit. Nagluto siya ng marami at nagpakabusog. Makalipas ang dalawang araw, muling dumating ang Gungutan at nagwika, “Sumama ka sa akin, Bundat.” Nag-alala ang Bundat sapagkat hirap pa siyang kumilos dala ng sakit ng buong katawan. Ipinakita niya sa Siga ang mga pasa at ipinaliwanag ang kaniyang kondisyon at nakiusap siyang huwag na isama ngunit hindi siya pinakinggan ng Gungutan. “Sumama ka sa akin,” wika ng Gungutan, “may bibisitahin tayong kapit-bahay.” Nang may kalayuan na ang kanilang nararating, napadpad sila sa kasukalan. Walang matanaw na daan ang Bundat sa kasukalan ngunit sapilitan siyang pinagawa ng

belly could not refuse and he got squeezed between the trees. "I cannot go on farther, my belly is too heavy for me," Big-belly complained. But the Gungutan said, "Even if there is no way, get going; we are passing through." Soon they came upon a clearing in the middle of which stood a dead tree. The Gungutan said, "Climb up that dead tree, Big-belly." But Big-belly replied, "I can't do it." He looked like a rock beside the dead tree. The Gungutan seized the fat man and threw him up the tree. Big-belly nearly fell as he took hold of a rotten branch which snapped. Now the Gungutan ordered, "Start shouting." Big-belly could only scream in disgust and fear. He shouted and shouted until they	Gungutan. Hindi nakatanggi ang Bundat at siya'y naipit sa pagitan ng mga puno. "Hindi ko na kayang lumayo pa, nabibigatan na ako sa aking tiyan," reklamo ng Bundat. Ngunit sumagot ang Gungutan, "Magpatuloy ka sa paglalakad kahit walang daanan, lalagpasan natin ito." Hindi nagtagal, narating nila ang isang kaingin na kinatitirikan sa gitna ng isang patay na puno. Nagwika ang Gungutan, "akyatin mo ang patay na puno, Bundat." Sumagot ang Bundat, "Hindi ko kaya." Hindi siya matinag sa tabi ng puno. Sinunggaban ng Gungutan ang matabang lalaki at inihagis sa itaas ng puno. Muntik na itong mahulog nang mabali ang marupok na sangang kinakapitan niya. "Sumigaw ka!" utos ng Gungutan. Sumigaw na lamang ang Bundat dahil sa pagkainis at

heard a dog barking. As the barking dog came nearer they saw that it belonged to the cannibal, the <i>Avuhan</i>. The Gungutan quickly climbed the tree. The dog looked up the tree, barking. Soon they could hear the <i>Avuhan</i> coming, calling his dog. Now the <i>Avuhan</i> was in sight. He saw Big-belly up in the tree and said, "What a big male hog!" And he hurled his spear at the fat man. The Gungutan said, "Catch the spear." And Big-belly caught it. The <i>Avuhan</i> then unsheathed his bolo and threw it at Big-belly. The Gungutan said "Catch the bolo." And	takot. Sumigaw siya nang sumigaw hanggang makarinig sila ng tahol ng aso. Nang marinig nilang papalapit ang tahol ng aso, nakita nilang alaga ito ng isang kanibal, ang <i>Avuhan</i> (<i>kulay abo na nilalang nagkakatawang tao ngunit kumakain ng tao</i>). Mabilis na umakyat ng puno ang Gungutan. Nakatingala ang aso sa itaas ng puno habang tumatahol. Hindi nagtagal ay narinig nila ang pagdating ng <i>Avuhan</i> habang tinatawag ang alagang aso. Tanaw na nila ang <i>Avuhan</i>. "Ang laking baboy!" wika nito nang makita ang Bundat sa itaas ng puno. Sinibat niya ang matabang lalaki. "Saluhin mo ang sibat," wika ng Gungutan. At nasalo nga ito ng Bundat. Binunot naman ng <i>Avuhan</i> ang kaniyang itak at ibinato sa Bundat. Muling nagwika ang Gungutan,

Big-belly caught it. The <i>Avuhan</i> now took his knife and threw it at Big-belly, and again Big-belly caught it. After that the <i>Avuhan</i> took his bag and threw it at Big-belly. The Gungutan said, “Catch that bag.” And he caught it. The <i>Avuhan</i> took off his trousers and jacket and threw them at Big-belly. The Gungutan said, “Catch them.” And he caught the trousers and jacket. “Now,” the Gungutan said, “Throw back the spear at the <i>Avuhan</i>.” Big-belly cast the spear and <i>Avuhan</i> was hit. The Gungutan came down from the tree and slashed the <i>Avuhan</i> with his blade. Big-belly now came down.	“Saluhin mo ang itak.” Nasalo ito ng Bundat. Kinuha naman ng <i>Avuhan</i> ang kaniyang kutsilyo at inihagis sa Bundat, ngunit tulad ng iba, nasalo rin niya ito. Pagkatapos, kinuha ng <i>Avuhan</i> ang kaniyang sisidlan at inihagis sa Bundat. “Saluhin mo ang sisidlan” utos ng Gungutan. At muli itong nasalo ng Bundat. Tinanggal ng <i>Avuhan</i> ang kaniyang pantalon at tsaketa at inihagis sa Bundat. Sa utos ni Gungutan, muli niyang nasalo ang mga kasuotan. “Ngayon,” wika ng Gungutan. “Ibato mo pabalik ang sibat sa <i>Avuhan</i>.” Inihagis ng Bundat ang sibat at tinamaan ang <i>Avuhan</i>. Bumaba sa puno ang Gungutan at ginilitan ang <i>Avuhan</i> gamit ang patalim nito. Bumaba na rin ng puno ang Bundat.

When he was down, the Gungutan said, “Carry this <i>Avuhan</i> to his wife, Uwod Talinga. Use the headdress of the cannibal with its golden horn, so that when you reach his house, the bad <i>busaw</i> will not recognize you. Tell the <i>Avuhan</i>’s folks to singe him and that you are going back to fetch a female hog. If you do not do that, those cannibals will kill you.” Big-belly carried the <i>Avuhan</i> at once and departed. Soon he arrived at the house of the <i>Avuhan</i> wearing the headdress with the golden horn. He said, “Wifey, are you there? I caught a big hog.” And the woman said, “Bring it	Nang makababa na ang Bundat, inutusan siya ng Gungutan, “Dalhin mo sa kaniyang asawa ang <i>Avuhan</i>, si Uwod Talinga. Gamitin mo ang <i>tubaw</i> (<i>isusuot ng datu sa ulo, simobolo ng katayuan sa lipunan</i>) ng kanibal na may gintong sungay upang sa pagdating mo sa kaniyang tahanan, hindi ka makilala ng masamang <i>busaw</i> (<i>nilalang na may pangil at umiinom ng dugo</i>). Sabihin mo sa mga kamag-anak ng <i>Avuhan</i> na sinalaban siya at may babalikan ka pang babaeng baboy. Kung hindi mo iyan gagawin, papatayin ka ng mga kanibal na iyon.” Umalis na ang Bundat habang buhat ang <i>Avuhan</i>. Hindi nagtagal at narating na niya ang tirahan ng <i>Avuhan</i> suot ang <i>tubaw</i> na may gintong sungay. “Asawa ko, nandiyan ka ba? Nakahuli ako ng malaking

up here.” So Big-belly went inside the house. He said, “Singe this hog and call your brothers-in-law because I shall go back for another hog which I left behind.” Then he hurriedly left. It did not take him long before he was back with the Gungutan. The Gungutan said, “Take the trousers and jacket; also the spear and the bag. See, if you did not come with me, you wouldn’t have acquired the trousers and jacket and the spear and the bag.” Then they left. It did not take much time for them to reach home. Again the Gungutan disappeared. After two days the Gungutan returned. Big-belly could already hear his tramping from a distance and had started to cry.	baboy” wika nito. At sumagot ang babae, “lakyat mo dito.” Pumasok sa bahay ang Bundat. “Silaban mo ang baboy at tawagin ang iyong mga bayaw sapagkat kailangan ko pang balikan ang naiwan kong baboy.” At nagmamadali siyang lumisan. Mabilis siyang nakabalik sa Gungutan. “Kunin mo ang kasuotan, pati ang sibat at sisidlan. Nakita mo na, kung hindi ka sumama sa akin, hindi ka magkakaroon ng pantalon, tsaketa, sibat at sisidlan,” wika ng Gungutan. At umalis na sila. Maaga nilang narating ang tahanan ng Bundat. At muling naglaho ang Gungutan. Makalipas ang dalawang araw, bumalik ang Gungutan. Malayo pa lamang ay rinig na ng Bundat ang yabag nito at nagsimula na siyang umangal.

His bruises and scratches had not yet dried up and his belly had been beaten up to pulp. But it was true, the Gungutan was already there like a bad dream. “Where is the rein and the bit of your horse?” he asked Big-belly. “Come with me because we are joining the <i>datu</i>’s hunting party.” The Gungutan took the rein and pushed the horse bit into the mouth of Big-belly. The Gungutan rode on him. Big-belly was forced to run. Soon they reached a wide grassland where there were many people. A young man saw them and said, “Why is that Gungutan riding on a man of a horse? It is the strangest thing ever!” When the two arrived, the young man challenged the Gungutan at once,	Ang kaniyang mga pasa at galos ay hindi pa gumagaling gayundin tila binugbog sa sakit ang kaniyang tiyan. Ngunit dumating nga ang Gungutan na tila isang bangungot. “Nasaan ang renda at kabisada ng kabayo mo?” tanong nito sa Bundat. “Sumama ka sa akin, lalahok tayo sa pangkat ng mga mangangaso ng <i>datu</i>.” Kinuha ng Gungutan ang renda at inilagay ang kabisada ng kabayo sa bibig ng Bundat. Saka sumakay sa likod nito. Napilitan ang Bundat na tumakbo. Narating nila agad ang malawak na damuhan kung saan napakaraming tao. Nakita sila ng isang binata na nagwika, “Bakit tao ang sinasakyang parang kabayo ng Gungutan? Hindi pangkaraniwan!” Nang makarating ang dalawa, hinamon ng binata ang

“Let us have our horses race.” “Yes,” the Gungutan said, “But I am afraid your horse will be beaten.” Five horses were unleashed. They dashed on to race Big-belly. Big-belly outran the five horses because they all scampered away. “Look at that,” the Gungutan said, “I told you so.” They got to talking of other things, “We are here,” the young man said, “to catch the deer with golden antlers as the bridewealth prize for the <i>datu</i>’s daughter. The datu has announced that whoever can catch the deer with the golden antlers shall be married to his daughter.” The deer with the golden antlers	Gungutan, “Pagkarerahin natin ang ating mga kabayo.” “Sige,” sang-ayon ng Gungutan. “Malamang matatalo ang kabayo mo.” Pinakawalan ang limang kabayo. Kumaripas sila ng takbo sa pakikipagkarera sa Bundat. Nalampasan ng Bundat ang lahat ng kalaban sapagkat mga kumarimot palayo ang mga ito. “Tingnan mo ‘yan,” wika ng Gungutan. “Sinabi ko na sa iyo.” Napag-usapan nila ang ibang bagay, “Nandito kami,” wika ng binata, “upang hulihin ang usang may gintong sungay bilang kapalit ng pagpapakasal sa anak ng datu. Ayon sa kaniya, ang sinumang makahuhuli sa usang may gintong sungay ang siyang mapapangasawa ng kaniyang anak.” Tumakbo sa masukal na

had run into the thick grass. The suitors set fire to the grass to flush it out. The young suitors, on their horses, started to chase the deer as it dashed out. But the young men all failed. Now the Gungutan said, “Watch me, young men, for I shall take my turn to chase the deer with the golden antlers, the bridewealth prize for the datu’s daughter.” The Gungutan leaped on to Big-belly’s shoulders and urged him, “Run fast, Big-belly.” And the Gungutan’s horse ran as fast as it could. Now the people saw the deer running around the world. It was a wonderful sight to behold Big-belly running as swiftly as lightning. Soon the deer with the golden antlers was overtaken. As soon as the deer was killed, the Gungutan	damuhan ang usang may gintong sungay. Upang maitaboy palabas ang usa, nagsindi ang mga mangingibig ng apoy. Nang lumabas ang usa, sinimulan na itong habulin ng mga binata lulan ng kanilang kabayo ngunit sila’y nabigo. Nagwika ang Gungutan, “manood kayo, mga bata, ako naman ang huhuli sa usang may gintong sungay, ang kapalit ng pagpapakasal sa anak ng datu.” Sumampa ang Gungutan sa balikat ng Bundat, “Bilisan mong tumakbo, Bundat.” At kumaripas ito ng takbo. Natanaw ng mga tao ang pagtakbo ng usa sa sangkalupaan. At kahanga-hangang pagmasdan ang pagtakbo ng Bundat na simbilis ng kidlat. Hindi nagtagal at naabutan ang usang may gintong sungay. Sa sandaling napatay na ang usa,

disappeared. The Big-belly man now turned into a handsome young man whose forehead beamed golden rays. He carried the deer on his shoulders, directing his steps to the house of the datu. "You have caught the deer with the golden antlers," the datu greeted him. "Now you can marry my daughter." <i>- E. Arsenio Manuel (1962)</i>	naglaho na ang Gungutan. Ang Bundat ay naging matipunong binata na kakikitaan ng gintong sinag sa kaniyang noo. Pinasan niya sa kaniyang balik at nagtungo sa tahanan ng datu. "Nahuli mo ang usang may gintong sungay," bungad ng datu. "Maaari mo nang pakasalan ang aking anak." <i>- E. Arsenio Manuel (1962)</i>
TEXT 10 KIMOD AND THE SWAN MAIDEN (MANSKA) Dawn was breaking when the old woman arose to prepare food for Kimod, her youngest son, who was going out to trap birds. After Kimod had eaten he rose to go taking his <i>blowgun*</i> along. He had not gone far when he noticed seven maidens flying like swans across	TEKSTO 10 SI KIMOD AT ANG DALAGANG NAG-AANYONG SISNE (MANSKA) Magbubukangliwayway nang magising ang isang matandang babae upang maghanda ng pagkain para kay Kimod, ang kaniyang bunsong anak na aalis upang manghuli ng ibon. Matapos kumain, lumakad na siya dala ang kaniyang sumpit. Hindi pa

the horizon. He followed their course with his eyes, eager to know where they would finally alight. He caught up with the swan maidens near the lake where they landed and began to disrobe, leaving what looked like light silken dresses at the edge of the water. The swan maidens swam in the lake. He watched them intently as they bathed and frolicked in the water thinking of getting one of them for a wife. The swan maidens all looked exactly alike and he couldn't tell one from the other, they were all so beautiful. When they all dove down at the same time, Kimod quickly sprang from his hiding place and stole the dress of one of them. He hid it by sucking the silky bundle into the hollow of his blowgun. Then he returned to his hiding place.	siya nakalalayo nang maabot-tanaw niya ang pitong dalagang nag-aanyong sisne na lumilipad sa kabilang-ibayo. Sinundan niya ng tingin ang mga ito upang mabatid kung saan sila dadapo. Naabutan niyang dumapo malapit sa lawa ang mga dalagitang sisne na nagsimulang hubarin at iwanan sa gilid ng lawa ang kanilang malasutlang damit. Lumangoy sila sa lawa. Masigasig niyang pinapanood ang mga ito habang naliligo at nagkakatuwaan sa tubig habang iniisip niyang humuli ng isa bilang kaniyang asawa. Halos magkakamukha at parehong magaganda ang mga dalagitang sisne kaya hindi niya matukoy kung sino sa kanila. Nang sabay-sabay na sumisid ang mga ito, lumabas mula sa kaniyang pinagtataguan si Kimod at ninakaw ang isa sa mga damit ng

The maidens got out of the water and started to dress -- everyone that is, except the youngest who could not find her robe where she had left it. All the sisters helped in the search. They could not find the garment among the <i>gabi</i>* plants or the rocks or anywhere around. In desperation the elder sister exclaimed, "How can you fly home without your dress? Perhaps we had better leave you behind for it is late and brother will be angry. Just follow us when you find it." And the six maidens flew away, leaving the youngest alone by the lake.	sisne. Itinago niya ang balumbon ng sutlang damit sa butas ng kaniyang sumpit. At muling nagtago. Nagsimula nang umahon sa tubig ang mga dalagita at nagbihis ang lahat maliban sa pinakabunso na hindi matagpuan ang kaniyang damit sa pinag-iwanan nito. Tumulong ang mga kapatid sa paghahanap. Hindi nila mahanap ang kasuotan sa mga halaman ng <i>gabi</i>* o sa mga bato o kung saan man. Sa pagkawalang-taros, sumigaw ang nakatatandang kapatid, "Paano ka makakalipad pauwi kung wala ang iyong damit? Mabuti pa'y iwanan ka na namin sapagkat gumagabi na at magagalit ang kuya natin. Sumunod ka na lamang kapag nahanap mo iyon." Naiwang mag-isa sa lawa ang pinakabatang sisne habang lumipad na palayo ang kaniyang mga kapatid.

Kimod came out of his hiding place and approached the weeping maiden. He pretended to be innocent. “Why are you alone in the lake?” he asked. Tearfully the maiden told him of her unfortunate experience. Feigning sadness, the young man said. “Then come home with me so that nobody will see you. My mother will give you something to wear.” The swan maiden had no choice. Sadly, she followed Kimod to his house. He introduced the swan maiden to his old mother as the woman he would marry for Kimod desired her so. And so they lived as husband and wife. The swan wife was industrious and kept the house and yard clean, fetched water and cooked the meals. Kimod would go out hunting or fishing or	Lumabas sa kaniyang pinagtataguan si Kimod at nilapitan ang tumatangis na sisne. Nagkunwari siyang inosente. “Bakit ka mag-isa sa lawa?” tanong nito. Luhaang isinalaysay ng dalagita ang kamalasang sinapit. Kunwari’y nahahabag, nagwika ang binata, “Sumama ka sa aking tahanan nang walang sinumang makakita sa iyo. Bibigyan ka ng aking ina ng iyong maisusuot.” Walang nagawa ang dalagitang sisne. Malungkot niyang sinundan si Kimod sa tahanan nito. Ipinakilala ni Kimod ang dalagitang sisne sa kaniyang ina bilang babaeng kaniyang pakakasalan at itinatangi. At namuhay sila bilang mag-asawa. Masipag ang maybahay na sisne, pinapanatili niyang malinis ang bahay at bakuran, nag-iigib ng tubig at nagluluto ng pagkain. Si Kimod

dig tubers to bring home. In time they had a son. The child was just learning to turn and lie on its belly when one morning the young father departed for the forest to hunt. He had just left when the baby started crying as he lay on his back. The young mother tried to find out what was wrong but the baby would not stop. He cried even harder. She noticed that the baby kept looking up at a rafter of the hut where Kimod's blowgun was kept. The mother reached for it murmuring, "What will my boy do with a blowgun?" And as if teaching the child how the thing was used, she started blowing air into the gun. As she did so, the dress that her husband had hidden popped out like a big flower. "So it was Kimod after all who kept my dress," she thought bitterly. "He cheated me. He purposely hid my clothes and took advantage of me. I will leave him, for	naman ay nangangaso, o nangingisda o nagbubungkal ng lupa para may maiuwi. Kaagad silang nagkaanak. Nagsisimula pa lamang matuto ang bata na dumapa at tumihaya nang isang umaga'y lumisan ang batang ama upang mangaso. Kaaalis pa lamang nito nang magsimulang umiyak ang nakahigang bata. Sinubukang patahanin ng ina ang sanggol ngunit walang tigil ito sa pag-iyak. Mas lalo pa itong umatungal. Napansin niyang panay ang tingin ng bata sa balakilan ng kubo kung saan nakatago ang sumpit ni Kimod. Inabot ito ng ina at pabulong na nagwika, "Ano'ng gagawin ng aking anak sa sumpit?" At tila tinuturuan ang bata kung paano gamitin ang sumpit, sinimulan niyang hipan ito. Sa kaniyang pag-ihip, ang damit na pinakatatago ng kaniyang asawa ay

now that I have found my flying garment I can go home.” Excitedly the swan wife put on her old dress and, picking up the baby, lifted up to the air in flight. She was finally returning to her home beyond the clouds. When she reached the skyworld the swan maiden presented her baby to her only brother, Tamisa. He was happy to see his long-lost sister, and so were all the other sisters. By this time the young husband had returned from his hunting. He	lumabas na tila isang malaking bulaklak. “Sa simula pa lang, si Kimod na ang nagtago ng aking damit,” hinanakit nito. “Nilinlang niya ako. Sinadya niyang itago ang aking damit at pinagsamantalahan ako. Iiwanan ko na siya, ngayong natagpuan ko na ang aking damit, makakauwi na ako.” Masayang isinuot ng maybahay na sisne ang luma niyang damit, binuhat ang kaniyang anak at sila’y lumipad. Makakabalik na siya sa tahanan niyang lampas-ulap. Nang marating niya ang kalangitan, ipinakilala niya ang kaniyang anak sa nag-iisa niyang lalaking kapatid, si Tamisa. Ikinagalak nitong makita ang matagal nang nawalay na kapatid gayundin ang iba pa niyang sisneng kapatid. Sa mga oras na ito, nakabalik na mula sa pangangaso ang ama.

immediately went up the hut, and seeing that his wife and child were nowhere around called out to his mother, “Where are they, <i>kay ina</i>*?” “If you are asking about your wife, she was not here when I arrived,” said Kimod’s mother. His heart beating wildly, Kimod looked up at the rafter where he had deceitfully kept his blowgun and saw that it was not there. Kimod exclaimed to himself, “Alas, she discovered her dress and has returned to her people. I cannot rest until I find her.” Divining her son’s intention, the mother advised, “Better not go after her. You will only perish because you have no idea where her home is.” But Kimod refused to listen and hastened to begin	Mabilis siyang pumanhik sa kubo at nang makitang wala sa tahanan ang kaniyang asawa’t anak, tinawag ang ina, “<i>Kay ina</i>*, nasaan sila?” “Kung tinatanong mo sa akin ang iyong asawa, wala siya rito nang ako’y dumating,” wika ng nanay ni Kimod. Kinabahan si Kimod, tumingala siya sa balakilan kung saan mapanlinlang niyang itinago ang sumpit at natagpuang wala na ito sa kinalalagyan. Naibulalas ni Kimod sa sarili, “Naku, nakita na niya ang kaniyang damit at bumalik sa kaniyang pamilya. Kailangang mahanap ko siya.” Batid ang intensyon ng anak, nagpayo ang kaniyang ina, “Mabuting huwag mo na siyang sundan. Mapapahamak ka lamang sapagkat hindi mo alam kung saan siya

his search. And so Kimod journeyed. He passed a <i>bura</i>, an ordinary rattan tree, and addressed it saying, “<i>Bura</i>, can you reach high?” When the <i>bura</i> tree said, “I doubt it,” Kimod wasted no time and continued walking. Shortly he came upon a <i>tandadura</i>, an unusually tall rattan tree, and again asked if the tree could reach the sky. The tree tentatively responded, “I can try. Only, it will take me a long time for I am slow in growing. But why don’t you climb, and stand on my head -- it will get you there faster.” Kimod climbed. In a few minutes he was on top of the rattan tree. By leaping mightily he managed to reach the skyworld where Tamisa and his sisters lived.	nakatira.” Ngunit hindi nakinig si Kimod at nagmamadaling sinimulan ang paghahanap. At naglakbay si Kimod. Nalampasan niya ang <i>bura</i>, ordinaryong sulihyang puno, at tinanong ito, “<i>Bura</i>, kaya mong abutin ang itaas?” Nang sumagot ang puno ng <i>bura</i> ng, “duda ako,” hindi na nag-aksaya ng oras si Kimod at nagpatuloy sa paglalakbay. Hindi nagtagal, dumating naman siya sa <i>tandadura</i>, ang puno ng sulihya na may di pangkaraniwang taas. Tinanong niya ito kung maaabot ang kalangitan. Pansamantalang sumagot ang puno, “Maaari kong subukan. Ngunit kailangan ko ng panahon sapagkat mabagal akong tumubo. Bakit hindi mo subuking umakyat at tumayo sa aking tuktok -- mas mabilis kang makakarating doon.” Umakyat si

At the house of his wife, Kimod was met by Tamisa. "Where do you come from?" he asked. "From the earth," Kimod answered. "Why are you trespassing where you don't belong?" "I am looking for my wife," Kimod replied. "Now that you confess that you are looking for you wife," said Tamisa, "let us discuss the matter. It is true that your wife has rejoined us. She is now with her unmarried sisters. Go and pick out the right maiden so that you can take her back to earth. But bear this in mind: if you pick out the wrong one you	Kimod. Ilang minuto lamang ay nasa tuktok na siya. Lumundag siya nang malakas upang marating ang kalangitan kung saan nakatira si Tamisa at mga kapatid nito. Sa tahanan ng kaniyang asawa, sinalubong si Kimod ni Tamisa, "Saan ka galing?" tanong nito. "Sa lupa," sagot ni Kimod. "Bakit ka nanghihimasok sa lugar na hindi ka nabibilang?" "Hinahanap ko ang aking asawa," sagot ni Kimod. "Ngayong inamin mo na hinahanap mo ang iyong asawa," wika ni Tamisa, "pag-usapan natin ang bagay na iyan. Totoong ang iyong asawa'y sumamang muli sa amin. Kasama na siya ng kaniyang mga kapatid na dalaga. Puntahan at piliin mo ang tamang dalaga upang

will have to be put to death.” Tamisa then led Kimod to the room of the swan maidens. The abandoned husband realized the difficulty of the test when he peeped into the room, for all seven sisters looked exactly alike! Just then, a firefly flew to him and asked, “How are you, Kimod?” “How can you ask me such a question?” Kimod said. “Don’t you see I am to pick out my wife from among her unmarried sisters? How can I pick out the right one when they all look alike?” “Watch and see on whose head I will alight,” said the firefly. “That is your wife.”	maisama siya pabalik sa lupa. Ngunit tandaan mo, kung mali ang iyong mapipili, kailangan kang mamatay.” Inakay ni Tamisa si Kimod sa silid ng mga dalagang sisne. Napagtanto ng inabandunang asawa na hindi madali ang pagsubok nang silipin niya ang silid, lahat ng magkakapatid ay magkakamukha! Noon lang, isang alitaptap ang lumipad sa kaniya at nagtanong, “Kumusta ka, Kimod?” “Nakuha mo pang magtanong?” sagot ni Kimod. “Hindi mo ba nakikitang kailangan kong piliin ang aking asawa mula sa mga kapatid niyang dalaga. Paano ko mapipili ang tama kung lahat sila’y magkakamukha?” “Manood ka at tingnan mo kung kaninong ulo ang aking iilawan,” sabi ng alitaptap. “Siya ang iyong asawa.”

Kimod's eyes followed the firefly, and as soon as he saw it alight on a maiden's topknot he stood up and approached her. Turning to Tamisa, he said, "Is this not my wife?" The swan maiden was filled with joy. For she did miss Kimod and loved him very much. "Yes, indeed," Tamisa agreed. "Now that you have done what I ordered, you have to match my fame and prowess in order to reclaim my sister whom you have wronged." Kimod had no choice. "Order me to do what you please." "Go to the river and fill this bamboo tube with water. It has no nodes and is open on both ends."	Sinundan ng tingin ni Kimod ang alitaptap, nang makita niyang umilaw ito sa pusod ng isang dalaga, tumayo siya at nilapitan ito. Bumaling kay Tamisa, "hindi ba't ito ang aking asawa?" saad nito. Puno ng kagalakan ang dalagang sisne. Tunay ngang nangungulila siya at lubos ang pagmamahal para kay Kimod. "Siya nga," pagsang-ayon ni Tamisa. "Ngayong nagawa mo ang aking ipinag-utos, kailangan mong pantayan ang aking katanyagan at kagitingan upang mabawi ang aking kapatid na iyong nilinlang." Walang magawa si Kimod. "Utusan mo ako kung ano ang ikasisiya ng iyong kalooban." "Pumunta ka sa ilog at punuin mo ng tubig itong tubo ng kawayan. Walang buko at butas ang magkabilang dulo nito."

Kimod walked the distance between the house and the stream, pondering how he could possibly fetch water with a bottomless tube. A hornet came and spoke to him, “What bothers you, Kimod?” “I have been ordered to fetch water with a bottomless tube,” Kimod answered. “Wait for me here. I will plug one end of your bamboo tube with my glue.” Having done so, the insect instructed Kimod to fill the tube with water. The hornet warned Kimod, however, that his trial was not yet over, for he suspected that Tamisa had readied more trials. The hornet was right. When Kimod handed over the bottomless tube full of water, Tamisa and his wife looked	Nilakad ni Kimod ang papuntang sapa mula sa bahay, pinag-iisipan kung paano siya makakukuha ng tubig gamit ang butas na tubo. Dumating ang putakti at kinausap siya, “Ano’ng bumabagabag sa iyo, Kimod?” “Napag-utusan akong kumuha ng tubig gamit ang butas na tubo,” sagot ni Kimod. “Hintayin mo ako rito. Papasakan ko ng aking pandikit ang kabilang dulo ng tubo.” Nang matapos, inatasan ng insekto si Kimod na lagyan na ng tubig ang tubo. Samantala, nagbabala ang putakti kay Kimod, hinala niya’y hindi pa tapos ang mga pagsubok at marami pang inihanda si Tamisa. Tama ang putakti. Nang iabot ni Kimod ang butas na tubo na puno ng tubig, nagkatinginan at hindi

at each other in disbelief. Tamisa readily regained his composure. "I am not fully satisfied yet. I have another errand for you." And giving Kimod a piece of cloth, he ordered an <i>amorawon</i> a hardwood tree, cut down with it. Taking the roughly woven cloth Kimod went to the <i>amorawon</i> tree, but only to sit down dejectedly under its shade. How could he cut down so huge and tough a tree with the mere use of a piece of cloth? He was feeling desperate. A woodpecker alighted on the tree overhead. The bird must have noticed how sad Kimod was. "What is wrong?" the woodpecker asked. "You would not ask in that matter-of-fact tone if you knew that I have been ordered to hew down a tree	makapaniwala si Tamisa at ang kaniyang asawa. Huminahon si Tamisa. "Hindi pa ako lubusang nalulugod. May ipag-uutos pa ako sa iyo." Gamit ang ibinigay niyang kapisasong tela kay Kimod, inutusan niyang putulin ang <i>amorawon</i>, isang matigas na puno. Dala ang halos hinabing tela, nagtungo si Kimod sa puno ng <i>amorawon</i>, umupo siyang lugmok sa lilim nito. Paano niya mapuputol ang malaki at matibay na puno gamit lamang ang kapisasong tela? Nawalan na siya ng pag-asa. Isang tariktik ang dumapo sa itaas ng puno. Mukhang napansin ng ibon ang kalungkutan ni Kimod. "Ano'ng problema?" tanong ng tariktik. "Hindi ka magtatanong sa tonong parang wala lang, kung alam mong inutusan akong sibakin ang

with this piece of rag.” “That’s no problem. Just wait here. My friends and I will cut down the tree for you. Just shout when the tree falls,” the woodpecker said. In unison the birds started to drill the tree with their beaks until it fell. The glad shout of Kimod rang in the forest. The birds urged him to go at once and report that the tree had fallen. But again Kimod was warned of more trials to come. Upon hearing the glad report Tamisa managed to conceal his surprise. “So you have succeeded in cutting down the tree,” he declared in a confident voice, “Now, for your next task. I will measure one <i>ganta</i>* of fine cereal and one <i>ganta</i> of glass beads. I	puno gamit ang kapisasong basahan na ito.” “Walang problema. Maghintay ka rito. Kaming mga kaibigan ko ang puputol ng puno. Sumigaw ka lamang kung nabuwal na ang puno,” wika ng tariktik. Magkakasamang tinuka ng mga ibon ang puno hanggang matumba ito. Rinig sa buong kagubatan ang sigaw na may kagalakan ni Kimod. Hinimok siya ng mga ibong ipagbigay-alam na naputol na ang puno. Gaya ng dati, binalaan si Kimod sa mga susunod pang pagsubok. Nang marinig ni Tamisa ang masayang balita, itinago nito ang kaniyang pagkabigla. “Kung gayon, nagtagumpay ka sa pagputol ng puno,” may pagmamayabang na wika nito. “Ngayon para sa susunod na gawain. Magsusukat ako ng isang

will scatter them under the house and you will gather them up again. We will then measure how much you have collected and if the amount does not fill one <i>ganta</i> of each you cannot take your wife back. But if you are able to gather the full amount it will mean that you are indeed as great as I am, and deserve what you have come here for.” Thus Tamisa scattered the grains and glass beads on the ground and ordered Kimod to commence picking them up. “What Tamisa is asking me to do is impossible,” Kimod sadly complained. He was in the midst of despair when again help arrived. An ant came and inquired of Kimod, “What brings you here?” Upon learning of the task at hand the ant and its companions offered to	<i>ganta</i>* ng mga butil at isang <i>ganta</i>* ng marmol. Ikakalat ko ang mga ito sa ilalim ng bahay at iipunin mong muli ang lahat ng ito. Muli nating susukatin ang nakolekta mo at kung hindi umabot ng isang <i>ganta</i> ang bawat uri hindi mo mababawi ang iyong asawa. Ngunit kung magawa mong matipon ang buong dami nangangahulugan lamang itong kasindakila mo ako at nararapat ka sa iyong sadya rito.” Kaya naman ikinalat na ni Tamisa ang mga butil at marmol sa lupa at inatasan si Kimod na umpisahan na ang pagpulot nito. “Imposible ang gustong ipagawa sa akin ni Tamisa,” daing ni Kimod. Nasa gitna siya ng kawalang pag-asa nang muling may dumating na tulong. Lumapit ang langgam at nagtanong kay Kimod, “Bakit ka narito?” Nang mabatid ang

help. Kimod gave the ants the two baskets into which the grains and beads were to be deposited. True enough it did not take long for them to collect all the grain and glass beads. The tired ants happily informed Kimod, “We are done.” Kimod presented Tamisa with what the ants had accomplished. Tamisa received the baskets and carefully measured the grain and the glass beads. Every bit was accounted for. “You are really clever, Kimod,” he declared, “But I am not through with you yet. The next task, however, will be the last. You will dig a round hole in the ground as big as your head and body. When you are done, you will get in the	nakatalagang gawain, nag-alok ng tulong ang langgam sampu ng kaniyang mga kasama. Binigyan ni Kimod ang mga langgam ng dalawang basket kung saan ilalagay ang mga butil at marmol. Tunay nga at hindi nagtagal, nakolekta nila ang mga butil at marmol. “Tapos na kami,” ang masayang balita kay Kimod ng mga pagal na langgam. Iniharap ni Kimod kay Tamisa ang nagawa ng mga langgam. Tinanggap ni Tamisa ang basket at maingat na sinukat ang butil at mga marmol. Bilang ang bawat isa. “Tuso ka ngang tunay. Kimod,” pahayag nito. “Ngunit, hindi pa ako tapos sa iyo. Ang susunod na gawain, gayunpaman, ang huling pagsubok. Maghuhukay ka ng butas sa lupa na kasinlaki ng iyong ulo at katawan.

hole and I'll drop the chopped <i>amorawon</i> tree on you. If you survive you are indeed a superman and deserve my sister." Again, Kimod sadly obeyed and started digging. When the hole was deep and wide enough for his head to fit in, he began to sob. His crying attracted a rat. Concerned, the rat asked, "What happened to you?" "You have to ask silly questions when I am about to be killed," said Kimod. "I have been ordered to dig a hole big enough to bury myself in. I am sure that he will drop the <i>amorawon</i> trunk into it with the intention of killing me." The rat calmed Kimod's fears.	Kapag natapos mo, papasok ka sa butas at hahagisan kita ng putol na puno ng <i>amorawon</i>. Kung makaliligtas ka, hindi ka nga pangkaraniwang nilalang at karapat-dapat ka sa aking kapatid." Gaya ng dati, sinunod ni Kimod ang utos at nagsimulang maghukay. Nang kasya na ang ulo niya sa butas, nagsimula na siyang humikbi. Napukaw ang pansin ng daga sa kaniyang pag-iyak. "Ano'ng nangyari sa iyo?" nag-aalalang tanong ng daga. "Nagtatanong ka pa ng walang kawawaan kung kailan malapit na akong mamatay," wika ni Kimod. "Napag-utusan akong humukay ng malaking butas sapat upang ilibing ang aking sarili. Sigurado akong ihuhulog niya ang katawan ng puno ng <i>amorawon</i> upang patayin ako." Pinakalma ng daga si Kimod.

“Do not despair,” the rat said. “Just wait awhile and I’ll dig a tunnel leading to the house of Tamisa. Before he can drop the huge piece of wood into the hole crawl quickly into the tunnel. The rat worked furiously. When it was through digging the tunnel, Kimod told Tamisa that he was ready. Tamisa ordered Kimod to slip into the hole to see if he would indeed fit in. As soon as Kimod was in the hole, as predicted Tamisa cried, “Now, Kimod, it is time for you to die! You shall not come out alive!” He raised the <i>amorawon</i> wood and with all his strength dropped it into the hole. “Poor Kimod will never live,” muttered the swan maidens.	“Huwag kang mawalan ng pag-asa,” wika ng daga. “Maghintay ka ng ilang sandali at gagawa ako ng lagusan papunta sa bahay ni Tamisa. Bago niya maihulog ang malaking bahagi ng kahoy, gumapang ka sa lagusan. Walang-humpay sa paggawa ang daga. Nang matapos ito sa paghuhukay, sinabi ni Kimod kay Tamisa na handa na siya. Inutusan ni Tamisa si Kimod na sumuot na sa butas upang makita kung kakasya siya rito. Sa sandaling nasa loob na ng butas si Kimod, tulad ng kaniyang hinala, sumigaw si Tamisa, “Oras mo na upang mamatay, Kimod! Hindi ka na makakalabas nang buhay!” Itinaas niya ang puno ng <i>amorawon</i> at buong lakas na inihulog sa butas. “Kawawang Kimod, hindi ka na mabubuhay,” usal ng mga dalagang

“Don’t be too sure!” Kimod shouted from where he was -- inside Tamisa’s house! The swan wife’s brother was getting scared of Kimod. “Where did he pass?” Tamisa cried. “Now, Kimod, I am finally convinced that you equal me in greatness,” he admitted. “You may have your wife back. But before we part let us have drinking bout. You finish this jar of <i>tuba</i>* and I’ll finish the other. When you are through you can take your wife home.” So they started their contest. Kimod emptied his jar of wine way ahead of his adversary. Tamisa was now unquestionably beaten and Kimod finally brought home the wife he well deserved.	sisne. “Huwag kang pakasisiguro!” sigaw ni Kimod mula sa kaniyang kinalalagyan -- sa tahanan ni Tamisa! Natakot ang kuya ng asawang sisne kay Kimod. “Saan siya dumaan?” tanong ni Tamisa. “Ngayon, Kimod, naniniwala na akong kapantay mo na ako sa kadakilaan,” pag-amin niya. “Maaari mo nang bawiin ang iyong asawa. Ngunit bago tayo maghiwalay, maglaban muna tayo sa inuman. Ubusin mo itong isang banga ng <i>tuba</i>* at uubusin ko naman ang isa pa. Kapag natapos ka na, maaari mo nang iuwi ang iyong asawa.” At sinimulan na ang paligsahan. Naunang maubos ni Kimod ang banga ng alak kumpara sa kalaban. Walang alinlangang natalo si Tamisa at sa wakas, naiuwi ni Kimod ang asawang nararapat sa kaniya.

APENDIKS D: MGA LIHAM



Republic of the Philippines
PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
National Center for Teacher Education
Taft Avenue, Manila



Dear Ma'am/ Sir:

Greetings! I, the undersigned is a Master's Degree student in Pagtuturo ng Filipino of this university presently conducting a study entitled **KULTURAL NA PAGSASALIN NG MGA PILING KUWENTONG-BAYAN NG TREASURY OF STORIES**".

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached translated texts for the study using the attached rating tool.

I am looking forward for your favorable action on this regard.

Very truly yours,

JENNIFER V. BALTAZAR
Researcher

Noted by:

ESTRELLA B. PEÑA
Adviser

Approved by:



Republic of the Philippines
PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
National Center for Teacher Education
Taft Avenue, Manila



MR. RICO S. PABLO JR.
EXECUTIVE DIRECTOR, NCCA

NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS
633 General Luna St. Intramuros, Manila
1002 Metro, Manila

M

Mica,
Makipag-ugnayan
sa Library kung
ito ba ay maari at
makipag-ugnayan din
sa nakalagda.

carub


To whom it may concern/ Sir,

Greetings! I, the undersigned is a Master's Degree student in Pagtuturo ng Filipino of this university presently conducting a study entitled "PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA PILING KWENTONG- BAYAN MULA SA AKLAT NA 'TREASURY OF STORIES' NI E. ARSENIO MANUEL".

In connection with this, I would like to request from your good office to allow me to conduct my study by translating selected texts from the book of "Treasury of Studies" written by E. ARSENIO MANUEL.

I am looking forward for your favorable action on this regard.

Very truly yours,




Noted by:

[Signature]

ESTRELLA B. PEÑA
Adviser



[Signature]
JENNIFER V. BALTAZAR
Researcher

09324433082 | jenbaltazar12@y.com




NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE
OFFICE OF THE EXECUTIVE DIRECTOR
RECEIVED

By: [Signature]
Date/Time: 12/12





Republic of the Philippines
PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
National Center for Teacher Education
Taft Avenue, Manila



HERMOGENES M. PANGANIBAN
Chief Education Supervisor, CID
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Dear Sir:

Greetings! I, the undersigned is a Master's Degree student in Pagtuturo ng Filipino of this university presently conducting a study entitled **"PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA PILING KWENTONG- BAYAN MULA SA AKLAT NA 'TREASURY OF STORIES' NI E. ARSENIO MANUEL"**.

In this regard, the undersigned request the approval of your good office to conduct the data gathering and collection and requesting the selected teachers of Imus National High School to validate the translated texts for the study using the attached rating tool.

Thank you very much for your favorable approval and endorsement of this request.

Very truly yours,


JENNIFER V. BALTAZAR
Researcher

Noted by:


ESTRELLA B. PEÑA
Adviser

Approved by:


HERMOGENES M. PANGANIBAN



Republic of the Philippines
PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
National Center for Teacher Education
Taft Avenue, Manila



JOEL M. ROSARIO
EPS- FILIPINO
OFFICER-IN-CHARGE
IMUS CITY, CAVITE

Dear Ma'am/ Sir:

Greetings! I, the undersigned is a Master's Degree student in Pagtuturo ng Filipino of this university presently conducting a study entitled **"PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA PILING KWENTONG- BAYAN MULA SA AKLAT NA 'TREASURY OF STORIES' NI E. ARSENIO MANUEL"**.

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached translated texts for the study using the attached rating tool.

I am looking forward for your favorable action on this regard.

Very truly yours,

Jenny
JENNIFER V. BALTAZAR
Researcher

Noted by:

Estrella B. Peña
ESTRELLA B. PEÑA
Adviser

Approved by:

Dr. JOEL M. ROSARIO
2-17-19



Republic of the Philippines
PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
National Center for Teacher Education
Taft Avenue, Manila



ARTURO P. ROSAROSO JR.
Principal IV
Imus National High School (Main)

Dear Sir:

Greetings! I, the undersigned is a Master's Degree student in Pagtuturo ng Filipino of this university presently conducting a study entitled **"PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA PILING KWENTONG- BAYAN MULA SA AKLAT NA 'TREASURY OF STORIES' NI E. ARSENIO MANUEL"**.

In this regard, the undersigned request the approval of your good office to conduct the data gathering and collection and requesting the selected teachers of Imus National High School to validate the translated texts for the study using the attached rating tool.

Thank you very much for your favorable approval and endorsement of this request.


Very truly yours,


JENNIFER V. BALTAZAR
Researcher

Noted by:


ESTRELLA B. PEÑA
Adviser

Approved by:


ARTURO P. ROSAROSO JR.



Republic of the Philippines
PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
National Center for Teacher Education
Taft Avenue, Manila



CYNTHIA T. ABELEDO

Head Teacher VI
Filipino Department
Imus National High School (Main)

Dear Ma'am:

Greetings! I, the undersigned is a Master's Degree student in Pagtuturo ng Filipino of this university presently conducting a study entitled **"PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA PILING KWENTONG- BAYAN MULA SA AKLAT NA 'TREASURY OF STORIES' NI E. ARSENIO MANUEL"**.

In this regard, the undersigned request the approval of your good office to conduct the data gathering and collection and requesting the selected teachers of Imus National High School to validate the translated texts for the study using the attached rating tool.

Thank you very much for your favorable approval and endorsement of this request.


Very truly yours,


JENNIFER V. BALTAZAR
Researcher

Noted by:


ESTRELLA B. PEÑA
Adviser

Approved by:


CYNTHIA T. ABELEDO

APENDIKS E: KASUNDUANG PAHINTULOT

Basahin nang mabuti ang papel pahintulot bago magdesisyong makilahok sa pag-aaral.

Pamagat ng Pananaliksik: Kultural na Pagsasalin sa Filipino ng mga Piling Kuwentong- bayan mula sa “Treasury of Stories”

Layunin ng Pananaliksik: Layunin ng pananaliksik na ito na makapagsalin ng kalipunan ng mga akdang panrehiyonal o kuwentong-bayan na magagamit sa pagpapayaman ng kamalayan ng mag- aaral sa iba’t ibang kultura sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng kultural na elemento sa pagsasalin.

Panuto: Tsekan ang kolum sa nagtataya sa kawastuhan at kaangkupan ng salin. Maaari ring maglagay ng suhestiyon o puna sa ibaba ng talatanungan para sa mas ikagaganda ng salin.

Pangangalaga ng Dokumento: Mananatiling pribado ang mga impormasyong makukuha sa pag-aaral at masisiguradong ito ay nasa pangangalaga ng mananaliksik. Ang pananaliksik lamang ang makakikita at mananagot sa mga datos na nalikom. Opsyunal ang paglilagay ng pangalan o anumang impormasyong maglalarawan ng

pagkakakilanlan. Hindi rin ilalagay sa paglalathala ang resulta ng pag-aaral na ito.

Kusang-loob na Paglahok:

Ang pakikibahagi sa pag-aaral na ito ay kusang-loob. Iginagalang din ng mananaliksik kung ito ay tatanggihan. Kung hindi man nais makilahok, malaya ang bawat isa na hindi ito sagutan. Gayunpaman, hinihikayat ang lahat na makilahok at tumugon sa inihandang talatanungan.

Mananaliksik:

Maaaring magtanong o maglinaw ng anumang kaugnay na gawain sa mananaliksik na nasa ibaba.

Jennifer V. Baltazar

KASUNDUAN SA PAGPAPAHINTULOT

Ako si, _____, kusang-loob na makikilahok, bilang respondente ng papel pananaliksik na ito na pinamagatang “Kultural na Pagsasalin ng mga Piling Kuwentong-bayan ng *Treasury of Stories*”.

Sa pagsagot nito, naiintindihan kong:

Nasa akin ang desisyon kung tatanggapin ko ang pakikibahagi sa pag-aaral na ito at malinaw na naipaliwanag sa akin ng mananaliksik ang mga partisipasyon _____ na aking gagampanan sa pag-aaral na ito.


Pinagkakatiwalaan ko ang mananaliksik sa anumang impormasyong kanyang makukuha ay hindi gagamitin _____ laban sa paaralan at para lamang sa layuning makapagsalin ng kalipunan ng _____ mga akdang panrehiyonal o kuwentong-bayan na magagamit sa _____ pagpapayaman ng kamalayan ng pag-aaral sa iba’t ibang kultura.

Lagda ng Kalahok: _____

Petsa: _____

APENDIKS F: LARAWAN SA PAGPAPASAGOT

SA PANIG NG MGA EKSPERTO



DR. BENJAMIN MENDILLO JR.

Doctor of Philosophy in Translation
De La Salle University

*Dating Chief Translator ng
Komisyon sa Wikang Filipino*



DR. AURORA BATNAG

Doctor of Philosophy in Linguistics
Philippine Normal University

*Dating Director III ng
Komisyon sa Wikang Filipino*

*Founder, **PATAS** (Pambansang Asosasyon
ng mga Tagapagtaguyod ng Salin)*





DR. JOEL M. ROSARIO



Doctor of Philosophy Major in
Educational Management
De La Salle University-Dasmariñas

*OIC- Educational Program Supervisor
(Filipino)*

Regional Resource Evaluator

SA PANIG NG MGA GURO





Sinagutan ng mga guro at mga eksperto ang talatanungang inihanda ng mananaliksik sa isang lugar kung saan sila mapangangasiwaan nang maayos.

JENNIFER V. BALTAZAR

#06 Canoe Rd. Ph.3 Regatta Classics Subdivision,
Anabu-II B, Imus, Cavite
jenbaltazar12@yahoo.com
09324433082



WORKING EXPERIENCE

Teacher in Filipino

August 2012-present

Imus National High School- Main
Bucandala III, Imus City, Cavite

- Filipino teacher (2012- present)
- Key teacher of Grade 7 Level (2012-2014)
- Judge of School-based and Division-based Competitions
- Coach of Division, Regional and National Competitions (2012-present)
- School Paper Adviser (2013-present)
- Division Trainer of Campus Journalism for Regional and National Qualifiers (2013-present)
- Division and Regional Winner in Writing Competition in Campus Journalism
- Guest Speaker, De La Salle University, Taft Manila

Statefields School Inc.
Bacoar City, Cavite

June 2011-2012

- Filipino 8 teacher (2011-2012)
- Values Education teacher (2011-2012)
- Theater Arts Guild Adviser (2011-2012)

EDUCATIONAL ATTAINMENT

2012- present Academically Completed
Masteral Degree
MaEd Teaching Filipino

PHILIPPINE NORMAL
UNIVERSITY
Taft Avenue, Manila

2007-2011	Tertiary Education Bachelor of Science in Education Major in Filipino	PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY Taft Avenue, Manila
2007-2010	Specialization in TESOL (Teaching English to Speaker's of Other Languages), 21 units	PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY Taft Avenue, Manila
2003-2007	Secondary Education	SOUTHERN PHILIPPINES INSTITUTE OF SCIENCE AND TECHNOLOGY Imus City, Cavite
1997-2003	Elementary Education	ANABU II ELEMENTARY SCHOOL Imus City, Cavite

ORGANIZATIONS AND AFFILIATIONS

2012- present	KAGISEF & KASUGUFIL	Imus National High School Bucandala III, Imus City
2008-2010	KADIPAN (Kapisanang Diwa at Panitik)	Philippine Normal University Taft, Manila
2008-2010	UNESCO (United Nations Educational Scientific, and Cultural Organization)	Philippine Normal Univ Taft, Manila
2008- 2010	SVO (Student Volunteer Organizations)	Philippine Normal University Taft, Manila

OTHER SKILLS

- Accomplishing things with enthusiasm
- Strong oral communication skills
- Proficient in using basic MS Word, MS Powerpoint, MS Excel, Adobe and Movie Maker
- Decision making, critical thinking, organizing and planning
- Flexible to different situations

CHARACTER REFERENCES

Dr. Nina Zamora	Head, Filipino Department Philippine Normal University	09228896046 527-0371
Joel M. Rosario	OIC-EPS Filipino Division of Imus	09995072505
Don C. Young	Guidance Counsellor Imus National High School	09158051960

I solemnly swear that the above information is true and correct.